# PAMBUNGAD SA PAGSAMBANG KRISTYANO

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Randall McElwain

Copyright © 2023 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.
May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung iba ang naisaad, ang lahat ng Kasulatan ay mula sa Ang Biblia © 2001 Philippine Bible Society. Ginamit ng may pahintulot. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# NILALAMAN


| | |
|---|---|
| PANGKALAHATANG NILALAMAN NG KURSO | 5 |
| 1. KAHULUGAN NG PAGSAMBA | 7 |
| 2. ANG DIYOS AT ANG MANANAMBAHAN | 29 |
| 3. PAGSAMBA SA LUMANG TIPAN | 47 |
| 4. PAGSAMBA SA BAGONG TIPAN | 69 |
| 5. ANG PAGSAMBA SA KASAYSAYAN NG IGLESIA | 93 |
| 6. MUSIKA SA PAGSAMBA | 111 |
| 7. ANG BIBLIA AT PANALANGIN SA PAGSAMBA | 139 |
| 8. PAGPLAPLANO AT PANGUNGUNA SA PAGSAMBA | 171 |
| 9. IBA PANG MGA KATANUNGAN | 201 |
| 10. ISANG PAMUMUHAY NA PAGSAMBA | 229 |
| APPENDIKS A: OUTLINE O BALANGKAS SA PAGPLAPLANO NG PAGSAMBANG SERBISYO | 243 |
| APPENDIKS B: EVALUATION FORM PARA SA MGA AWITIN | 248 |
| MGA MUNGKAHING MATERYALES | 249 |
| TALA NG MGA TAKDANG-ARALIN | 252 |
| SINITAS NA MGA TALATA | 253 |
| INDEX | 256 |

# PANGKAHALATANG NILALAMAN NG KURSO

Ang kursong ito ay pambungad sa pangunahing prinsipyo ng pagsamba.

Kung pag-aaralan ito bilang grupo, hayaang salit-salitang basahin ng bawat isa ang materyales. Dapat huminto kung may mga bagay na kailangang talakayin ang klase. Bilang tagapamuno sa klase, tungkulin mong panatilihin ang talakayan sa pinag-uusapang paksa. Magandang may limitasyon sa oras ang ginagawang talakayan.

Ang mga **Tanong na Pantalakay** at **Gawain sa Loob ng Klase** ay makikita sa arrow bullet points na pananda. Kapag kayo ay napunta sa bahaging ito, pagisipan ang mga ibinigay na tanong at hayaan ang mga estudyante na talakayin ang kasagutan. Tiyaking ang lahat ng estudyante ay makakabahagi sa talakayan. Kung kinakailangan, tawagin mo ang pangalan ng bawat estudyante.

Maraming talata sa **Banal na Kasulatan** ang ginamit sa kurso. Ang mga talatang dapat basahing malakas sa klase ay ipinapahiwatig ng arrow bullet points na tanda. Pakiusapan ang mga estudyante na ito'y hanapin at salit-salitang basahin.

Bawat aralin ay nagtatapos sa **takdang aralin**. Ang mga ito ay dapat na tapusin at iulat bago magsimula ang susunod na aralin.

Mayroong **pagsusulit** sa bawat aralin na may kasamang talatang dapat kabisaduhin. Sa pagtatapos ng bawat klase, maaring balik-aralan ng tagapamuno ang mga tanong na ito kasama ang mga estudyante. Ang pagsusulit na ito ay gagawin sa pasimula ng susunod na sesyon ng klase. Ang pagsusulit ay dapat na gawin na hindi tumitingin sa aklat, sa mga notes, sa Biblia, at sa kaklase. Ang sagot sa mga tanong ay makukuha at maida-download ng tagapumuno mula sa Shepherds Global Classroom.

Sa Aralin 1, ang mga estudyante ay pagagawain ng **30-araw na Proyekto**. Kapag natapos na nila ang proyektong ito, bawat isa sa kanila ay magpapasa ng isang-pahinang ulat na binubuod ang lahat nilang natutuhan sa proyekto. Hindi ipapasa ng mga estudyante ang kanilang mga journal.

Kung nais ng estudyante na **tumanggap ng katibayan o certificate mula sa Shepherds Global Classroom**, dapat siyang dumalo sa bawat sesyon ng klase at tapusin ang mga takdang-aralin. May form na inilaan sa katapusan ng kurso para sa pagtatala ng mga natapos na takdang-aralin.

## ARALIN 1

# KAHULUGAN NG PAGSAMBA

### MGA LAYUNIN NG ARALIN

1. Ibigay ang biblikal na kahulugan ng pagsamba.
2. Maunawaan na ang tunay na pagsamba ay sumasakop sa bawat bahagi ng buhay.
3. Makita ang uri ng pagsamba na kalugod-lugod sa Diyos.
4. Kilanlin ang kahalagahan ng pagsamba sa buhay Kristyano.

## PAGHAHANDA SA ARALING ITO

*Isaulo ang* Juan 4*:23-24*

## PAMBUNGAD

Umaga ng Linggo sa Amerika. Ang mga Kristyano ay buong gayak na nagbihis patungo sa kanilang napakagandang simbahan. Sila'y umawit ng mga sikat na himno sa saliw ng napakagandang tunog ng organ at mahusay na choir. Mayroong orkestra habang inaabot nila ang kanilang mga handog. Ang mga mananambahan ay tahimik na nananalangin habang ang kanilang pastor ay patayo upang manguna sa panalangin. Habang nangangaral ng sermon, ang pastor ay nagbabasa ng mga mahusay na pangungusap mula sa mga dakilang may akda, na ang mga libro ay matatagpuan sa kanyang malaking silid-aralan. Matapos ang sermon, ipinagdiriwang ng simbahan ang komunyon gamit ang isang makinang na bilao, biskwet na pang komunyon, at indibdwal na mga sisidlan. Ito ay pagsamba.

Linggo ng umaga sa Tsina. 30 mananampalataya na simple lang ang mga pananamit ay nagkatipon sa isang apartment. Umawit sila ng mga papuring awitin at himno kahit walang tugtog ng instrumento.  Ang tagapamuno ay nagbahagi ng isang katotohanan na mula sa kanyang kababasa pa lang na talata sa kasulatan. Sa kanilang mahabang pagdarasal,

ipinanalangin nila ang pangangailangan ng bawat isa. Sa kanilang pag-alis, tahimik na inilagay ng bawat isa ang kanilang mga handog sa isang basket na nakasabit sa pintuan. Ang mga nalikom na handog ay gagamitin para sa kapatirang may higit na pangangailangan. Ito ay pagsamba.

Umaga ng Linggo sa Nigeria. Ang mga Kristyano roon ay nakabihis ng mga makukulay na damit upang dumalo sa isang masigla at masayang panambahan. Ang mga mang-aawit ay sinasabayan ng masiglang tunog ng gitara, keyboard, at tambol, habang ang mga awitin ay nakapaskil gamit ang projector. Ang banda ay umaawit at tumutugtog habang inaabot ng mga miyembro ang kanilang mga handog sa isang box na nasa harapan ng simbahan. Ang sermon ay praktikal at napapanahon sa pangangailangan ng lipunan sa Nigeria. Nagtapos ang panambahan sa pamamagitan ng kamayan, yakapan, at masayang pagdiriwang. Ito ay pagsamba.

Ang pagsamba ay may iba't ibang anyo. Sa bawat bansa at kultura, ang panambahan ay may pagkakaiba. Ang pagsamba ay higit pa sa isang partikular na uri ng pananambahan. Ang totoo niyan, ang pagsamba ay higit pa sa serbisyo; ang pagsamba ay sumasakop sa lahat ng bahagi ng buhay Kristyano. Sa araling ito, titingnan natin ang biblikal na kahulugan ng pagsamba.

» Basahin ang Juan 4:1-29. Talakayin kung ano ang ibig sabihin ng pagsamba sa espiritu at katotohanan.

## ASPETO NG BIBLIKAL NA PAGSAMBA

Ang pagsamba ay pagkilala at pagparangal sa kahalagahan ng Diyos. Ito'y pagbibigay ng nararapat sa Diyos.

» Sa ibaba ay mababasa ang tatlong pagpapakahulugan sa pagsamba. Isaulo mo ang kahulugan na kapansin-pansin sa iyo.

- "Ang pagsamba ay pinakamamahal na tugon ng tao sa Walang Hanggang Diyos." – Evelyn Underhill
- "Ang pagsamba ay pag-aabot ng ating puso sa Diyos bilang ating kusang-tugon sa Kanya." – Franklin Segler
- "Ang pagsamba ay tugon ng ating buong pagkatao sa kung sino ang Diyos." – Warren Wiersbe

## Ang Pagsamba ay Magalang na Pagpapasakop

Sa Biblia, ang salitang Hebreo at Griego para sa salitang "pagsamba" ay may ideya ng pagyukod sa harapan ng Diyos. [1] Ito'y nagpapahiwatig ng mapagpakumbabang pagpapasakop bilang sangkap ng pagsamba. Ang pisikal na kilos na pagyuko at pagluhod ay sumasalamin sa pagpapakumbaba ng puso. Noong ikalawang siglo, ang mga Kristyano ay mapitagang lumuluhod habang sila'y nananalangin.

Sa Pahayag 4:10-11, nasaksihan ni Juan ang pagsambang naganap sa langit.

> Ang dalawampu't apat na matatanda ay nagpapatirapa sa harapan ng nakaupo sa trono, at sumasamba doon sa nabubuhay magpakailanpaman; at inihahagis nila ang kanilang mga korona sa harapan ng trono, na nagsasabi, "Karapat-dapat ka, O Panginoon at Diyos namin, na tumanggap ng kaluwalhatian at karangalan at kapangyarihan, sapagkat nilikha mo ang lahat ng mga bagay at dahil sa iyong kalooban ay nabuhay sila at nalikha."

Noong unang panahon, kapag ang isang nagaping hari ay dinala sa harapan ni Caesar, ang haring iyon ay inuutusang itapon ang kanyang korona sa paanan ni Caesar at lumuhod bilang pagsuko. Ipinakita ni Juan na ang Diyos, na higit na makapangyarihan kaysa kay Caesar, ay karapat-dapat sa ating pagpapakumbaba at pagpapasakop.

Sa Lumang Tipan, hindi kinalulugdan ng Diyos ang handog ng mga mapanghimagsik, "Ang bayang ito ay lumalapit sa pamamagitan ng kanilang bibig, at pinapupurihan ako ng kanilang labi, samantalang malayo ang kanilang puso sa akin, at ang kanilang takot sa akin ay utos ng mga tao na natutunan sa pamamagitan ng pagsasaulo"(Isaias 29:13). Sa panlabas, sila ay umaastang sumasamba; sinasambit nila ang mga angkop na salita at sumusunod sa tuntunin ng rituwal. Ngunit sa kalooban, ang kanilang puso ay malayo sa Diyos. Ang tunay na pagsamba ay magalang na pagpapasakop na mula sa puso.

Ganito rin ang katotohanang matatagpuan sa Bagong Tipan. Isang araw, nangatwiran ang babaeng Samaritana tungkol sa pisikal na lokasyon ng pagsamba; usapin hinggil sa Jerusalem laban sa Bundok Gerizim. Ngunit itinuro sa kanya ni Jesus ang espirituwal na lokasyon ng pagsamba, ito'y nasa puso. "Ang Diyos ay espiritu, at ang mga sumasamba sa Kanya ay kailangang sumamba sa espiritu at katotohanan" (Juan 4:24). Ang tunay na pagsamba ay nangangailangan ng pagpapasakop sa Diyos.

Ang tunay na pagsamba ay gumagalang sa sinasamba. Sa ilang mga simbahan, ang pananambahan ay kulang sa paggalang sa Diyos. Totoo na ang pagsamba ay may sangkap na pagdiriwang, subalit ito rin ay may sangkap na paggalang sa Diyos. Syempre, hindi ito nangangahulugan na may isang uri lang ng pagsamba na dapat gawin. Ipinapaalala sa atin

---


1 Ang salitang Hebreo ay *shachah*, na isinalin na "pagsamba," "pagluhod," "pagpapatirapa" o "paggalang." Ang salitang Griego naman ay *proskuneo*, na isinalin na "pagsamba," o "pagpapatirapa" sa Bagong Tipan.

ng unang kahulugan ng pagsamba, na sa ating gagawing pananambahan, itanong natin, "Ako ba ay nagpapakita ng paggalang sa Diyos sa aking pananambahan sa Kanya?"

## Ang Pagsamba ay Paglilingkod

> Kaya nga, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong ialay ang inyong mga katawan na isang handog na buháy, banal, na kasiya-siya sa Diyos, na siya ninyong makatuwirang paglilingkod. (Roma 12:1).

Pinag-uugnay ng talatang ito ang ating magalang na pagpapasakop sa araw-araw na pamumuhay. Kapag ipinapasakop natin ang ating sarili bilang buhay na handog, ang ating paglilingkod o pagsamba ay nagiging kalugod-lugod sa Diyos. Ang regular na pagdalo sa simbahan ay mahalaga; ang sinaunang Iglesia ay may pagpapahalaga sa sama-samang pagsamba. Subalit, ang pagsamba ay hindi nagtatapos sa sama-samang pananambahan. [2] Ang tunay na pagsamba ay sumasakop sa lahat ng sulok ng buhay.




## Ang Pagsamba ay Papuri

Ang salitang *papuri* ay ginamit ng mahigit 130 ulit sa Aklat ng Mga Awit. May tatlong salitang Hebreo na isinalin para sa salitang "papuri." Ang unang salita ay *halal,* ang ideya ay pagdiriwang o pagmamalaki. Ang ikalawang salita ay *yadah,* ito'y pagpupuri, pagpapasalamat, at pagpapahayag. Ang ikatlong salita ay *zamar,* ito ay nangangahulugan ng "pag-awit" o "awit ng papuri."

Ang mga salitang ito, partikular ang salitang *halal,* ay nagpapahiwatig ng galak sa pagsamba. *Halal*ang siyang salita na ginagamit ng mga Judio kung may nais silang ipagmalaki. Sa pagsamba, ang ipinagmamalaki natin ay ang Diyos; sa pagsamba, ang ipinagdiriwang natin ay ang Kanyang kabutihan; sa pagsamba, nagagalak tayo sa Kanyang kadakilaan.

Ang tunay na pagsamba ay gumagalang sa Diyos; gayunpaman, ang tunay na pagsamba ay nagdiriwang rin sa Diyos! Sa pagsamba, nagagalak tayo sa kabutihan ng Diyos. Sa Aralin 6, pag-aaralan natin ang puwang ng musika sa pananambahan. Mahalaga ang musika sa pananambahan sapagkat nagbibigay daan ito sa Kapatiran na makiisa sa pagdiriwang at pagpupuri sa Diyos.

---

2 Ang sama-samang pananambahan ay **utos** gaya ng sa Hebreo 10:25. Ang sama-samang pagsamba ay **inaasahan** gaya ng sa Gawa 2:46-47.

## Ang Pagsamba ay Ugnayan

Ang pagsamba ay ugnayan ng Diyos at ng tao. Ito ay may sangkap rin na ugnayan sa pagitan ng mga mananambahan. Ang salitang Griego na (*koinonia*) ay nangangahulugan ng ugnayan o pagbabahaginan ayon sa konteksto ng pagsamba. Halimbawa, itinalaga ng mga sinaunang Kristyano ang kanilang mga sarili sa katuruan ng mga Apostol at sa pakikipag-ugnayan (*koinonia*), sa pagpipira-piraso ng tinapay, at sa pananalangin (Gawa 2:42). Bilang mga mananampalataya, tayo ay tinawag upang magkaroon ng ugnayan (*koinonia*) sa Anak ng Diyos, ang Panginoong Jesu-Cristo (1 Corinto 1:9).

Ang modelo para maunawaan ang ugnayan sa pagsamba ay ang ugnayan na mayroon sa Banal na Trinidad. Kung paanong ang bawat miyembro ng Banal na Trinidad ay may ugnayan sa isa't isa, gayundin naman, nagkakaroon tayo ng ugnayan sa isa't isa at sa Diyos sa pagsamba. Sa isang basbas na iniugnay ang ating makalupang pagsamba sa walang hanggang Banal na Trinidad, isinulat ni Pablo, "Ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikisama ng Espiritu Santo ay sumainyo nawang lahat" (2 Corinto 13:14). Sa ating pakikipag-isa kay Cristo, tayo ay nakikibahagi sa pamamagitan ng Espiritu sa ugnayan ng Anak sa Ama. [3] Sa pagsamba, nararanasan natin ang mayamang ugnayan ng Banal na Trinidad. Ang ating pagsamba sa lupa ay iniayon sa modelo ng perpektong ugnayan na mayroon sa Banal na Trinidad.

Ang pagsambang nakatuon sa Banal na Trinidad ay karanasang dulot ng biyaya, hindi gawa. Naging posible para sa atin ang pagsamba sa pamamagitan ng ating Punong Saserdote na si Jesu-Cristo. Siya ang kumukuha ng ating di-karapat-dapat na pagsamba at pinababanal ito na walang batik at dungis sa harapan ng Ama. Ang ating pagsamba ay tinatanggap ng Ama ng dahil kay Jesus, at tayo ay may pagkakaisa kay Jesus sa Kanyang buhay sa Espiritu.

Tayo'y sumasamba hindi upang makamit ang lugod ng Diyos, kundi ng dahil sa biyaya, tayo ay nabigyan ng pagkakataon na magkaroon ng ugnayan sa Diyos.

Ang ating limitadong *koinonia* sa kasalukuyan (pagsambang ugnayan sa Diyos **at** ugnayan sa Kapatiran) ay patikim lamang ng pagsambang magaganap sa langit. Bilang mananambahan, ang ugnayan natin sa Kapatiran sa diwa ng pagsamba ay pagsasanay lang dito lupa para sa darating na walang hanggang pagsamba.

## Ang Pagsamba ay Sumasaklaw sa Lahat ng Bahagi ng Buhay


Ang isa pang salita na ginagamit sa Bagong Tipan para sa pagsamba ay isinalin sa salitang "relihiyon":[4]

---

3 James B. Torrance, *Worship, Community, and the Triune God of Grace* (Downers Grove: InterVarsity Press, 1996), 20-21

4 Ang salitang Griego nito ay karaniwang tumutukoy sa panlabas na aspeto ng pagsamba. Gawa 26:5, Colosas 2:18, at Santiago 1:26-27.

> Kung inaakala ng sinuman na siya'y relihiyoso, subalit hindi pinipigil ang kanyang dila, kundi dinadaya ang kanyang puso, ang relihiyon ng taong iyon ay walang kabuluhan. Ang dalisay na **relihiyon** at walang dungis sa harapan ng ating Diyos at Ama ay ito: ang dalawin ang mga ulila at ang mga balo sa kanilang kahirapan, at panatilihin ang sarili na hindi nadungisan ng sanlibutan (Santiago 1:26-27).




Ang salitang ito ay nagpapakita na ang pagsamba ay higit pa sa tagpong nagaganap tuwing Linggo. Ang biblikal na pagsamba ay sumasaklaw sa bawat bahagi ng buhay. Ang panambahan tuwing Linggo ay isang nakatuon na ekspresyon ng pagsamba, subalit ang panambahan tuwing Linggo ay hindi sapat sa kanyang sarili. Dapat na panatilihin natin ang pamumuhay na may pagsamba. Sa madaling salita, ang ating panambahan tuwing Linggo ay dapat na makita sa ating araw-araw na pamumuhay.

Ang tunay na pagsamba ay makikita sa ating araw-araw na pagpapasakop sa Diyos. Sinabi ni Santiago na kung ako ay umaawit ng papuri tuwing Linggo, subalit bigong kontrolin ang aking dila sa araw ng Lunes, ang aking pagsamba ay di kumpleto. Ang dalisay at walang dungis na pagsamba ay may sangkap na praktikal na paglilingkod (gaya ng pagbisita sa mga ulila at balo) at araw-araw na pagtalima sa Diyos (panatilihin ang sarili na hindi madungisan ng sanlibutan).

Sa Isaias 6, nasaksihan ng isang propeta ang kaluwalhatian ng Diyos sa Kanyang trono. Ang paglilingkod ni Isaias bilang propeta ay binago ng karanasang ito. Narinig ni Isaias ang tanong ng Panginoon, "Sinong susuguin ko, at sinong hahayo para sa atin?" Ang sagot ni Isaias, "Narito ako; suguin mo ako!" (Isaias 6:8). Ang tunay na pagsamba ay bumabago ng ating buhay. Ginagawa tayo nito na may pagkukusa at mabisang lingkod ng Diyos.

» Basahin ang Malakias 1:6-9, 1 Samuel 13:8-14, Leviticus 10:1-3, at Gawa 5:1-11. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa pagsamba?

## BAKIT MAHALAGA ANG PAGSAMBA?

Tinawag ni A.W. Tozer ang pagsamba na "nawawalang hiyas" sa modernong simbahan. Sinabi niya na alam natin kung paano mangaral, kung paano magbahagi ng ebanghelyo, at kung paano magkatipon bilang Kapatiran. Subalit sa lahat nating husay, madalas na bigo parin tayo sa ating panambahan. Nakatingin tayo sa mangangaral, nakikinig tayo sa choir, sa grupo ng mga mang-aawit, o sa isang soloista; nagkakaloob tayo ng mga abuloy at alay. Subalit bigo tayong maranasan ang tunay na pagsamba sapagkat hinahayaan nating manaig ang aktibidad sa halip na ang tunay na pagsamba.

Ang pagsamba ay dapat na mahalaga sa atin sapagkat ito'y mahalaga sa Diyos.

» Basahin ang Exodo 20:1-5 upang makita ang kahalagahan ng Diyos sa ating panambahan.

Ang unang dalawang utos ay nakaugnay sa pagsamba. Ang unang utos ay nagsasabi sa atin kung **sino ang ating sinasamba**. "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko" (Exodo 20:3). Ang ikalawang utos ay nagsasabi sa atin kung **paano dapat sumamba** "Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng inukit na larawan…" (Exodo 20:4). Sa huling mga talata ng Exodo 20, ibinalik ng Diyos ang paksa tungkol sa pagsamba. Ang mga talatang ito ay nagtuturo sa Israel kung paano nila itatayo ang kanilang mga altar at kung paano dudulog sa altar na iyon na may paggalang.

» Basahin ang Exodo 20:23-26. Ang Pagsamba ay mahalaga sa Diyos!

Ang pagsamba ay may mahalagang puwang sa Banal na Kasulatan. Ang aklat ng Exodu at Levitico ay nagbibigay ng mga partikular na tuntunin para sa panambahan ng Israel. Ang Mga Awit ay talaan ng mga awit ng pagsamba. Sa aklat ng Ebanghelyo, makikita natin ang mga tao na nagpapatirapa kapag sumasamba kay Jesus.

» Basahin ang Mateo 2:11, Mateo 8:2, Mateo 9:18, Mateo 14:33, Mateo 15:25, Mateo 28:17.

Sa aklat ng Mga Gawa, ang Iglesia ay nagkakatipon para sumamba. [5] Sa kanyang mga liham, tinugon ni Pablo ang usapin tungkol sa panambahan ng simbahan (1 Corinto 11 at 1 Timoteo 2). Sa aklat ng Pahayag, maari nating masilip ang panambahang kasalukuyang nagaganap sa harapan ng trono ng Diyos. Ang pagsamba natin dito sa lupa ay pagsasanay lang para sa panambahan natin sa langit (Pahayag 4-5). Ang pagsamba ay mahalaga sa Diyos.

## Ang Pagsamba ay Mahalaga sapagkat sa Pagsamba nakikita natin ang Diyos

» Basahin ang Isaias 6:1-8. Talakayin ang karanasan ni Isaias sa Templo.

Ang Isaias 6 ay nagbibigay sa atin ng mahalagang larawan ng biblikal na pagsamba. Ipinapakita rito na sa pamamagitan ng pagsamba, nakikita natin ang Diyos. Sa Templo, nakita ni Isaias ang Panginoon bilang maluwalhati.

Ang katotohanang ito ay paulit-ulit na makikita sa Banal na Kasulatan. Habang si Juan ay nasa panambahan isang araw ng Linggo, nagkaroon siya ng mga pangitain sa langit

5 Ang mga sinaunang Kristyano ay nagpatuloy sa kanilang panambahan sa Templo at sinagoga (Gawa 2:46-47, Gawa 3:1-11, Gawa 5:12, 21, 42). Dagdag rito, ang mga Kristyano ay nagtitipon rin sa kanilang mga kabahayan upang manalangin, makinig ng pagtuturo, at magsama-sama. Lahat ng ito ay sangkap ng pagsamba (Gawa 2:46-47, Gawa 4:31, Gawa 5:42).

(Pahayag 1:10). Habang si Pablo at Silas ay sumasamba sa pamamagitan ng panalangin at awitin, inihayag ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan (Gawa 16:25-26). Dumaan si David sa isang kahirapan na anupa't umiyak siya sa Diyos, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" (Awit 22:1). Ngunit sa gitna ng kanyang kahirapan, nakita ni David ang Diyos sa pamamagitan ng papuri at pagsamba, "Ikaw ay banal, nakaluklok sa mga papuri ng Israel" (Awit 22:3). Sa pagsamba, nakikita natin ang Diyos.

## Ang Pagsamba ay Mahalaga sapagkat sa Pagsamba Nakikita natin ang ating Sarili at Nagbabago

Hindi lamang nakita ni Isaias ang Panginoon sa Templo kundi maging ang kalagayan ng kanyang sarili. Nang makita ni Isaias ang Diyos sa Kanyang luklukan, naibulalas niya, "Kahabag-habag ako! Ako'y napahamak sapagkat ako'y lalaking may maruruming labi…" (Isaias 6:5). Sa tunay na pagsamba, nagagawa nating makita ang ating mga sarili ayon sa nakikita ng Diyos.

Ito ang dahilan kung bakit ang mga liturhiya ay tradisyunal na kinapapalooban ng kumpisal. Ang kumpisal o paghingi ng tawad sa Diyos ay hindi lamang nagsasabi, "Naghimagsik kami laban sa Kautusan ng Diyos at sinadyang magkasala." Sa panalangin ng kumpisal, kinikilala natin, "Kahit na maging ang pinaka dalisay na puso ay may bahid dungis pa rin kumpara sa maluwalhating kadalisayan ng banal ng Diyos. Kami'y patuloy na humihingi ng iyong biyaya."

Sa pagsamba, nakikita natin ang ating mga sarili ayon sa nakikita ng banal na Diyos. Kung wala ang pagsamba, ang ganitong pananaw ay magiging nakapangingilabot na karanasan. Subalit, dahil sa nakita natin ang Diyos, tayo'y naging malinis at hindi nahatulan. Kapag nasaksihan natin ang Diyos at ang Kanyang biyaya, matapat rin nating nakikita ang ating mga sarili, naikukumpisal ang ating mga pangangailangan, at humihingi ng Kanyang biyaya.

Nilalantad ng pagsamba ang ating tunay na sarili. Hindi naglalaho ang ating sarili sa pagsamba kundi natatagpuan natin ito. Sa liwanag ng kabanalan ng Diyos, nakita ni Isaias ang kanyang sarili na makasalanan. Subalit, sa halip na makadama ng kawalang pag-asa, ang pagsamba ay nagdulot ng pagbabago.

> Nang magkagayo'y lumipad papalapit sa akin ang isa sa mga serafin na may baga sa kanyang kamay na kanyang kinuha ng mga sipit mula sa dambana. Inilapat niya ito sa aking bibig, at nagsabi, "Ngayong lumapat ito sa iyong mga labi, ang iyong kasamaan ay naalis na, at ang iyong kasalanan ay pinatawad na" (Isaias 6:6-7).

Si Isaias ay binago ng kanyang pagkakita sa banal na Diyos.

Binabago ng tunay na pagsamba ang mananambahan – si Isaias sa loob ng Templo, ang Samaritano sa tabi ng balon, at ang mga alagad sa Bundok ng Pagbabagong Anyo ni Jesus. Ang pakikipagtagpo sa Diyos ay bumabago ng buhay ng mananambahan.

## Ang Pagsamba ay Mahalaga sapagkat sa Pagsamba Nakikita natin ang ating Mundo

Sa pagsamba, nakita ni Isaias ang Diyos, nakita niya ang kanyang sarili, at nakita niya ang pangangailangan ng kanyang mundo. "Ako'y naninirahan sa gitna ng bayan na may maruruming labi" (Isaias 6:5). Bilang tugon, sinabi niya, "Narito ako; suguin mo ako!" (Isaias 6:8). Sa pagsamba, tayo ay napapalakas na maging mabisa sa paglilingkod sa ating nangangailangang lipunan.

> **"Pumasok upang Sumamba—Lumabas upang Maglingkod"**
>
> Tanda sa itaas ng pinto ng simbahan

Nasabi natin na ang tunay na pagsamba ay sumasakop sa lahat ng bahagi ng buhay. May ilang mga simbahan na inihiwalay ang pagsamba mula sa ebangelismo. Sinasabi nila, "Ang pansin ng aming simbahan ay ebanghelismo. Ang ibang simbahan ay maaring tumuon sa pagsamba." O kaya sinasabi nila, "Ang aming layunin ay pagsamba. Ibibigay namin ang ebanghelismo at misyon sa ibang simbahan." Ang mga ganitong pananaw ay nagpapakita ng maling unawa sa pagsamba. Sa pagsamba, hinahayaan natin ang Diyos na ipakita sa atin ang pangangailangan ng ating lipunan. Ang tunay na pagsamba ay kumikilos sa atin na ibahagi ang ebanghelyo.

Inihayag ng tunay na pagsamba ang pangangailangan ni Isaias – siya ay binago ng pagsamba. Ipinakita ng tunay na pagsamba ang pangangailangan ng mundo ni Isaias – at kanyang itinalaga ang kanyang sarili sa pagbabago ng mundong iyon. Sa pagsamba, nagkakaroon tayo ng sigasig upang paglingkuran ang ating mundo. Kaya't ang nararapat na tugon sa tunay na pagsamba ay "Narito ako! Suguin mo ako."

Nagbigay babala si Oswald Chambers sa mga nagnanasang maging misyonero, "Kung wala kang palagiang pagsamba sa araw-araw, kapag pumasok ka sa Gawain ng Diyos, hindi mo lamang makikita ang sarili na walang pakinabang, kundi hadlang sa mga nakapaligid sa iyo." [6]

Naunawaan ni Chambers ang kahalagahan ng pagsamba bilang paghahanda sa mabisang paglilingkod. Sa pagsamba, ipinapakita ng Diyos ang pangangailangan ng ating mundo at inihahanda tayo sa pagtugon ng mga pangangailangan iyon.

---

6 Oswald Chambers, *My Utmost for His Highest*, (September 10 entry). Retrieved from https://utmost.org/missionary-weapons-1/ on July 21, 2020.

## Ang Pagsamba ay Mahalaga sapagkat ang Pagkabigong Sumamba ay Magpapalayo sa atin mula sa Diyos

» Basahin ang Roma 1:18-25. Ano ang kaugnayan ng bulaang pagsamba at kasalanan?

Sa pasimula ng kanyang liham sa Roma, ipinakita ni Pablo ang dahilan kung bakit ang tao ay nasa ilalim ng kahatulan ng Diyos. Sinabi niya na ang makasalanang kalagayan ng tao ay dulot ng kanyang pagtanggi na sumamba sa tunay na Diyos. Pansinin mo ang prosesong ipinakita ni Pablo sa Roma 1:21-25:

1. Hindi nila sinamba ang Diyos. “Sapagkat kahit kilala nila ang Diyos, siya ay hindi nila niluwalhati bilang Diyos, ni pinasalamatan man” (Roma 1:21). "Sapagkat pinalitan nila ng kasinungalingan ang katotohanan ng Diyos at sila'y sumamba at naglingkod sa nilalang sa halip na sa Lumalang" (Roma 1:25).

2. Bunga nito, “…naging walang kabuluhan sila sa kanilang mga pangangatuwiran at ang mga puso nilang walang katuturan ay nagdilim. Sa pag-aangking marurunong, sila'y naging mga hangal, at ipinagpalit nila ang kaluwalhatian ng Diyos na hindi nasisira sa mga imaheng kahawig ng tao na nasisira, at ng mga ibon, ng mga hayop na may apat na paa at ng mga gumagapang.” (Roma 1:21-23)

3. At bilang hatol, “hinayaan sila ng Diyos sa karumihan, upang lapastanganin ang kanilang mga katawan sa kani-kanilang sarili...” (Roma 1:24)

Ipinakita ni Pablo na ang pagbagsak ng sangkatauhan sa kahangalan, kasamaan, at kahalayan ay dulot ng kanilang pagtanggi na sambahin ang Diyos. Hindi nila sinamba ang Diyos, sa halip, sinamba at pinaglingkuran ang nilalang kaysa sa ang Maylalang.

Bawat isa ay may sinasamba. Ang mga Kristyano ay sumasamba sa Diyos. Ang mga Muslim ay sumasamba kay Allah. Ang mga atheista ay sumasamba sa kanilang karunungan. Bawat isa ay may sinasamba. Kung tatanggihan nating sambahin ang Maylalang, sasambahin natin ang nilalang.

Ang pagsamba ay mahalaga. Ang tunay na pagsamba sa tunay na Diyos ay bumabago ng ating buhay ayon sa Kanyang wangis. Ang pagsamba sa bulaang diyos ay huhubog sa tao na matulad sa wangis ng diyos na iyon. Nagiging kawangis tayo ng anumang ating sinasamba.

## TATLONG LAYUNIN NG PAGSAMBA

Si Marva Dawn ay may ibinahaging tatlong layunin ng tunay na pagsamba. [7] Sa pagsamba:

7 Marva Dawn, *Reaching Out Without Dumbing Down* (Grand Rapids: Eerdmans, 1995)

1. **Sa pagsamba, nakakatagpo natin ang Diyos.**

Anumang panambahan na hindi tayo hinahatid sa Diyos ay malayo sa diwa ng tunay na pagsamba. Hindi ito nangangahulugan na ang ating panambahan tuwing Linggo ay dapat na maging madamdamin o dramatiko. Hindi ito nangangahulugan na bawat pagtitipon ng Kapatiran ay laging nasa paraan ng pagsamba. Sa halip, sa bawat pagtitipon upang sumamba, dapat nating matagpuan ang ating sarili na nasa presensya ng Diyos. Ito'y maaring sa pamamagitan ng katotohanang natutuhan natin mula sa sermon; ito'y maaring sa pamamagitan ng pagbabasa ng Salita ng Diyos; maaring sa pamamagitan ng awiting papuri sa Diyos; maaring sa oras ng panalangin na kung saan natatanggap natin ang lakas na mamuhay para sa Diyos. Sa anumang paraan, ang pagtitipon natin ay dapat na maghatid sa atin na makatagpo ang Diyos.

2. **Sa pagsamba, nahuhubog ang Katangiang Kristyano**

Sa pagsamba, nakikita natin ang ating sarili at nagbabago. Sa pagsamba, natututuhan natin ang mga katotohanang huhubog ng katangiang Kristyano. Kapag ating sinasamba ang Diyos, ang ating katangian ay higit na nailalapit sa Kanyang wangis. Tayo'y nagiging kawangis ng ating sinasamba.

3. **Sa pagsamba, naitatatag natin ang Komunidad ng Kristyano**

Sa pagsamba, nakikita natin ang mundong nakapaligid sa atin at naitatalaga ang ating sarili na paglingkuran ang pangangailangan ng ating lipunan. Kapag ginagawa natin ito, ang Iglesia ay naitatag at ang mga mananampalataya ay lumalago sa lahat ng paraan tungo sa kanyang Ulo na si Cristo (Efeso 4:15). Ang tunay na pagsamba ay kasangkapan sa pagtatatag ng tunay na Kristyanong lipunan.

## ANONG URI NG PAGSAMBA ANG NAKALULUGOD SA DIYOS?

» Anong uri ng pagsamba ang sa tingin mo ay katanggap-tanggap sa Diyos?

Sinabi ni Jesus sa babaeng Samaritana na ang tunay na mananambahan ay sumasamba sa espiritu at katotohanan (Juan 4:23-24). Mayroong tunay na pagsamba na kalugod-lugod sa Diyos; at mayroon ring huwad na pagsamba na hindi katanggap-tanggap sa Diyos. [8]

Madalas na tanong ng mga namumuno sa pagsamba, “Nagawa bang pukawin ng ating panambahan ang kongregasyon? Naipakita ba natin sa kanila ang estilong kasiya-siya?” Ngunit ipinapakita ng Biblia ang higit na mahalagang tanong, “Nagbigay parangal ba sa Diyos ang ating pagsamba? Sinamba ba natin ang Diyos sa paraang nais Niya? Kalugod-lugod ba sa Kanya ang ginawa nating pagsamba?”

---

8 Ilang bahagi ng seksyon na ito ay halaw sa turo ni David Jeremiah. *Worship*. (CA: Turning Point Outreach, 1995), 20-24.

## Pagsambang Hindi Kalugod-lugod sa Diyos

### Hindi katanggap-tanggap sa Diyos ang mangmang na pagsamba

Hindi alam ng babaeng Samaritana kung ano ang kanyang sinasamba (Juan 4:22). Sa Athenas, nasaksihan ni Pablo ang mga taong sumasamba sa hindi kilalang diyos (Gawa 17:23).

Sa Aralin 2, pag-aaralan natin ang katangian ng Diyos na ating sinasamba. Kapag hindi natin kilala ang Diyos, ang pagsamba natin ay magiging mangmang; ito'y nagiging pagsamba sa hindi kilalang Diyos. Maari tayong sumunod sa tuntunin ng liturhiya, [9] ngunit nananatiling hindi pa rin kilala ang Diyos na ating sinasamba. Dapat na mahayag sa pagsamba ang katangian ng Diyos na ating sinasamba. Dapat tayong umawit ng mga papuring nagpapahayag ng Kanyang katangian; dapat tayong magbasa ng mga Kasulatan na nagpapatotoo sa Diyos; dapat tayong mangaral ng mga sermon na nagpapahayag ng Kanyang katangian. Hindi natin dapat hayaan ang pagsamba na walang pagkakilala sa Diyos.

### Hindi nakalulugod sa Diyos ang pagsamba sa idolo.

Ang idolo ay anumang bagay na nag-aalis ng karampatang puwang ng Diyos bilang supremong kapamahalaan sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Sa ibang panig ng mundo, ang mga idolo ay yaong mga estatwa ng mga paganong diyus-diyusan. Sa ibang bahagi ng mundo, ang mga idolo ay nasa anyo ng trabaho, account sa banko, magarang bahay, at mga libangan. Anumang bagay na nag-aalis ng nararapat na puwang ng Diyos sa ating buhay ay isang idolo. Kung tayo ay pumupunta sa simbahan tuwing Linggo ngunit hinahayaan natin ang ibang mga bagay na siyang maghari at masunod sa ating buhay, tayo ay naglilingkod sa isang idolo.

### Hindi tinatanggap ng Diyos ang mababang uri ng pagsamba.

» Magbigay ng ilang halimbawa ng mababang uri ng pagsamba.

Nagbabala si propeta Malakias na ang panambahan ng Israel ay hindi na kalugod-lugod sa Diyos. Ngunit tanong nila, "Paanong ginawan namin ng masama ang Diyos?" Ang sagot ni Malakias,

---

9 Ang liturhiya ay isang plano tuwing may publikong pananambahan. Ang liturhiya ay maaaring organisado na may nakasulat na mga tuntunin. At maari rin naman na inpormal na walang nakasulat na tuntunin tungkol sa gagawin ng mga mananambahan. Sa kursong ito, ang katagang "liturhiya" na tinutukoy natin ay anumang plano sa pananambahan. May mga taong pinupuna ang lahat ng liturhiya sa paniniwalang ang planadong pagsamba ay hindi tunay na pagsamba. Ngunit gagamitin natin rito ang katagang "liturhiya" sa pangkalahatang punto. Mapa-anupaman, ang planadong pagsamba ay maaaring maging walang laman o kaya'y maaaring mapuspos ng presensya ng Diyos.

> "Kapag kayo'y naghahandog ng mga bulag na hayop bilang alay, di ba masama iyon? At kapag kayo'y naghahandog ng pilay at may sakit, hindi ba masama iyon? Subukan mong ihandog iyon sa iyong gobernador, masisiyahan kaya siya sa iyo o papakitaan ka kaya niya ng kabutihan?" sabi ng Panginoon ng mga hukbo (Malakias 1:8)

Ang mga Israelita ay hindi nagdadala ng pilay o sakiting hayop kapag nagreregalo sila sa kanilang gobernador. Subalit kapag naghahandog sila sa Diyos, na Siyang makapangyarihan sa lahat, ang mga handog na dinadala nila ay mga pilay at sakiting hayop.

May ibang naniniwala na ang panlabas na aspeto ng pagsamba ay hindi mahalaga sapagkat ang tinitingnan ng Diyos ay ang laman ng puso. Totoo na ang Diyos ay tumitingin sa puso. Subalit malinaw sa buong sinasabi ng Kasulatan na ang panlabas na aspeto ng pagsamba ay mahalaga rin sa Diyos. Ang mga aklat ng Exodo at Levitico ay nagbibigay sa atin ng detalyadong mga tuntunin tungkol sa mga bagay na hinihingi ng Diyos sa ating pagsamba. Ang mga tuntuning ibinigay para sa Tabernakulo ay malinaw at tumpak. Halimbawa, nagbigay ang Diyos ng mga detalyadong tuntunin para sa dapat maging kasuotan ng mga saserdote. Sa Exodo 39-40, ang katagang “ayon sa utos ng Diyos kay Moises” ay inulit ng 13 upang ipakita ang pagsunod ng Israel. Ang tumpak na pagsunod kung gayon ay mahalaga sa Diyos. Hinihingi Niya ang bagay na pinakamainam mula sa Israel.

Mababang uri ang ating pagsamba kung hindi natin ibinibigay sa Diyos ang pinakamahusay at pinakamainam na handog. Bagamat hindi na tayo ngayon nagdadala ng handog na hayop sa Diyos, ang prinsipyo ay patuloy paring umiiral. Ang mga katanungan sa Malakias ay mahahalagang katanungan parin sa ating pagsamba ngayon.

- **Pastor**: “Paghahandaan ko bang mabuti ang aking sermon sakaling ang gobernador ay dadalo sa aming simbahan? Naghahatid rin ba ako ng pilay na alay sa Diyos?”
- **Manunugtog**: “Pagbubutihin ko ba ang aking pagsasanay na tumugtog sakaling ang isang sikat na musikero ay dadalo sa aming simbahan? Naghahatid rin ba ako ng pilay na alay sa Diyos?”
- **Karaniwang Miyembro**: “Mas makikinig ba ako ng mabuti sa sermon kung ang magsasalita ay ang presidente? Naghahatid rin ba ako ng pilay na alay sa Diyos?”

### Hindi tatanggapin ng Diyos ang hambog na pagsamba

Hindi tinatanggap ng Diyos ang ating hindi mainam na alay. Subalit mayroong kabaligtarang panganib na dapat nating iwasan. Hindi tinatanggap ng Diyos ang mga handog ng pusong palalo at hambog. Bagamat dapat nating ialay sa Diyos ang ating pinakamainam na alay, ating tandaan na wala tayong wagas at karapat-dapat na alay para sa Kanya. Ang ating pinakamahusay na alay ay munting pasasalamat lang sa dapat na iukol natin sa Diyos. Kaya’t dapat na lumapit tayo sa Kanyang presensya sa diwa ng kapakumbabaan at hindi ng kayabangan at paghanga sa sarili.

## Pagsambang Kalugod-lugod sa Diyos

Kung mayroong mga katangian ng pagsamba na hindi katanggap-tanggap sa Diyos, ano naman ang pagsambang kalugod-lugod sa Kanya?

### Ang kalugod-lugod na pagsamba ay nakatuon sa Diyos

Tulad ng sa Isaias 6, ang Pahayag 4 ay kakikitaan ng bukas na pinto ng langit. Sa Pahayag 4, ang pansin ng mga mananambahan ay nakatuon sa nakaupo sa trono. Ang tunay na pagsamba ay nakatuon sa Diyos. Ang tunay na pagsamba ay nakaturo sa Diyos na Siyang karapat-dapat ng pagsamba.

### Ang kalugod-lugod na pagsamba ay nagbibigay luwalhati sa Diyos sapagkat Siya'y karapat-dapat.

Ipinapakita sa Awit 96:7-8 ang layunin ng pagsamba:

> "Ibigay ninyo sa Panginoon, kayong mga angkan ng mga bayan, ibigay ninyo sa Panginoon ang kaluwalhatian at kalakasan. Ibigay ninyo sa Panginoon ang kaluwalhatiang nararapat sa kanyang pangalan; magdala ng handog, at pumasok kayo sa kanyang mga bulwagan!"

Sa pagsamba ay ibinibigay natin sa Diyos ang kaluwalhatiang nauukol sa Kanya. Anuman ang ating mga awitin at damdamin, o tugon na nagmumula sa mga nanunuod sa atin, kung hindi tayo nakapagbibigay ng luwalhati sa Diyos, bigo tayong isakatuparan ang layunin ng pagsamba.

Ang layunin ng pagsamba ay hindi para tumanggap ng pagpapala para sa ating sarili; ang layunin ng pagsamba ay para magbigay ng parangal at luwalhati sa Diyos. Kapag tayo ay sumasamba, madalas na tayo ay pagpapalain – subalit hindi udyok ang ating pagpapala upang tayo ay sumamba. Ang udyok ng ating pagsamba ay ang parangalan ang Diyos.

Kapag nauunawaan natin ang layunin ng pagsamba, binabago rin nito ang ating mga katanungan tungkol sa pagsamba. Sa halip na itanong, "Nasiyahan ba ako sa panambahan ngayon?" ang ating tanong ay, "Ang panambahan ba ngayon ay nagbigay parangal sa Diyos?" Kapag ating nauunawaan ang layunin ng pagsamba, mababago rin ang ating pansin mula sa ating mga sarili tungo sa Diyos.

### Ang kalugod-lugod na pagsamba ay pagsamba sa espiritu at katotohanan.

Sa pakikipag-usap ni Jesus sa isang babaeng Samaritana doon sa Juan 4, sinabi Niya na silang sumasamba sa Diyos ay dapat na sumamba sa espiritu at katotohanan (Juan 4:24). Ito ang tamang huwaran sa pagsamba.

Madalas na kapag pinag-uusapan natin ang mga pamamaraan sa pagsamba, ang pansin natin ay sa estilo ng musika, pagkakasunod-sunod na gawain sa ating liturhiya, at iba pang pamamaraan. May mga taong nadidismaya dahil wala silang makitang detalyadong impormasyon ng gawi sa pananambahan ng Iglesia sa Bagong Tipan. Pag-isipan natin ang mga bagay na hindi natin alam tungkol sa panambahan sa Bagong Tipan:

- **Alam natin na sila'y umaawit ng mga psalmo**. Subalit hindi natin alam kung ano ang tono ng kanilang mga awit at kung ano ang mga instrumento na kanilang ginamit. Hindi rin natin alam kung ano ang bagong awit na kanilang inawit.
- **Alam natin na sila'y nananalangin**. Subalit hindi natin alam kung sila'y nananalangin ng malakas ang tinig, kung ito ba ay nasa piling ng isang maliit na grupo, o kung may isang tagapamuno sa kanilang pananalangin. Hindi rin natin alam kung gumamit sila ng nakasulat na panalangin (gaya ng psalmo) o ang ginawa nila'y malayang pananalangin.
- **Alam nating sila'y may pangangaral**. Ngunit hindi natin alam kung gaano ito katagal, o kung anong estilo ng pangangaral ang ginamit nila o kung sa bawat pananambahan ba nila ay kinakailangan na laging may sermon.

Bukod sa Bagong Tipan at sa isang tekstong naisulat sa paglipas ng ilang dekada, kakaunti lamang ang ating impormasyon tungkol sa paraan ng pagsamba ng sinaunang Iglesia.[10]

Para sa mga iskolar, ang ganitong kakulangan ng impormasyon ay nakakadismaya. Subalit, marahil ay nagpapakita ito na ang mga isyung mahalaga sa atin ay hindi ganun kahalaga sa Diyos! Noong tinalakay ni Jesus ang pamamaraan ng pagsamba, natuon Siya sa dalawang bagay: espiritu at katotohanan. At iyan ang isyung higit na mahalaga sa usapin ng tunay na pagsamba.

Ang pagsamba sa espiritu ay maaring tumutukoy sa ating espiritu. Ang pagsamba ay hindi dapat na sunod-sunuran sa rituwal; dapat may espiritu. Sa madaling salita, ang tunay na pagsamba ay yaong nagmumula sa puso.

## PAGSAMBA SA ESPIRITU

Noong 1994, ang Vineyard Church sa Toronto ay naiulat na mayroong ginanap na revival na kung saan ang mga tao ay tawa ng tawa, umuungal na parang

10 Ang *Didache* (Ang Katuruan) ay isang maikling kasulatan na naisulat sa huling bahagi ng unang siglo o kaya'y sa pagbubukas ng ikalawang siglo. Ang *Didache* ay naglalaman ng katuruan hinggil sa pamumuhay Kristyano, rituwal, at pamamahala sa simbahan.

leon, at "sumusuka" (isang paraan ng pagsusuka na lumilinis raw ng emosyon). Sa kanilang pagtitipon, may tinatawag silang "banal na pagtawa" na anupa't para silang baliw. Sa halip na magbigay sila ng pansin sa pagkilos ng Salita ng Diyos sa kanilang mga puso, binigyang pansin ng "Toronto Blessing" ang silakbo ng damdamin. Ito ba ay pagsamba sa espiritu? Ito ba ay tunay na pagsamba?

Ang pagsamba sa diwa ng katotohanan ay nakaugnay sa katuruan ng Biblia. Higit pa ito sa masarap na pakiramdam o anumang tugon ng damdamin. Bilang mga pastor at namumuno sa pagsamba, dapat na suriin natin ang bawat aspeto ng ating pagsamba at itinatanong, "Ito ba ay totoo?" Ang mga salitang ating pinapangaral, ang mga salitang ating inaawit, at ang mga salitang ating pinapanalangin ay dapat na tapat sa Banal na Kasulatan. Ang Diyos ay hindi humahanga sa mga walang kabuluhang salita; Siya ay naghahanap ng pagsamba na mula sa espiritu at katotohanan (Juan 4:24).

### PAGSAMBA SA DIWA NG KATOTOHANAN

Nauunawaan ni Pastor Bill ang kahalagahan ng musika sa panambahan. Nasisiyahan siya sa pag-awit ng mga lumang himno at bukas rin sa pag-awit ng mga makabago. May isang awit na naging sikat sa maraming mga simbahan na ang mga salita ay nagtuturo na ang mananampalataya raw ay patuloy na bumabagsak sa kusang pagkakasala ngunit magbabalik-loob rin sa Diyos pagkatapos. Ang awitin ay hindi nagtuturo ng matagumpay na pakikipaglaban sa kasalanan. Nang marinig ni Pastor Bill ang awit, nasabi niya, "Ang sinasabi ng awit na ito ay hindi tapat sa sinasabi ng Biblia. Ngunit ito ay isang awit lamang at nagugustuhan ng mga tao ang himig nito. Ang mga salita nito ay hindi natin dapat pahalagahan." Ito ba ay pagsamba ayon sa katotohanan?

## MGA PANGANIB SA PAGSAMBA: MGA KAPALIT SA TUNAY NA PAGSAMBA

Si Jesus ay may sinabing tunay na pagsamba. Kung mayroong tunay na pagsamba, mayroon ring huwad na pagsamba. Madalas sambitin ni Martin Luther ang kawikaan ng mga Aleman na nagsasabing, "Saanman ang Diyos ay nagtatayo ng simbahan, nagtatayo rin si Satanas ng kapilya sa tabi nito." Gustong-gusto ni Satanas na lagyan tayo ng mga maling ideya tungkol

sa pagsamba. Madalas nating hayaan na masunod ang kagustuhan ng ating kultura kaysa sa sundin ang kagustuhan ng Diyos na ating sinasamba. Ano ba ang ilan sa mga inilalagay na pamalit sa tunay na pagsamba?

## McWorship na Pagsamba

Ang tinaguriang McWorship ay isang panambahan na nakatuon sa personal na ginhawa, sa halip na sa pagbibigay lugod sa Diyos. Mayroong 35,000 McDonalds sa mundo. 68 milyon na kustomer o suki nito ay kumakain sa McDonalds araw-araw. Ang daming ito ay hindi dahil sa mas masarap ang pagkain na hinahain ng McDonalds kaysa sa iba. Hindi ito dahil sa ang kanilang pagkain ay mainam na diyeta. Ito ay dahil sa ang McDonalds ay nagbibigay ng ginhawa, maalwan, at kasiyasiyang paligid. Sa McWorship, ang ating pangunahing hanap ay kaginhawaan, kaalwanan, at kaaliwan.

Sa McDonalds at McWorship, ang sukatan ng tagumpay ay nasa bilang. Ipinagmamalaki ng McDonalds ang kanyang "mahigit 300 bilyon na napaglingkuran." Sa McWorship, ipinagmamalaki nito na, "Dumami kami ng 17% nitong nakalipas na taon." Kaya't ang bilang sa halip na kabanalan ang siyang ginawang sukatan ng tagumpay.

Kakaunti lamang ang mga tuntunin sa mga binansagang McWorshippers. Ang McWorship ay nagbibigay ng magandang musika, nakatutuwang mga tagapagturo, at kaakit-akit na mga pagtatanghal – lahat ay sa mababang halaga. Humahatak ng maraming tao ang McWorship suballit ang espirituwal na pagkain na handog nito ay walang laman at hindi nagbibigay ng espirituwal na kalusugan. Magandang bagay na maakit natin ang mga tao na makinig ng ebanghelyo, subalit ang McWorship ay hindi tunay na pagsamba.

## Museo na Pagsamba

Ang timpla ng kapaligiran sa museo ay naiiba sa McDonalds. Sa Museo, may matinding pansin sa pagpapanatili ng tradisyon. Ang mga tao ay buong taimtim na nagmamasid sa mga eksibit. Wala ritong personal na partisipasyon at paglilingkod. Walang paanyaya na pwede mong ilagay ang iyong sariling inukit o ginuhit sa kanilang mahahalagang pader ng Sining.

Sa Museo na pagsamba, ang pinag-uukulan natin ng pansin ay tradisyon at porma. Dito ay nakikiawit tayo sa mga palagiang awitin ng simbahan. Ipinagmamalaki natin rito ang ating katapatan sa tradisyon. Gayunpaman, posible na ang isang tao ay palaging dumadalo sa simbahan ngunit hindi kinakatagpo ng Diyos sa pamamagitan ng hamon na italaga ang kanyang buhay sa paglilingkod. Maari na ang isang tao ay dumadalo ng simbahan tuwing Linggo at tumitingin sa mga eksibit (sermon, mga awitin, panalangin) ngunit walang tunay na pagbabago. Mahalagang pinapahalagahan natin ang pamana sa atin, subalit ang Museo na pagsamba ay hindi tunay na pagsamba.

### Classroom na Pagsamba

Sa classroom, ang guro ang siyang nangangasiwa. Ang guro ang siyang nagpapasya kung ano ang dapat matutuhan ng klase. Ang guro ang siyang nagbibigay ng lecture at ang mga estudyante ay nakikinig at nagsusulat ng mga natututuhan. Ang partisipasyon ay kontrolado ng guro.

Sa Classroom na pagsamba, ang pastor ang siyang sentrong tauhan. Ang sermon ang siyang sentro at pokus ng panambahan; lahat ng bagay ay pambungad lamang para rito. Ang kongregasyon ay naroon upang makinig at magsulat ng mga bagay na kanilang matututuhan. Ang pagsamba ay nauwi sa isang gawaing pangkaisipan. Mahalaga na naipapahayag ang katotohanan sa ating panambahan; dapat nating ipaliwanag ang katotohanan sa mga mananambahan. Subalit ang Classroom na pagsamba ay hindi tunay na pagsamba.

### Tunay na Pagsamba

Ang tunay na pagsamba ay nakatuon sa Diyos. Ang tanong ng tunay na pagsamba ay, "Ano ang nakalulugod sa Diyos?" Nakikita natin sa tunay na pagsamba ang ating mga sarili ayon sa nakikita ng Diyos – ito ay hindi kaaya-aya sa pakiramdam ng taong ayaw magpabago sa Diyos. Ngunit ang tunay na pagsamba ay tungkol sa Kanya. Ito ay may kaakibat na krus, sakripisyo, at pagsuko. Binabago ng tunay na pagsamba ang mananambahan.

## KONKLUSYON: ANG PATOTOO NI MARTHA

Gaano Kahalaga ang Pagsamba? Makinig sa Patotoo ni Martha.

"Praktikal akong tao. Dapat na mayroong mag-aasikaso sa pagwawalis ng sahig, pagluluto, at iba pang gawaing bahay. Iyan ang aking kakayahan; isang kaloob ng paglilingkod.

Naalaala ko ang araw na bumisita si Jesus sa aming munting bahay doon sa Betania. Kinabahan ako sa pag-aasikaso sapagkat Siya'y kilalang guro. Nais kong maging perpekto ang lahat ng pag-aasikaso sa Kanya. Di naglaon, nagsulat si Lukas ng ganito tungkol sa akin, 'Ngunit si Martha ay naaabala sa maraming paglilingkod' (Lukas 10:40). Naging abala talaga ako na gawing perpekto ang lahat.

Habang abala ako sa pag-aasikaso sa bahay, si Maria naman ay nasa kabilang kwarto at nakaupong nakikinig kay Jesus. Hindi ko yun ikinatuwa; kailangan ko ang tulong niya! Isa pa, isa siyang babae; hindi siya kailangan roon na nakikinig sa isang Rabbi.

Dahil sa sama ng aking loob, pinuntahan ko sila at sinabi, 'Panginoon, wala bang anuman sa iyo na pinabayaan ako ng aking kapatid na maglingkod na mag-isa? Sabihin mo nga sa kanya na tulungan ako' (Lukas 10:40). Hindi ko malilimutan ang Kanyang sagot. Tiningnan ako ni Jesus at umiiling na sinabi sa akin, 'Martha, Martha, nag-aalala ka at nababagabag

tungkol sa maraming bagay; subalit isang bagay ang kailangan. Pinili ni Maria ang mabuting bahagi…' (Lukas 10:41-42)

"Ano nga ang sinasabi sa akin ng Guro? Hindi Niya sinasabi na walang kwenta ang paglilingkod. Bago Siya dumalaw sa amin, nagkwento Siya ng talinghaga tungkol sa Mabuting Samaritano – isang kwento tungkol sa paglilingkod (Lukas 10:25-37). Hindi sinasabi ni Jesus na hindi mahalaga ang paglilingkod; gusto Niyang sabihin na **ang aking paglilingkod ay dapat na bumukal mula sa aking pagsamba**. Ang mahalagang bagay ay ang pagsamba. Kung ako ay sasamba, ang paglilingkod ay dadaloy na kusa; hindi ako 'mababalisa at mababagabag.' (Lukas 10:41).

"Nang araw na iyon, natututuhan ko ang isang aral sa buhay. Hindi ko dapat hayaan na ang aking paglilingkod ang siyang maging prayoridad kaysa pagsamba. Simula ng araw na iyon, naglaan ako ng oras kasama si Maria na makinig kay Jesus. Naglaan ako ng oras upang sumamba."

### PAGSUSURI

Tanungin mo ang iyong sarili, "Paano ako magiging mabuting mananambahan?" Suriin mo ang anumang bahagi sa iyong buhay na kung saan ang iyong pagsamba ay dapat na mailapit sa biblikal na kahulugan ng pagsamba.

## ARALIN 1, PAGBABALIK ARAL

**1.** Ano ang pagsamba?

- Ang Pagsamba ay Magalang na Pagpapasakop (Pahayag 4:10-11)
- Ang pagsamba ay paglilingkod (Roma 12:1)
- Ang pagsamba ay papuri (Mga Awit)
- Ang pagsamba ay ugnayan (Gawa 2:42)
- Ang Pagsamba ay Sumasaklaw sa Lahat ng Bahagi ng Buhay (Santiago 1:26-27)

**2.** Bakit mahalaga ang pagsamba?

- sa Pagsamba nakikita natin ang Diyos (Isaias 6:1-8)
- sa Pagsamba Nakikita natin ang ating Sarili at Nagbabago (Isaias 6:1-8)

- sa Pagsamba Nakikita natin ang ating Mundo (Isaias 6:1-8)
- ang Pagkabigong Sumamba ay Magpapalayo sa atin mula sa Diyos (Roma 1:18-25)

3. Layunin ng pagsamba:

- Sa pagsamba, nakakatagpo natin ang Diyos
- Sa pagsamba, nahuhubog ang Katangiang Kristyano
- Sa pagsamba, naitatatag natin ang Komunidad ng Kristyano

4. Anong pagsamba ang kalugod-lugod sa Diyos?

- Ang kalugod-lugod na pagsamba ay nakatuon sa Diyos (Pahayag 4)
- Ang kalugod-lugod na pagsamba ay nagbibigay luwalhati sa Diyos sapagkat Siya'y karapat-dapat (Awit 96:7-8)
- Ang kalugod-lugod na pagsamba ay pagsamba sa espiritu at katotohanan (Juan 4:23-24)

## ARALIN 1, TAKDANG ARALIN

1. Paano inilalarawan ng Biblia ang pagsamba? Isulat ang sagot sa isang pahina batay sa mga sumusunod na talata:

   - Awit 111:1-2
   - Awit 147: 1
   - Awit 150
   - Isaias 6:1-8
   - Pahayag 4

   Kung ikaw ay nag-aaral na kabilang sa grupo, talakayin mo ang iyong sagot sa susunod ninyong pagkikita sa klase.

2. Sa pasimula ng bawat kasunod na aralin, ikaw ay kukuha ng pagsusulit batay sa aralin na ito. Pag-isipan mong mabuti ang mga tanong bilang paghahanda.

## PROYEKTO SA KURSO:
## 30-ARAW NA PAGLALAKBAY SA PAGSAMBA[11]

Gagawin mo ang proyekto kaalinsabay sa kursong ito. Sa katapusan ng kurso, iyong iuulat ang mga natapos mo sa proyekto. Hindi mo ipapasa ang iyong journal sa tagapamuno ng inyong klase.

Sa bawat araw ng 30-araw, maglalaan ka ng sandali na pagbubulayan mo ang isa sa mga katangian ng Diyos. Mas maganda kung gagawin mo ang proyektong ito sa umaga upang magawa mong pagbulayan ang katangian na iyon sa buong araw. Ang pagbubulay ay nangangahulugan ng malalim na pag-iisip tungkol sa isang bagay.

Kumuha ka ng isang blanko na notebook bilang iyong journal. Pasimulan mo ang bawat araw sa panalangin; na hinihiling mo sa Diyos na ipahayag Niya ang Kanyang Sarili sa iyo. Pagkatapos, buksan mo ang Aklat ng Mga Awit at simulan mong basahin. Ang layunin ng proyektong ito ay pagbubulay, hindi maraming pagbabasa. Maari kang magbasa ng isang talata o kaya'y isang kabanata ng Psalmo.

Habang nagbabasa ka, hanapin mo ang katangian ng Diyos o paglalarawan sa Diyos. Ang katangian ng Diyos ay gaya ng habag, kabanalan, at kalinga. Ang paglalarawan sa Diyos ay paghahalintulad sa Diyos – pastol, bato, kanlungan.

Kapag nakatagpo ka ng katangian o paglalarawan na nangungusap sa iyo, isulat mo ang katangian na iyon sa itaas na pahina ng iyong journal. Sa ilalim nito, isulat mo ang talatang nasasaad ito.

Pag-isipan mo ang katangian na iyon at kung ano ang sinasabi nito tungkol sa Diyos. Matapos kang manalangin, isulat mo ang iyong kuro-kuro tungkol sa Diyos at sa katangian na iyon. Ang ginagawa mo ay hindi akademikong papel kundi personal na journal sa pagsamba. Sa buong araw, pag-isipan mo ang Diyos at ang Kanyang katangian. Purihin Mo Siya sa kung sino Siya. Kapag ginawa mo ito sa loob ng 30-araw, ikaw ay magkakaroon ng malalim na pagkakilala sa Diyos.

11 Ang proyektong ito ay hango kay Louie Giglio, *The Air I Breathe: Worship as a Way of Life* (Sisters, OR: Multnomah Publishers, 2003).

## ARALIN 1, PAGSUSULIT

1. Binigyan ka ng tatlong kahulugan tungkol sa pagsamba sa pasimula ng aralin na ito. Isulat mo ang kahulugan na iyong naisaulo.

2. Ilista ang apat na aspeto ng biblikal na pagsamba.

3. Nang ang babaeng Samaritana ay nangatuwiran tungkol sa pisikal na lokasyon ng pagsamba, itinuro ni Jesus ang ___________na lokasyon ng pagsamba.

4. Sa aklat ng Mga Awit, ang salitang _________ay nangangahulugan ng galak sa pagsamba.

5. Ayon kay Santiago, ano ang dalawang aspeto ng pagsamba na dalisay at walang dungis?

6. Ilista ang apat na dahilan kung bakit mahalaga ang pagsamba.

7. Ayon sa Araling ito, ano ang tatlong katangian ng pagsamba na kalugod-lugod sa Diyos?

8. Isulat ang Juan 4:23-24 gamit ang memorya.

# ARALIN 2

# ANG DIYOS AT ANG MANANAMBAHAN

## MGA LAYUNIN NG ARALIN

1. Alamin ang biblikal na paglalarawan sa Diyos at ang Kanyang gampanin sa ating pagsamba.
2. Maunawaan ang hinihingi ng Diyos sa Kanyang mananambahan.
3. Magkaroon ng hangarin na sundin ang hinihingi ng Diyos sa Kanyang mga mananambahan.
4. Masiyahan sa biyaya ng Diyos na nagpapahintulot sa tao na dumulog sa Kanyang presensya upang sumamba.

## PAGHAHANDA SA ARALING ITO

*Isaulo ang* Pahayag 5*:9-14*

## PAMBUNGAD

Nagtipon ang isang maliit na grupo upang talakayin ang isang paksa sa kanilang lingguhang Bible study. Ang tanong na kanilang tinatalakay ay, "Sa ano ba maitutulad ang Diyos at paano natin Siya dapat sambahin?"

Unang nagsalita si Sarah, "Kapag iniisip ko ang Diyos, maihahalintulad ko Siya sa isang matandang lolo na may mahabang puting balbas. Minamasdan Niya tayo na parang Kanyang mga apo. Nalulungkot Siya kapag nagkakasala tayo, subalit mahal pa rin Niya tayo at nau-unawaan na ginagawa natin ang lahat ng ating makakaya. Sa palagay ko ay hindi mahalaga sa Diyos kung paano tayo sumamba basta't ipinapakita natin na mahal natin Siya."

Sumagot naman si Hannah, "Sa tingin ko, ang Diyos ay isang palautos na tatay. Hindi Siya malapit sa Kanyang mga anak, ngunit nagmamatyag Siya kung tayo'y sumusunod sa Kanya. Sa pagsamba, kailangan nating ipakita ang ating pagpapasakop at pagsunod. Hindi ko gusto

ang mga awiting itinuturing ang Diyos na ating kaibigain; dapat nating tandaan na Siya ay Panginoon at tayo ay Kanyang mga lingkod. Pumupunta ako sa simbahan upang malaman ko kung ano ang hinihingi sa akin ng Diyos."

Hindi nasiyahan si Abigail sa mga kasagutang ito. Wika niya, "Itinuturing ko ang Diyos bilang aking kaibigan. Sinasabi ng Biblia na nalulugod ang Diyos na magbigay ng mga mabubuting bagay sa Kanyang mga anak. Pumupunta ako sa simbahan upang malaman ang kalooban ng Diyos para sa akin. Nananalangin ako upang sabihin sa Kanya ang aking mga pangangailangan. Nakikinig ako ng sermon at musika upang malaman ko kung paano pinagpapala ng Diyos ang aking buhay. Nalulugod ang Diyos magbigay ng mga kaloob at pumupunta ako sa simbahan upang tanggapin ang mga iyon."

Bawat isa sa mga kababaihang ito ay may iba't ibang konsepto o pananaw tungkol sa Diyos. At dahil rito, bawat isa sa kanila ay may iba't ibang pananaw sa kung ano ang pagsamba.

Ang pananaw ni Sarah sa Diyos ay tulad ng isang matandang lolo na walang pakialam sa detalye ng ating pananambahan. Ang kanyang kaisipan sa pagsamba ay, bawat isa ay may kalayaan na sumamba sa paraang gusto niya. Ngunit maaring ikagulat ni Sarah ang pagsamba na ginanap sa Tabernakulo. Doon ay makikita niyang ang Diyos ay may pakialam sa detalye ng ating pagsamba.

Para naman kay Hannah, ang Diyos ay malayo at mapagbawal. Ngunit siguradong magugulat siya sa mga matatamis na pangungusap na mababasa sa aklat ng mga Awit at sa matapat na pagbubuhos ni Job ng kanyang himutok sa Diyos. Ang pagsamba para kay Hannah ay pagpapanatili ng pagitan sa Diyos. Ibig sabihin, ang pananalangin ay dapat na pormal at may tuntunin. Ang musika ay dapat na maringal ngunit di personal. Subalit, magugulat si Hannah sa malapit na ugnayan ng pagsamba na ginanap sa kabahayan ng Sinaunang Iglesia.

Para naman kay Abigail, ang Diyos ay isang lingkod na laging nariyan upang tugunan ang ating mga pangangailangan. Sa tuwing nagtatapos ang panambahan, laging tanong ni Abigail, "Ano ba ang aking nakuha?" Para sa kanya, ang musika at awitin ay dapat na kasiya-siya sa kanyang panlasa. Ang panalangin ay dapat na nakatuon sa mga personal na pangangailangan. Ang sermon ay dapat na praktikal at nagungusap sa kanyang nadaramang pangangailangan. Subalit maaring madismaya si Abigail sa panambahan sa Templo. Ang panambahan sa Templo ay tungkol sa paghahandog sa Diyos at hindi tungkol sa ibibigay ng Diyos sa tao.

Bawat isa sa mga kababaihang ito ay naghanap ng isang uri ng panambahan na sumasalamin sa kani-kanilang pananaw sa Diyos. Kaya't ang ating pananaw at pagkakaunawa sa Diyos ay may malaking epekto sa ating pagsamba.

» Talakayin ninyo ang inyu-inyong pananaw sa Diyos. Paanong ang konsepto natin sa Diyos ay nakaka-apekto sa ating pagsamba?

Sa araling ito, tatalakayin natin ang dalawang tanong.

1. **Sino ang ating sinasamba?**

Dahil ang pagsamba ay pagbibigay ng parangal na nararapat sa Diyos, kapag higit natin Siyang kilala, higit rin tayong magiging handa sa tunay na pagsamba. Ang maling pagtingin sa Diyos ay magdudulot ng maling pagsamba.

Ang ganitong prinsipyo ay makikita natin sa larawan o diwa ng idolatria. Halimbawa, si Baal ay tinaguriang diyus-diyusan ng pertilidad at kalayawan. Paano siya sinamba ng kanyang mga propeta? Iyon ay sa pamamagitan ng silakbo ng damdamin at kawalang pagpipigil sa sarili. Pansinin mo ito, "At sila'y nagsisigaw ng malakas, at sila'y naghiwa sa kanilang sarili gamit ang mga tabak at mga patalim ayon sa kanilang kaugalian hanggang sa bumulwak ang dugo sa kanila" (1 Hari 18:28).

2. **Anong hinihingi ng Diyos sa Kanyang mga mananambahan?**

Dahil ang Diyos ay banal, paano tayo dapat dumulog sa Kanyang presensya? Ano ang hinihingi o inaasahan ng Diyos sa mga sumasamba sa Kanya?

Ang mga diyus-diyusang sina Baal at Molek ay walang kabanalan at dahil rito'y ang kanilang mga mananambahan ay hindi kinakailangang maging banal. Ang mga mananambahan ni Baal ay natulad kay Baal; sila'y walang moral na kalinisan. Kaya't nagpapakita ito na nahahawig tayo sa ating sinasamba.

Ang tunay na Diyos ay banal. Dahil rito, nangangailangan Siya ng isang banal na bayan. Ang mga mananambahan ni Yahweh ay dapat na matulad kay Yahweh. Ibig sabihin, sila'y dapat na maging banal sapagkat sila'y sumasamba sa Diyos na banal.

## SINO ANG ATING SINASAMBA?

Ipagpalagay natin na isang araw, bigla kang namangha sa napakagandang paglubog ng araw.[12] Ngunit bigla kang tumigil sa pagtingin rito sapagkat nais mong kunan ng litrato ang iyong sarili. Sa larawan ay nilagay mo: "Ako, habang papalubog ang araw." Ang tawag natin diyan ngayon ay "selfie," isang pagkuha ng larawan ng iyong sarili. Sa pagkuha ng larawang iyon, ibinaling mo ang iyong pansin mula sa napakagandang sikat ng lumulubog na araw tungo sa iyong sarili. Ang taong mahilig mag-selfie ay higit na nagbibigay pansin sa kanyang sarili sa halip na sa isang magandang nangyayari.

Ang Diyos ay nararapat sa ating pinakamainam na pagsamba. Subalit kung mas pinapansin natin ang kalidad ng ating pananambahan kaysa sa Diyos na ating sinasamba, tayo ay

---

12 Marami sa mga aral rito ay hango sa aklat ni Warren Wiersbe, *Real Worship*, (Grand Rapids: Baker Books, 2000), Chapter 5.

nagpapakita ng 'banal-banalang selfie,' yun ay, "Ako, habang sinasamba ang Diyos". Ngunit hindi natin dapat hayaan na ang kaaliwan natin sa pagsamba ay humila ng ating pansin mula sa Diyos na ating sinasamba!

Ayon kay C.S. Lewis, ang idolatria ay pagbibigay ng higit na pansin sa panambahan, sa halip na sa Diyos. Kaugnay nito, nagbigay babala rin si D.A. Carson sa ating gawi na "sambahin ang *panambahan* sa halip na sambahin ang Diyos." [13]

Ang pagsamba ay hindi magiging tunay na pagsamba hangga't hindi nawawala ang ating pansin mula sa ating mga sarili. Sa tunay na pagsamba, ang higit na dapat pagkatuunan ng pansin ay ang Diyos, sa halip na ang ating pinagsusumikapang ipakita sa pagsamba.

Natutunan natin sa Aralin 1 ang unang utos hinggil sa kung sino ang dapat nating sambahin. "Ako ang Panginoon mong Diyos...Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko" (Exodo 20:2-3). At dahil ang pagsamba ay pagbibigay ng nararapat na parangal sa Diyos, ang pag-aaral natin sa pagsamba ay dapat na magsimula sa tanong na, 'Sino ang Diyos?' Apat na himno sa aklat ng Pahayag ang magbibigay sa atin ng pangunahing kasagutan.

**"Aming Diyos, Ikaw ay...**
**Kataas-taasan sa lahat,**
**ang dakila sa lahat;**
**ang mahahabagin sa lahat, ang**
**makatarungan sa lahat;**
**ang pinakamahiwaga,**
**ang sumasalahat;**
**ang pinakamaganda, at**
**ang pinakamalakas;**
**laging gumagawa, ngunit**
**walang kapaguran;**
**nagtitipon subalit walang kakulangan**
**sabay na umaalalay at nag-iingat;**
**sabay na lumilikha at nangangalaga**
**naghahanap, ngunit**
**pagmamay-ari ang lahat."**

**Halaw sa panalangin ni Augustine**

## Sumasamba tayo sa Manlilikha (Pahayag 4)

» Basahin ng malakas ang Pahayag 4. Isaisip mo rito ang makalangit na tagpo. Ano ang sinasabi ng kabanatang ito tungkol sa Diyos na ating sinasamba?

Nagbukas ang kalangitan sa Pahayag 4 at ipinasilip sa atin ang katangian ng Manlilikha na ating sinasamba.

13 Hango sa aklat ni D.A. Carson, *Worship by the Book*, (Grand Rapids: Zondervan, 2002), 31.

### Ang Manlilikha ay Soberano o Hari ng sansinukob.

Ang Diyos ay matayog na nakaluklok at kataas-taasan sa anumang kaharian sa sanlibutan. Ginamit sa kabanatang ito ng 14 na beses ang salitang *"trono"* o luklukan. Ipinapakita rito na ang Diyos ay Panginoong Diyos na Makapangyarihan; Siya ay kataas-taasan sa lahat. Kaya't sa pagsamba, ipinapahayag natin sa Diyos ang ating pagpapasakop. Totoong Siya ay mapagmahal na Ama, subalit Siya'y soberano, ang kataas-taasan sa lahat.

### Ang Manlilikha ay banal.

Sa buong Biblia, ang Diyos ay ipinapakitang banal na Diyos.

- Sinabi ng Diyos sa mga Israelita, "Kayo'y magpakabanal, sapagkat akong Panginoon ninyong Diyos ay banal" (Leviticus 19:2).
- Ang Diyos ay pinapurihan na, "Ikaw ay banal, nakaluklok sa mga papuri ng Israel" (Awit 22:3).
- Nakita ni Isaias ang mga anghel na sumasamba sa palibot ng trono habang nagsasabi, "Banal, banal, banal ang Panginoon ng mga hukbo; ang buong lupa ay puno ng Kanyang kaluwalhatian" (Isaias 6:3).
- Nakita pa ni Apostol Juan sa kalangitan ang mga matatanda na sumisigaw, "Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat, ang noon at ang ngayon at ang darating!" (Pahayag 4:8).

Sumasamba tayo sa banal na Diyos.

### Ang Manlilikha ay walang hanggan.

Siya ang noon, ngayon, at ang darating (Pahayag 4:8).

Ipinakita naman sa atin ni David na ang mga kamahanga-hangang bagay sa sannilikha ay nagsisilbing bintana upang masilayan natin ang kaluwalhatian ng Diyos. Ang sabi niya, "Nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos ang kalangitan, at ang mga gawa ng Kanyang kamay ay inihahayag ng kalawakan" (Awit 19:1). Dagdag pa, ang aklat ng Genesis ay nagbubukas sa kapahayagan na ang Diyos ay Manlilikha. At sa huling aklat sa Biblia, ipinakita sa atin na ang Diyos ang Siyang Manlilikha; ang maghahari sa sannilikha magpakailanman.

Ang diin na ito ay nagpapakita sa nararapat na pokus o pansin ng pagsamba. Tayong mga nilalang ay dapat na sumamba sa Diyos na ating Manlilikha. Ang pagsamba ay nararapat na tungkol lamang sa Kanya, hindi tungkol sa ating sarili. Hindi dapat mamayani ang ating sarili sa tuwing sumasamba tayo sa ating Manlilikha.

## Sumasamba tayo sa Manunubos (Pahayag 5)

» Basahin ng malakas ang Pahayag 5. Ano ang ipinapakita ng dakilang tagpo rito tungkol sa Diyos na ating sinasamba?

Bilang mga Kristyano, hindi dapat na maglaho sa atin ang paghanga sa Hari ng sansinukob na nagkaloob ng ating kaligtasan. Sa Pahayag 5, matutunghayan natin ang pagsamba sa Kordero ng Diyos, ang Manunubos. Si Jesus ay 28 beses na tinawag na "ang Kordero" sa aklat ng Pahayag. Ito ang isa sa pangunahing larawan na makikita sa aklat ng Pahayag.

### Sinasamba natin ang Manunubos ng dahil sa kung sino Siya.

Siya ang Leon na mula sa lipi ni Juda. Siya ang Ugat ni David. Siya ang inihandog na Kordero. Siya ang Kordero na may pitong sungay at pitong mata (Pahayag 5:6), pawang mga sagisag ng kaganapan o kaperpektuhan. Kaya't sa pagsamba, pinaparangalan natin si Jesus sa kung sino Siya. Ang pagsamba ay "pagdiriwang sa maluwalhating kasakdalan ni Cristo" (John Piper).

### Sinasamba natin ang Manunubos ng dahil sa kung nasaan Siya.

Sa Pahayag 5:6, makikita natin si Jesus ang sentro ng panambahan sa langit. Siya ay nasa pagitan ng trono at ng apat na nilalang na buhay at kabilang sa mga matatanda. Kaugnay rito, nagpahayag ng magandang pangako ang may akda ng Hebreo na nagsasabing ang ating Tagapagtanggol ay nakaupo sa kanan ng trono ng Diyos (Hebreo 12:2).

### Sinasamba natin ang Manunubos ng dahil sa kung ano Kanyang ginawa.

Minsan, dahil sa pagsisikap na ibaling lang sa katangian ng Diyos ang pokus ng pagsamba, may iba na nagkakaroon ng maling kaisipan na ang pagsamba raw ay dapat lang na matuon sa kung sino ang Diyos, hindi sa kung ano ang ginawa Niya para sa atin. Subalit ipinakita ni Juan ang panambahang naganap sa langit na kung saan ay pinupuri ang Kordero ng dahil sa Kanyang ginawa. "Ang Kordero na pinaslang ay karapat-dapat tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, kalakasan, karangalan, kaluwalhatian, at kapurihan" (Pahayag 5:12).

Ang prinsipyong ito ay makikita rin sa aklat ng mga Awit. Sa Awit 134, may utos sa atin na purihin ang Diyos. Hindi ito nagbigay ng dahilan, ngunit ipinapakita na dapat nating purihin ang Diyos sa kung sino Siya. Gayun pa man, sinundan ito ng Awit 135-136 na kung saan makikita natin na pinupuri ang Diyos ng dahil sa kung ano ang Kanyang ginawa sa kasaysayan ng Israel. Sa madaling salita, kapwa ang katangian ng Diyos at ang Kanyang mga ginawa ay karapat-dapat sa ating pagsamba. Ibig sabihin, dapat na purihin ang Diyos sa kung sino Siya **at** sa kung ano ang Kanyang ginawa.

## Sumasamba tayo sa Hari (Pahayag 11:15-18)

Isang panibagong pananaw ng panambahan sa langit ang ating makikita sa Pahayag 11. Sa tagpong rito, makikita natin ang mga matatanda sa langit na sumasamba sa Hari habang Kanyang kinukuha ang luklukang ukol sa Kanya. Bagamat naghihimagsik sa Kanya ang mga kaharian sa lupa, sa bandang huli'y susuko sila sa Kanyang kapamahalaan. "Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng kanyang Cristo, at siya'y maghahari magpakailanpaman" (Pahayag 11:15).

Sa himnong ito, ang Hari ay pinapupurihan dahil sa Kanyang makatarungang hatol sa sanlibutan. Ito ay paalala sa atin na ang Diyos ay naghaharing may dakilang kapangyarihan. At bagamat galit sa Kanya ang mga bansa, makatarungan silang hahatulan ng Diyos.

Ang tunay na pagsamba ay pagsamba sa katotohanan. Hindi isinasantabi ng tunay na pagsamba ang kahanga-hangang kahatulan ng Diyos. Ang panambahang ipinapakita sa aklat ng Pahayag ay naaayon sa panambahan sa aklat ng mga Awit. Ang Awit 96 ay nagpapahayag ng bagong awit sa Panginoon. Sa awit na ito, ang Diyos ay dinadakila sa mga bansa. Siya ay kinatatakutan sa lahat ng mga diyos. Siya'y pinapupurihan sapagkat hahatulan Niya ang sangkatauhan ng buong katarungan. Ang pagkatakot sa Diyos ay mahalagang sangkap sa tunay na pagsamba. Dapat natin Siyang sambahin bilang ating Hari.

## Sinasamba natin ang Mananagumpay na Lalaking Ikakasal (Pahayag 19:1-9)

Sa isang Bible survey na klase, tinanong ng guro ang kanyang mga estudyante, "Ilan sa inyo ang nagugustuhang basahin ang aklat ng Pahayag?" Iilan lamang ang nagtaas ng kamay. Kaya't tanong ng guro, "Bakit hindi ninyo magustuhan ang aklat ng Pahayag?" Ang sagot ng isang estudyante, "Nakakatakot po kasi!"

Ang dahilan kung bakit ipinapalagay na nakakatakot ang aklat ng Pahayag ay dahil sa hindi nila binibigyang pansin ang pinakamagandang bahagi nito. Nakatuon lamang sila sa mga kahatulang ibinagsak sa mga mapaghimagsik laban sa Diyos. Totoo na ang mga ito ay bahagi ng mahalagang mensahe sa aklat ng Pahayag. Subalit para sa mga Kristyano, ang pangunahing mensahe ng aklat ng Pahayag ay tungkol sa dakilang tagumpay ng ating Diyos!

Ipinapakita sa Pahayag 19 ang mensaheng ito. Nakasaad sa kabanatang ito ang paglalarawan sa dagat-dagatang apoy ng asupre (Pahayag 19:20) na may mga buwitre na kumakain ng mga laman ng mga hari, ng mga kapitan, at ng mga makakapangyarihang tao…(Pahayag 19:18). Ito ang siyang kinahinatnan ng mga naghimagsik sa Hari. Subalit sa kanila na magalang na nagpasakop sa Hari, ang Pahayag 19 ay isang awit ng pagdiriwang. Maging ang tanyag na mahalay na babae na nagparumi sa daigdig sa pamamagitan ng kanyang immoralidad ay hinatulan rin (Pahayag 19:2). Sinakop ng lalaking ikakasal ang Kanyang mga kaaway.

At matapos nito'y inanyayahan Niya ang Kanyang banal na kabiyak sa piging ng kasalan ng Kordero (Pahayag 19:9).

Bilang tugon sa dakilang tagumpay na ito, narinig ni Juan ang "tinig ng napakaraming tao, gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng dagundong ng malalakas na kulog na nagsasabi, 'Aleluia! Sapagkat naghahari ang Panginoon nating Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Tayo'y magalak at tayo'y magpakasaya at ibigay natin sa kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at inihanda na ng kanyang magiging asawa ang kanyang sarili'" (Pahayag 19:6-7).

Sa pagsamba, pinupuri natin ang mananagumpay na Lalaking Ikakasal. Ang ating pagsamba dito sa lupa ay paghihintay lamang sa dakilang piging na inihahanda ni Jesus para sa Kanyang kabiyak. Isa sa mga dahilan kung bakit ang panambahan ay mahalaga ay dahil sa ang pagsamba ay nagpapalakas ng ating diwa na matagumpay na ipamuhay ang buhay Kristyano sa gitna ng mapang-usig na mundo. Sa pagsamba, inaalala natin na ang "ating pagkamamamayan ay nasa langit; mula roon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Cristo, na siyang magbabago ng ating hamak na katawan upang maging katulad ng katawan ng kanyang kaluwalhatian, ayon sa kapangyarihan na kumikilos sa kanya upang maipailalim sa kanyang sarili ang lahat ng mga bagay." (Filipos 3:20-21).

Masusulyapan natin sa apat na himno ng aklat ng Pahayag ang katangian ng Diyos na ating sinasamba. Sa pagsamba, inilalagak natin ang ating pansin sa Diyos at hindi sa ating mga sarili. Sa pagsamba, tayo ay lumuluhod sa ating Manlilikha; sa pagsamba, pinupuri natin ang ating Manunubos; sa pagsamba, ipinagdiriwang natin si Cristo bilang ating Hari; at sa pagsamba, hinihintay natin ang ating walang hanggang kalagayan sa piling ng ating Kabiyak, ang mananagumpay na Lalaking Ikakasal.

Ito ang Diyos na ating sinasamba. Subalit ito ay nagbubunga ng isa pang tanong, "Sino ang maaaring sumamba? Ano ang hinihingi ng Diyos sa mga taong dumudulog sa Kanyang presensya?"

## ANO ANG HINIHINGI NG DIYOS SA KANYANG MGA MANANAMBAHAN?

Sa Kanyang pakikipag-usap sa babaeng Samaritano, [14] si Jesus ay nagpahayag ng kapansin-pansing pangungusap. Matapos Niyang sabihin na ang mga tunay na mananambahan ay sasamba sa espiritu at katotohanan, idinagdag Niya na ang Ama ay naghahanap ng mga gayong tao na sasamba sa Kanya (Juan 4:23). Sa madaling salita, ang Diyos ay naghahanap ng isang uri ng mananambahan; isang taong sasamba sa Kanya sa espiritu at katotohanan. Ito ang Kanyang hinahanap na uri ng mananambahan.

14 Marami sa katuruan rito ay hango sa "The Worshipper's Approach to God" ni Ronald E. Manahan, na matatagpuan sa Chapter 2 ng *Authentic Worship*, na edited ni Herbert Bateman. (Grand Rapids: Kregel Books, 2002).

Ano naman ang mga katangian na hinahanap ng Diyos sa Kanyang mga mananambahan? Sinuman ay maaaring dumalo ng panambahan sa simbahan; sinuman ay maaaring umawit ng papuri; sinuman ay may maaaring sumambit ng panalangin. Subalit, ang Diyos ay nagbigay ng mga partikular na tuntunin hinggil sa katangian ng Kanyang mga mananambahan. Isang kabanata na maaari nating puntahan ay ang Awit 15.

» Basahin ang Awit 15. Ano ang sinasabi rito tungkol sa buhay ng isang mananambahan?

Ang Awit 15 ay liturhiyang salmo. Ipinapakita rito ang pag-uusap ng isang saserdote at ng mananambahan sa pasukan ng Templo. Ang mananambahan ay may pagnanasang dumulog sa banal na Templo ng Diyos. At bilang tugon sa kanyang tanong, "Sino ang maaaring pumasok?" ang saserdote ay nagbigay ng listahan ng mga kinakailangan. Ito rin ang siyang prinsipyong makikita natin sa Awit 24:3-6 at Mikas 6:6-8. Ang salmo na ito ay nahahati sa tatlong bahagi:

1. Tanong: Sino ang maaaring sumamba?
2. Sagot: Paglalarawan sa katangian ng mananambahan
3. Panapos na bahagi: Isang` pangako sa mananambahan

## Ang Tanong: Sino ang maaaring sumamba? (Awit 15:1)

Sa pasukan ng Templo, ang mananambahan ay nagtatanong, "O PANGINOON, sino sa iyong tolda ay manunuluyan? Sinong sa Iyong banal na burol ay maninirahan?" Ang tanong na ito ay nagpapahiwatig ng tatlong katangian ng isang mananambahan.

### Nauunawaan ng tunay na mananambahan ang diwa ng pagkatakot sa Diyos.

Ipinapakita sa psalmong ito na ang pagpasok sa presensya ng Diyos ay hindi basta-bastang bagay. Nauunawaan ng isang tunay na mananambahan na ang Diyos ay banal at tayo bilang makasalanan ay nahiwalay sa Kanya.

Sa Banal na Kasulatan, mayroong diwa ng pagkatakot na laging nakaugnay sa presensya ng Diyos. Halimbawa, sa Bundok Sinai, binabalaan ang taong-bayan na lumayo sa bahagi ng bundok na kung saan ang Diyos ay nakipag-usap kay Moises (Exodo 19:7-25). Sa Bundok ng Pagbabagong Anyo ni Jesus, makikita rin natin roon ang mga alagad na natigib ng takot (Mateo 17:6).

Para sa isang mananampalataya, ang makaDiyos na pagkatakot ay hindi katatakutan na nagpapalayo sa kanya mula sa presensya ng Diyos. Sa halip, ito ay paggalang na nag-uudyok sa kanya na dumulog sa Diyos sa diwa ng kapakumbabaan. Ang ibig lang sabihin, ang mananambahan ay hindi dapat na lumapit sa Diyos na walang pag-iingat at paghahanda.

## Ang tunay na mananambahan ay sumasamba sa diwa ng kapakumbabaan.

Tanong ng mananambahan, “Sino ang maaring manuluyan sa Iyong tolda?” Ang mga ‘manunuluyan’ rito ay mga dayuhan na mula sa ibang bayan. Sila ay mga panauhin na walang taglay na karapatan na gaya ng sa isang mamamayan.

Itinuturo sa Awit 15 na dapat kilalanin ng isang mananambahan na siya ay katulad ng isang panauhin o dayuhan sa presensya ng Diyos. At dahil sa ang Diyos ay banal at ang Kanyang tahanan ay banal, hindi tayo karapat-dapat na patuluyin roon. Kaya’t anuman ang ating katatayuan sa buhay, dapat tayong lumapit sa presensya ng Diyos na may ugali ng kapakumbabaan. Tayo ay Kanyang mga panauhin lamang.

## Ipinagdiriwang ng tunay na mananambahan ang biyaya ng Diyos.

Sapagkat kinikilala natin ang kabanalan ng Diyos, ipinagdiriwang natin ang Kanyang biyaya kapag pinapatuloy Niya tayo sa Kanyang tahanan. Ang mananambahan na nagtatanong, “Sinong sa iyong banal na burol ay maninirahan?” ay may kapanatagan na inaanyayahan ng Diyos na tumuloy sa Kanyang tahanan. Ang Diyos ay may itinatag na tipanang-relasyon sa Israel. Kaya’t ang pagsamba ng mga Judio ay pagdiriwang sa mapagbiyayang relasyon ng Diyos sa Kanyang bayan.

Ang Awit 103 ay isang panawagan ng pagsamba, “Purihin mo ang Panginoon, O kaluluwa ko.” Ang salmong ito ay napakagandang paalala sa atin tungkol sa biyaya ng Diyos na nagpaging dapat sa atin na makapasok sa presensya ng Panginoon.[15]

“Kung paanong ang ama ay nahahabag sa mga anak niya, gayon nahahabag ang Panginoon sa mga natatakot sa kanya. Sapagkat ang ating kalagayan ay kanyang nalalaman, naaalala niya na tayo'y alabok” (Awit 103:13-14). Ang Diyos na lumikha sa atin mula sa alabok ay buong biyaya na nag-aanyaya sa atin sa pagsamba! Kapag tayo ay sumasamba, dapat nating alalahanin ang biyaya ng Diyos. Ang Kanyang biyaya ang siyang nagpaging dapat sa mga tulad nating alabok na makadulog sa Kanyang harapan na Siyang Manlilikha ng sansinukob.

Ang tunay na pagsamba ay may sangkap na banal na takot, kapakumbabaan, at biyaya. Bawat isa sa mga aspetong ito ay makikita sa panambahan sa Templo. Trinatrato ng mga mananambahang Judio ang Templo na may paggalang sapagkat ito ay banal na tahanan ng Diyos.[16] Naghahanda silang mabuti upang maipakita sa Diyos ang kanilang kapakumbabaan. Sa kabilang banda, ang kanilang pagsamba ay isa ring pagdiriwang. Ito’y puspos ng mga awitin, tugtugan, halimuyak, at diwa ng pagdiriwang dahil sa biyaya ng Diyos sa Kanyang bayan.

---

15 Ang pananaw rito ay mula kay Richard Averbeck, “Worshipping God in Spirit.”

16 Noong panahon ni Jesus, ang paggalang sa presensya ng Diyos ay naglaho at ang pasukan sa Templo ay naging pamilihan. Ito ang dahilan kung bakit itinaboy Niya ang lahat ng nagtitinda at mamamalit ng salapi na hindi iginalang ang Templo at ginawa itong “pugad ng mga magnanakaw” (Mateo 21:12-13).

Sa panahong ito, tayo man ay dapat na pumasok sa tahanan ng Diyos na may banal na pagkatakot. Dapat nating kilalanin ang ating di karapat-dapat na kalagayan. Sa kabilang banda, ang ating pagsamba ay dapat na may pagdiriwang sa Kanyang biyaya na siyang nagpapasok sa atin sa Kanyang presensya. Ayon sa isang matandang liturhiya sa nakaraan, "Kami'y lumalapit hindi dahil sa kami ay karapat-dapat, kundi dahil sa kami ay inaanyayahan." Ito ang pagsamba na nagdiriwang sa biyaya ng Diyos.

## Ang Kasagutan: Paglalarawan sa Katangian ng Mananambahan (Awit 15:2-5)

Bilang tugon sa tanong na, "Sino ang makakapasok sa tahanan ng Diyos?" ibinigay ng saserdote ang mga katangian ng mananambahan. Ang mananambahan ay dapat na lumalakad ng matuwid sa harapan ng Diyos. Dapat na maingat siya sa kanyang pakikitungo sa kapwa. Kanyang tinatanggihan mga lumalaban sa Diyos, ngunit iginagalang ang mga may takot sa Diyos. Sinisikap niyang i-ayon ang kanyang gawi at asal ayon sa katangian ng kanyang Diyos. Lahat ng ito ay nagpapakita na ang taong tunay na sumasamba sa Diyos ay higit na nakakamukha ng Diyos.

Ang sagot na ito ay nagpapaalala sa atin na ang pagsamba ay may epekto sa lahat ng bahagi ng ating buhay. Ang pagpasok sa presensya ng Diyos ay nangangailangan ng wagas na pagsunod. Tiyak na hindi maiintindihan ni David ang taong nagsasabi, "Ako ay anak ng Diyos subalit hindi ako namumuhay ng may pagpapasakop sa Diyos." Hindi pinapayagan ng Biblia na sabihin ng isang tao, "Si Jesus ang aking Tagapagligtas ngunit hindi Siya ang Panginoon ng lahat sa aking buhay." Ang pagpasok sa presensya ng Diyos ay humihingi ng pagpapasakop sa Kanyang kapamahalaan.

### Ang tunay na mananambahan ay namumuhay ng banal

Ibinibigay sa atin sa Awit 15:2 ang pangunahing katangian ng isang mananambahan. Silang pumapasok sa presensya ng Diyos ay dapat na lumakad sa katuwiran. Sa madaling salita, ang bawat bahagi ng kanilang buhay ay dapat na kakikitaan ng integridad. Sila'y dapat na namumuhay sa katuwiran at taus pusong ipinapahayag ang katotohanan. Ang mga katangiang ito ay paglalarawan sa pamumuhay ng isang mananambahan. Lahat ng bahagi ng kanyang buhay ay naaapektuhan ng kanyang pagsamba.

### Ang tunay na mananambahan ay may maayos na relasyon sa kanyang lipunan.

Kung paanong hindi maunawaan ni David ang isang taong nagsasabi, "Ako'y anak ng Diyos subalit hindi ako sumusunod sa utos ng Diyos," gayundin naman, hindi rin niya mauunawaan ang pananalitang, "Ako ay matuwid sa harapan ng Diyos, ngunit hindi ko pinakikitunguhan ng matuwid ang aking kapwa."

Ang taong dumudulog sa presensya ng Diyos ay taong may matuwid na relasyon sa kanyang lipunan.

- siyang hindi naninirang-puri ng kanyang dila,
- ni sa kanyang kaibigan ay gumagawa ng masama,
- ni umaalipusta man sa kanyang kapwa;
- na sa mga mata niya ay nahahamak ang isang napakasama,
- kundi pinararangalan ang mga natatakot sa Panginoon;
- at hindi nagbabago kapag sumumpa kahit na ito'y ikasasakit;
- siyang hindi naglalagay ng patubo sa kanyang salapi,
- ni kumukuha man ng suhol laban sa walang sala.
- Hindi siya tumatanggap ng suhol at nananakit ng walang malay.

Ang taong tumutuloy sa tahanan ng Diyos ay isang taong matuwid, sa panloob man o panlabas. Ang tunay na mananambahan ay may integridad o katapatang-loob. Hindi niya hinahayaan na palitan ng rituwal na pagsamba ang kanyang araw-araw na pagsunod sa Diyos.

## Panapos na Bahagi: Pangako sa Mananambahan (Awit 15:5c)

Ang Awit 15 ay nagtapos sa pangako para sa mananambahan; "Siyang gumagawa ng mga bagay na ito ay hindi matitinag kailanman" (Awit 15:5). Sa madaling salita, ang taong sumusunod sa Diyos ay makakaasa sa pag-iingat ng Diyos. Ang Awit 15 ay may pagkakahawig sa Awit 1 sa punto ng kanyang paglalarawan sa banal na pamumuhay at banal na pangako at pagpapala ng Diyos sa matuwid.

Ang Awit 15 ay nagpapakita ng hinihingi ng Diyos sa mga taong sumasamba sa Kanya. Ang Awit 15 ay dapat na kapwa basahing utos ("Ito ang hinihingi ng Diyos") at pangako ("Ito ang gagawin ng Diyos sa mga taong sumusunod sa Kanya"). Sa liwanag ng aral ng Isaias 6, natutuhan natin na ang Diyos ang Siyang nagpapalakas sa mananambahan upang sumunod sa Kanya; ang Diyos ang lumilinis ng makasalanang labi; Siya ang gumagawa ng paraan upang ang hinihingi sa Awit 15 ay masunod at maganap. Sa madaling salita, ang tunay na pagsamba ay nakasalig sa biyaya ng Diyos. Ito'y magagawa natin hindi sa pamamagitan ng ating mahinang pagsusumikap, kundi sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos na kumikilos sa buhay ng mga taong sumasamba sa Kanya. Kaya't huwag na huwag nating kalilimutan ang biyaya ng Diyos sa ating pagsamba. Ang Diyos Ama ay naghahanap ng mga tunay na mananambahan *at* Siya rin ang gumagawa ng paraan upang ang pagsamba sa Kanya ay maisakatuparan.

## PAGSUSURI

Itanong mo sa iyong sarili, “Taglay ko ba ang puso at kamay ng isang tunay na mananambahan?” Basahin ang Awit 15 bilang iyong pagsusuri. Sa bawat talata, itanong mo, “Makikita ko ba dito ang sarili ko? Handa ba talaga ako sa pagsamba?”

Basahing muli ang Awit 15 bilang isang personal na panalangin. “Panginoon, palakasin Mo akong mamuhay ng matuwid at gawin ang tama... Pagkalooban Mo ako ng biyaya na iwasan ang tsismis at paninirang-puri...” Tapusin mo ang iyong panalangin na sinasapuso ang pangako ng Diyos, “Siyang gumagawa ng mga bagay na ito ay hindi matitinag kailanman.”

## MGA PANGANIB SA PAGSAMBA: KAPAIMBABAWAN

Nagsalita si Jesus sa mga taong itinuturing ang sarili na dalubhasa sa usapin ng pagsamba. Ang mga Pariseo at Eskriba ay maingat sa pagsunod ng mga tuntunin at detalyeng hinihingi sa pagsamba, ito man ay mula sa Kautusan o mula sa kanilang tradisyon. Bunga nito, mabilis nilang hatulan ang mga taong bigong sumunod sa bawat detalyeng hinihingi ng kanilang mga rituwal. Subalit, hinatulan ni Jesus ang kanilang panambahan sa pagsasabing sila’y mga mapagpaimbabaw.

Isang araw, nagreklamo ang mga Pariseo tungkol sa mga alagad ni Jesus sapagkat hindi sila sumusunod sa tuntunin tungkol sa paghuhugas ng kamay. Ngunit sumagot si Jesus, “Kayong mga mapagkunwari, tama ang ipinahayag ni Isaias tungkol sa inyo nang sabihin niya, Iginagalang ako ng bayang ito sa kanilang mga labi, ngunit ang kanilang puso ay malayo sa akin. At walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, na itinuturo nila bilang mga aral ang mga alituntunin ng mga tao” (Mateo 15:7-9). Ang mga Pariseo, katulad ng mga balat-kayong mga mananambahan noong panahon ni Isaias, ay tinawag rin ni Jesus na mga mapagpaimbabaw. Dalawang kabiguan ang dahilan:

1. Ang kanilang pagsamba ay panlabas lamang, hindi bumubukal sa puso (Mateo 15:8)
2. Ang kanilang pagsamba ay nakabatay sa alituntunin ng tao, hindi sa sinasabi ng Diyos (Mateo 15:9).

Dapat na maging maingat tayo na huwag mahulog sa panganib o bitag ng balat-kayong pagsamba. Ang pagsamba natin ay dapat na mula sa puso. Ang pagsamba natin ay dapat na ginagabayan ng Diyos, hindi ng mga tradisyon na ipinantay sa sinasabi ng Salita ng Diyos.

## KONKLUSYON: PATOTOO MULA SA MGA MANANAMBAHAN

Kapag babasahin natin ang Awit 15 na walang paggunita sa gawa ng biyaya ng Diyos sa ating buhay Kristyano, maaari tayong magkaroon ng maling ideya na ang pagsamba sa Diyos ay dapat nating pagsumikapan na kamtin. Subalit, ang Awit 15 ay nagpapakita sa atin ng ginagawa ng Diyos para sa atin, hindi ng kung ano ang gagawin natin para sa Kanya, upang maging karapat-dapat na tumuloy sa Kanyang tahanan.

Sino ang inaanyayahan na sumamba? Pagbulayan mo ang mga kapansin-pansing patotoo mula sa ilang mga mananambahan. Ipinakita nila na ang pagsamba ay hindi tungkol sa pagiging karapat-dapat; ito'y tungkol sa pakumbabang pagdulog sa presensya ng Diyos at sa pagbabagong ginagawa ng Kanyang biyaya sa ating buhay.

Patotoo ng isang Pariseo:

"Tiyak na maiintindihan ninyo kung bakit hindi ko matanggap ang katuruan ni Jesus. Ako'y isang mabuting tao. Hindi ko nilalabag ang Kautusan. Nag-aayuno ako at nagbibigay ng ikapu. Kung sinuman ang karapat-dapat na tumanggap ng parangal ng Diyos, ako yun! Pumapasok ako sa tahanan ng Diyos upang ipakita na ako'y mabuting tao. Paanong tatanggihan ng Diyos ang aking pagsamba?"

Patotoo ng isang Maniningil ng Buwis:

"Sa totoo lang, nagulat rin ako na gaya ng Pariseo! Ni hindi sumagi sa isip ko na pwede akong makapasok sa Templo. Inilayo ko ang aking sarili sa lugar ng mga mabubuting tao upang hindi nila ako mapansin. Hiningi ko ang habag ng Diyos bagamat alam kong hindi ako karapat-dapat na tumanggap niyon. At sa aking lubos na pagtataka, umuwi akong nakatanggap ng kapatawaran. Ang buhay ko ay binago ng pagsambang iyon."

Patotoo ng isang Mayaman:

"Malaking halaga ng pera ang ibinibigay ko sa Templong ito. Inisip kong hahanga si Jesus sa aking kaloob. Ganyan ang aking pagsamba. Kapag inihulog ko na ang halaga ng salapi doon sa kaban ng handog, alam ng marami na galing iyon kay 'Ginoong Mayaman.' Kaya't sana naman ay napapansin rin ng Diyos ang halaga ng aking alay!"

Patotoo ng isang Mahirap na Balo

"Hiyang-hiya ako na ilagay ang aking kaloob sa kaban ng handog. Dalawang pirasong barya lang ang mayroon ako. Halos lahat ng kasabay ko ay nagbibigay ng malaking donasyon; samantalang ako'y kapiranggot at walang halaga. Subalit alam kong ang pagsamba ay ang pagbibigay ng anumang mainam na mayroon ka. Hindi iyon malaki, subalit iyon lang ang mayroon ako. Hindi ko nais na mapansin ng mga tao ang barya kong kaloob, subalit may isang nakapansin. Nakita ni Jesus ang aking ibinigay! Sinabi Niyang higit ang ginawa kong

pagbibigay kaysa sa iba. Hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin ni Jesus sa Kanyang sinabi, subalit natutuwa akong naibigay ko ang pinakamainam na mayroon ako!"

## TATALAKAYIN NG GRUPO

» Para sa praktikal na pagsasabuhay ng araling ito, talakayin ang mga sumusunod:

*Matagal ng Kristyano si Juan. Alam niyang ang pagdalo sa simbahan, pagbabasa ng Biblia, at pananalangin ay mahalaga, subalit nahihirapan siyang maramdaman ang presensya ng Diyos sa mga gawaing ito. Tila ang mga ito ay panlabas na gawain lang. Paano mo matutulungan si Juan na makita ang Diyos sa kanyang pagsamba?*

## ARALIN 2, PAGBABALIK ARAL

1. Ang ating pagkakaunawa sa Diyos ay mahalaga sa pagsamba. Ang maling pagkakaunawa sa Diyos ay maghahatid sa maling pagsamba.

2. Ang pagsamba ay dapat na nakatuon sa Diyos, hindi sa nakakaaliw nating pagsamba.

3. Ang aklat ng Pahayag ay nagbibigay sa atin ng larawan ng pagsamba sa langit:

    - Ang makalangit na pagsamba ay pagsamba sa Manlilikha na soberano, banal, at walang hanggan.
    - Ang makalangit na pagsamba ay pagsamba sa Manunubos.
    - Ang makalangit na pagsamba ay pagsamba sa Hari.
    - Ang makalangit na pagsamba ay pagsamba sa Mananagumpay na Lalaking Ikakasal.

4. Ang Awit 15 ay salmo ng pagsamba na kakikitaan ng pangunahing hinihingi ng Diyos sa Kanyang mga mananambahan. Ang mga tunay na mananambahan ay:

    - Nakakaunawa sa banal na takot sa Diyos.
    - Mapakumbabang sumasamba.
    - Nagdiriwang sa biyaya ng Diyos.
    - Namumuhay ng banal.
    - Namumuhay ng maayos sa lipunan.
    - Tumatanggap ng pangako ng pag-iingat at pagpapala.

## ARALIN 2, TAKDANG ARALIN

1. Ang Awit 120—134 ay kalipunan ng mga awit na ginawa para sa mga naglalakbay patungo sa Jerusalem. Ang mga salmong ito ay nagtuturo tungkol sa pagsamba na nasa iba't ibang kalagayan. Basahin mo ang salmong ito habang iyong sinasagot ang mga tanong sa ibaba.

| AWIT | MGA KATANUNGANG SASAGUTIN |
|---|---|
| 120 | Nasaan ang Meshech at Kedar? Bakit ang pagsamba sa Jerusalem ay mahalaga para sa mga manlalakbay na galing sa Meshech o Kedar? |
| 122 | Ano ang itinuturo ng salmong ito tungkol sa ating ugali sa pagsamba? |
| 123 | Ano ang itinuturo ng ika-2 talata tungkol sa relasyon ng mananambahan sa Diyos? |
| 124 | Ano ang matututuhan mo sa salmong ito tungkol sa pagpupuri na nasa mahirap na kalagayan? |
| 126 | Paanong ang pagsamba ay nakaugnay sa misyon ng paghayo sa mga bansa? Pansinin mo ang sinasabi ika-2 talata. |
| 130 | Ano ang sinasabi ng salmong ito tungkol sa papel na ginagampanan ng paghingi ng tawad sa ating pagsamba? |
| 131 | Paano inihanda ng salmista ang kanyang sarili sa pagsamba? Ano ang mga praktikal na hakbang na magagawa mo upang tularan ang ginawa niya? |
| 133 | Ang Awit 133, Juan 17:20-23, at Efeso 4:1-16 ay nagpapahayag tungkol sa pagkakaisa; ito'y nakaugnay rin sa buhay ng Iglesia. Paanong ang pagkakaisang ito ay nakaugnay sa pagsamba at sa buhay ng Iglesia? |
| 134 | Paanong ang Awit 134 ay magandang panapos sa kalipunan o serye ng mga awiting pagsamba? |

2. Sa pasimula ng susunod na aralin, magkakaroon kayo ng pagsusulit batay sa araling ito. Pag-aralang mabuti ang mga katanungan sa pagsusulit bilang paghahanda.

## ARALIN 2, PAGSUSULIT

1. Magbigay ng tatlong bagay na ating natutuhan tungkol sa Diyos bilang Manlilikha mula sa himno ng Pahayag 4.
2. Magbigay ng tatlong dahilan sa pagsamba sa ating Manunubos ayon sa Pahayag 5.
3. Ano ang pangunahing mensahe ng aklat ng Pahayag sa mga Kristiyano?
4. Ang Awit 15 ay liturhiyang salmo na may tatlong bahagi. Ibigay ang tatlong bahaging ito.
5. Ano ang dapat na asal ng isang mananambahan na nakakaunawang siya ay isang panauhin sa bahay ng Diyos?
6. Ano ang dalawang mahalagang katangian ng tunay na mananambahan ayon sa Awit 15:2-5?
7. Bakit tinawag ni Jesus na mapagimbabaw ang mga Pariseo?
8. Isulat ang Pahayag 5:9-14 gamit ang iyong memorya.

## ARALIN 3

# PAGSAMBA SA LUMANG TIPAN

### MGA LAYUNIN NG ARALIN

1. Malugod sa biyaya ng Diyos na nagbibigay paraan para mangyari ang pagsamba.
2. Gawin ang pagsamba na may masunuring puso.
3. Alamin ang papel ng rituwal sa pananambahan.
4. Isabuhay ang pagpupuri bilang sentrong sangkap ng pagsamba.
5. Kilalanin ang kahalagahan ng pamamahayag ng Salita ng Diyos sa pagsamba.
6. Iwasan ang panganib ng di-balanseng pagsamba.

## PAGHAHANDA SA ARALING ITO

*Isaulo ang* Mikas 6*:6-8*

## PAMBUNGAD

Bawat buwan ay nagtitipon ang isang grupo ng mga pastor upang talakayin ang mga isyu sa kanilang mga simbahan. Nitong nakaraan lang ay tinalakay nila ang paksa ng pagsamba. May mga lumitaw na mahahalagang pagkakaiba sa pagitan nila habang kanilang tinatalakay ang paksa. Bagamat sila ay nagkakaisa sa mahahalagang doktrina, sila'y may malaking pagkakaiba sa estilo o pamamaraan ng pagsamba.

Si James ay pastor ng isang simbahan na sumusunod sa tradisyunal na estilo ng pagsamba. Si Enoch ay nagpapastor sa isang lumalagong simbahan na gumagamit ng iba't ibang napapanahong ideya sa pagsamba. Samantala, si Gideon ay kasalukuyang nag-iisip pa rin kung ano ang uri ng pagsamba na nababagay sa kanyang simbahan. Ang mga pastor na ito ay nagkaroon ng iba't ibang pagtalakay tungkol sa pagsamba, subalit dismayado at bigo silang magkaisa sa pundamentong prinsipyo ng pagsamba.

Sabi ni Jason, "Marahil ay may mali sa ating pagtingin sa paksang ito. Madalas nating itanong, 'Anong uri ng pagsamba ang nakalulugod sa atin? Paano ba tayo dapat sumamba?' Siguro, ang dapat nating itanong ay, 'Sa paanong paraan ba nais ng Diyos na Siya'y ating sambahin? Anong uri ng pagsamba ang nakalulugod sa *Kanya?* Kung ang Diyos ang magdi-disenyo ng pagsamba, anong itsura nito?' Kung matututuhan natin ang tamang biblikal na pagsamba, ito ay maaaring magbigay sa atin ng modelo para sa ating pananambahan ngayon."

» Kung ang Diyos ang magdi-disenyo ng pagsamba, ano kayang itsura nito? Sa maikling pangungusap ay ibahagi mo ang iyong nalalaman tungkol sa biblikal na pagsamba.

## PAMBUNGAD: NARARAPAT NA PAGSAMBA ANG NAIS NG DIYOS

Sa Aralin 2, natutunan natin sa aklat ng Pahayag na ang tunay na pagsamba ay pagsamba sa banal na Diyos. Natutunan din natin sa Awit 15 na inaasahan ng Diyos sa Kanyang mga mananambahan na maging banal. Dito sa Aralin 3, ang tanong na pagtutuunan natin ng pansin ay, "Paano dapat dumulog sa banal na Diyos ang isang mananambahan?"

Sinasabi ng iba na ang Diyos raw ay walang pakialam kung paano tayo sumamba, ang mahalaga sa Kanya ay taus-puso natin itong ginagawa. Totoo na mula sa puso dapat nag-uugat ang pagsamba. Subalit, marami tayong mababasang patotoo sa Banal na Kasulatan na nagsasabing mahalaga rin sa Diyos kung paano natin Siya dapat sambahin.

Ang anyo ng pagsamba ay mahalaga sapagkat **ang ating pagsamba ay nakaka-apekto sa ating pagkakaunawa sa Diyos**. Sa nakaraang aralin ay natunghayan natin na ang maling pananaw sa imahe ng Diyos ay maghahatid sa atin sa maling pagsamba. At siyempre, ang maling pagsamba ay maghahatid rin sa atin sa maling pananaw sa imahe ng Diyos. Noong sinamba ng mga Israelita si Yahweh sa paraang sinasamba ng mga Cananeo ang kanilang mga diyus-diyusan, nalagay sila sa paniniwala na ang kalikasan ng Diyos ay tulad rin ng mga diyus-diyusan ng mga Cananeo. Nagsimula silang maniwala na ang Diyos ay mapaghiganti at hindi mapagkakatiwalaan, tulad ng mga diyus-diyusan ng mga Cananeo.[17]

Ang anyo ng pagsamba ay mahalaga sapagkat **ang paraan ng ating pagsamba ay salamin kung bakit tayo sumasamba**. Ang pusong puno ng pagibig ay nalulugod na maghatid ng

17 Sa Mikas 6:6-7, sinubukang suhulan ng mga pinuno ng relihiyon si Yahweh sa pamamagitan ng batang ihahandog sa Kanya. Inisip nilang hinihingi rin ni Yahweh ang ganitong uri ng pag-aalay na ginagawa sa diyus-diyusang si Molek.

pagsambang nagbibigay parangal sa Diyos; ang pusong naaalangan na sumunod ay gustong gawin ang pagsamba sa kanyang paraan sa halip na sa paraan ng Diyos.

Sa Kolehiyo, madalas hingin sa klase ang isang anyo ng maayos na pananaliksik o research paper. Kailangan sa isang maayos na research paper ang cover page, footnotes, at akmang margin. Ang mga detalyeng ito ay hindi maituturing na mahalagang bahagi ng research paper; ang nilalaman ang siyang mahalaga. Gayun pa man, natuklasan ng mga guro na ang estudyanteng maingat sa pagsasagawa ng mga detalyeng ito ay maingat rin sa pagsusulat ng nilalaman; ginagawa nila ang kanilang buong makakaya. Sa kabilang banda, ang mga estudyante na walang pakialam sa ganitong mga detalye ay wala ring ingat sa isusulat nilang nilalaman. Sa madaling salita, ang anyo ng research paper ay sumasalamin sa nilalaman nito. Kaya nga, ang paraan ng ating pagsamba sa Diyos ay sumasalamin sa nilalaman ng ating puso. Ang paraan ng pagsamba ay nakaugnay sa dahilan ng pagsamba. At dahil rito, mahalaga sa Diyos ang paraan ng ating pananambahan.

- Si Cain ay nag-alay sa Panginoon. Siya ay isang magsasaka. Naghandog siya ng mula sa bunga ng kanyang pagsasaka. Subalit hindi kinalugdan ng Panginoon si Cain at ang kanyang handog. Ang kabiguan ni Cain na sambahin ang Diyos ng nararapat ay kapahayagan ng ugali ng kanyang puso. Ang hain ni Cain ay nakalulugod sa mata niya, subalit hindi tinanggap ng Diyos ang kanyang pagsamba (Genesis 4:1-5).

- Nagpagawa si Aaron ng gintong guya upang gamitin sa panambahan kay Yahweh. Ang sabi niya, "Bukas ay pista ng PANGINOON" (Exodo 32:1-5). Marahil inisip ni Aaron na mAaari niyang sambahin ang Diyos sa paraang nakalulugod sa mga tao. Subalit, hindi tinagngap ng Diyos ang kanyang pagsamba.

- Nasaksihan nina Nadab at Abihu ang Diyos ng Israel sa Bundok Sinai (Exodo 24:1-11). Kumpara sa taong-bayan, at maliban kay Moises, nagkaroon sila ng pagkakataon na maging malapit sa Diyos. Subalit sa unang araw pa lang ng kanilang paghahandog bilang mga pari sa loob ng Tabernakulo, naghandog sila ng hindi nararapat na apoy sa Panginoon. Dahil rito, sinunog sila ng Panginoon. Ipinaliwanag ni Moises sa kanilang nagluluksang ama ang hatol ng Diyos, "Ito ang sinabi ng PANGINOON, 'Ako'y magpapakita na banal sa mga lumalapit sa akin; at ako'y maluluwalhati sa harapan ng buong bayan'" (Levitico 10:1-7). Ang mga paring ito ay naghandog ng insenso ayon

> **"Kung ikaw ay isang saserdote sa Lumang Tipan, at pinaglilingkuran mo ang Diyos sa paraan na ginagawa mo ngayon, gaano kaya katagal ang lilipas bago ka patayin ng Panginoon?"**
>
> **Warren Wiersbe**
>
> (hinggil sa taimtim na pagsamba)

sa kanilang sariling pamamaraan, sa halip na ayon sa tuntunin ng Diyos. Hindi tinanggap ng Diyos ang kanilang pagsamba.

- Si Uzias ay isang dakilang hari. Gumawa siya ng matuwid sa harapan ng Panginoon. Makikita sa 2 Kronika ang buod ng kanyang paghahari. "…siya'y kagila-gilalas na tinulungan hanggang sa siya'y lumakas" (2 Cronika 26:15). Subalit, hindi dito nagtapos ang kwento ng buhay ni Uzias. "Ngunit nang siya'y lumakas, siya'y naging palalo na siya niyang ikinapahamak. Sapagkat kanyang nilapastangan ang Panginoon niyang Diyos, at pumasok sa templo ng Panginoon upang magsunog ng insenso sa ibabaw ng dambana ng insenso" (2 Cronika 26:16). Sinubukan niyang sambahin ang Diyos sa sarili niyang paraan at dulot nito'y nagkaroon siya ng ketong (2 Cronika 26:1-21). Hindi tinanggap ng Diyos ang kanyang pagsamba.
- Noong ang mga Judio ay nakabalik na sa kanilang lupain, sila'y ay nag-alay sa Templo ng mga may kapansanang handog. Ang kanilang di pagsunod na magbigay ng marapat na handog ay nagpakita ng ugali ng kanilang puso. Hindi talaga nila mahal ang Diyos, at dahil rito'y hindi rin tinanggap ng Diyos ang kanilang pagsamba (Malakias 1:6-14).

Mahalaga sa Diyos kung *paano* natin Siya sinasamba. Ang mga halimbawang nabanggit ay nagpapakita na sa ating sariling kakayahan ay di natin kayang lumapit sa Diyos sa paraang nakalulugod sa Kanya. Ang mga bagay na maaaring nakalulugod sa atin ay hindi nakalulugod sa Diyos. Kaya't kailangan natin ang Kanyang gabay sa ating pananambahan.

Sapagkat ang pagsamba ay pagbibigay lugod sa Diyos, ang ating pagsamba ay dapat na umalinsunod sa Kanyang katangian at hindi sa ating kagustuhan. Sa ating sarili lamang ay hindi natin magagawang alamin ang nakalulugod sa Diyos; kailangan nating bumalik sa sinasabi ng Salita ng Diyos upang matutuhan ang paraan ng pagsambang nakalulugod sa Kanya.

## PAMUMUHAY NA KASAMA ANG DIYOS: ANG PAGSAMBA BILANG UGNAYAN SA BIYAYA

Ang unang larawan ng biblikal na pagsamba ay matatagpuan sa Hardin ng Eden, "Narinig nila ang tinig ng PANGINOONG Diyos na lumalakad sa halamanan sa malamig na bahagi ng maghapon…" (Genesis 3:8). Dito ay makikita natin ang isang ideyal o nararapat na pagsamba: isang walang patid na ugnayan sa pagitan ng tao at ng kanyang Manlilikha. Bago naganap ang Pagbagsak, ang ugnayan sa pagitan ng tao at Diyos ay hindi nahahadlangan ng kasalanan. Ang pagsamba sa Hardin ay simple at hindi masalimuot.

Sa Hardin, matatagpuan natin roon ang kagustuhan ng Diyos na makipag-ugnayan sa Kanyang mga nilalang. Noong hindi pa Bumagsak sa pagkakasala ang tao, nasisiyahan siya sa buong pakikipag-ugnayan sa Diyos. Subalit nang sirain ng kasalanan ang kalikasan ng tao, siya'y nagsimulang magtago mula sa Diyos.

Sa Lumang Tipan, ang katagang *pamumuhay na kasama ang Diyos o paglakad na kasama ang Diyos* ay nagpapahiwatig na ang pagsamba ay may kalakip na pakikipag-relasyon sa Diyos. Si Enoch ay namuhay na kasama ang Diyos; si Noe ay namuhay na kasama ang Diyos; utos kay Abraham na mamuhay kasama ang Diyos (Genesis 5:24; Genesis 6:9; Genesis 17:1). Ang mga halimbawang ito ay nagpapakita na ang mga taong nagkaroon ng matibay na ugnayan sa Diyos ay naglaan ng panahon kasama Siya. Ang wastong pagsamba ay nakasalig sa wastong relasyon sa Diyos.

Ipinapakita sa Genesis 3:8 na ang pagsamba ay nakasalig sa relasyon. Ipinapakita nito na naging posible lang ang pagsamba ng dahil sa biyaya ng Diyos. Ang mga diyus-diyusan ng mga pagano ay laging humihingi ng paraan ng pagsamba na papawi ng kanilang galit. Subalit kumpara sa kanila, si Yahweh mismo ang nagbibigay sa atin ng marapat na paraan kung paano Siya sambahin. Tatlong halimbawa ang ating maibibigay upang ipakita ito.

## Ginawang posible ng Diyos ang pagsamba para kina Adan at Eba

Matapos magkasala sina Adan at Eba, hindi na sana obligasyon ng Diyos na humingi o tumanggap ng pagsamba mula sa kanila. Nilabag nila ang Kanyang utos; sinira nila ang Kanyang mga nilikha; sila'y hindi na karapat-dapat na tumanggap ng anuman sa Kanya kundi kahatulan lamang.

Nang sila'y magkasala, nagtago sina Adan at Eba mula sa presensya ng Panginoon (Genesis 3:8). Wala ng magagawa sina Adan at Eba; kamatayan ang naghihintay sa kanila. Sa sandaling iyon, ang tanging nagawa nila ay ang magtago mula sa Diyos na Nagbigay ng Utos. Gayunman, ng dahil sa biyaya, ang Diyos ay tumawag kay Adan. Pahiwatig ito na nagagawa nating sumamba ng dahil sa biyaya ng Diyos. Kapag sa ating sarili lamang, wala tayong anumang paraan upang makalapit sa banal na Diyos. Tanging sa pamamagitan lamang ng Kanyang biyaya na tayo ay tinatawag Niya upang sumamba.

## Ginawang Posible ng Diyos ang Pagsamba para kay Abraham

» Basahin ang Genesis 18:1-8.

Sa Aralin 1, natutunan natin na isa sa mga salitang Hebreo na ginamit para sa pagsamba ay (*Shachah*) na nangangahulugan ng "pagpapatirapa" o "pagluhod." Unang ginamit ang salitang ito sa Genesis 18:2. Dito'y matatagpuan na ang Panginoon kasama ang Kanyang dalawang anghel ay dumating habang si Abram ay nakaupo sa tabi ng kanyang tolda. Nang sila'y makita niya, tumakbo si Abram upang sila'y salubungin at nagpatirapa sa kanilang harapan. Yumukod si Abraham—siya'y sumamba.

Dapat pansinin sa kwentong ito na ang Diyos mismo ang unang kumilos o gumawa ng paraan. Siya'y dumating upang makipag-usap kay Abraham. Ginawa Niyang posible ang pagsamba. Sa Lumang Tipan man o sa Bagong Tipan, ang pagsamba ay naging posible ng

dahil lamang sa biyaya. Ang mga handog sa Lumang Tipan ay hindi mga paraan upang pawiin ang galit ng Diyos na para bang wala Siyang hangaring makipag-relasyon sa tao. Sa halip, ang mga ito'y pamamaraan ng Diyos upang magkaroon ng pagkakasundo sa pagitan Niya at ng makasalanang tao. Kaya't maging sa Lumang Tipan, ang pagsamba ay naging posible ng dahil sa lamang sa biyaya ng Diyos. Kung sa ating sarili lamang, wala tayong kakayahan upang sumamba ng karapat-dapat.

## Ginawang Posible ng Diyos ang Pagsamba para kay Jacob

» Basahin ang Genesis 28:10-22. Ano ang inihahayag ng kwentong ito tungkol sa gampanin ng Diyos sa pagsamba?

Isa sa mga kapansin-pansing larawan ng pagsamba ay matatagpuan sa Genesis 28:10-22. Dito'y makikita na walang anuman sa nakaraang buhay ni Jacob ang nararapat upang siya'y maging isang mananambahan. Hindi siya pasado sa katangiang hinihingi sa Awit 15. Hindi niya hinahanap ang Diyos. Ang katotohanan, tumatakas siya mula sa suliraning gawa ng kanyang panlilinlang. Walang libro tungkol sa pagsamba ang magsasabi, "Ang nakalulugod na pagsamba ay nagmumula sa isang mandarayang tao na tumatakas sa bunga ng kanyang pagkakasala."

Subalit, ipinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili kay Jacob kahit na ang taong ito ay hindi karapat-dapat. Ginawang posible ng biyaya ng Diyos ang pagsamba ni Jacob, isang taong hindi karapat-dapat. Ayon kay Warren Wiersbe, "Mapagbiyayang kinakatagpo tayo ng Diyos sa panahong hindi natin inaasahan at hindi tayo karapat-dapat. **Kapag ang pagsamba ay tumigil bilang karanasan sa biyaya, ito'y titigil rin bilang maluwalhating karanasan**."[18]

Tanging sa pamamagitan ng biyaya tayo inaanyayahan ng Diyos tungo sa Kanyang presensya. Ang ating pagsamba ay pagtugon sa Kanyang biyaya. Walang anuman tayong ginagawa sa pagsamba na karapat-dapat sa Kanya. Tanging ang Kanyang biyaya ang nagpapalakas sa atin upang sumamba.

Ang kwento ng buhay ni Jacob ay patotoo hinggil sa malaking pagkakaiba ng pagsamba kay Yahweh at pagsamba sa mga diyus-diyusan. Ang mananambahan ng mga huwad na diyus-diyusan ay nagtayo ng kanilang mga altar upang kaluguran sila ng kanilang diyos. Sa Bundok Carmel, ang mga propeta ni Baal ay "tumawag sa pangalan ni Baal mula umaga hanggang tanghaling tapat, na nagsasabi, "O Baal, dinggin mo kami." Ngunit walang tinig at walang sumasagot. At sila'y lumukso sa palibot ng kanilang ginawang dambana." (1 Hari 18:26).

» Basahin ang 1 Hari 18:20-39 upang makita ang pagkakaiba ng tunay na pagsamba at huwad na pagsamba.

---

18 Hango kay Warren W. Wiersbe, *Real Worship*, (Grand Rapids: Baker Books, 2000), 72

Sinubukan ng mga propeta ni Baal na kumbinsihin ang kanilang diyos na ihayag ang kanyang sarili. Ang ganitong tagpo ay madalas makita sa ginagawa ng mga mananambahan sa diyus-diyusan. Ang kanilang mga altar at handog ay pawang pagtatangka na kaluguran sila ng kanilang idolo.

Sa kabaligtaran, mapagbiyaya ang ating Diyos na ihayag ang Kanyang sarili sa Kanyang bayan. Nagtayo si Elias ng altar sapagkat natitiyak niyang ang Diyos na Kanyang pinaglilingkuran ay sasagot sa kanyang panalangin.

> O Panginoon, Diyos ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel. Ipakilala mo sa araw na ito, na ikaw ay Diyos sa Israel, at ako ay iyong lingkod, at aking ginawa ang lahat ng bagay na ito sa iyong pag-uutos" (1 Hari 18:36).

**Sa huwad na pagsamba, ang tao ay laging nagtatayo ng altar upang kalugdan ng kanyang idolo (gawa).**

**Sa tunay na pagsamba, ang tao ay nagtatayo ng altar upang ipagdiwang ang biyaya ng Diyos (biyaya).**

Sa Genesis, ang mga Patriarka ay nagtayo ng mga dambana hindi upang mapansin sila ng Diyos, kundi upang alaalahanin ang ginawang pagpapahayag ng Diyos sa kanila sa lugar na iyon. Ang altar ay hindi itinayo upang kamtin ang kabutihan ng Diyos, kundi upang ipagdiwang ang Kanyang biyaya. Ipinakita ni Jacob na nagagawa nating sumamba ng dahil lamang sa biyaya ng Diyos. Kaya't huwag nating isipin na sa ating pagsamba ay nagiging karapat-dapat tayo sa Diyos. Tayo ay sumasamba ng dahil sa biyaya.

Ano ang nangyayari kapag ginawang posible ng Diyos para sa atin ang pagsamba? Si Jacob ay nagbagong-buhay. Ang pagbabagong iyon ay umabot ng 30 taon bago naging ganap; iyon ay nagsimula sa Bethel. Ang pagsamba (maging ang di-perpektong pagsamba ng di-perpektong tao na gaya ni Jacob) ay bumabago ng ating pagkatao at ginagawa nito ang bagay na hindi natin kayang gawin sa sarili lamang natin.

## PAGSUSURI

Itanong sa iyong sarili, "Ako ba ay binabago ng pagsamba, o ako'y nakikisabay lang sa walang kabuluhang mga pamamaraan? Kailan ko huling nakita na may nagbago sa aking gawi, paniniwala, at ugali ng dahil nakatagpo ko ang Diyos sa pagsamba?"

## ABRAHAM: ANG PAGSAMBA AY NANGANGAILANGAN NG PAGSUNOD

» Basahin ang Genesis 22:1-19. Ano ang mga kinakailangan sa pagsamba batay sa kwentong ito?

Ang paghahandog ni Abraham sa kanyang anak ay isang dakilang kapahayagan ng pagsamba. Sa kwentong ito, pansinin mo ang pagbibigay diin sa pagsunod ni Abraham. Ang sabi ng Diyos, "Kunin mo ang iyong anak…umalis kayo…at ialay mo siya…" Tatlong utos ang makikita rito. Samantala, si Abraham, "dinala niya si Isaac…bumangon ng maaga at umalis…at kinuha ang patalim upang ialay ang kanyang anak." Sa madaling salita, sinunod ni Abraham ang bawat kataga sa utos ng Diyos.

Ang paghahandog ni Abraham kay Isaac ay nagpapakita na ang tunay na pagsamba ay nangangailangan ng ganap na pagsunod. Ang pagsamba ay higit pa sa damdamin; ito'y higit pa sa pakikinig sa isang mang-aawit o mangangaral; ito ay aktibong pagtugon sa Diyos.

Balikan natin ang kwento ni Abraham sa Genesis 18. Sa pasimula ng kwento, makikita natin na ang pagsamba ay ganap na pagsunod. Mayroong tatlong estranghero na papalapit sa tolda ni Abraham. Nang sila'y dumating, siya'y nagpatirapa. Siya'y sumamba.

Makikita natin si Abraham sa tagpong iyon na abalang naglilingkod. Nag-alok siya na hugasan ang kanilang mga paa. Nagpaluto at nagpahanda siya ng mga pagkain kay Sarah. Pinaglingkuran niya ang kanyang mga panauhin na parang isang lingkod. Nakatayo siyang naghihintay sa ilalim ng puno habang sila'y kumakain. Lahat ng ginawa niya ay pagpapakita ng isang mainam na pagsisilbi sa isang panginoon. Kaya't ang isang tunay na mananambahan ay may ugali ng kusang-loob na paglilingkod.

Ang kahalagahan ng pagsunod bilang sangkap ng pagsamba ay matutunghayan sa buong bahagi ng Lumang Tipan. Halimbawa, ang hain ni Abel ay tinanggap sapagkat nagawa niyang sundin ang hinihingi ng Diyos para sa isang handog. Inihandog ni Abel ang isa sa mga panganay ng kanyang kawan at inihandog ang pinakamainam na bahagi (Genesis 4:4). Mainam na sumunod si Abel sa nais ng Diyos. Sa kabaligtara'y naghandog naman si Cain sa pinakaposibleng paraang na hindi siya mahihirapan.

Ang halaga ng pagsunod bilang sangkap ng pagsamba ay makikita rin sa buhay ni Saul. Noong sinuway ni Saul ang utos ng Diyos tungkol sa pagpatay sa mga ipinagbabawal na hayop ni Amalek, sinubukan niyang magpalusot sa pagsasabing ang mga hayop na iyon ay malulusog at magandang ihain sa Diyos. Ngunit sumagot si Samuel, "Ang Panginoon kaya ay may malaking kasiyahan sa mga handog na sinusunog at sa mga alay, gaya ng pagsunod sa tinig ng Panginoon? Tiyak, ang pagsunod ay mas mabuti kaysa alay, at ang pakikinig kaysa taba ng mga tupang lalaki" (1 Samuel 15:22).

» Basahin ang 1 Samuel 15:1-23

Hindi tatanggapin ng Diyos ang pagsambang mula sa mapaghimagsik na puso.

Ang tunay na pagsamba ay may pagnanasang lumago sa pakikipagrelasyon sa Diyos. Balikan nating muli ang kwento ni Abraham. Ang Genesis 18 ay nagsimula sa paglilingkod ni Abraham sa Diyos at nagtapos sa malalim na pakikipagrelasyon. Nagtanong ang Diyos, "Ililihim ko ba kay Abraham ang bagay na aking gagawin…?" Matapos mapakinggan ang nais gawin ng Diyos, si Abraham ay lakas-loob na namagitan para sa Sodoma. Ngunit bakit may ganitong tagpo? Sapagkat ang lingkod ng Diyos ay kaibigan rin ng Diyos.

Sa pagsamba ay tunay nating nakikilala ang Diyos. Sa pagsamba natin tunay na nauunawaan ang puso ng Diyos, nagkakaroon tayo ng lakas ng loob na humiling sa Kanya. Ang masunuring pagsamba ang nagpapalalim ng ating relasyon sa Diyos. Ang nakalulugod na pagsamba ay may sangkap na pagsunod (paglilingkod) at ugnayan. Si Abraham ay isang mananambahan na parehong lingkod at kaibigan ng Diyos.

## BIBLIKAL NA PAGSAMBA SA KASALUKUYAN

Naitanong mo na ba kung bakit may mga taong dumadalo sa simbahan at nararanasan ang presensya ng Diyos, samantalang may mga tao rin sa parehong serbisyo ngunit walang gayong karanasan? May ibang nagbibigay ng kaloob at pinagpapala; ngunit may ibang nagbibigay na hindi naman masaya. Ang pusong masunurin ang siyang ugat ng pagkakaiba.

Gaano man kaganda ang ating pagsamba, gaano man kahusay ang ating mga mang-aawit, at gaano man kasigasig ang isang sermon, kung ang pagsamba ay hindi mula sa pusong masunurin, ang ating pagsamba ay tulad lang ng kay Cain. Ang pagsamba ni Cain ay nagsasabi, "Maghahandog ako sa paraang gusto ko. Sapat na yun." Ngunit ang tunay na pagsamba ay nagmumula sa pusong masunurin.

### PAGSUSURI

Itanong sa iyong sarili, "Ako ba ay isang masunuring mananambahan? Ang pagsamba ko ba ay nagmumula sa puso ni Abel o sa puso ni Cain?"

## MGA PAGHAHANDOG: PAGSAMBA BILANG ISANG RITUWAL

Bago naganap ang Pagbagsak, ang pagsambang nangyayari sa pagitan ng Diyos at ng tao ay isang simpleng relasyon. Subalit matapos dungisan ng kasalanan ang kalikasan ng tao, ang

tao ay nangailangan ng proseso sa paglapit sa presensya ng Diyos. Ayon sa Kanyang biyaya, ang Diyos ay nagkaloob ng sistema o pamamaraan ng paghahandog. Ang pagkakaroon ng sakripisyo o alay ay itinatag na ng Diyos doon pa lang sa Hardin nang pinatay Niya ang isang hayop roon upang gamitin ang balat nito na maging damit nina Adan at Eba. Sa Levitico, matatagpuan ang organisadong sistema ng pagsamba sa Israel (Levitico 1-7 at 16).

Kapag babasahin natin ang aklat ng Exodo at Levitico, magiging malinaw sa atin na ang detalye sa pagsamba ay mahalaga sa Diyos. Sa mga nagsasabing, "Hindi mahalaga sa Diyos kung paano tayo dapat sumamba, kundi, basta't tayo'y sumasamba,' malinaw na makikita sa Exodo at Levitico na mahalaga sa Diyos ang ating pamamaraan! Nagbigay ang Diyos na mga malinaw na tuntunin para sa pagsamba. At ang mga ito, gaya ng Kanyang ginawang kapahayagan kina Adan at Eba matapos ang kanilang Pagbagsak, ay tanda rin ng Kanyang biyaya. Nagbigay si Yahweh ng malinaw na tuntunin, "Ito ang paraan ng paglapit ninyo sa akin." Iyan ay kilos ng biyaya ng Diyos.

Sa mga Israel, nagsisimula ang kanilang pagsamba bago pa man sila makapasok sa bahay ng Diyos. Ang proseso ng kanilang paghahanda sa pagsamba ay pagpapakita ng kanilang paggalang sa Diyos at sa Kanyang bahay. Ang tinaguriang Awit ng Pag-akyat ay pagpapakita na kahit na ang paglalakbay tungo sa Jerusalem ay isang pagsamba (Awit 120-134).

## Ang mga Paghahandog ay Pagpapakita ng Ganap na Pagpapasakop sa Diyos

May ilang mga Kristiyano ang hindi nakaunawa sa sistema ng paghahandog sa Lumang Tipan. Madalas nilang isipin ang isang sistema na nilabag ng mga Israelita; nagbibigay ng walang kabuluhang handog at matapos nito ay magbabalik naman sa kanilang pagkakasala; kumbaga ay, walang taus pusong pagbabago.

Totoo na ang ganitong tagpo ay nangyari sa Israel sa iba't ibang kalagayan. At bilang tugon, ang sabi ng Diyos, "Aking kinapopootan, aking hinahamak ang inyong mga kapistahan, at hindi ako malulugod sa inyong mga takdang pagtitipon. Bagaman inyong inihahandog sa akin ang inyong mga handog na sinusunog at mga handog na butil, hindi ko iyon tatanggapin" (Amos 5:21-22).

Subalit, ang mga bagay na ito ay gawa ng kabiguan ng tao, hindi ng Diyos. Ang sistema ng paghahandog ay nabigo sapagkat nabigo ang tao na sundin ang utos ng Diyos. Layunin ng Diyos sa mga paghahandog ay ang ipahayag ang taus pusong pagsisisi ng tao.

Ang mga kalakip na rituwal sa mga kapistahan sa Israel ay pagpapakita ng halaga ng kilos ng pagsamba. Bawat detalye rito ay nagpapahayag ng paggalang ng Israel kay Yahweh. Kaya nga, ang pagsamba ng Israel ay hindi sa walang kabuluhang rituwal. Ang mga rituwal ay sumasagisag sa realidad ng kanilang pagsuko at pagsunod sa Diyos. Halimbawa, kapag ipinapatong ng isang mananambahan ang kanyang kamay sa ulo ng hayop na ihahandog,

kinikilala niya na ang sakripisyo at kamatayan ng handog na iyon ay para sa kanyang sarili. Sa pamamagitan nito'y ipinapahayag niya, "Ako dapat ang nasa lugar ng handog na ito. Ang kasalanan ko'y karapat-dapat ng parusang kamatayan" (Tingnan ang Levitico 1:4).

### Kinikilala ng Diyos ang Tunay na Pagsamba sa pamamagitan ng Kanyang Presensya

Ang panambahan sa Israel ay higit pang naging organisado ng maipatayo ang Templo. Tulad ng sa Tabernakulo, bawat detalye sa Templo ay nagpapahiwatig ng magalang na pagsunod ng Israel sa Diyos (2 Cronika 1-7). Ang taimtim na pag-aalay ng mga handog at ang pormal na panambahan sa Templo ay pawang paalala sa Israel na si Yahweh ay dakila at tayo ay dapat dumulog ng may pagpapakumbaba.

Ang maingat na pagplaplano para sa mga isasagawang rituwal sa oras ng panambahan sa Templo ay hindi naging hadlang sa presensya ng Diyos. Maaaring ang pinaka-organisadong panambahan sa kasaysayan ay naganap noong dedikasyon ng Templo. Matagal na panahon na plinano ni David ang Templo. At nang ito ay matapos, pinangunahan ni Solomon ang dedikasyon nito nito sa pamamagitan ng isang napakagandang pagdiriwang na nasasaad sa 2 Cronika 5. Ang mga musikero ay gumamit ng mga pompiyang, alpa, at lira. Nagpatunog naman ang 120 saserdote ng mga trumpeta. Ang koro ay umawit ng mga papuri. At habang sila'y umaawit, "ang bahay ng Panginoon ay napuno ng ulap, kaya't ang mga pari ay hindi makatayo upang makapaglingkod dahil sa ulap; sapagkat ang kaluwalhatian ng Panginoon ang pumuno sa bahay ng Diyos" (2 Cronika 5:13-14).

## BIBLIKAL NA PAGSAMBA SA KASALUKUYAN

May mga taong di sang-ayon sa anumang isinaayos na porma ng pagsamba. Paniniwala nila na ang planadong liturhiya ay hadlang sa taus-pusong pagsamba. Subalit ang biblikal na panambahan ay may pagkaka-ayos o istruktura.

Kung layunin natin na ibigay sa Diyos ang ating pinakamainam, ang pagsamba sa Kanya ay nangangailangan ng maingat na pagplaplano. Plinaplano natin ang gagawin hindi upang pahangain ang tao sa ganda ng ating panambahan, kundi upang maibigay sa Diyos ang ating pinakamagandang pagsamba.

Sa Biblia, ang planadong panambahan (gaya sa dedikasyon ng Templo) at ang di gaanong pormal na panambahan (tulad ng mga pagtitipon sa kabahayan ng Kapatiran noong unang siglo) ay kapuwa pinagpala ng presensya ng Diyos. At maaari rin na ang planadong panambahan (gaya ng sa Templo noong panahon ni Jeremias) at di gaanong pormal na panambahan (gaya ng sa magulong pagsamba sa Corinto) ay hindi dadalawin ng presensya ng Diyos. Ang isyu rito ay hindi sa istraktura; ang isyu ay tungkol sa pagsunod sa Diyos at pananabik sa Kanyang presensya.

### PAGSUSURI

Itanong sa sarili, “Ang panambahan ko ba sa publiko (gaano man ka-pormal o hindi) ay nagmumula sa masunuring puso?”

## ANG AKLAT NG MGA AWIT: PAGSAMBA BILANG PAPURI

Ang aklat ng mga Awit ay aklat sa panambahan ng Israel. Ito ang kanilang mga himno, ang kalipunan ng mga dasal, ang gabay sa maayos na pagsamba, at ang manwal para sa matuwid na pamumuhay. Ang aklat na ito ay napakahalaga sa kanilang pananambahan.

### Papuri sa Pagsamba

Ang aklat ng mga Awit ay nagpapakita na ang tunay na pagsamba ay may diin sa papuri. Maliban sa Awit 88, bawat salmo ay naglalaman ng pangungusap ng papuri. Ang rituwal sa Levitico ay paalaala hinggil sa taimtim na biblikal na pagsamba. Ang mga salmo naman ay paalala hinggil sa galak na mayroon sa biblikal na pagsamba. Ipinapakita sa Awit 120-134 ang kagalakan ng isang Judiong naglalakbay tungo sa Jerusalem upang sumamba. Ang papuri ay mahalagang sangkap sa pagsamba.

> **“Tiyaking napapanatili mo ang palagiang kasiyahan sa Diyos.”**
>
> **Richard Baxter**

Ang mga papuring matatagpuan sa aklat ng mga Awit ay sumasalamin sa galak ng tunay na pagsamba. Ang papuri ay nagpapakita ng ating kaluguran sa Diyos. Sangkap sa tunay na pagsamba ang pagdiriwang sa Diyos at sa Kanyang mga ginawa.

### Panaghoy sa Pagsamba

Ang mga salmo ng panaghoy ay isa pang aspeto ng biblikal na pagsamba. Sa pagsamba ay maaari tayong maging bukas at tapat sa Diyos. Sa ganitong uri ng salmo, ipinapahayag ng psalmista ang kanyang pagkadismaya sa mga nagaganap na katiwalian sa daigdig. Sa Awit 10:1, tanong ng salmista, “Bakit ka nakatayo sa malayo, O PANGINOON? Bakit ka nagtatago kapag magulo ang panahon?” Sa madaling salita, bakit hinahayaan ng Diyos ang mga masasama na maghimagsik at magyabang? At dahil sa ang pagsamba ay nakasalig sa

relasyon sa Diyos, ang mananambahan ay may kalayaang magpahayag ng kanyang saloobin ng buong katapatan at walang paglilihim.

Ang Awit 10 ay nagtapos sa pahayag ng pagtitiwala sa Diyos.

> "Ang Panginoon ay hari magpakailanpaman, mula sa kanyang lupain ang mga bansa ay mapaparam. O Panginoon, iyong maririnig ang nasa ng maamo; iyong palalakasin ang kanilang puso, iyong papakinggan ng iyong pandinig upang ipagtanggol ang mga naaapi at ulila, upang hindi na makapanakot pa ang taong mula sa lupa" (Awit 10:16-18)

Ang pahayag na ito ay nakaugat sa pagtitiwala sa Diyos. Bagamat ang mga masasamang tao ay patuloy na gumawa ng katiwalian, panatag ang salmista na gagawin rin ng Diyos ang makatuwiran.

Makikita rin natin ang ganitong matapat na saloobin sa Diyos sa aklat ng Job. Ang ganitong matapat na saloobin ay nakasalig sa malapit na ugnayan sa Diyos. Ito ang tunay na pagsamba na nakalulugod sa Diyos.

## BIBLIKAL NA PAGSAMBA SA KASALUKUYAN

Ang aklat ng mga Awit ay naglalaman ng dalawang uri ng papuri. May mga salmo na kapariringgan ng dahilan ng papuri; ngunit may iba na bumukal lang ang pagpupuri kahit na walang sinasabing dahilan. Ang mga papuring ukol sa katangian at dakilang gawa ng Diyos ay tinatawag na "naglalarawang papuri." Samantala, ang mga papuri na walang partikularidad ay tinatawag na "nagbubunying papuri." Ang halimbawa ng nangangaral na papuri ay Awit 19, 105, at 136. Ang halimbawa ng naglalarawang papuri ay Awit 148-150.

Sa kasalukuyang pananambahan, ang dalawang uri na ito ng pagpupuri ay madalas na makikita sa mga papuring awitin (naglalarawang papuri) at himno (nangangaral na papuri). Bawat isa ay dapat na bahagi ng panambahan. Ang simplisidad ng mga papuring awitin ay mabilis na nag-aanyaya sa mga mananambahan na purihin ang Diyos. Samantala, ang malalim na sinasabi sa mga himno ay nagtuturo sa mananambahan tungkol sa katangian ng Diyos.

### Nagbubunying Papuri

O, sana'y may sanlibong labi upang
awitin ang papuri ng aking dakilang Hari;

Ang awitin ang Kanyang maharlikang kaluwalhatian
at biyayang hindi kaylanman mahahadlangan![19]

## Naglalarawan na Papuri

Makapangyarihang kuta ang ating Diyos, ang tanggulang hindi matitibag;
Sa gitna ng hagupit ng kasakitan, Siya'y Katuwang na maaasahan;
Pagbagsak nati'y laging panukala, ng sinaunang Kaaway na tuso at dakila.
Sandata niya'y bagsik ng kasamaan,
sa lupa'y walang sinumang sa kanya'y lalamang. [20]

### PAGSUSURI

Ang papuri ng salmista ay nagpapakita ng kanyang kaluguran sa Diyos. Tanungin mo ang sarili mo, "Talaga bang nalulugod ako sa Diyos?"

## ANG MGA PROPETA: PAGSAMBA BILANG PAGPAPAHAYAG

Ang mga tuntunin sa pag-aalay, ang Tabernakulo, at ang Templo ay nagpapakitang lahat tungkol sa halaga ng rituwal sa pagsamba. Subalit ayon sa mga propeta, ang rituwal na hindi sinasamahan ng taus-pusong pagsamba ay walang kabuluhan. At noong ang bayan ng Israel ay nagsagawa ng mga rituwal na hindi na mula sa masunuring puso, ang mga propeta ng Diyos ay nagsimulang mangaral ng mensahe ng kahatulan. Ipinahayag nila na hindi na kinalulugdan ng Diyos ang paghahandog ng isang tumalikod na bayan.

Ipinakita ng mga propeta na ang pagpapahayag ng mensahe ng Diyos ay isang pagsamba. Sa ating mga pananambahan, hindi natin dapat ihiwalay ang pagsamba mula sa pangangaral. Ang pangangaral ng Salita ng Diyos ay pagsamba sa diwa ng katotohanan. Pinapagtibay ng pangangaral ang kapamahalaan at karunungan ng Diyos sa ating buhay. Ito man ay pagsamba; ito'y nagbibigay ng parangal sa Diyos.

---

19 Charles Wesley, pagsasatagalog sa kanyang himno na "Oh, For a Thousand Tongues." Accessed January 12, 2023. https://library.timelesstruths.org/music/Oh_for_a_Thousand_Tongues_to_Sing/

20 Martin Luther, tr. By Frederick Hedge, "A Mighty Fortress Is Our God." Accessed January 12, 2023. https://library.timelesstruths.org/music/A_Mighty_Fortress_Is_Our_God/

## Ang Mensahe ng mga Propeta

### Ang rituwal na walang realidad ay hindi pagsamba.

Ipinahayag ni Amos na tinanggihan ng Diyos ang mga alay ng Israel. Bakit? Sapagkat ang pamumuhay ng mga mananambahan ay masama (Amos 5:21-22). Ipinahayag rin ni Isaias na ang mga kapistahan sa Israel ay nakakapagod na sa Diyos. Bakit? Sapagkat napuno sila ng karahasan.

Bago sumamba, inuutusan ang isang mananambahan na: "Maghugas kayo ng inyong sarili, maglinis kayo; alisin ninyo ang kasamaan ng inyong mga gawa sa aking paningin; tumigil kayo sa paggawa ng kasamaan, matuto kayong gumawa ng mabuti; inyong hanapin ang katarungan, inyong ituwid ang paniniil; inyong ipagtanggol ang mga ulila, ipaglaban ninyo ang babaing balo" (Isaias 1:13-17).

Hindi humahanga ang Diyos sa mga rituwal na hindi naman sumasalamin sa laman ng puso.

### Ang tunay na pagsamba ay humihingi ng ating pinakamainam.

Inialay ni Abraham ang kanyang anak sa Diyos; inihandog niya ang kanyang pinakamainam. Inihandog ni Abel ang pinakapanganay sa kanyang kawan; ibinigay niya ang pinakamainam. Hinihingi sa Levitico ang paghahandog sa pinakamainam na hayop. Tumanggi si David na maghandog ng bagay na hindi niya pagkakagastusan ng mainam (2 Samuel 24:24). Sa anumang kalagayan, ang pagsamba ay humihingi ng ating pinakamainam.

Ang ganitong mensahe ay nagpatuloy sa panahon ng mga propeta. Nagbigay babala si Malakias laban sa mga handog na may pinsala (Malakias 1:6-8). Nagbababala si Haggai tungkol sa paparating na hatol sapagkat mas higit na pinahalagahan ng taong-bayan ang kanilang mga kabahayan kaysa sa ayusin ang bahay ng Diyos (Haggai 1:8-11). Ang tunay na pagsamba ay humihingi ng ating pinakamainam.

### Ang tunay na pagsamba ay nakaugnay sa lahat ng bahagi ng ating buhay.

Nagbigay si Amos ng praktikal na sagot hinggil sa pagtalikod ng Israel. Ang solusyon ay hindi sa dami ng handog; ang solusyon ay matuwid na pamumuhay. "Paagusin ninyo ang katarungan na parang tubig, at ang katuwiran na parang batis na patuloy na umaagos" (Amos 5:24). Ang mga propeta ay hindi laban sa Templo at sa mga paghahandog.[21] Sila'y laban sa mga mananambahang hindi namumuhay ng matuwid.

21 May mga iskolar na nagsasabing binatikos raw ng mga propeta ang mga tuntunin o sistema sa Templo. Subalit, marami sa mga propeta ay may malapit na ugnayan sa Templo. Halimbawa, nakita ni Isaias ang Panginoon sa Templo. Nagpropesiya si Ezekiel tungkol sa naipanumbalik na Templo na puno ng kaluwalhatian ng DiyosPinalakas naman ni Haggai ang loob ni Zerubabel sa muling pagpapatayo ng Templo. Kaya nga, hindi laban ang mga propeta sa mga paghahandog; sila'y laban sa mga maling asal na paghahandog.

Sa bawat kasaysayan ng Biblia, matutuklasan natin na ang tunay na pagsamba ay laging nakaugnay sa lahat ng bahagi ng ating buhay. Sa Pentateuch, ang tuntunin sa pagsamba ay nakaugnay sa mga tuntunin ng kabutihang asal at matuwid na pamumuhay; hindi magkahiwalay ang mga tuntuning ito. Sa mga Historikal na aklat, matutunghayan na ang pasaway na pamumuhay ng Israel sa araw-araw ang siyang naghatid ng pagkawasak sa lugar ng kanilang pagsamba, ang Templo. Ipinahayag ng mga Propeta na ang pagtanggi ng Diyos sa panambahan ng Israel ay dulot ng kanilang pagsuway. Samantala, sa Bagong Tipan, pinaalalahanan ni Jesus ang mga Pariseo na ang pangingilin sa araw ng Sabbath ay walang kabuluhan kung hindi dumadaloy sa kanilang buhay ang kahabagan (Mateo 12:7).

### Ang Halimbawa ng mga Propeta: Ang Pangangaral at Pamamahayag ay Pagsamba

Ipinakita ng mga propeta na ang pamamahayag ng Salita ng Diyos ay pagsamba. Pakaisipin mo ng mabuti ang kawalang-saysay ng sasabihin ni Jeremias kung sabihin niya habang nakatayo sa harapan ng Templo, “Pumasok kayo sa Templo at umawit ng mga Psalmo at maghandog ng mga alay. Iyan ay pagsamba. Kapag tapos na kayo, ako naman ay mangangaral sa inyo.” Hindi! Ang pamamahayag mismo ni Jeremias ay isang kilos ng pagsamba. Ayon sa pangaral ni Jeremias, tinanggihan ng Diyos ang panambahan ng Kanyang bayan ng dahil sa kanilang masamang pamumuhay. Ang pamamahayag ay pagsamba. Kinikilala nito ang kadalisayan ng banal na Diyos na Siyang karapat-dapat ng ating pagsamba.

## BIBLIKAL NA PAGSAMBA SA KASALUKUYAN

May mga simbahan na hinihiwalay ang pagsamba at pangangaral. Madalas nilang sabihin ang ganito, “Magsisimula tayo sa oras ng ating pagsamba.” At matapos ang kanilang itinuturing na oras ng pagsamba, saka sila dadako sa pangangaral. Ang ganitong pananaw ay may dalawang hatid na panganib.

1. Mangangahulugan ito na ang pagsamba ay nakaugnay lang sa musika. Ang ganitong pananaw ay nakatuon lang sa damdamin. Subalit ang tunay na pagsamba ay higit pa sa musika at awitin.

2. Hinihiwalay nito ang pangangaral mula sa pagsamba. Ngunit lahat ng ginagawa natin sa simbahan ay dapat na ituring na pagsamba. Ang musika, ang panalangin, ang sermon, at maging ang paghahandog ay pawang bahagi ng pagsamba.

## PAGSUSURI

Itanong sa sarili, "Ang akin bang pangangaral ay kapahayagan ng pagsamba? Kapag ako ay nangangaral, naipapahayag ko ba bilang sugo ng Diyos ang karangalang nauukol sa Kanya?"

## MGA PANGANIB SA PAGSAMBA: DI-BALANSENG PAGSAMBA

**1. Ang panganib ng masyadong di pormal na pagsamba**

Kapag nalilimutan natin na ang biblikal na pagsamba ay nangangailangan ng pagpapasakop, maaari nating tratuhin ang Diyos bilang kaibigan na hindi nangangailangan ng paggalang. Ang isang pagsambang masyadong inpormal ay madaling mahulog sa ganitong asal. Dapat nating tandaan na ang Diyos ay isang kakilakilabot na Diyos na humihingi ng ating lubos na pagtalima. Siya ang "Haring walang hanggan, walang kamatayan, di-nakikita, tanging Diyos" (1 Timoteo 1:17). May mga simbahang nakakalimot sa kadakilaan ng Diyos, na ang pagsamba nila'y parang pakikipag-usap sa isang matagal na kaibigan habang sila'y nagkakape.

**2. Ang panganib ng masyadong pormal na pagsamba**

Kapag nalimutan natin na ang biblikal na pagsamba ay pagsamba sa Diyos na gustong makipag-relasyon sa atin, maaari natin Siyang tratuhin na napakalayo. Ang masyadong pormal na pagsamba ay madaling matangay sa ganitong asal. May mga simbahan na hindi nagbibigay ng pagkakataon sa mga mananampalataya na magkaroon ng malapit na ugnayan sa Diyos; ang lagi nilang binibigyang diin ay ang kadakilaan ng Diyos.

Sa pagsamba, dapat kapuwa nating nararanasan ang kadakilaan ng Diyos sa Kanyang mga nilikha at ang Kanyang kalapitan sa Kanyang mga anak.

## PAGSUSURI

Balikan mo ang iyong katatapos pa lang na panambahan. Tanungin mo ang iyong sarili, "Anong bahagi sa aming panambahan ang humikayat sa mga mananambahan na parangalan ang kadakilaan ng Diyos? Umalis ba sila ng

simbahan na nadama ang kadakilaan ng Diyos?" Itanong mo rin, "Anong bahagi sa aming panambahan ang humikayat sa mga mananambahan na maranasan ang kalapitan ng Diyos? Umalis ba sila ng simbahan na nadama ang matamis na pag-ibig ng Diyos?"

## KONKLUSYON: PATOTOO MULA SA ISANG NAKASAKSI SA DEDIKASYON NG TEMPLO

Ano kaya ang pakiramdam na masaksihan mo ang dedikasyon ng Templo? Marahil ay sa ganitong paraan mailalarawan:

"Naroon ako sa dedikasyon ng Templo. Hindi ko malilimutan ang araw na iyon. Inasam namin ang tagpong iyon sa matagal ng panahon.

"Panahon? Oo, panahon, maraming taon! Nagsimula kay Haring David ang plano ng pagpapatayo ng Templo at bago siya namatay ay ipinagkatiwala kay Solomon ang pagpapagawa nito. At nang ang Templo ay nakumpleto na, ang aming pinakahihintay na pagtatalaga para rito ay idinaos.

"Napakaganda ng tagpong iyon. Sobrang dramatiko ng panambahan. Isipin mo…

- 22,000 mga toro at 120,000 mga tupa ang inihandog
- Ang salmo ni David ay inawit ng isang koro na may daan-daang mang-aawit
- Ang orkestra ng mga pompiyang, alpa, lira at 120 mga trumpeta ay pambihira
- Ang mga saserdote at Levita ay nakadamit ng maringal na puting lino
- Dagdag pa, naroon kami sa isang napakagandang gusali na iyon na maituturing na isa sa mga kahanga-hanga sa kasaysayan
- Mayroon kang makikita roon na mga ginto at pilak na ginagamit sa bawat kilos ng pagsamba

"Tunay na iyon ay napakagandang panambahan. Subalit ang kagandahan ng programa ay hindi gaanong mahalaga sa aking gunita. Ang aking higit na naaalala ay habang ang mga musikero ay tumutugtog at umaawit, 'ang kaluwalhatian ng Panginoon ay pumuno sa bahay ng Diyos.' Pinuspos ng presensya ng Panginoon ang Templo na anupa't hindi makakilos ang mga saserdote upang gawin ang kanilang tungkulin. Ang panambahan na **para** sa Diyos ay mismong pinangunahan **ng** Diyos!

"Maraming taon na rin ang nagdaan simula ng gayong hindi malilimutang panambahan. Hindi ko sinasabi na bawat panambahan na nadaluhan ko ay minarkahan ng gayong nakikitang tanda ng presensya ng Diyos; iyon ay natatanging araw. Subalit, sa bawat panambahan na dinadaluhan ko, lagi kong hinihintay ang presensya ng Diyos.

"Minsan, ang pagdating ng Kanyang presensya ay dramatiko, at minsan naman ay banayad at tahimik. Minsan, ang Kanyang presensya ay nadarama sa pamamagitan ng awit; minsan ay nagsasalita Siya sa pamamagitan ng sermon. Minsan, hinihipo Niya ang iyong damdamin; minsan, ang katotohanan Niya'y nangungusap sa iyong isipan at kalooban. Minsan, lalabas ako na napalalakas ang loob, ngunit minsan, lumalabas akong tinamaan at hinahamon.

"Anuman ang paraan na piliin ng Diyos na ihayag ang Kanyang sarili, mahalaga para sa akin ang Kanyang presensya. Maaring hindi ko na masaksihan ang gayong dramatikong pagpapakita ng Kanyang presensya sa Templo, subalit alam kong maaari akong dumulog sa Kanyang presensya sa bawat oras na ako'y sumasamba."

## TATALAKAYIN NG GRUPO

» Para sa praktikal na pagsasabuhay ng araling ito, talakayin ang mga sumusunod:

*Si Esther ay isang matapat na Kristiyano. Nasisiyahan siyang dumalo sa panambahan sa isang simbahan na malapit sa kanilang barangay. Ang masiglang mga musika at masayang pakikitungo ay nakakapawi ng kanyang pagod mula sa abalang mga gampanin sa araw-araw. Nasisiyahan siya sa damdamin at emosyon na kanyang nararanasan habang siya'y taus-pusong sumasamba sa Diyos. Subalit, ang kasiglahang ito ni Esther tuwing Linggo ng pagsamba ay hindi niya magawa sa kanyang buhay bilang may-asawa at sa mga gampaning ginagawa niya sa araw-araw. Paano mo papayuhan si Esther?*

## ARALIN 3, PAGBABALIK ARAL

**1.** Mahalaga sa Diyos kung paano tayo sumamba sapagkat:

- Ang anyo ng ating pagsamba ay nakakaapekto sa ating unawa sa Diyos.
- Ang anyo ng ating pagsamba ay nagpapakita ng dahilan kung bakit tayo sumasamba.

**2.** Ang pagsamba ay pakikipag-relasyon – Paglakad kasama ang Diyos.

- Nagbigay ang Diyos ng pamamaraan ng pagsamba kina Adan at Eba.
- Ang Diyos ang Siyang naunang kumilos upang maging posible ang pagsamba ni Abraham.
- Ang biyaya ng Diyos ang kumilos para mangyari ang pagsamba ni Jacob.
- Kapag tayo'y lumalakad na kasama ang Diyos, ang buhay natin ay nagbabago.

**3.** Ang pagsamba ay nagsisimula sa pagsunod.

- Ang pagsamba ay higit pa sa emosyon o damdamin.
- Ang pagsamba ay aktibong tugon sa utos ng Diyos.
- Ang pagsamba sa Diyos ay nagpapalalim ng ating relasyon sa Diyos.

4. Ang pagsamba ay mayroong rituwal (gaya ng paghahandog sa Lumang Tipan).

    - Ang mga paghahandog ay sumasagisag sa ganap na pagpapasakop natin sa Diyos. (Roma 12:1)
    - Kinikila ng Diyos ang tunay na pagsamba sa pamamagitan ng pagdating ng Kanyang presensya. (2 Cronika 5)
    - Ang mga rituwal sa publiko ay dapat na magmula sa masunuring puso.

5. Ang pagsamba ay may sangkap na papuri (Mga Awit).

    - Ang aklat ng mga Awit ay nagpapakita na ang pagsamba ay may sangkap na papuri.
    - Ang aklat ng mga Awit ay nagpapakita na ang pagsamba ay may sangkap na panaghoy.

6. Ang pagsamba ay may sangkap na pamamahayag (Mga Propeta).

    - Ang pagsamba ay hindi lang pagpupuri; ito ay pamamahayag rin ng katotohanan. Ang pangangaral ay isang pagsamba.
    - Turo ng mga propeta na ang rituwal na walang realidad ay hindi pagsamba.
    - Turo ng mga propeta na ang tunay na pagsamba ay humihingi ng ating pinakamainam.
    - Turo ng mga propeta na ang tunay na pagsamba ay sumasakop sa bawat bahagi ng ating buhay.

## ARALIN 3, TAKDANG ARALIN

1. Magbigay ng tatlong prinsipyo tungkol sa pagsamba sa Lumang Tipan na iyong natutunan sa araling ito. Sa isang pahina ay isulat mo ang mga praktikal na pamamaraan na masasabuhay mo ang mga prinsipyong iyon sa iyong simbahan.

2. Sa pasimula ng susunod na aralin, magkakaroon kayo ng pagsusulit batay sa araling ito. Pag-aralang mabuti ang mga tanong bilang iyong paghahanda.

## ARALIN 3, PAGSUSULIT

1. Mula sa araling ito, magbigay ng dalawang biblikal na halimbawa ng pagsambang tinanggihan ng Diyos.

2. Ang katagang *"paglakad kasama ang Diyos"* ay nagpapakita na ang pagsamba ay may sangkap na __________ sa Diyos.

3. Mula sa araling ito, magbigay ng tatlong hindi karapat-dapat na tauhan na pinapaging-dapat ng biyaya ng Diyos upang sumamba sa Kanya.

4. Ang paghahandog ni Abraham kay Isaac ay nagpapakita na ang tunay na pagsamba ay nangangailangan ng ganap na __________.

5. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pagsamba ni Abel at pagsamba ni Cain?

6. Ano ang kahulugan ng pagpatong ng kamay ng mananambahan sa ulo ng hayop na ihahandog?

7. Sa aklat ng mga Awit, may dalawang uri ng papuri. Ang papuri sa katangian at mga gawa ng Diyos ay tinatawag na__________papuri. Ang papuri na walang partikularidad ay tinatawag na___________papuri.

8. Ipinakita ng mga propeta na ang______________ng mensahe ng Diyos ay pagsamba.

9. Ibigay ang tatlong aspeto ng pagsamba ayon sa mensahe ng mga propeta.

10. Ibigay ang dalawang panganib ng di-balanseng pagsamba.

11. Isulat ang Mikas 6:6-8 gamit ang memorya.

## ARALIN 4

# PAGSAMBA SA BAGONG TIPAN

### MGA LAYUNIN NG ARALIN

1. Unawain kung paano tinupad ni Jesus ang pagsamba.
2. Kilalanin ang huwad na pagsamba gamit ang aklat ng mga ebanghelyo, Gawa, at Pahayag.
3. Gumawa ng personal na pagtatalaga sa pagsamba at ebanghelismo.
4. Alamin ang mga pangunahing sangkap ng pagsamba na mayroon sa sinaunang Iglesia gamit ang mga liham ng mga apostol.
5. Maranasan ang pagsambang nakatuon sa Diyos.

## PAGHAHANDA SA ARALING ITO

*Isaulo ang* Roma 12*:1-2*

## PAMBUNGAD

Ang mga pastor na sina James, Enoch, Gideon, at Jason ay muling nagkita-kita upang talakayin ang kanilang mga pinag-usapan tungkol sa pagsamba ayon sa Lumang Tipan.

Si James na higit na pumapanig sa tradisyunal na paraan ng pagsamba ay nagsabi, "Sa palagay ko'y pinapatunayan ng Lumang Tipan na

**"Ang pagsamba ang siyang pinakamataas at ang natatanging kailangan gawin ng Iglesia. Kapag ang lahat ng gampanin ng Iglesia dito sa lupa ay lumipas na, ang pagsamba lang ang magpapatuloy sa kalangitan."**

**W. Nicholls**

ang pagsambang ginagawa namin sa aming simbahan ay tama. Ang pagsamba sa Templo ay pormal at organisado. Iyan ang aming pinagsusumikapang tularan."

Natawa si Enoch, "Oo, pero hindi mo ba nabasa ang sinabi ng mga propeta? Ang pormal na pagsamba sa Templo ay walang kabuluhan. Ang pagsambang nakalulugod sa Diyos ay nagmumula sa puso. At iyan mismo ang ginagawa namin sa aming kontemporaryong estilo ng pagsamba; inaabot namin ang puso ng bagong henerasyon."

Sa pagkadismaya, nasabi ni Gideon, "Hindi pa rin tayo nagkakaroon ng nagkakaisang pananaw simula ng pinag-aralan natin ang paksa ng pagsamba. Bakit kasi hindi na lang sinabi ng Diyos, "Ito ang paraan kung paano ninyo ako dapat sambahin!"

Sumagot si Jason, "Huwag tayong mawalan ng pag-asa. Tayo ay mga mananampalataya ng Bagong Tipan. Marahil, mayroong sagot tayong matatagpuan sa Bagong Tipan. Pag-aralan natin ito at tingnan ang kanyang sinasabi."

» Paano ba nagbago ang pagsamba sa Bagong Tipan? Paanong ang panambahan ng sinaunang Iglesia ay naiiba sa panambahan sa Tabernakulo at Templo? Ibahagi ang iyong nalalaman tungkol sa panambahang mayroon sa Bagong Tipan.

## ANG AKLAT NG MGA EBANGHELYO: ANG PAGSAMBA AY NATUPAD KAY JESU-CRISTO

Kalahati ng mga paglitaw sa Bagong Tipan ng salitang *pagsamba* ay nasa mga Ebanghelyo. Ipinapakita rito na si Jesus ang Siyang ganap na katuparan ng pagsamba. Tinupad Niya ang pagsamba sa dalawang kaparaanann.

1. Sa Kanyang pagkatao, naging huwaran si Jesus ng pagsamba.
2. Sa Kanyang pagkaDiyos, si Jesus ay sinamba.

### Sa Kanyang Pagkatao, si Jesus ay naging Dakilang Huwaran ng Pagsamba

Ipinamuhay ni Jesus ang huwaran ng tunay na pagsamba. Sinabi Niya sa babaeng Samaritana na ang Diyos ay naghahanap ng mga mananambahang sumasamba sa espiritu at katotohanan (Juan 4:24). Sa Kanyang sariling gawi ng pagsamba (gaya ng pagbabasa ng Biblia, pananalangin, pagdalo sa sinagoga at Templo), ipinakita ni Jesus kung ano ang ibig sabihin ng pagsamba sa espiritu at katotohanan.

### Kinaluluguran ni Jesus ang Lugar-Panambahan

Sa aklat ng ebanghelyo ni Lukas, ipinakita niya ang kasiyahan ni Jesus sa lugar ng pagsamba. Kahit noong Siya'y bata pa lang, alam na ni Jesus na ang Templo ay bahay ng Kanyang Ama (Lukas 2:41-49). Masigasig Siya para sa kadalisayan ng pagsamba sa Templo; dalawang ulit Niyang itinaboy ang mga taong umaabuso rito.[22]

Sa pagsimula ng Kanyang publikong ministeryo, si Jesus ay pumunta sa isang sinagoga sa Nazareth sa araw ng Sabbath, ayon na rin sa Kanyang kinagawian (Lukas 4:16). Sa buong panahon ng ministeryo ni Jesus sa lupa, Siya'y madalas bumisita sa mga sinagoga.

### Tinanggihan ni Jesus ang pagsamba sa sinumang tao o alinmang bagay, kundi ang Diyos lamang.

Noong Siya'y nasa ilang, tinanggihan ni Jesus ang tukso ng Diyablo hinggil sa huwad na pagsamba.

» Basahin ang Mateo 4:9-10.

Ang tuksong sambahin ang isang nilalang sa halip na ang Maylalang ay laging paksa na mababasa sa Banal na Kasulatan. Ito ang ugat ng idolatria sa Lumang Tipan. Sa aklat ng Pahayag ay ipinakita ang pagkakaiba ng pagsamba sa dragon at halimaw, kumpara sa pagsamba sa Diyos at sa Kordero. Tinanggihan ni Jesus na sambahin ang isang nilalang.[23]

### Kaugalian ni Jesus na laging manalangin.

Mahalaga ang panalangin sa buong panahon ng ministeryo ni Jesus. Labing limang beses na naiulat sa aklat ng mga Ebanghelyo na si Jesus ay nanalangin. Sa ilang mga okasyon, Siya ay nanalangin ng magdamag at mag-isa sa Kanyang Ama. Bago Niya hirangin ang labin-dalawang apostol, Siya'y gumugol muna ng magdamag sa panalangin (Lukas 6:12). Sa Kanyang huling sandali sa piling ng Kanyang mga alagad, Siya'y nanalangin para sa kanila at para sa lahat na mananampalataya sa Kanya (Juan 17). Bago Niya dadanasin ang krus, pumunta Siya sa Gethsemane upang manalangin (Mateo 26:36-42). Ang panalangin ay mahalaga sa buhay-pagsamba ni Jesus.

### Ipinaliwanag ni Jesus ang tunay na pagsamba.

Dagdag sa Kanyang pagiging huwaran sa gawi ng pagsamba, madalas ring magturo si Jesus tungkol sa pagsamba. Tinuruan Niya ang babaeng Samaritana tungkol sa tunay na pagsamba.

---

22 Sa Juan 2:13-16 ay mababasa ang unang paglilinis sa Templo. Sa Mateo 21:12-27, Marcos 11:15-17, at Lukas 19:45-46 ay mababasa ang ikalawang paglilinis sa Templo na naganap sa huling bahagi ng ministeryo ni Jesus dito sa lupa.

23 Si Jesus ay hindi katulad ng mga taong tinutukoy sa Roma 1:25.

Nagbigay Siya ng modelo para sa pagdarasal ng Kanyang mga alagad, at gumamit Siya ng mga talinghaga sa pagtuturo ng panalangin (Lukas 11:5-8; Lukas 18:1-14).

» Basahin ang Lukas 11:1-4.

Ipinapakita ng modelo ng pananalangin ni Jesus na ang pagdarasal ay dapat na mula sa puso ng pagsamba. Ang panalangin ay nagsisimula sa katagang, "Sambahin nawa ang ngalan Mo." Ang pagsamba ay pagbibigay ng karangalan. Sa panalangin, kinikilala natin ang kabanalan ng Diyos.

### Sinaway ni Jesus ang huwad na pagsamba.

Kung ang tunay na pagsamba ay sa espiritu at katotohanan, ang huwad na pagsamba ay anumang bagay na taliwas rito. Hindi kinalugdan ni Jesus ang:

**1. Mapagpaimbabaw o Hipokritong pagsamba**

Sa Sermon sa Bundok, nagbabala si Jesus na posibleng gawin ang mga tamang bagay ngunit dahil sa mga maling dahilan. Ang pagbibigay sa mga mahihirap, ang pananalangin, at pag-aayuno ay mga aspeto ng pagsamba. Subalit nagbabala si Jesus sa mga gumagawa nito na ang layunin ay pahangain ang iba; sila'y mga mapagpaimbabaw o hipokrito (Mateo 6:1-18). Ang pagsamba ng tunay na mananambahan ay mula sa hangaring sambahin ang Diyos lamang.

Sa Mateo 23, hinatulan ni Jesus ang mga relihiyosong pinuno na nagtuturo ng mga tamang bagay tungkol sa pagsamba, subalit ang puso'y malayo sa Diyos. Ayon kay Jesus, tama ang kanilang tinuturo, subalit may mali sa kanilang puso; sila'y mga mapagpaimbabaw.

**2. Legalistikong Pagsamba**

Mapanganib ang hipokritong pagsamba; ito ay pagsamba na ang layunin ay magpasikat sa mga tao sa halip na magbigay lugod sa Diyos. Mapanganib din ang legalismo; ito ay pagsamba na ang layunin ay makamtan ang pabor ng Diyos sa pamamagitan ng pagtupad sa mga hinihinging tuntunin. Kung ang layunin natinay makuha ang pabor ng Diyos sa pamamagitan ng ating pagsamba, nawawala natin ang realidad ng tunay na pagsamba. Kapag ganito ang mangyayari, ang pagsamba ay magiging sariling pagsisikap na makamit ang biyaya ng Diyos, sa halip na pagdiriwang sa Kanyang kabutihan.

Nasaktan ang kalooban ng mga relihiyosong pinuno ng nilabag ni Jesus ang kanilang mga tradisyon.[24] Subalit, hindi naman nilabag ni Jesus ang kautusan o kahit ang diwa ng kautusan; ang nilabag Niya'y ang tradisyon na itinatag ng mga legalistikong Pariseo. Para sa mga Pariseo, ang kanilang tradisyon ay kasinghalaga ng kautusan. Naniniwala sila na

24 Mateo 12:1-14, Lukas 13:10-17, at Juan 5:8-18 at iba pa.

sa pamamagitan ng pagtupad sa kautusan ay makakamtan nila sa Diyos ang biyaya at pagpapala. Ito ang kahulugan ng legalismo: ang pagtatangkang kamtan ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagtupad sa mga tuntunin. Mariing itinakwil ni Jesus ang legalismo at pagiging hipokrito.

## Sa Kanyang PagkaDiyos, si Jesus ay Sinasamba

Matapos ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, **si Jesus ay naupo sa kanan ng Diyos at tumatanggap roon ng pagsambang nauukol sa Kanya** (Pahayag 5:12-14). Sinabi ni Pablo ang maluwalhatiang kalagayan na ito ni Jesus sa Filipos 2. Dahil sa si Jesus ay kusang-loob na nagpakumbaba, Siya ngayon ay itinaas na dakila at sinasamba.

> Kaya siya naman ay itinaas ng Diyos, at siya'y binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan; upang sa pangalan ni Jesus ay lumuhod ang bawat tuhod, sa langit at sa lupa, at sa ilalim ng lupa, at ipahayag ng bawat dila na si Jesu-Cristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama (Filipos 2:9-11).

Sa Mateo 18:20, si Jesus ay nagpatotoo na Siya ay karapat-dapat na sambahin. Sa tradisyon ng mga Judio, 10 miyembrong kalalakihan ang kinakailangan upang magkaroon ng pagkakatipon ng panalangin at pagsamba sa sinagoga. Subalit wika ni Jesus, “Sapagkat kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila.” Sa Iglesia, **ang presensya ni Jesus, hindi ang dami ng mga taong nagkakatipon ang siyang nagdidikta ng pagsamba**.

Sa pamamagitan ng Kanyang mga ipinamalas na mga himala sa harapan ng maraming tao, ipinakita ni Jesus na karapat-dapat Siyang sambahin. Nang makita ng mga tao ang Kanyang mga himala, **sila ay nagpuri sa Diyos**, isang kilos ng pagsamba. Nang makita ng taong bayan ang Kanyang mga pagpapagaling, lahat sila ay namangha (Marcos 1:23-27).

Sa Kanyang huling hapunan sa piling ng Kanyang mga disipulo, nakisalo si Jesus sa pagdiriwang ng Paskuwa. At bagamat ang pagdiriwang na ito ay mayroong tradisyunal na kahulugan sa mga Judio, subalit binigyan ito ni Jesus ng bagong kahulugan. Wika Niya, ang tinapay ay sumasagisag sa “aking katawan na ibinibigay dahil sa inyo.” Ang kopa ay sumasagisag sa “bagong tipan sa aking dugo” (Lukas 22:19-20).

» Basahin ang Lukas 22:13-20.

Iniutos Niya na gawin ito bilang pag-alaala sa Kanya. **Ang Hapunan ng Panginoon ay nakatuon kay Cristo na Siyang ganap na katuparan ng Paskuwa**.

## BIBLIKAL NA PAGSAMBA SA KASALUKUYAN

Sinaway ni Jesus ang huwad na pagsamba. Ang Kanyang halimbawa sa tunay na pagsamba ay nagtuturo na ang pagsamba ay dapat na maging tapat, hindi pakitang tao. Ang tunay na pagsamba ay nakatuon sa pagbibigay lugod sa Diyos, hindi sa pagbibigay lugod sa mga tao.

Ito ay palagiang tukso sa mga namumuno sa simbahan. Dahil ang pangangaral at pangunguna sa pagsamba ay ginagawa sa mata ng publiko, maaari tayong matukso na gawin ito bilang pagpapakitang gilas, sa halip na pagsamba sa Diyos. Kaya kapag tayo'y nakatuon sa mga nakatinging tao, sa halip na parangalan ang Diyos, tayo ay nagpapakitang gilas sa halip na sumasamba.

Ano ang tukso sa isang pinuno na maglalagay sa kanya sa huwad na pagsamba?

- Ang pagpili ng isang talata na sikat sa panlasa ng mga makikinig
- Ang panalangin na higit na nangungusap sa mga nakikinig sa halip na sa Diyos
- Ang pagkakaloob na tumatawag ng pansin sa kung sino ang nagbigay
- Musikang humahatak ng papuri para sa musikero sa halip na sa Diyos

**Ang katuruan at halimbawa ni Jesus ay nagpapaalala sa atin na ang tunay na pagsamba ay nauukol lang sa Diyos**. Ang pagsamba ay tungkol sa Diyos, hindi tungkol sa atin.

### PAGSUSURI

Itanong sa sarili, "Sino ba ang napaparangalan sa aking pamumuno sa pagsamba? Ako ba ay nangangaral, umaawit, nananalangin, at nagkakaloob ng para sa kaluwalhatian ng Diyos, o ito'y para makilala ako? Ako ba talaga ay tunay na sumasamba?"

## MGA GAWA: PAGSAMBA AT EBANGHELISMO

Ang pagsamba ay malapit na nakaugnay sa ebanghelismo. Ang mga di-mananampalataya ay nagiging mananambahan kapag napakinggan at tumutugon sila sa ebanghelyo. Ipinapakita sa aklat ng mga Gawa ang ugnayan sa pagitan ng pagsamba at ebanghelismo.


Ipinapakita sa Isaias 6:8 na ang pagsamba ay magbubunga ng ebanghelismo. Si Isaias, habang nasa panambahan ay nagsabi, "Narito ako, suguin Mo ako." Kapag tayo ay tunay na sumasamba, nagkakaroon tayo ng sigasig na magbahagi ng ebanghelyo. Sa pagsamba,

nakikita natin ang Diyos at sa pamamagitan ng Kanyang paningin ay nakikita natin ang tunay na pangangailangan ng ating lipunan. Ang pagsamba ay humuhubog ng mga magiging ebanghelista.

Ang pagsamba ay nagbibigay inspirasyon sa Iglesia na magbahagi ng ebanghelyo. At habang inaakay ng Iglesia ang mga di-mananampalataya tungo kay Cristo, nagkakaroon rin ng mga bagong mananampalataya na magiging mga mananambahan. Ang mga bagong mananambahan na ito ay magkakaroon rin ng sigla na ibahagi ang ebanghelyo.

Matatagpuan natin sa aklat ng mga Gawa ang daloy ng ganitong proseso. Matapos na mangaral si Pablo sa mga taga-Efeso, ang mga tao ay tumalikod mula kay Diana at mula sa pagsamba sa mga diyus-diyusang gawa ng kamay. Sila'y lumapit sa tunay na Diyos (Gawa 19:26-27). Kapag ipinapangaral natin si Cristo, may mga bagong mananampalataya na naaakay sa Kaharian ng Diyos; sila'y nagiging mga bagong mananambahan. Ang ebanghelismo ay lumilikha ng mga bagong mananambahan.

## Ang Tunay na Pagsamba ay Nag-uudyok sa ating Ibahagi ang Ebanghelyo




Ang aklat ng mga Gawa ay nagsimula sa tagpo na ang mga alagad ay sumasamba. Sila ay nagkaisang italaga ang mga sarili sa pananalangin (Gawa 1:14). Ang aklat ay nagtapos sa tagpo na si Pablo ay nagbabahagi ng ebanghelyo sa Roma; kanyang "ipinangangaral ang kaharian ng Diyos at itinuturo ang mga bagay na tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo, na may buong katapangan at walang sagabal" (Gawa 28:31).

Ang pagsamba ng sinaunang mga Kristiyano ay naghatid sa kanila sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Ang panawagan kina Pablo at Barnabas ay naganap sa kalagayan ng pagsamba.

> Samantalang sila'y sumasamba sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Espiritu Santo, "Ibukod ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo sa gawaing itinawag ko sa kanila." Nang magkagayon, nang sila'y makapag-ayuno na at makapanalangin at maipatong ang mga kamay nila sa kanila, ay kanilang pinahayo sila (Gawa 13:2-3).

Ang tunay na pagsamba ay nagbibigay inspirasyon sa ebanghelismo.

## Ang Mabisang Ebanghelismo ay Lumilikha ng mga Bagong Mananambahan

Sa buong aklat ng mga Gawa, ang mga alagad ay laging matatagpuang nasa panambahan. Noong araw ng Pentecostes, 3,000 mga tao ang naligtas. Ang mga bagong mananampalataya na ito ay naging mga bagong mananambahan. Kanilang itinalaga ang kanilang mga sarili sa katuruan ng mga Apostol at sa pagtitipon, sa pagpipira-piraso ng tinapay, at pananalangin kasama ang Kapatiran (Gawa 2:42).

» Basahin ang Gawa 2:42-46 upang makita ang larawan ng panambahan sa sinaunang Iglesia.

Ang mga Kristiyanong Judio ay nagpatuloy sa kanilang pananambahan sa Templo. [25] Gayundin na, sila at ang mga naakay na Hentil ay sama-samang nagkakatipon rin sa sinagoga upang sumamba. Karamihan sa mga lungsod na pinuntahan ni Pablo, ang kanyang ministeryo ay sa sinagoga nagsimula at doo'y papatunayan na si Jesus ang katuparan ng mga pangako sa Lumang Tipan.[26] Ang panambahan ay idinaos rin sa kabahayan ng Kapatiran. Bahay-bahay nilang ginawa ang pagkakapatiran at pagsamba (Gawa 2:46). Sa mga liham ni Pablo ay may mga mababasa tayong pagbati sa mga simbahang idinaraos sa kabahayan ng mga kapatiran.[27] Ang paghayo at pagbabahagi ng ebanghelyo ng sinaunang Iglesia ay lumikha ng bagong komunidad ng mga mananambahan.

## Ebanghelismo sa Mars Hill

Ang mensahe ni Pablo sa Mars Hill ay isang klasikong teksto na nagpapakita ng ugnayan ng ebanghelismo at pagsamba (Gawa 17:16-34). Hinarap ni Pablo sa Athenas ang isang kultura na lango sa idolatria. Dito'y ipinahayag ni Pablo ang matinding pagkakaiba ng huwad na pagsamba sa mga idolo at sa tunay na pagsamba kay Yahweh.

### Ang mga taga-Athenas ay sobrang relihiyoso (Gawa 17:22)

Ang taong-bayan sa Athenas ay mga mananambahan, subalit hindi sila sumasamba sa tunay na Diyos. Ang kanilang pagsamba ay huwad. Kaya nga, patunay ito na ang pagsamba sa kanyang sarili lang ay hindi sapat, ito'y dapat na nakatuon sa tunay na pag-uukulan nito.

### Ang mga taga-Athenas ay mangmang na mga mananambahan (Gawa 17:23).

Hindi nila kilala kung sino ang kanilang sinasamba. Subalit ipinahayag ni Pablo ang tunay na Panginoon na dapat nilang hanapin. Ipinangaral niya na ang Diyos ang Siyang naglagay

25 Gawa 2:46, Gawa 3:1, 11-26; Gawa 4:2, Gawa 5:12, 42

26 Gawa 13:14-15, Gawa 14:1, Gawa 17:1, 10; Gawa 18:4, 19; Gawa 19:8

27 Roma 16:5, 1 Corinto 16:19, Colosas 4:15, Filemon 1:2

ng pakiramdam sa mga bansa na Siya'y hanapin. Ngunit ang ginamit na kataga rito ni Pablo ay nangangahulugan ng pag-aapuhap o paghahanap sa dilim. Gayunpaman, ang pangangailangan ng puso ng tao sa Diyos ay nagbibigay sa atin ng pinto ng pagkakataon upang maibahagi ang ebanghelyo.

### Ang mga taga-Athenas ay sumasamba sa mga di sapat at ganap na diyos.

Ang pagsamba kay Yahweh ay hindi nakasalalay sa kamay ng tao, na para bang kailangan Niya ang sinuman. Bagkus, Siya ang Diyos na nagkakaloob sa sangkatauhan ng kanilang buhay, hininga, at lahat na kinakailangan (Gawa 17:25). Ang pagsamba ng mga taga-Athenas ay huwad sapagkat ang kanilang diyos ay di sapat at ganap. Subalit ang tunay na Diyos ay nagbibigay buhay sa lahat; hindi Siya nangangailangan ng anuman o sinuman. Sinasamba natin ang Diyos hindi dahil kailangan Niya ang ating pagsamba kundi dahil karapat-dapat Siya.

Binigyan ni Pablo ng malaking pagkakaiba ang mga diyus-diyusan sa tunay na Diyos.

1. **Ang tunay na Diyos ay Manlilikha.** Siya "ang Diyos na gumawa ng sanlibutan at ng lahat ng mga bagay na naririto…Siya ang Panginoon ng langit at lupa" (Gawa 17:24). Di tulad ng mga idolong gawa lamang ng mga kamay ng tao, ang Diyos ang Siyang lumikha sa tao. Hindi Siya tulad ng paganong diyus-diyusan; (Gawa 17:18) Siya ang Manlilikha ng lahat ng bagay.

2. **Ang tunay na Diyos ay malapit.** Hindi Siya malayo sa bawat isa sa atin (Gawa 17:27). Bagamat Siya ay kataas-taasan, pumasok Siya sa ating mundo at laging malapit sa Kanyang mga mananambahan.

3. **Hahatulan ng tunay na Diyos ang mga tumatangging magbalik-loob sa Kanya** (Gawa 17:30-31). Ang pagsambang nasa diwa ng katotohanan ay kumikilala sa katarungan ng Diyos na hindi magpapalampas ng mga mapaghimagsik sa Kanya. Sa pagsamba, tayo ay nagpapasakop sa isang soberanong Diyos.

4. **Binuhay ng Diyos si Jesus mula sa mga patay upang ipakita na si Jesus ay karapat-dapat sa ating pagsamba** (Gawa 17:31). Kusang-loob ang ginawang pagpapakumbaba ni Jesus kahit sa Kanyang kamatayan. Subalit ngayo'y matayog Siyang itinaas ng Diyos Ama "upang sa pangalan ni Jesus ay lumuhod ang bawat tuhod, sa langit at sa lupa, at sa ilalim ng lupa, at ipahayag ng bawat dila na si Jesu-Cristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama" (Filipos 2:10-11).

Ang pangangaral ni Pablo sa mga taga-Athenas ay isang pagharap at pagbangga sa mga huwad na pagsamba. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo ng tunay na pagsamba sa Diyos na si Yahweh. Minsan pa, ang ebanghelismo ay lumilikha ng mga bagong mananambahan.

## PANGANIB SA PAGSAMBA: PAGSAMBANG WALANG EBANGHELISMO

Maraming simbahan ang ginagawang hiwalay ang pagsamba mula sa misyon at ebanghelismo. May mga simbahang nagsasabi, "Masigasig kami sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Ang sigasig namin ay sa pag-akay ng mga ligaw na kaluluwa." Madalas na ang mga ganitong simbahan ay hindi nagbibigay pansin sa pagsamba sapagkat nakikita nila ang sarili na ebanghelistikong simbahan. Samantala, sinasabi rin ng ibang mga simbahan, "Naniniwala kami na ang pangunahing layunin ng Iglesia ay pagsamba. Maaaring gawin ng iba ang ebanghelismo, subalit layunin ng aming simbahan ang sumamba."

Ang aklat ng mga Gawa ay nagpapakita na ang Iglesia ay dapat na nakatalagang parehas sa pagsamba **at** sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Ang tunay na pagsamba ay magpapasigla sa atin na ibahagi ang Mabuting Balita. Ang mabisang ebanghelismo ay lilikha ng bagong mga mananambahan.

Hindi natin dapat ihiwalay ang pagsamba sa ebanghelismo. Ang pagsambang hindi nagpapasigla ng pagbabahagi ng ebanghelyo ay tiyak na hahantong sa pagsambang nakatuon sa sarili at bunsod lamang ng sariling inspirasyon. At sa kabilang banda, ang ebanghelismo na hindi humahantong sa pagsamba ay magbubunga ng mga Kristiyanong may mababaw na pananaw sa Diyos.

Sa biblikal na pagsamba, nagkakaroon tayo ng sariwang sigasig at sigla na ibahagi ang ebanghelyo. Tulad ni Isaias, ang ating pananaw sa Diyos ay may kalakip na kaalaman sa tunay na pangangailangan ng ating lipunan. Tulad ni Isaias, ang ating taus-pusong pagsamba sa Diyos ay uudyok sa atin na sabihin, "Narito ako! Suguin mo ako!"

### PAGSUSURI

Itanong sa sarili, "Pinapasigla ba ako ng pagsamba na ibahagi ang ebanghelyo sa mga di-mananampalataya? Mayroon ba akong maalab na pagnanasang maghatid ng mga bagong mananambahan sa Diyos?"

## ANG MGA LIHAM: ANG PAGSAMBA NG SINAUNANG IGLESIA

Hindi tulad ng Lumang Tipan na may partikular na mga tuntunin sa panambahan ng mga Judio, ang Bagong Tipan ay nagbibigay lamang ng ilang tuntunin tungkol sa buhay-pagsamba ng Iglesia.[28] Wala tayong mababasang kumpletong paglalarawan sa kung ano ang pananambahan sa Bagong Tipan. Gayunpaman, ang mga Liham nito ay kakikitaan ng mga sangkap sa panambahan ng sinaunang mga Kristiyano.

### Pagbabasa ng Kasulatan

Ang pagbabasa ng Kasulatan ay mahalagang sangkap sa panambahan ng sinaunang Iglesia. Sa Colosas 4:16 at 1 Tesalonika 5:27 ay mababasa ang utos na basahin sa publiko ang mga liham ni Pablo. Sa 1 Timoteo 4:13, ipinaalala ni Pablo kay Timoteo na magbigay ng pansin sa pagbabasa ng Banal na Kasulatan sa publiko.

Mungkahi rin sa Colosas 3:16 ang halaga ng pagbabasa ng Kasulatan. Sinasabi rito na "Manirahan nawang sagana sa inyo ang salita ni Cristo…ayon sa lahat ng karunungan." Ipinakita naman ng salmista na ang mapalad na tao ay siyang nalulugod at nagbubulay sa Kautusan ng Diyos (Awit 1:2). Sa madaling salita, ang ating publikong panambahan ay dapat na kakitaan ng mataas na pagpapahalaga sa Banal na Kasulatan.

### Pangangaral ng Salita

Kaalinsabay sa pagbabasa ng Banal na Kasulatan, tungkulin ng isang pinuno ng simbahan na ipangaral ang Salita ng Diyos (2 Timoteo 4:1-4, Tito 2:15). Mula pa sa panahon ni Ezra, ang mga eskriba ang siyang nagpapaliwanag ng Kasulatan para sa mga tao. Binabasang malinaw nina Ezra at ng kanyang mga kasamahan ang aklat ng Kautusan ng Diyos, at ipinapaliwanag ang mga ito, para maunawaan ng taong-bayan ang kanilang napakinggan (Nehemias 8:8). Ipinagpatuloy sa mga sinagoga ng Judio ang ganitong kaugalian (Gawa

---

28 Karamihang nabanggit rito ay hango sa turo nina Franklin M. Segler at Randall Bradely, sa kanilang libro na *Christian Worship: Its Theology and Practice.* (Nashville: B&H Publishing, 2006), Chapter 2.

13:14-15). Ang pagbibigay ng maayos na paliwanag sa Kasulatan ang siyang pundasyon ng pangangaral sa sinaunang Iglesia.

Ang mga sermon sa aklat ng mga Gawa ay nagpapakita ng nilalaman ng pangangaral noong sinaunang Iglesia.[29] Ilan sa mga mahahalagang paksa na nakapaloob sa kanilang mga sermon ay ang mga sumusunod:

- Si Jesus ang Siyang katuparan ng mga propesiya sa Lumang Tipan.
- Si Jesus ay gumawa ng mga tanda at kababalaghan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.
- Si Jesus ay ipinako sa krus at muling nabuhay mula sa mga patay.
- Si Jesus ay kataas-taasan at Panginoon.
- Ang mga nakikinig ay dapat na magsisi sa kanilang mga kasalanan at magpabautismo.

## Publikong Panalangin

Ang publikong panalangin ay isang mahalagang sangkap sa panambahan ng sinaunang Kristiyano (1 Timoteo 2:1-3). Maraming iskolar ang naniniwala na ang mga isinulat na panalangin ni Pablo sa kanyang liham ay ginamit sa publikong panambahan. Ang "Amen" ng kongregasyon ay nagpapahiwatig ng kanilang pagsang-ayon sa panalangin.[30]

## Awitin

Ang pag-awit ay mahalaga sa panambahan sa Templo at nagpatuloy sa gampaning ito sa pagsamba ng sinaunang Iglesia. Kaalinsabay sa mga Salmo na hango sa panambahan ng mga Judio, ang mga Kristiyano ay mayroong panibagong himno na nagbibigay papuri kay Jesus bilang Mesiyas. Ito ay ipinapahiwatig sa Efeso 5:19 at Colossas 3:16. Itinuturing ng mga iskolar ng Biblia na ang Filipos 2:5-11 ay isang sinunang himno ng mga Kristiyano. Gayundin ang awit ni Maria sa Lukas 1:46-55 at ang panalangin ni Simeon sa Lukas 2:29-32 32 ay maaaring inaawit sa mga panambahang serbisyo.

## Paghahandog

Sa ilang okasyon, ang paghahandog ay bahagi ng publikong pagsamba. Matutunghayan sa 1 Corinto 16:2 at 2 Corinto 9:6-13 ang alintuntuning bigay sa Iglesia sa Corinto hinggil sa paglikom ng mga handog na itutulong para sa mga naghihirap na Kristiyano sa Jerusalem.

29 Ang mga mahahalagang sermon sa aklat ng mga Gawa ay matatagpuan sa Gawa 2, 7, 10, 17.

30 Ang 1 Corinto 14:16 ay nakabatay sa ganitong kinagawian.

## Bautismo at Hapunan ng Panginoon

Ang ordinansiya ng bautismo at ng Hapunan ng Panginoon ay bahagi ng panambahang Kristiyano. Sumulat si Pablo ng pagtutuwid sa abusong ginawa ng mga taga-Corinto hinggil sa pagdiriwang ng Hapunan ng Panginoon. Sa halip na ito'y maging paggunita sa sakripisyo ni Cristo, ito'y tila naging pistahan. Nagbabala si Pablo sa kahalagahan ng Hapunan ng Panginoon. Ang komunyon ay paggunita ng isang Kristiyano sa isang napakabanal na pangyayari; hindi ito dapat maliitin at paglaruan.[31]

Maliban sa mga nabanggit na sangkap ng pagsamba, wala na tayong iba pang alam hinggil sa panambahan ng sinaunang Kristiyano. Ang mga liham ng mga Apostol sa Bagong Tipan ay walang ibinibigay na malinaw at partikular na ayos at lugar ng publikong panambahan ng sinaunang Iglesia. At dahil sa iba't ibang relihiyoso at kultura na pumapalibot sa sinaunang Iglesia, maaaring ang publikong panambahan ay may pagkakaiba batay sa lugar na kanilang kinalalagyan. Ang panambahan ng mga Kristiyanong Judio ay maaaring may pagkakahawig pa rin sa panambahan sa sinagoga. Subalit ang mga Kristiyanong Hentil na hindi pamilyar sa gawi ng mga Judio ay maaaring may ibang pamamaraan ng pagsamba. Gayunpaman, nananatiling malinaw na ang panambahan ng sinaunang Iglesia ay bininigyang diin sa Banal ang Kasulatan at sa pangangaral at pagtuturo ng Salita ng Diyos.

## BIBLIKAL NA PAGSAMBA SA KASALUKUYAN

Sa maraming simbahan, ang pagbabasa ng Biblia sa publiko ay tila madalang na. Karaniwan na lamang ngayon sa mga ebanghelikal na simbahan na magbasa ng ilang mga talata sa oras ng panambahan. Subalit, ang Banal na Kasulatan ay dapat na maging prayoridad natin sa pagsamba. Sa pamamagitan ng mga awiting nakabatay sa Biblia, pagbabasa ng Biblia, at sermon na may maingat na pagpapaliwanag sa Biblia, tayo ay makikilala bilang "komunidad na maka-Biblia." Dapat nating panatilihin ang Biblia na sentro ng ating panambahan.

### PAGSUSURI

Itanong sa sarili, "Ang akin bang pagsamba ay kinapapalooban ng mga sangkap na matatagpuan sa panambahan ng sinaunang Iglesia?"

31 Mateo 28:18-20, Gawa 2:38-41, 1 Corinto 11:20-34

## ANG AKLAT NG PAHAYAG: PAGSAMBA BILANG ADORASYON

Ang paksa ng pagsamba ay sentro na mensahe sa aklat ng Pahayag.

- Si Juan ay nasa Espiritu ng marinig niya ang tinig ng Alpha at Omega sa araw ng Panginoon (Pahayag 1:10).
- Isa sa pangunahing paksa ng aklat ng Pahayag ay ang pagbibigay ng malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga mananambahan ni Yahweh at ng mga mananambahan ng halimaw.
- Ang aklat ng Pahayag ay makikita ang pangako na susupilin ng Diyos ang Kanyang mga kaaway at ang lahat ng bansa ay lalapit at sasamba as Kanya (Pahayag 15:4).

> **“Ganapin Mo ng lubos ang Iyong bagong nilalang,**
> **Gawing dalisay at walang kakulangan;**
> **Hayaang aming mamasdan ang dakilang kaligtasan; ang perpektong pagkaka-ugnay sa Iyo lamang:**
> **Pagbabago nami'y mula sa kaluwalhatian tungo sa luwalhati,**
> **Hanggang kami ay makarating sa langit. Doo'y puspos ng pagkamangha, pagsinta, at papuri kaming magpapatirapa, taglay ang mga awitin at koronang Ikaw ang dinadakila.”**
>
> **Charles Wesley**

Para maunawaan ang pagsamba sa Pahayag, makakakatulong sa ating maunawaan ito kung ating susuriin ang historikal na tagpo ng aklat ng Pahayag. Noong panahong iyon, ang mga Kristiyano ay humaharap sa dalawang magkalabang pahayag. Una, nananalig sila na si Jesu-Cristo ay Panginoon (Filipos 2:11). Ang pagsampalataya kay Cristo ay nangangahulugan ng pagtatalaga ng buhay sa ilalim ng Kanyang kapamahalaan at pagka-Panginoon. Subalit sa kabilang banda, hinihingi ng emperyong Roma na ipahayag ng kanyang mga nasasakupan na si Caesar ay panginoon at diyos.

Impossible para sa mga Kristiyano na magbigay ng lubos na katapatansa sinuman maliban sa Diyos. Ang pinakaugat ng alitan sa pagitan ng Roma at ng sinaunang mga Kristiyano ay, “Sino ang karapat-dapat sa aming pagsamba?” Iyan mismo ang tagpo at kalagayan na kinapalooban ng katagang “Si Jesus ay Panginoon” sa aklat ng Pahayag. Kaya’t kahit sa gitna ng lipunan na hindi kumikilala sa kapamahalaan ni Jesus, si Jesus ay Panginoon pa rin. Siya ay karapat-dapat pa rin ng pagsamba. Ang aklat ng Pahayag ay nagbibigay sa atin ng ganitong larawan ng tunay na pagsamba.

## Ang Kaibahan ng Makalangit na Pagsamba sa Sablay na Pagsamba

Ang aklat ng Pahayag ay nagsimula sa pamamagitan ng mensahe sa pitong Iglesia sa Asia Minor. Ang Asia Minor ay lugar na katatagpuan ng malakas na paniniwala at pagsamba sa emperador. Matatagpuan sa mga lungsod nito ang mga templong itinalaga para sa emperador. Sa madaling salita, ang pagsamba sa emperador ay laganap sa buong lalawigan.

Ang mensahe sa pitong Iglesia ay nagpapakita ng kabiguan sa pagsamba ng ilang mga simbahan. Bagamat ang pitong Iglesia na nabanggit ay sumasamba sa Diyos, lima sa kanila ang sinaway ng Panginoon. Ang pagsaway ng Panginoon ay dulot ng kanilang kabiguan na sambahin ang Diyos sa nararapat na paraan.

1. **Ang kakulangan ng pagmamahal ay hadlang sa tunay na pagsamba.** Maraming nagawa na magagandang bagay ang Ephesus, subalit nakalimutan nila ang kanilang unang pagibig. Ang kawalang-gana sa pagsamba ay maaaring sinyales na nanlamig ang ating pagmamahal sa Diyos na ating sinasamba.

2. **Ang maling katuruan ay hadlang sa tunay na pagsamba.** Ang Pergamum at Thyatira ay kapwa naging mapagwalang bahala sa maling doktrina. Ang ganitong panganib ay makikita rin sa mga simbahan ngayon na higit na nagpapahalaga sa mga tinaguriang tanda at kababalaghan kaysa sa biblikal na katuruan.

3. **Ang patay na gawa ay hadlang sa tunay na pagsamba.** Ang lungsod ng Sardis ay dalawang ulit na natalo sa digmaan ng dahil sa mga tulog na mga tagapagbantay na hindi nakita ang paparating na mga kaaway.[32] Binalaan ni Juan ang simbahan sa Sardis na natutulog sapagkat ang kanyang tiwala ay nakasalig sa kanyang sariling-gawa. Ang makakatagpo ang Diyos sa pagsamba ang siyang ay gigising sa simbahan ng Sardis mula sa kanyang pagkakahimbing.

4. **Ang kakulangan ng sigasig ay hadlang sa tunay na pagsamba.** Ang Laodicea ay nagpakita ng maligamgam na diwa na madalas mangyari sa isang simbahan sa panahon ng kaginhawahan. Ang kanilang kawalang-sigla ay dulot ng kanilang kayamanan at tiwala sa sarili. Ang tunay na pagsamba ay laging magpapaalala sa atin na ang tiwala ay dapat na sa Diyos lamang.

## Ang Makalangit na Pagsamba ay Nakatuon sa Diyos

Ang Pahayag 4-5 ay nagpapakita ng makalangit na panambahan na nakatuon sa Diyos at sa Kanyang kaluwalhatian. Ang mga mananambahan sa langit ay sumasamba sa Haring Walang Hanggan at sa Korderong Muling Nabuhay.

---

32 Ito ay nangyari noong sumalakay si Cyrus taong 547 B.C. at noong sumalakay si Antiochus III taong 214 B.C

Ano kaya kapag sasabihin ng isang anghel kay Juan, “Mayroon bang bagay na maaari naming baguhin upang higit na maging komportable ang inyong panambahan?” Siyempre, wala! Ang pagsamba ay tungkol sa Diyos, hindi tungkol sa atin. Bagamat ang pagsamba ay naghahatid ng pagpapala sa mananambahan, hindi ito angpangunahing layunin ng pagsamba. Ang layunin ng pagsamba ay ang parangalan ang Diyos. Ang mga mananambahan na nakapaligid sa trono ng Diyos ay umawit ng isang himno ng papuri sa Diyos:

> “Dakila at kamangha-mangha ang iyong mga gawa, O Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Matuwid at tunay ang iyong mga daan, ikaw na Hari ng mga bansa. Sinong hindi matatakot at luluwalhati sa iyong pangalan O Panginoon, sapagkat ikaw lamang ang banal. Ang lahat ng mga bansa ay darating at sasamba sa harapan mo; sapagkat ang iyong mga matuwid na gawa ay nahayag” (Pahayag 15:3-4).

Ang makalangit na pagsamba ay nagaganap sa presensya ng Diyos. Mula ng pinalayas sa hardin sina Adan at Eba sa Hardin, ang tao ay nahiwalay sa Diyos. Subalit sa langit, ang pagsambang walang bahid ng kasalanan ay muling magaganap sa harapan ng presensya ng Diyos.

> “Masdan ninyo, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao. Siya'y maninirahang kasama nila, at sila'y magiging bayan niya. Ang Diyos mismo ay makakasama nila, at siya'y magiging Diyos nila" (Pahayag 21:3).

## Ang Makalangit na Pagsamba ay Naghahayag ng Tunay na Realidad

Noong isinulat ni Juan ang aklat ng Pahayag, siya’y ipinatapon sa isang isla sa Patmos. Samantala, ang mga Kristiyano naman sa iba’t ibang dako ng emperyong Roma ay dumaraan sa mahigpit na pang-uusig. Sa makalupang pananaw, ang kanilang kinabukasan ay tila malabo at madilim. Subalit, ang aklat ng Pahayag ay nagpakita ng makalangit na pananaw gamit ang mga kaganapan sa lupa.[33]

Dito sa lupa, isang bahagi lamang ng kasaysayan ang ating nakikita. Madalas nating isipin na ang mga bagay na nakapaligid sa atin dito ang siyang tunay at ganap na realidad. Kaya’t ang pananaw tungkol sa pagsamba at sa kalangitan ay tila malayo sa tunay na hirap na nararanasan natin dito sa daigdig. Subalit ang mga pasulyap na tagpo ng panambahan sa kalangitan na ating matatagpuan sa Pahayag 4, 5, at 15 ay nagpapakita ng isang tunay na daigdig na higit pa dito sa lupa.

Para sa mga manggagawang Kristiyano, ang aklat ng Pahayag ay naglalaman ng mga mahahalagang paalala na ang paghihirap natin sa kasalukuyang daigdig ay pansamantala lamang. Ang pagsamba ay hindi lingguhang pagtakas sa realidad; bagkus, ipinapakita ng pagsamba ang realidad na ayon sa pananaw ng Diyos. Ito ang siyang bumabago ng ating pananaw sa mundong ating ginagalawan. Sa aklat ng Pahayag, sinasabi sa atin ng Diyos, “Ang tunay na

33 Halimbawa: 6:1-7:8 ay sa lupa; 7:9-8:6 ay sa langit. 8:7-11:14 ay sa lupa; 11:15-19 ay sa langit.

anyo ng mga bagay-bagay ay di nakabatay sa panlabas na nakikita. Ang lahat ng bagay ay nasa ilalim pa rin ng aking kontrol. Hindi kailanman nagwagi si Satanas at ang kasamaan. Masdan mo ang aking ibinukas na pinto at sulyapan ang namamayaning realidad na aking ipinapakita. Ako pa rin ang Siyang nasa trono at ang naghahari sa lahat."[34]

## BIBLIKAL NA PAGSAMBA SA KASALUKUYAN

"Siya ay muling nabuhay!" "Siya ang Panginoon!" Ang mga pahayag na iyan ay sentro sa ating pagsamba. Ang muling pagkabuhay ang nagpatibay ng katotohanang si Jesus ang Panginoon (Roma 1:4).

Para sa sinaunang Iglesia, ang bawat Linggo ay pagdiriwang sa Muling Pagkabuhay; bawat Linggo ay itinuturing na Linggo ng Pagkabuhay. Ang mga Kristiyano ay hindi nag-aayuno tuwing araw ng Linggo kundi nagdiriwang.

Ang ating pagsamba ngayon ay dapat na isang pagdiriwang. Totoo na dapat na mayroong taimtim na pagdulog sa presensya ng Kataastaasang Diyos. Subalit hindi dapat mawala ang masayang pagdiriwang na si Jesus ay Panginoong Muling Nabuhay. Ang ating panambahan ay dapat na maglaan ng pagkakataon para sa pagdiriwang.

Sangkap sa pagsamba ang mga awit ng papuri at mga patotoo hinggil sa pagkilos ng biyaya ng Diyos sa buhay ng mga mananampalataya. Ang isang simbahan sa Nigeria ay puno ng pagdiriwang kapag sila'y nagbibigay ng mga handog. Batid nila ang ligayang hatid ng Muling Pagkabuhay. Kaya nga, sa pagsamba, dapat tayong maglaan ng pagkakataaon na maipagdiriwang ang tagumpay na nakamit natin sa pamamagitan ni Cristo laban sa kamatayan.

### PAGSUSURI

Itanong sa sarili, "Ang pagsamba ko ba ay pagdiriwang o pagtupad lamang sa tungkulin? Ako ba'y may galak na sumasamba, o dumadalo lang sa simbahan sapagkat tungkulin ko ito bilang Kristiyano?"

34 David Jeremiah. *Worship*. (CA: Turning Point Outreach, 1995), 72

## PAGSASABUHAY

Maglaan ng panahon na pagbulayan ang Diyos na ating sinasamba. Bulayin ang sinasabi ng Biblia tungkol sa Kanya.

| SINO ANG DIYOS AYON SA BANAL NA KASULATAN[35] | |
|---|---|
| Sa Genesis | Siya ang Manlilikha ng Sansinukob |
| Sa Exodo | Siya ang Kordero ng Paskuwa |
| Sa Levitico | Siya ang Perpektong Alay |
| Sa Bilang | Siya ang Ulap |
| Sa Deuteronomio | Siya ang Tunay na Propeta |
| Sa Josue | Siya ang Kapitan ng Hukbo ng Panginoon |
| Sa Ruth | Siya ang Kamag-anak na Manunubos |
| Sa 1 at 2 Samuel | Siya ang Propeta |
| Sa Cronika | Siya ang Makalangit na Templo |
| Sa Job | Siya ang Tagapamagitan |
| Sa Mga Awit | Siya ang Pastol |
| Sa Isaias | Siya ang Prinsipe ng Kapayapaan |
| Sa Ezekiel | Siya ang Anak ng Tao |
| Sa Hosea | Siya ang Manggagamot ng mga Tumalikod |
| Sa Haggai | Siya ang Pagnanasa ng mga Bansa |
| Sa Malakias | Siya ang Araw ng Katuwiran |
| Sa Mateo | Siya ang Ipinangakong Mesiyas |
| Sa Marcos | Siya ang Dakilang Lingkod |
| Sa Lukas | Siya ang Anak ng Tao |
| Sa Juan | Siya ang Salita |
| Sa Roma | Siya ang Nagpapawalang-Sala |
| Sa Filipos | Siya ang Ligaya |
| Sa Colosas | Siya ang Kapuspusan ng PagkaDiyos |
| Sa Hebreo | Siya ang Dakilang Punong Saserdote |
| Sa 1 at 2 Pedro | Siya ang Dakilang Pastol ng mga Kawan |
| Sa Pahayag | Siya ang Inialay na Kordero, ang Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon! |

35 Ito ay hango kay Vernon Whaley, *Called to Worship.* (Nashville: Thomas Nelson, 2009), 331-333.

## KONKLUSYON: PATOTOO NI APOSTOL JUAN

“Ang pangalan ko ay Juan. Ang buhay ko ay binago ng pagsamba. Simula noong makilala ko si Jesus ng Nazareth, ako ay naging isang mananambahan.

“Naroon ako sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo. Narinig namin roon ang tinig na mula sa langit at nasaksihan ang Kanyang kaluwalhatian habang nagpapatirapa kami at sinisidlan ng matinding takot (Mateo 17:6). Ang pagsamba namin ay di perpekto. Ang naging asal at kilos namin noong Linggo ng Kanyang Pagdurusa ay nagpapakita lang na hindi namin naunawaan ang nakita namin doon sa Bundok.

“Naroon rin ako sa bundok ng Galilea nang magpakita si Jesus sa amin matapos ang Kanyang muling pagkabuhay. Kami ay sumamba, bagamat may ilan na nag-aalinlangan (Mateo 28:17). Ang pagsamba namin ay di perpekto. Alam na namin na Siya’y muling nabuhay, subalit hindi namin nauunawaan ang kabuluhan niyon.

“Naroon rin ako na kasama ng Kapatiran sa itaas ng bahay, habang sama-sama kaming nananalangin (Gawa 1:14). Habang kami ay sumasamba, ang Banal na Espiritu ay dumating sa amin. Nang sandaling iyon, ang aming pagsamba ay naging pampasigla na ibahagi ang ebanghelyo. Humayo kami hatid ang ebanghelyo sa Jerusalem, Judea, Samaria, at sa iba’t ibang panig ng mundo.

“Habang ako ay lagalag sa Patmos, naranasan ko roon isang araw ng Linggo ang mapasa Espiritu. Narinig ko sa aking likuran ang malakas na tinig na tulad sa isang trumpeta. Iyon ang tinig ng Alpha at Omega, ang simula at ang wakas. (Pahayag 1:10-11)

“Naroon rin ako ng buksan ng Diyos ang pintuan ng langit at ipinahintulot Niyang masulyapan ko ang panambahang nagaganap sa palibot ng Kanyang trono.

“Alam kong ako ay mananahan magpakailanman sa bagong Jerusalem; isang lungsod na bababa mula sa langit (Pahayag 21:2). Sa lungsod na iyon, ang ating pagsamba ay magiging perpekto sapagkat masisilayan natin roon ng mukhaan ang ating sinasamba. Sa langit, “ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao. Siya'y maninirahang kasama nila, at sila'y magiging bayan niya. Ang Diyos mismo ay makakasama nila, at siya'y magiging Diyos nila” (Pahayag 21:3).

“Ako si Juan at malugod kong gugugulin ang walang hanggan sa pagsamba sa aking Diyos at Manunubos!”

## PAGSASABUHAY

Bago mo iwan ang araling ito, maglaan ka ng panahon upang sumamba. Basahin mo ang awit ng pagsamba sa Pahayag 4, 5, at 15, o kaya ang Awit 19. Umawit ka ng papuri sa Diyos. Manalangin ka ng may pagsamba sa Diyos. Makinig ka sa Kanya. Maglaan ka ng oras na talagang sambahin mo ang Diyos.

## TATALAKAYIN NG GRUPO

» Para sa praktikal na pagsasabuhay ng araling ito, talakayin ang mga sumusunod:

*Si Tim ay pastor ng simbahang masigasig sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Bawat buwan ay mayroong bina-bautismuhan na bagong mga miyembro. Iyon ay masayang sandali para sa simbahan.*

*Subalit, nababahala si Tim na ang simbahan ay walang tunay na pagsamba sa Panginoon. Madalas na ang pangangaral ay nakatuon sa mga di-mananampalataya at sa mga bagong akay. Alangan siyang magpa-awit ng mga himno sapagkat hindi alam ng mga baguhan ang mga awiting ito. Nababahala si Tim na ang kanyang simbahan ay lalago sa bilang subalit magiging mababaw sa espirituwalidad. Hangad niyang ituon ang simbahan sa tunay na pagsamba. Talakayin kung ano ang pwedeng gawin ni Tim upang mapanatili ang sigasig sa ebanghelismo ngunit nabibigyan pansin rin ang paglago ng simbahan sa tunay na pagsamba.*

## ARALIN 4, PAGBABALIK ARAL

1. Ipinapakita sa aklat ng mga Ebanghelyo na ang pagsamba ay natupad kay Jesu-Cristo:

    - Nagbigay si Jesus ng modelo ng pagsamba.
    - Tinanggihan ni Jesus ang tukso ng huwad na pagsamba.
    - Nagbigay halimbawa si Jesus sa kahalagahan ng panalangin.
    - Si Jesus ay sasambahin magpakailanman.

2. Ang aklat ng mga Gawa ay nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng pagsamba at ebanghelismo.

    - Ang tunay na pagsamba ay nagbibigay inspirasyon sa ebanghelismo.
    - Ang mabisang ebanghelismo ay gumagawa ng mga bagong mananambahan.
    - Ang pagsambang hindi humahantong sa ebanghelismo ay matutuon sa sarili.

3. Ang mga Liham sa Bagong Tipan ay nagpapakita ng mga mahahalagang sangkap ng pagsamba ng sinaunang Iglesia. Ang mga ito ay mga sumusunod:

    - Pagbabasa ng Kasulatan
    - Pangangaral ng Salita
    - Publikong Panalangin
    - Awitin
    - Paghahandog
    - Bautismo
    - Hapunan ng Panginoon

4. Makikita sa aklat ng Pahayag na ang pagsamba ay adorasyon sa Diyos.

    - May pagpapalang hatid ang pagsamba sa mananambahan, subalit hindi ito ang pangunahing layunin ng pagsamba.
    - Ang pangunahing layunin ng pagsamba ay ang parangalan ang Diyos.
    - Ang pagsamba sa langit ay nagpapaalala sa atin na ang mundong ating nakikita ngayon ay hindi ang ganap na realidad.

## ARALIN 4, TAKDANG ARALIN

1. Magbigay ng tatlong prinsipyong natutunan mo mula sa aralin na ito tungkol sa pagsamba. Sa bawat prinsipyo, magsulat ng isang talata na nagpapakita ng paraan kung paano ito maisasabuhay sa inyong simbahan.

2. Sa pasimula ng susunod na aralin, magkakaroon kayo ng pagsusulit batay sa araling ito. Pag-aralang mabuti ang mga tanong bilang iyong paghahanda.

## ARALIN 4, PAGSUSULIT

1. Magbigay ng tatlong paraan na isinabuhay ni Jesus ang tunay na pagsamba.

2. Ano ang ipinapaalala sa atin ng mga katuruan at halimbawa ni Jesus tungkol sa tunay na pagsamba?

3. Ano ang dalawang pangungusap na binubuod ang ugnayan ng pagsamba at ebanghelismo?

4. Paano inilarawan ang huwad na pagsamba sa Athenas, na mababasa sa Gawa 17?

5. Paano inilarawan ang tunay na Diyos sa Gawa 17?

6. Magbigay ng limang sangkap sa panambahan ng sinaunang Iglesia ayon sa sinasaad ng mga Liham sa Bagong Tipan.

7. Magbigay ng dalawang hadlang sa pagsamba na nakita sa mga simbahan sa Asia Minor.

8. Isulat ang Roma 12:1-2 gamit ang memorya.

## ARALIN 5

# ANG PAGSAMBA SA KASAYSAYAN NG IGLESIA

### MGA LAYUNIN NG ARALIN

1. Igalang ang pagkakaiba ng iba't ibang tradisyon ng pagsamba.
2. Unawain ang pagkakaiba sa pagitan ng di-nagbabagong prinsipyo sa pagsamba at nagbabagong gawi sa pagsamba.
3. Kilalanin na ang pagsamba ay sumasalamin sa ating mga theolohikal na paniniwala at umiimpluwensya sa mga ito.
4. Gamitin ang mga aral na matututuhan mula sa iba't ibang tradisyon ng pagsamba para sa kasalukuyang pagsamba.

## PAGHAHANDA SA ARALING ITO

*Isaulo ang* Awit 100*:1-5*

## PAMBUNGAD

Pinapahalagahan ni James ang tradisyunal na pagsamba. Isang araw, sa kanilang buwanang pagtitipon, si Enoch, na namumuno sa isang kontemporaryong pagsamba ay nagtanong sa kanya, "Bakit hindi mo subukan ang isang bagong paraan ng pagsamba sa inyong serbisyo?"

"Biblikal kami sa pagsamba," tugon ni James. "Kung walang utos ang Biblia tungkol sa isang partikular na gawi ng pagsamba na ayon sa ginawa ng sinaunang Iglesia, wala tayong kalayaan na dagdagan ito. Sino tayo upang baguhin ang biblikal na pagsamba? Sa aming

simbahan, umaawit lamang kami ng mga salmo. Ang mga awiting iyon ang siyang awitin ng sinaunang Iglesia; para sa amin, ito ay sapat na at mabuti!"[36]

Tugon ni Enoch, "Para bang sinasabi mo sa akin na ang kasaysayan ay huminto na sa aklat ng Pahayag. Subalit bakit natin lilimitahan ang ating mga sarili sa gawi ng pagsamba na 2,000 taon na ang tanda? Hangga't walang sinasabing pagbabawal ang Biblia tungkol sa isang gawi o paraan ng pagsamba; hangga't ang paraan na iyon ay hindi nagdudulot ng pagkakabaha-bahagi sa Iglesia, dapat nating iangkop ang ating panambahan sa pangangailangan ng ating henerasyon. Sa aking simbahan, marami kaming mga bagong awitin. Kung talagang nais ipagbawal ng Diyos ang mga bagong awitin, malinaw dapat ang pagbabawal sa mga ito sa Biblia."[37]

Praktikal ang sagot ni Jason. "Napag-aralan na natin ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pagsamba. Alam na natin ang mga prinsipyo ng pagsamba ayon sa Biblia. Kailangan nating makita kung paano isinakatuparan ng mga Kristiyano ang mga prinsipyong ito sa bawat henerasyon. Ano ba ang itsura ng pagsamba sa kasaysayan ng Iglesia?"

Naunawaan ni Jason ang isang mahalagang prinsipyo kapag tinatalakay ang pagsamba. Bagamat ang mga biblikal na prinsipyo ng pagsamba ay hindi nagbabago, bawat karanasan sa pagsamba sa Biblia ay magkakaiba. Ang detalye ng pamamaraan ay may pagkakaiba, ngunit ang mga mahahalagang elemento ng pagsamba ay hindi nagbabago. Sa nakaraang dalawang aralin ay natunghayan natin ang mga mahahalagang prinsipyo ng pagsamba; ang detalye ng pagsasagawa sa mga ito ay natuklasan nating nagbabago. Isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Si Abraham ay nasa pinto ng kanyang tolda noong siya ay sumamba. May iba na kapag binasa ito ay maaring isipin, "Ang tunay na pagsamba ay nangyayari kapag ikaw ay nasa iyong tahanan." Subalit…

- Si Isaias ay nasa Templo noong makita niya ang kaluwalhatian ng Panginoon. May iba na kapag binasa ito ay maaaring isipin, "Ang tunay na pagsamba ay nangyayari kapag ikaw ay nasa simbahan." Subalit…

- Ang katawan ni Job ay nabalot ng mga pigsa mula ulo hanggang talampakan nang sinabi niya, "Narinig kita, ngunit ngayo'y nakikita na kita" (Job 42:5). Kaya't may iba

36 Ito ay tinatawag na "regulatibong prinsipyo" ng pagsamba. Mula ito sa turo ni John Calvin na ipinagbabawal ang anumang gawi sa pagsamba na hindi isinagawa sa Biblia. Naging dahilan ito upang ipagbawal ang paggamit ng mga instrumentong pang-musika (sapagkat ang mga instrumento raw ay hindi nababanggit sa panambahan sa Bagong Tipan) o iba pang mga awitin liban sa Salmo. Ngunit may ilang mga simbahan na bagamat sumusunod sa prinsipyong ito ay nagpasyang magdagdag ng mga instrumento at himno sa kanilang pagsamba. Gayunma'y patuloy pa rin nilang iniiwasan ang mga makabagong paraan ng pagsamba.

37 Ito ay tinatawag na "normatibong prinsipyo" ng pagsamba. Itinuturo ng prinsipyong ito na anumang paraan sa pagsamba na hindi ipinagbabawal sa Biblia ay maaaring gamitin, hangga't ito'y hindi mapanira sa kapayapaan at pagkakaisa sa Iglesia.

na kapag binasa ito ay maaaring isipin, "Aha! Ang tunay na pagsamba ay nangyayari kapag ikaw ay naghihirap."

Nakikita mo ba ang punto rito? Ang pagsamba ay nangyayari sa iba't ibang kalagayan, iba't ibang pamamaraan, at iba't ibang sinusundang huwaran. Madalas tayong nalilito sa nagbabagong kalagayan ng pagsamba sa hindi nagbabagong prinsipyo.

Sa araling ito, matutunghayan natin kung paano isinakatuparan ng Iglesia ang mga prinsipyo ng pagsamba sa buong kasaysayan. Magbibigay ito sa iyo ng kamalayan tungkol sa iba't ibang paraan ng pagsamba ng bayan ng Diyos. Nawa'y makatulong ito sa iyo na makita na walang nag-iisang modelo sa pagsamba na kinakailangang sundin ng bayan ng Diyos sa lahat ng pagkakataon at kalagayan. Sa halip, dapat nating hanapin ang patnubay ng Espiritu ng Diyos upang malaman kung paano maisasabuhay ang mga biblikal na prinsipyo sa ating mga sariling kalagayan.

Sa araling ito, matutunghayan rin natin na ang paraan ng ating pagsamba ay sumasalamin sa atin mga paniniwala. Ang ating mga gawi sa pagsamba ay iniimpluwensyahan ng ating mga paniniwala tungkol sa Diyos at kung paano tayo lumalapit sa Kanya.

Ang kaunawaang ito ay napakahalaga sa iyong pagpapasya tungkol sa usapin ng pagsamba. Ginagawa mo ba ang inyong panambahan sa paraang naipapahayag ang iyong paniniwala, o nanggagaya ka lang ng pamamaraan ng iba? Kung ginagaya mo lang ang pamamaraan ng ibang simbahan, siguraduhin mong sumasang-ayon ka sa paniniwala ng simbahang iyon tungkol sa Diyos at sa paraan ng paglapit sa Kanya. Ang ating pagsamba ay dapat nagpapakita ng ating paniniwala.

» Bago ipagpatuloy ang araling ito, talakayin muna ninyo ang kasalukuyang kalagayan ng inyong serbisyo sa simbahan. Kung ang isang tao na dadalo sa inyong simbahan ay walang alam tungkol sa inyong doktrina, anong masasabi ng inyong estilo ng pagsamba tungkol rito? Ano ang matututuhan nila mula rito tungkol sa inyong pananaw sa Diyos, pananaw sa pakikipag-relasyon sa Kanya, at pananaw sa ebanghelismo bilang bunga ng inyong panambahan?

## LARAWAN NG PAGSAMBA NOONG IKALAWANG SIGLO

Matapos ang panahon ng Bagong Tipan, ang pinakaunang paglalarawan sa pagsamba ay nagmula sa isang liham noong A.D. 113. Si Pliny na gobernador ng Bithynia ay inilarawan ang panambahan na ginagawa ng mga Kristyano sa kanyang sulat kay Emperador Trajan.[38] Ayon sa kanya, ang mga Kristyano, "ay nagtitipon sa isang itinakdang araw bago magbukangliwayway. Sila'y umaawit ng himno kay Cristo na parang iniuukol sa isang diyos. Mayroon silang panata…na hindi magnanakaw, hindi mandaraya, hindi mangangalunya… Pagkatapos nito ay aalis sila at babalik para kumain ng sama-sama."

38 Pliny, *Letters 10.96-97*, Hango sa https://faculty.georgetown.edu/jod/texts/pliny.html noong Enero 26, 2023.

Ayon kay Pliny, ang mga Kristyano ay nagtitipon tuwing Linggo bago sumikat ang araw upang umawit ng himno at magbigay ng panata ng mabuting pamumuhay. Maaaring ang mga ito ay tugon sa isang binasang banal na kasulatan. Matapos ito, ang mga Kristyano ay salo-salong kakain, na maaaring isang paraan ng pagdiriwang sa banal na Hapunan ng Panginoon.

Paglipas ng apatnapung taon, si Justin Martyr ay nagbigay naman ng detalyadong paglalarawan sa pagsambang Kristiyano.[39] Sumulat si Justin para ipagtanggol ang pagsambang Kristiyano. Ito'y dahil sa naging pag-aakala ng Romanong emperador na ang mga Kristiyano ay gumagawa ng immoralidad at paghihimagsik sa Emperyo habang sila'y nagtitipon. Ngunit tiniyak ni Justin sa emperador na ang pagsambang Kristiyano ay hindi banta sa bansang Roma. Ayon kay Justin, ang pagsambang Kristiyano ay may mga sangkap na sumusunod:

1. **Pagbabasa ng kasulatan.**

2. **Sermon mula sa pinuno ng simbahan.**

3. **Panalangin.** Ang bawat isa ay tahimik na nanalangin; pagkatapos nito ay pangungunahan sila ng pastor sa pormal na panalangin, na kung saan ang kapulungan ay tutugon ng "Amen." Sa katapusan ng panalangin, ang mga mananambahan ay magbibigay ng pagbati sa isa't isa sa pamamagitan ng tinaguriang banal na halik, na siyang pahiwatig sa presensya ng Banal na Espiritu.

4. **Ang serbisyo ay nagtatapos sa Komunyon.** Matapos ang panambahan, kukunin ng dalawang diyakono ang mga natitirang tinapay at alak upang ibigay ang mga ito sa mga Kristiyanong maysakit, o kaya'y sa kapatirang nasa bilangguan at naghihintay ng kamatayan bilang martir.

5. **Sa katapusan ng serbisyo, silang may mga pera o pagkain ay maghahatid ng kanilang mga kaloob sa pinuno.** Ang mga kaloob na ito ay ibibigay sa mga "ulila at balo, sa mga nangangailangan na dulot ng karamdaman o iba pang dahilan, at sa kanilang mga bihag at dayuhan sa kapulungan."

Isa sa lakas ng pagsamba noong ikalawang-siglo ay ang pakikibahagi ng kongregasyon. Sina Pliny at Justin Martyr ay kapuwa naglarawan ng isang simpleng panambahan, na iba sa mabusising ritwal ng mga pagano at misteryosong relihiyon sa Roma. Ang pagsamba ng mga Kristiyano ay may kalapitan sa isa't isa, lalo't kapag ang kanilang mga maliliit na grupo ay nagtitipon sa kani-kanilang mga pribadong tahanan.

---

39 Justin Martyr, (Isinalin ni Marcus Dods), *The First Apology of Justin* (Chapter 67). Hango sa https://en.wikisource.org/wiki/Ante-Nicene_Christian_Library/The_First_Apology_of_Justin_Martyr#Chapter_67 noong Enero 26, 2023

Isa pang lakas ng pagsamba sa ikalawang siglo ay tungkol sa malinaw na ugnayan ng pagsamba at buhay. Nasasaad sa liham ni Pliny na ang mga Kristiyano ay may panatang mamuhay ng wasto at banal; si Justin Martyr naman ay may sinabing pag-aabuloy sa mga mahirap. Nagpapakita ito na sinasakop ng pagsamba ang bawat bahagi ng buhay.

» Anong aspeto ng pagsamba noong ikalawang siglo ang maaaring maging kapaki-pakinabang sa iyong pagsamba? May nakikita ka bang panganib sa pagsamba ng ikalawang siglo?

## ANG LARAWAN NG PAGSAMBA NOONG MIDDLE AGES

Para sa ikalawang larawan ng pagsamba, dadako tayo sa ika-12 siglo. Sa panahong ito, ang Kristyanismo ay isa ng opisyal na relihiyon sa tinaguriang Banal na Emperyo ng Roma. Matapos ilunsad ni Constantine ang *Edict of Milan* noong A.D. 313, nagsimula na rin ang pagpapatayo ng mga magagarang mga gusali ng simbahan. Marami sa mga magagarang mga katedral sa Europa ay naipatayo sa panahong ito na tumagal ng 1,000 taon.

Noong Middle Ages, ang pagsamba ay naging maringal o engrande. Sa positibong pananaw, ang panambahan sa katedral ay nagpapakita ng kadakilaan ng Diyos. Ang mga salaming may larawan ay nagpapakita ng mga biblikal na pangyayari para sa mga taong hindi marunong bumasa. Ang koro ay umaawit ng mga magagandang mga awitin. Ang pagsamba ay naging maganda at dramatiko.

### Kahinaan ng Pagsamba sa Middle Ages

#### Ang kagandahan ay higit na pinahalagahan kaysa sa espirituwalidad.

Ang paggamit ng mga magagandang bagay para sa pagsamba ay binigyang diin: nariyan ang insenso, mga mahuhusay na awitin at mang-aawit, mga kampana, at espesyal na kasuotan na para sa mga pari. Ang sining ay higit na pinahalagahan kaysa sa espirituwal.

#### Hindi nauunawaan ng mga tao ang serbisyo.

Ang serbisyo ay ipinagdiriwang sa wikang Latin, isang lingwahe na iilan lamang ang nakakaunawa. Ang mga pari sa kani-kanilang lokalidad ay hindi sanay sa pangangaral ng sermon. Ang mga panalangin ay mula sa mga pinagtagpi-tagping mga talata na galing sa iba't ibang pinagmulan at madalas na hindi magkakaugnay ang paksa.

#### Ang mga tao ay mga tagamasid lamang, hindi mga aktibong mananambahan.

Wala masyadong pakikibahagi ang mga tao. Ang kapulungan ay tagapagmasid lamang na parang nanunuod ng isang drama, ang Misa. Ang mga pari ang tagapagganap sa panam-

bahan samantalang ang mga tao ay tagapanuod. Ang pokus ng serbisyo ay ang Komunyon sa halip na ang Kasulatan.

Itinuturo ng Simbahang Romano Katoliko na ang tinapay at alak ay nagbabago tungo sa aktuwal na katawan at dugo ni Cristo (tinatawag itong doktrina ng *transubstantiation*). Ngunit ang mga karaniwang tao ay nakakatanggap lamang ng Komunyon tuwing araw ng Pagkabuhay. Iniinom ng pari ang alak at ang ibinabahagi sa kongregasyon ay ang mga tinapay lamang.

### Ang ebanghelyo ay pinalitan ng rituwal.

Ang ating pagsamba ay humuhubog ng ating paniniwala. Iyan mismo ang prinsipyong makikita natin sa Middle Ages. Ang pagsamba ng Romano Katoliko ay humubog ng kanilang theolohiya. Ang tingin nila sa Diyos ay malayo at walang pagmamalasakit sa tao. Hindi maramdaman ng mga karaniwang tao na maaari silang lumapit sa Diyos. Sila'y nakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng pari. Ang pari ay naging tagapamagitan sa Diyos at tao.

Ang lakas ng panambahan noong Middle Ages ay ang kamalayan sa kadakilaan ng kahanga-hangang Diyos. Sa pamamagitan ng arkitektura, musika, drama, at magagandang sining, naihahayag sa pagsamba ang kadakilaan ng Diyos.

Subalit, ang kahinaan ng panambahan sa Middle Ages ay lubos na gumapi sa kanyang lakas. Ang isang ordinaryong Kristiyano ay tagapanuod lamang sa serbisyo ng pagsamba. Sa maraming paraan, ang panambahan noong Middle Ages ay isang matinding paglayo mula sa pagsamba ng Bagong Tipan.

## MGA PANGANIB SA PAGSAMBA: WALANG KABULUHANG PAGSAMBA

Dapat tayong magbigay ng panahon upang turuan ang ating kongregasyon kung bakit tayo sumasamba sa paraang ating ginagawa; sapagkat kung hindi, ang mga makabuluhang tradisyon ay ma`aaring maging walang kabuluhan sa mananambahan.

Nagtanong ang isang bagong mananampalataya sa kanyang pastor, "Pastor, bakit tayo nagsasabi ng 'Amen' sa katapusan ng ating mga panalangin? Ang 'Amen' ba ay isang mahikal na salita na nagtutulak sa Diyos na gawin ang ating hinihiling?" Dahil sa tanong na ito ay naisip ng pastor na dapat niyang ipaliwanag ang detalye ng pagsamba. Ang isang simpleng bagay na tulad ng "Amen" ay maaaring maging walang kabuluhan kung hindi natin tuturuan ang ating kongregasyon tungkol sa pagsamba.

Hindi kinakailangan na alisin ang simbolismo at misteryo mula sa pagsamba. Ang solusyon ay ang ituro sa kongregasyon ang kahulugan ng ating mga gawi sa pagsamba. Dapat nilang malaman kung bakit natin ginagamit ang mga kataga na ating ginagamit; dapat nilang

malaman kung bakit ang pag-awit ng kongregasyon ay mahalaga para sa kongregasyon; at dapat nilang maunawaan ang ibig sabihin ng banal na kasulatan.

» Anong aspeto ng panambahan sa Middle Ages ang maaaring maging kapaki-pakinabang sa iyo? May nakikita ka bang panganib sa pagsamba ng Middle Ages?

## ANG LARAWAN NG PAGSAMBA NOONG REPORMASYON

Batid ng mga Repormista na ang ating pagsamba ay humuhubog sa ating theolohiya. Alam nila na ang mga theolohikal na katotohanan ng Repormasyon ay maaaring maglaho maliban na ang pagsamba ay sumalamin sa theolohiya ng Repormasyon.

Ang pangunahing theolohikal na pansin ng mga Repormista ay hinggil sa pagiging pari ng isang mananampalataya. Ang turong ito ay nangangahulugan na ang mananampalataya ay direktang sumasamba sa Diyos; hindi niya kailangan ang isang pari. Masidhi rin ang paniniwala ng mga Repormista na ang Salita ng Diyos ay dapat na taglay ng bawat mananampalataya.

Ang pagsamba noong Repormasyon ay naghahangad na bawat mananampalataya ay makabahagi. Ang pagsamba ay nasa sariling wika ng kapulungan, hindi sa Latin. Ang Kasulatan ay binabasa at ipinapangaral upang lahat ng mananambahan ay makaunawa ng Salita ng Diyos gamit ang kanilang wika. Ang pag-awit ng kongregasyon ay nagbibigay ng pagkakataon sa bawat mananambahan na makibahagi sa pagsamba. Si Martin Luther ay isang manunulat ng himno, at ang kanyang mga himno ay naging kasangkapan sa paglaganap ng Repormasyon.

Sa kabila ng pagkakaisa sa mga pananaw na ito, marami pa ring di pagkakaunawaan sa mga Repormista hinggil sa pagsamba. Halimbawa, pinanatili ng mga Lutheran at Anglican ang mga seremonya ng Simbahang Romano Katoliko. Naniniwala si Luther na, liban lang kung ipinagbabawal ng Kasulatan o nagdudulot ng hidwaan sa simbahan, ang bagong mga gawi sa pagsamba ay maaaring pahintulutan.

Si Calvin at ang kanyang mga tagasunod ay mayroon ring ilang mga rituwal na isinasagawa, subalit tinatanggihan nila ang mga gawi sa pagsamba na hindi partikular na tinatalakay sa Kasulatan. Hinikayat ni Calvin ang kanyang kongregasyon na umawit, subalit ang pag-awit lamang ng mga salmo. Naniniwala siya na “tanging ang Salita ng Diyos ang karapat-dapat sa pag-awit ng papuri ng Diyos.”[40] Ipinagdiwang niya ang Komunyon na may pakikibahagi ang kongregasyon. Mungkahi niya na ang Hapunan ng Panginoon ay dapat na ipagdiwang ng kahit isang beses sa isang buwan o makakabuti kung tuwing Linggo.

Ang mga Anabaptist at Puritan ay tumanggi sa pagsasagawa ng halos lahat ng seremonya. Sila’y nanumbalik sa simpleng paraan ng pagsamba. Sila’y madalas na nagtitipon sa

40 Hango kay Donald P. Hustad, *Jubilate II* (Carol Stream: Hope Publishing Company, 1993), 194.

kani-kanilang mga kabahayan at itinuturing ang kanilang grupo ang tunay na sumusunod sa panambahan ng unang siglo.

Ang lakas ng Repormasyong pagsamba ay nasa pagbabalik ng kongregasyon sa pakikibahagi. Bagamat may mga pagkakaiba pa rin sa mga simbahan ng Repormasyon, lahat ng mga Repormista ay nagkakaisa sa hangarin na isabuhay sa pagsamba ang turo tungkol sa pagkapari ng mananampalataya.

» Anong aspeto ng pagsamba noong Repormasyon ang magiging kapaki-pakinabang sa iyong pagsamba? May nakikita ka bang panganib sa pagsamba noong Repormasyon?

## LARAWAN NG PAGSAMBA SA MGA FREE CHURCHES

Pagkatapos ng Repormasyon, may ilang simbahan na tumangging pasakop sa kontrol ng pamahalaan. Ang mga simbahang ito ay tinawag na “Free churches.” Kabilang sa mga ito ang Anabaptists, Puritans, Nonconformists, Separatists, at Dissenters. Marami sa kanila ay ayaw sa liturhiya at rituwal.

Mga tampok sa panambahan sa Free churches:

1. **Ang pangangaral ay sentral.**

2. **Ang pakikibahagi ng kongregasyon ay mahalaga.**

Ang katangian ng pakikibahagi ng kongregasyon ay may pagkakaiba sa mga simbahan.

- Sa ilang mga simbahan, ang kongregasyon ay umaawit ng himno. Sa ibang mga simbahan, walang musika na maririnig sa publikong panambahan.
- Sa ilang mga simbahan, ang mga miyembro ng kongregasyon ay malakas na nananalangin. Sa ibang mga simbahan, ang pastor ang siyang nananalangin para sa kapulungan.

Mayroon ring kaunting pagkakaiba sa pagitan ng miyembro at ministro. Halos lahat ng simbahan sa Free churches ay walang espesyal na kasuotan para sa ministro.

3. **Lahat ng panambahan ay nasa wika ng kapulungan.**

Ang balangkas ng serbisyo noong 1608 ay kinapapalooban ng mga sumusunod (ang serbisyo ay tumatagal ng apat na oras):

- Panalangin
- Pagbabasa ng Kasulatan (1-2 kabanata na mayroong pagpapaliwanag)
- Panalangin

- Sermon (Isang oras o higit pa)
- Pahayag na kontribusyon ng kapulungan
- Panalangin
- Pagkakaloob

Ang pagsamba ay hindi na pinangingibabawan ng Komunyon at ng pari. Ang serbisyo ng Free churches ay halos nakakahawig sa panambahan ng Iglesia sa Bagong Tipan.

Sa kabila nito, mayroon pa ring mga panganib sa ganitong paraan ng pagsamba. Bagamat ang mga Free churches ay nagtuturo ng pagkapari ng mananampalataya, madalas na sa pagsasakatuparan nito, ang mangangaral ang siyang pumalit sa lugar ng pari bilang napagtutuunan ng pansin sa pagsamba. Sa ilang mga simbahan, bihira ang pakikibahagi ng kongregasyon.

Marahil, isa sa malaking panganib sa panambahan ng Free churches ay ang sobrang indibidwalismo. Kung ang doktrina ng pagkapari ng mga mananampalataya ay hindi titimbangin ng doktrina ng pagkakaisa ng Iglesia, ang simbahan ay magiging koleksyon ng mga indibidwal, sa halip na Katawan ni Cristo na nagkaisa sa pagsamba. Nangyayari ito kapag ang pagsamba ay nagiging tungkol kay "Jesus at ako," na walang kamalayan sa Iglesia bilang isang Katawan.

» Anong mga aspeto ng pagsamba ang mayroon sa Free churches na magiging kapaki-pakinabang sa iyong pagsamba? Mayroon ka bang nakikitang panganib sa panambahan ng mga Free churches?

## LARAWAN NG PAGSAMBA NOONG WESLEYAN REVIVAL

Si John Wesley ay parehas na naimpluwensiyahan ng tradisyon ng publikong panambahan na natanggap niya mula sa simbahan ng Anglican, at ng pagbibigay diin sa personal at espirituwal na karanasan na natanggap niya mula sa tradisyon ng Anabaptist. Sa panahong ang pagsamba ng mga Anglican ay sumusunod sa walang saysay na rituwal ng Simbahang Romano Katoliko, ang mga Wesleys, kasama ang kanilang mga tagasunod (na tinawag na Methodists) ay isinabuhay muli ang realidad ng pagsamba na hinahatid ang mga mananambahan sa presensya ng Diyos.

Ang binibigyang diin sa sinaunang pagsamba ng Methodist ay ang mga sumusunod:

1. **Pangangaral.** Ang mga sermon ni John Wesley ay nailathala at naging dokrinal na pundasyon ng mga mananambahang Methodist.

2. **Madalas na Komunyon.** Madalas tumanggap si Wesley ng komunyon, mga limang beses sa isang linggo. Hinikayat niya ang kanyang mga tagasunod na tumanggap ng komunyon ng kahit isang beses isang linggo.

3. **Pag-awit ng mga himno.** Ang mga himno ni Charles Wesley ang nagpalaganap ng katuruan ng Methodist sa buong British Isles at pinaabot ito sa New World.

4. **Maliliit na grupo.** Ang pagtitipon ng mga maliliit na grupo ay sentral sa pagdidisipulo ng mga Methodist.

5. **Sama-samang Pagsamba.** Madalas na nagtitipon ang mga Methodist, at bagamat marami sa Anglican na mga pari ay hindi kumikilala sa Methodists, hinikayat pa rin ni Wesley ang kanyang mga tagasunod na dumalo sa panambahan ng Anglican.

6. **Ebanghelismo.** Libo-libong mga bagong akay ang naihatid kay Cristo dahilan sa ministeryo ng Methodist na gumawa ng espirituwal na pagbangon sa bansang England at sa iba pang mga bansa.

**Methodismo at ang ika-18 Siglo ng Pagsamba**

**Ang pagbangon ng Methodismo ay reaksyon sa mga kabiguang mayroon sa pagsamba noong ika-18 siglo.**

**"Noong ang mga sakramento ay isinantabi sa buhay ng Iglesia, ibinalik sila sa sentro ng sinaunang Methodismo. Noong ang relihiyosong sigasig ay binalewala, ginawa silang mahalaga ng Methodismo. Noong ang relihiyon ay nakakulong lang sa mga simbahan, dinala ito ng Methodismo sa mga bukirin at lansangan."**

**James White in Robert Webber**
*Twenty Centuries of Christian Worship*

Ang panambahan ng mga Methodist ay kinapapalooban ng mga himnong nagbibigay luwalhati sa Diyos, pagdidisipulong humuhubog ng paglagong espirituwal, at pangangaral na nagpapahayag ng katotohanan sa Iglesia at sa nangangailangang lipunan.

» Anong aspeto ng panambahan sa tinaguriang Wesleyan revival ang magiging kapakipakinabang sa iyong pagsamba? Mayroon ka bang nakikitang panganib sa Wesleyan na pagsamba?

## LARAWAN NG PAGSAMBA SA SINAUNANG AMERICA

Ang mga taong English ay unang nanirahan sa silangang ibayo ng lupain na ngayon ay tinatawag na United States of America. Noong huling bahagi ng 1700 at sa mga sumunod pang panahon, ang mga tao ay patuloy na naglakbay tungo sa kanluran upang maghanap

ng sariling lupain at magtayo ng mga tahanan sa di bagong lugar. Marami silang kinaharap na mga hamon habang patuloy na nagsisipag-usbungan ang mga simbahan, paaralan, at paraan ng pagpapatupad ng batas. Sa kasaysayan, ang teritoryong ito na unti-unting tinirhan ay tinatawag na American Frontier.

Ang layunin ng ating pag-aaral sa sinaunang kasaysayan ng America ay hindi upang imungkahi ang Amerikanong modelo ng panambahan sa lahat ng pagsamba. Sa halip, pag-aaralan natin ito upang ikumpara siya sa panambahang nabuo sa mga bagong simbahan na nasa iba't ibang lugar. Parehas na hamon rin ang kinakaharap ng mga bagong simbahan na nasa iba't ibang bansa.

Tampok sa pagsamba ng sinaunang America:

1. **Kalayaan mula sa mga denominasyon at pormal na paraan ng pagsamba.** Ang mga simbahan ng American frontier ay mas gusto ang maging malaya mula sa kontrol ng denominasyon. Hindi sila masyadong nagbibigay pansin sa rituwal o planadong programa ng panambahan (bagamat ginamit ni John Wesley ang kanyang paraan ng pagsamba para gamitin sa mga kolonya). Ang mga gusali ng simbahan at serbisyo ng pagsamba ay simple at hindi magara.

2. **Madalang na pagkakataon para sa Komunyon.** Sa bansang England, binigyang diin ng mga Wesley ang kahalagahan ng palagiang pagdiriwang ng komunyon. Subalit sa American frontier, dahilan sa kakulangan ng mga ordinadong ministro, ang mga mananampalataya roon ay hindi madalas makapagdiwang ng banal na Hapunan ng Panginoon.

3. **Pangangaral ng Salita.** Ang pangangaral ay nagpatuloy na pangunahing pansin at diin sa panambahan. Maging ang mga kulang sa pagsasanay na mga mangangaral ay nagbabasa sa mga sermon ni Wesley at ng iba pang kilalang ministro. Ang pinagkakatuunan ng pansin sa simbahan ay ang pulpito, hindi ang lamesa ng Komunyon. Ang pangunahing pansin ay sa pangangaral ng Salita ng Diyos.

4. **Masisiglang awitin.** Buhay na buhay ang mga awitan. Naging awitin ng mga Amerikanong simbahan ang mga himno ni Charles Wesley, kasabay ang mga simpleng awitin ng pagpapatotoo na nasa estilong madaling sundan ng mga taong walang mataas na pinag-aralan.

5. **Pananalangin, ebanghelismo, at revival.** Ang pangangaral ay di-pormal at madalas na pinangungunahan ng mga hindi pastor. Mahalaga ang ebanghelismo at sa panahon ng mga ginanap na revival sa America, libo-libong mga tao ang naakay sa Panginoon. Ang sermon ay madalas na sinusundan ng paanyaya sa mga di-mananampalataya na lumapit sa harapan at sambitin ang panalangin ng pagsisisi. Ang pagbibigay pansin sa kabanalang Kristiyano ay pinalaganap sa America. Binigyang diin ang paanyaya

sa mga Di-mananampalataya na tumalikod sa kanilang mga kasalanan. Binigyang diin sa mga Mananampalataya ang pagtatalaga ng buhay sa ganap na kabanalan.

Katulad ng ibang tradisyon, mayroon ring matatagpuang lakas at panganib sa ganitong pagsamba. Ang lakas ay sa personal na pakikibahagi at sigasig. Ang panganib ay nasa pagbibigay pansin sa personal na karanasan na may kaunting pagpapahalaga sa doktrina. Madali para sa maling turo na lumaganap sa mga rehiyon ng Frontier sapagkat wala masyadong pag-uulat ng pananagutan.

» Anong aspeto ng pagsamba sa American frontier ang magiging kapaki-pakinabang sa iyong pagsamba? May nakikita ka bang panganib sa pagsamba ng mga simbahan sa American frontier?

## MGA PANGANIB SA PAGSAMBA: KALITUHAN SA PAGITAN NG NAGBABAGONG GAWI AT DI-NAGBABAGONG MGA PRINSIPYO

Madalas tayong mahulog sa kalituhan sa pagitan ng nagbabagong gawi at di nagbabagong mga prinsipyo ng biblikal na pagsamba. Isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Sa ilang simbahan, ang mga mananambahan ay lumuluhod upang ipakita ang kanilang kapakumbabaan kapag sila'y nananalangin. Sa ibang mga simbahan, itinataas nila ang kanilang mga kamay kapag nananalangin.
- Sa ilang mga simbahan, banayad na pinatutugtog ang piano habang nananalangin. Sa ibang mga simbahan, tahimik ang lahat habang si pastor ay nananalangin. At sa iba pang simbahan, bawat isa ay malakas na nananalangin.
- Sa ilang mga simbahan, ang mga awitin ay ipinapaskil sa pader gamit ang projector. Sa ibang mga simbahan, ang kapulungan ay umaawit gamit ang mga aklat ng himno.
- Sa ilang mga simbahan, nagbabasa ang pastor na mga talata sa kasulatan sa pasimula ng kanyang sermon. Sa ibang mga simbahan, isang kaanib ng simbahan ang pababasahin ng talata bagong mangaral ang pastor. Sa iba pang mga simbahan, may dalawa o tatlong mga pagbabasa ng kasulatan ang ginagawa.

Walang mali sa mga ito; sila'y mga gawi, hindi prinsipyo. Kaya't hindi natin dapat isipin ng ating pamamaraan ang siyang tanging biblikal na paraan. Ang tunay na pagsamba ay hindi tungkol sa estilo, kundi tungkol sa presensya ng Diyos.

May ilang mga prinsipyo na hindi nagbabago. Natunghayan natin ang mga prinsipyong ito sa mga aralin ng pagsamba sa Biblia. Ang mga prinsipyong ito ay hindi pwedeng balewalain. Bilang mga Kristiyano, ang mga prinsipyong ito ay gabay natin sa pagdulog sa harapan ng Diyos.

Sa mga susunod na aralin, tatalakayin natin ang mga gawi sa pagsamba. Ang prinsipyo ay hindi nagbabago; ang gawi ang nagbabago sa iba't ibang lugar at panahon. Dahil rito, dapat tayong maging maunawain sa iba na ang paraan ng pagsamba ay naiiba sa atin. Hindi ito nangangahulugan na ang gawi ay hindi mahalaga; kundi ang ibig lang sabihin, mayroong higit na kalayaan pagdating sa mga gawi kaysa sa mga prinsipyo.

Nagsulat si Oswald Chambers tungkol sa halaga ng pagbibigay ng puwang sa Diyos sa ating mga buhay. Ang kanyang sinabi ay may kinalaman rin sa pagsamba:

> Bilang mga lingkod ng Diyos, dapat nating matutuhan ang magbigay ng puwang para sa Kanya…Tayo ay nagplaplano subalit nakakalimutan natin na magbigay ng lugar para sa pagkilos ng Diyos ayon sa paraang Kanyang pinili. Maaari kaya tayong masurpresa kung dumating ang Diyos sa ating pagtitipon o pangangaral sa paraang hindi natin inaasahan? Huwag nating hintayin ang Diyos na dumating sa isang partikular na paraan, bagamat dapat tayong maghintay sa Kanyang pagdating. Isang paraan upang magbigay ng lugar para sa Kanya ay ang asahan Siyang dumating, ngunit hindi sa paraang nakatuon lang tayo sa isang partikular na paraan…
>
> Panatilihin mo ang iyong buhay na laging nakikipag-ugnayan sa Diyos upang ang Kanyang mapanurpresang kapangyarihan ay dumating sa anumang oras. Mamuhay ka sa palagiang paghihintay at laging maglaan ng lugar para sa pagdating ng Diyos sa anumang piliin Niyang paraan.[41]

## KONKLUSYON: LARAWAN NG PAGSAMBA NGAYON

Anong itsura ng pagsamba sa ika-21 siglo? Ang tanong na ito ay hindi madaling sagutin. Ang pagsamba sa ika-21 siglo ay may iba't ibang anyo at paraan. May ilang mga simbahan na nagpapahalaga sa rituwal at tradisyon; may iba naman na tumatanggi sa pagsasagawa ng mga ito at nagbibigay halaga sa personal na kalayaan ng pagsamba.

Sa halip na subukang ilarawan ang pagsamba ngayon, magbigay ka ng panahon na ilarawan ang iyong pagsamba. Anong itsura ng pagsamba sa inyong simbahan? Kung ikaw ay nag-aaral kasama ng isang grupo, talakayin ninyo ang mga pagkakaiba at pagkakatulad sa panambahan sa inyu-inyong mga simbahan.

Sa puntong ito ng kurso, ang layunin ng paglalarawan ay hindi pagsusuri. Hindi tayo magtatanong ng, "Tama ba kami o mali?" Ang simpleng tanong ay, "Ano ang ginagawa namin sa aming panambahan?"

Ang dahilan ng paglalarawang ito ay upang maglagay ng pundasyon para sa susunod na mga aralin. Kapag mayroon ka ng malinaw na paglalarawan sa kasalukuyang ginagawa

41 Oswald Chambers, *My Utmost for His Highest* (January 25 entry). Hango sa https://utmost.org/leave-room-for-god/ noong Hulyo 22, 2020.

ninyo sa inyong panambahan, maaari mo ng itanong, “Bakit namin ginagawa ang aming ginagawa?” at “Paano namin ito mapapabuti pa?”

Ang desisyon natin hinggil sa pagsamba ay sasalamin sa ating theolohikal na paniniwala. Ang mga elemento sa ating pagsamba ay nagpapakita ng ating paniniwala sa Diyos at paraan ng pakikipag-ugnayan sa Kanya. Ang mga elemento sa ating pagsamba ay nagpapakita ng ating paniniwala tungkol sa simbahan at sa paraan ng ating pakikitungo sa isa’t isa. Ang mga elemento sa ating pagsamba ay nagpapakita ng ating paniniwala tungkol sa mga di-mananampalataya at sa kung paano sila maaakay sa pagsamba.

Gamitin natin ang isang halimbawa – Pag-awit ng Kongregasyon

- Ang kawalan ng awit ng kongregasyon sa Simbahang Romano Katoliko ay nagpapakita ng paniniwala na ang mga karaniwang tao ay hindi makakaunawa sa banal na Kasulatan (maging mga talata sa kasulatan na inaawit). Kung paanong ang isang karaniwang tao ay hindi pinapahintulutan na magbasa ng banal na kasulatan sa sarili lang nila, hindi rin sila papahintulutan na umawit ng awiting pagsamba. Ang pagsamba ay ginagawa lamang ng pari.
- Ang pagpapahalaga sa awit ng kongregasyon noong panahon ng Repormasyon ay sumasalamin sa paniniwala ni Luther na bawat Kristiyano ay maaaring sumamba bilang kabahagi ng katawan ni Cristo.
- Ang pagtanggi ni Calvin sa pagpapaawit ng himno ay sumasalamin sa kanyang paniniwala na tanging ang Salita ng Diyos ay karapat-dapat sa pagsamba.
- Ang pagbibigay diin ng mga Methodist sa awit ng kongregasyon at sa pagtuturo ng doktrina gamit ang mga himno ay sumasalamin sa paniniwala ni Wesley na ang bawat mananampalataya ay dapat na umawit at ang ating inaawit ay may epekto sa ating paniniwala.
- Ang simpleng pag-awit ng mga Frontier ay nagpapakita ng paniniwala ng mga Methodist na ang kaligtasan ay para sa lahat. Dahil sa paniniwalang ito, isinasama nila ang lahat sa masiglang pag-awit.

Sa ating pagpapatuloy sa kursong ito, matutunghayan natin ang maraming elemento ng pagsamba. Maaaring ang unang tanong mo tungkol sa pagsamba ay, “Gusto ko ba ito?” Ngunit hindi iyan ang mahalagang tanong. Ang pinakamahalagang tanong ay, “Ano ang sinasabi ng aking pagsamba tungkol sa aking pinaniniwalaan? Nagpapakita ba ito ng matuwid na pagkakaunawa sa Diyos at ng pakikipag-ugnayan ng tao sa Kanya?”

Ang pagsamba natin ay humuhubog sa ating paniniwala. Subalit totoo rin ang salungat nito: Ang ating paniniwala ay humuhubog sa paraan ng ating pagsamba.

## ARALIN 5, PAGBABALIK ARAL

1. Sa sinaunang Iglesia:
    - Ang pagsamba ay di-pormal at may malapit na ugnayan.
    - Ang pagsamba ay nagbibigay pansin sa pakikilahok ng mga karaniwang miyembro.
    - Ang pagsamba ay sumasakop sa lahat ng bahagi ng buhay.
2. Ang panambahan noong Middle Ages ay:
    - Ang kagandahan ay higit na pinahahalagahan kaysa sa espirituwalidad.
    - Hindi nauunawaan ng mga tao ang serbisyo.
    - Ang mga tao ay mga tagamasid lamang, hindi mga aktibong mananambahan.
    - Ang ebanghelyo ay pinalitan ng rituwal.
3. Noong Repormasyon:
    - Ang pagsamba ay pagsasabuhay ng pagiging pari ng mananampalataya.
    - Ang pagsamba ay nasa wika ng karaniwang tao.
    - Sina Luther, Calvin, at ang mga Puritan ay may magkakaibang pananaw sa papel na ginagampanan ng rituwal sa pagsamba.
4. Sa mga Free Churches na sumunod matapos ang Repormasyon:
    - Ang pangangaral ay sentral.
    - Ang pakikilahok ng kongregasyon ay mahalaga.
    - Ang doktrina ng pagkapari ng mananananampalataya ay mahalaga.
    - Lahat ng panambahan ay nasa wika ng kapulungan.
    - Ang matinding indibidwalismo ay mapanganib.
5. Ang sinaunang pagsamba ng Methodist ay kilala sa:
    - Pagbibigay diin sa pangangaral
    - Pagbibigay diin sa madalas na Komunyon
    - Pagbibigay diin sa pag-awit ng himno
    - Pagbibigay diin sa pagtitipon ng maliliit na grupo
    - Pagbibigay diin sa sama-samang pagsamba
    - Pagbibigay diin sa ebanghelismo
6. Pagsamba sa sinaunang America:
    - Hinihikayat ang personal na pakikilahok at sigasig sa pagbabahagi ng ebanghelyo
    - Madalas na nagbibigay diin sa personal na karanasan kahit na minsa'y napapabayan ang integridad ng doktrina

7. Ang pagsamba natin ngayon ay sumasalamin sa ating paniniwala sa Diyos at kung paano tayo makipag-ugnayan sa Kanya.

## ARALIN 5, TAKDANG ARALIN

1. Inilarawan ni Justin Martyr ang pagsamba ng Iglesia noong ikalawang siglo sa ilang pangungusap. Siya'y nagsulat para sa mga taong hindi pa nasasaksihan ang panambahang Kristiyano. Magsulat ka rin ng 2-3 pangungusap na ilalarawan mo ang pagsamba sa inyong simbahan sa taong hindi pa nakakadalo sa inyong serbisyo. Maingat mong isipin kung ano ang pinakamahalaga sa inyong pagsamba. Paano mo maipapaliwanag ang inyong serbisyo sa paraang maipapahayag mo ang sentral na bagay sa pagsambang Kristyano?

   Kung ikaw ay nag-aaral kasama ang isang grupo, talakayin ninyo ang sagot ng bawat isa sa susunod ninyong pagkikita.

2. Sa pasimula ng susunod na aralin, magkakaroon kayo ng pagsusulit batay sa araling ito. Pag-aralang mabuti ang mga tanong bilang iyong paghahanda.

## ARALIN 5, PAGSUSULIT

1. Magbigay ng tatlong elemento ng pagsamba noong ikalawang siglo ayon sa paglalarawan ni Justin Martyr.

2. Magbigay ng tatlong kahinaan ng pagsamba noong panahon ng Middle Ages.

3. Ano ang dalawang pangunahing pagpapahalaga noong Repormasyon, na may kinalaman sa pagkapari ng mga mananampalataya?

4. Kilalanin ang (mga) grupo noong Repormasyon na akma sa bawat paglalarawan.

   - Pinapahintulutan ang anumang gawi sa pagsamba na hindi ipinagbabawal sa banal na Kasulatan:___________

   - Hindi pinapahintulutan ang anumang gawi sa pagsamba na hindi tinatalakay sa banal na kasulatan: _______________

- Tumatanggi sa halos lahat ng seremonya. Minsa'y nagkakatipon sa kani-kanilang tahanan upang sumamba: ___________________

5. Magbigay ng tatlong tampok na makikita sa pagsamba ng Free churches.

6. Magbigay ng tatlong binibigyang diin sa pagsamba ng sinaunang Methodist.

7. Magbigay ng tatlong katangian ng pagsamba sa sinaunang America.

8. Isulat ang Awit 100:1-5 gamit ang memorya.

## ARALIN 6

# MUSIKA SA PAGSAMBA

### MGA LAYUNIN NG ARALIN

1. Kilalanin ang biblikal, theolohikal, at praktikal na mga dahilan para sa musika ng pagsamba.
2. Unawain na ang musika ay nangungusap sa isip, puso, katawan, at kalooban.
3. Manindigang sundin ang mga prinsipyo ng Biblia na gumagabay sa pagpili ng musika sa pagsamba.
4. Gamitin ang mga tuntunin ng Biblia sa mga praktikal na tanong na may kinalaman sa musika ng pagsamba.

## PAGHAHANDA SA ARALING ITO

*Isaulo ang* Colosas 3*:15-17.*

## PAMBUNGAD

Nais ni Matthew na magbitiw sa kanyang katungkulan bilang pastor sa kanyang simbahan. Dumating siya sa Lakeside First Church noon na may matinding pananabik at pag-asa. Mahilig siyang mag-aral at maghanda ng mga sermon. Nasisiyahan siyang bumisita sa mga tao at nagbibigay-aliw sa mga nasasaktan. Tuwang-tuwa siya na magkaroon ng pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo sa mga hindi mananampalataya. Gustung-gusto ng kanyang mga miyembro ang kanyang mga sermon. Dumarami ang dumadalong bisita. Dapat sana'y sabik si Matthew bilang isang pastor, ngunit parang may mali. Ito ay nagsimula sa hindi nila pagkakasundo sa musika.

Tuwing umaga ng Lunes, tumatawag si Josiah sa opisina ng simbahan. "Pastor, hindi maganda ang musika kahapon. Hindi ko alam ang huling awit. Ang tunog ng keyboard ay

masyadong malakas. Hindi ko na matiis. Kailangang may gawin ka Pastor tungkol sa musika ng simbahang ito!"

Tuwing Martes, nagkikita sina Matthew at ang direktor ng musika na si Thomas. Si Thomas ay may sarili ring reklamo. "Pastor, bakit pa tayo umaawit ng maraming lumang himno? Sawa na ang mga mang-aawit natin sa mga awiting iyan. Noong Linggo, umawit tayo ng dalawang lumang himno at isang bagong awit lang. Bakit hindi na lang natin alisin ang mga himno na iyan? Lahat ng malalaking simbahan ay nagbago na. Hayaan mo na sana akong baguhin ang ating musika!"

Kinagabihan ng Martes, parang gusto ng sumuko ni Matthew. Gusto ng ibang miyembro ng Lakeside First Church ang umawit ng mga lumang himno at nagrereklamo sila sa tuwing may bagong awiting ipinapakilala. Sa kabilang banda, may ibang mga miyembro na ayaw ang mga lumang himno. Gusto nilang umawit lang ng mga papuri at pagsambang awitin. Hindi makahanap ng solusyon si Matthew.

» Anong payo ang maaari mong ibigay kay Pastor Matthew? Paano kaya makapag-miministeryo ang musika ng simbahan sa magkaibang grupo ng kongregasyon?

## MGA DAHILAN KUNG BAKIT MAHALAGA ANG MUSIKA SA PAGSAMBA

Sa isang panayam hinggil sa musika ng simbahan, isang pastor ang nagsabi na, "Hindi natin kailangan ng musika sa pagsamba. Kung ipapangaral ko ang Salita ng Diyos sa mabisang paraan, ang pag-awit ay hindi na kailangan." Hindi nakita ng pastor na ito ang kahalagahan ng musika sa pagsamba.

» Paano mo sasagutin ang pastor na ito? Bakit mahalaga ang musika sa ating pagsamba?

Ang mga Kristiyano ay mga taong umaawit. Hindi nagtitipon ang mga Muslim upang umawit, gayundin ang mga Buddhist at mga Hindu. Subalit ang mga Kristiyano ay nagtitipon upang umawit. Hindi lahat ng Kristiyano ay nangangaral, nangunguna sa panalangin, o nagbabasa ng Biblia sa publiko. Subalit ang lahat ng Kristiyano ay kayang umawit at dapat na umawit. Ito ang ilan sa mga dahilan kung bakit mahalaga ang musika sa Kristiyanong pagsamba.

### Biblikal na Dahilan ng Musika sa Pagsamba

Mahalaga ang musika sa pagsamba dahil ang musika ay mahalaga sa Biblia. Mayroong halos 600 na mga talata sa Biblia ang tungkol sa pag-awit at musika. Apatnapu't apat na aklat sa Biblia ay may binabanggit tungkol sa musika.

Mga awitin sa Biblia na may kaugnayan sa iba't-ibang kaganapan:

- Pinuri ng Israel ang Diyos dahil sa nakamit nilang tagumpay laban sa hukbo ni Faraon (Exodo 15).
- Pinuri ng Israel ang Diyos pagkatapos ng tagumpay ni Deborah laban kay Jabin (Hukom 5).
- Ang mga mang-aawit ay sumamba noong itinalaga ang Templo (2 Cronica 5:11-14).
- Pinangunahan ng mga mang-aawit ang pagsamba noong muling ipinatayo ang Templo (Ezra 3:10-12).
- Ang aklat ng mga Awit ay isang kalipunan ng mga himno para sa pagsamba ng mga Judio at Kristiyano.
- Si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay umawit ng isang himno noong Huling Hapunan (Mateo 26:30).
- Sina Pablo at Silas ay umawit ng mga papuri sa bilangguan (Gawa 16:22-25).
- Nakita ni Juan na ang pag-awit ay bahagi ng pagsamba sa langit (Pahayag 4 at 5).

## Mga Theolohikal na Dahilan ng Musika sa Pagsamba

Ang mga mananambang Judio ay umaawit habang sila ay sumasamba. Ang mga sinaunang Kristiyano ay umawit rin ng may pasasalamat sa kanilang mga puso sa Panginoon (Colosas 3:16). Ang musika ay isang mahalagang bahagi ng Kristiyanong pagsamba.

Subalit noong A.D. 367 ipinagbawal ng Konseho ng Laodicea ang pag-awit ng kongregasyon. Hindi pinahintulutan ng Simbahang Romano Katoliko ang mga karaniwang tao na magbasa ng Biblia. Naniniwala ang simbahang ito na ang mga sinanay na pari lamang ang may kakayahang magbigay ng wastong kahulugan sa Salita ng Diyos. Ang ganitong parehas na pangangatwiran ang siyang nagbunsod sa konseho na ipagbawal rin ang pag-awit ng kongregasyon. Wika nila: "Kung ang isang mananampalataya ay walang kakayahan o pribilehiyo ng personal na interpretasyon sa Banal na Kasulatan, hindi rin siya dapat pahintulutang umawit ng mga awit ng Simbahan."[42] Kaya't noong Middle Ages, tanging ang mga sanay na mga mang-aawit ng simbahan ang umaawit ng pagsamba. Ang mga ordinaryong mananampalataya ay mga tagapanood lamang.

Ang isang mahalagang theolohikal bagay sa Repormasyon ay ang pagkasaserdote o pagiging pari ng mananampalataya. Ibig sabihin, ang bawat mananampalataya ay may pribilehiyo at responsibilidad na direktang lumapit sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Walang Kristiyano ang nangangailangan ng pari upang magsilbing tagapamagitan. Ang bawat mananampalataya ay may pribilehiyo at tungkulin na makinig sa Diyos na nagsasalita sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Kasulatan. Kaugnay nito, ang bawat mananampalataya ay may pribilehiyo at tungkulin na umawit sa pagsamba.

Nakita ni Martin Luther ang kaugnayan sa pagitan ng pagbabasa ng Biblia at pag-awit. Sinabi niya, "Hayaang tuwirang magsalita ang Diyos sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng

---

42 David Jeremiah. *Worship* (CA: Turning Point Outreach, 1995), 52

Banal na Kasulatan; at hayaang ang Kanyang mga anak ay tumugon sa Kanya sa pamamagitan ng mga awit ng papuri."[43] Kaya't ang musikang pangkongregasyon ay nagpapahayag ng theolohikal na prinsipyo ng **pagkasaserdote ng mananampalataya**.

Ang ikalawang theolohikal na prinsipyo na ipinapahayag sa pamamagitan ng musika ay ang **pagkakaisa ng Iglesia**. Karamihan sa mga talata sa Biblia tungkol sa pag-awit ay tungkol sa pag-awit ng kongregasyon. Iniutos ni Pablo sa mga sinaunang Kristiyano na magturo at magbabala sa isa't isa sa pamamagitan ng mga awitin (Colosas 3:16). Habang sabay-sabay na umaawit ang mga mananampalataya, ipinapahayag nila ang pagkakaisa ng Iglesia.

## MGA PANGANIB SA PAGSAMBA: ANG PAGKAWALA NG AWIT NG KONGREGASYON

Ayon sa isang kahanga-hangang himno na isinulat ni Isaac Watt,

"Ang mga tumatangging umawit ay silang hindi nakakakilala sa ating Diyos.
Ngunit ang mga anak ng ating Hari na nasa langit ay hayaang ipaha-
yag ang kanilang galak hanggang sa mga karatig na bansa."[44]

Sinabi ni Martin Luther, "Kung mayroong tao na hindi umaawit at nagpapahayag ng ginawa ni Cristo para sa atin ay nagpapakita lang na talagang hindi siya naniniwala rito."[45] Ang pribilehiyo ng pag-awit ng kongregasyon na nawala noong Middle Ages ay ibinalik ng mga Repormista. Naniwala sila na ang pagsamba sa pamamagitan ng mga awitin ay para sa mga tao. Ngunit nakalulungkot na sa maraming simbahan, ang pribilehiyong ito ay muling naglalaho.

Ang musikang kapahayagan ng pagkasaserdote ng mananampalataya ay nanganganib dahil sa musika na hindi kayang awitin ng mga ordinaryong mang-aawit. Nangyayari ito kapag ang mga bihasang pangkat ng mga mang-aawit ay umaawit ng mga musikang napakahirap sundan ng mga karaniwang tao. Maaari rin itong mangyari kapag ang praise team ay umaawit ng mga bagong awitin na kaunting tao lang ang nakakaalam. Hindi natin dapat pahintulutan ang maliliit na grupong ito na palitan ang awit ng kongregasyon.

Ang musikang kapahayagan ng pagkakaisa ng Iglesia ay nanganganib sa mga simbahang hinahati ang kongregasyon sa dalawang magkahiwalay na serbisyo batay sa iba't-ibang estilo ng pagsamba o kaya'y pagkakaiba ng kinalakhang henerasyon. Mahirap na makita

---

43 Hango kay David Jeremiah, *Worship* (CA: Turning Point Outreach, 1995), 52.

44 Isaac Watts, "We're Marching to Zion." Accessed January 12, 2023. https://library.timelesstruths.org/music/Were_Marching_to_Zion/

45 Hango kay Ronald Allen and Gordon Borror, *Worship: Rediscovering the Missing Jewel* (Colorado Springs: Multnomah Publishers, 1982), 165.

ang isang simbahan na isang Katawan kung hindi nakikita ng mga matatandang miyembro ang mga nakababatang miyembro.

Isipin mo kung ganito ang tuntuning ibinigay ni Pablo sa simbahan sa Efeso, na isinalin natin para sa mga modernong simbahan ngayon:

- Silang mga umaawit ng salmo ay magtitipon-tipon tuwing umaga ng Linggo, 8:30am.
- Silang mga umaawit ng himno ay magtitipon-tipon tuwing umaga ng Linggo, 11:00am.
- Silang mga umaawit ng mga espirituwal na awitin ay magtitipon-tipon tuwing gabi ng Sabado, 7:00pm.

Hindi iyan ang sinasabi ni Pablo! Sa halip, ang tunay na tuntunin ni Pablo ay himukin ang *lahat* ng miyembro ng simbahan, na mapuspos ng Espiritu, magsalita sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo, himno, at mga awiting espirituwal; na sila'y nag-aawitan at gumagawa ng mga himig sa Panginoon (Efeso 5:18-19).

Sa praktikal na pagsasakatuparan, nangangahulugan ito na bawat bahagi ng katawan ni Cristo ay nagsusuko ng ilan sa kanilang mga kagustuhan para sa kapakanan ng pagkakaisa ng Katawan. Kaya ang isang kabataan ay aawit pa rin ng isang himno na may himig na hindi niya masyadong gusto. Bakit? Sapagkat siya ay bahagi ng katawan, at ang katawan ay umaawit ng isang lumang himno. Ang isang matandang miyembro ay makikiisa rin sa pag-awit ng isang bagong awitin na hindi niya gusto. Bakit? Sapagkat siya ay bahagi ng katawan, at ang katawan ay umaawit rin ng bagong awitin.

Ang isang bihasang musikero na nasa isang maliit na simbahan sa probinsya ay umaawit rin ng mga simpleng awitin na madaling tugtugin. Bakit? Sapagkat siya ay bahagi ng katawan, at ang katawan ay may mga miyembro na hindi mahilig sa musika. Ang isang di bihasang miyembro ng simbahan ay maaaring magsabi ng "Amen" sa dulo ng isang awitin na inaawit sa estilong hindi niya lubos na kinagigiliwan. Bakit? Sapagkat siya ay bahagi ng katawan, at ang katawan ay may mga miyembro na umaawit ng musikang hindi ayon sa kanyang kinagigiliwan.

Ang prinsipyong ito ay hindi lamang sa musika. Pwede rin ito sa isang pastor na gawin niyang simple ang kanyang sermon upang ito'y maunawaan ng mga bata at bagong mananampalataya. Ang mga bagong mananampalataya ay nag-aaral para unawain ang isang teksto ng sermon na lampas sa limitado nilang kaalaman sa Biblia.

Ang mga kabataan ay nakikinig sa isang tila napakahabang oras na serbisyo. Bakit? Sapagkat sila'y bahagi ng katawan at alam nila na ang ilang aspeto ng serbisyo ay di pa nila masyadong nauunawaan. Gayundin naman, tanggap rin ng mga matatandang miyembro ang malakas na pag-iyak ng isang sanggol sa oras ng serbisyo. Bakit? Dahil sila ay bahagi ng katawan, at sila ay nagagalak na ang katawan ay kinabibilangan rin ng mga bata na may maingay na buhay.

Lahat ba ng ito ay bahagi ng pagsamba? Oo! Ang mga ito ay bahagi sa biblikal na teolohiya ng pagsamba na may kinalaman sa pagkakaisa ng Iglesia. Nangangahulugan ito ng pagsusuko ng ating mga personal na kagustuhan para sa kapakanan ng buong katawan. Nangangahulugan ito ng pag-awit ng isang awit na hindi mo paborito. Kaya't para sa mga namumuno, nangangahulugan ito ng pagpili ng mga awiting magmiministeryo sa lahat ng bahagi ng katawan, hindi lamang pagpili ng mga paboritong himno. Ang mga awit ng kongregasyon ay dapat na maglingkod sa buong kaanib ng simbahan, hindi lamang sa limitadong grupo.

» Isipin ang mga awit na inyong ginamit sa pagsamba noong nakaraang apat na linggo. Umawit ba kayo ng mga awiting nangungusap sa bawat miyembro ng inyong kongregasyon? Bilang isang tagapamuno, nagkusa ka bang pumili ng mga awiting hindi mo paborito, ngunit nangungusap naman sa kongregasyon? Ang iyong musika ba ay nagpapahayag ng pagkasaserdote ng mananampalataya at ng pagkakaisa ng Iglesia sa pamamagitan ng paghikayat sa bawat miyembro ng kongregasyon na makibahagi sa pagsamba?

## MGA DAHILAN NA MAHALAGA ANG MUSIKA SA PAGSAMBA (PAGPAPATULOY)

### Mga Praktikal na Dahilan para sa Musika ng Pagsamba

Kaugnay sa mga biblikal at theolohikal na mga dahilan, mayroon ring mga praktikal na dahilan upang pahalagahan ang musika sa pagsamba. Ang kapangyarihan ng musika ay nagmumula sa kakayahan nitong mangusap sa lahat ng aspeto ng ating pagkatao.

#### Ang musika ay nangungusap sa isipan.

Alam ng mga guro sa paaralan na ang mga aralin sa gramatika na nilagyan ng simpleng tono ay magpapadali para sa mga bata na matandaan ito. Gayundin naman, mas madaling maunawaan ang Banal na Kasulatan kapag ito ay inaawit. May mga nagsasabi, "Hindi ko kayang isaulo ang Biblia", ngunit ang hindi nila alam, marami na silang mga alam na mga talata sa Biblia dahil inaawit nila ang mga ito sa mga awiting papuri. Ilan sa mga magagandang awiting papuri ay hango sa mga talatang nilagyan ng himig na madaling tandaan.

May dalawang prinsipyo na mahalaga, kaugnay sa musika at isipan.

**1. Ang musika ay dapat na mangusap sa isipan, hindi lamang sa damdamin.**

Ang musika ay emosyonal; bahagi ito ng kanyang kapangyarihan. Walang masama sa emosyonal na kapangyarihan ng musika; ngunit dapat rin itong mangusap sa ating isipan.

May ilang mga mananambahan na nag-iisip na maaari nilang isarado ang kanilang isipan habang sila'y umaawit. Malakas ang gitara, mabilis ang tempo, emosyonal ang musika; tuloy, inaakala nilang sumasamba sila. Subalit, hindi natin dapat kalimutan ang sinabi ni Pablo, "Ano kung gayon ang aking gagawin? Ako'y mananalangin sa espiritu, at ako'y mananalangin din sa isipan; ako ay aawit sa espiritu, at ako'y aawit din sa isipan" (1 Corinto 14:15).

Tandaan natin na sa tuwing nangungusap ang musika sa ating emosyon na hindi naman nangungusap sa ating isipan, tayo ay malalagay sa panganib ng huwad na pagsamba. Minsan pa, walang mali sa musika na nangungusap sa ating damdamin. Ang mapanganib ay ang musika na nangungusap sa emosyon lang at hindi nangungusap sa isipan. Gayunma'y sinisigurado ng marunong na pastor na ang musika sa pagsamba ay hindi babalewala sa isipan.

**2. Dapat na totoo ang mensaheng inaawit natin.**

Dahil ang musika ay nangungusap sa isipan, maaari siyang maging makapangyarihang kasangkapan sa pagtuturo ng doktrina. Isa sa mga dahilan kung bakit kumalat ang mensahe tungkol sa katiyakan ng kaligtasan at biyaya para sa lahat, ay dahil sa mga himno ni Charles Wesley. Nangaral si John Wesley na ang biyayang kaligtasan ng Diyos ay para sa lahat. Ngunit ang awit ni Charles Wesley na "And Can It Be" ang naghatid ng mensaheng ito sa mga magsasakang walang kaalaman sa theolohiya. Ganito ang pagkakasalin:

"'Kanyang habag na para sa lahat, kay lawak at walang bayad
Ako'y natagpuan at pinatawad."[46]

> **Ang isang Methodist ay dapat na umawit na "itinataas ang diwa ng kanyang debosyon, pinapatibay ang kanyang pananampalataya, pinapasigla ang kanyang pag-asa, at pinapalago ang kanyang pagibig sa Diyos at kapwa."**
>
> **John Wesley**

Mga pastor, kung hahayaan ninyo ang mga awiting hindi nakabatay sa Biblia, pinapawalang bisa ninyo ang inyong ministeryo. Tandaan po natin na mas higit na natatandaan ng mga tao ang awitin, kaysa sa puntos ng ating sermon. Kaya nga, magbigay ng panahon sa pagpaplano ng musika sa inyong panambahan. Siguraduhin na ang mga awitin ay sumusuporta sa katotohanan na inyong ipinapangaral.

46 Charles Wesley, "And Can It Be?" Accessed January 12, 2023. https://library.timelesstruths.org/music/And_Can_It_Be/

## PAGSUSURI

Ang inyo bang mga awit ng pagsamba ay nakabatay sa biblikal na doktrina? Maraming mga simbahan ang umaawit ng mga awiting nagtuturo ng kamalian ***o*** walang laman (walang katuturang mga salita). Ang mga awitin ba ninyo ay nagpapahayag ng katotohanan ng tagumpay laban sa kasalanan? Ang mga awitin ba ninyo ay nagpapahayag na ang kaligtasan ay para sa lahat? Ang mga awitin ba ninyo ay nagpapahayag ng panata na mula sa pusong dalisay?

### Ang musika ay nangungusap sa puso.

Sinabi ni Jonathan Edwards na tayo ay umaawit ng mga papuri sa Diyos sapagkat ang pag-awit ay "nakakapukaw ng ating damdamin."[47] Bagamat mapanganib ang pagtuon lamang sa damdamin, ang damdamin bilang pagtugon sa musika ay karaniwan at nararapat. Ang pag-awit ay nagdudulot ng emosyonal na tugon sa katotohanan. Ang musika ay nangungusap kapwa sa isip at sa puso.

May ilang mga Kristiyano sa Kanluran na natatakot sa musika na nangungusap ng malalim sa damdamin. Subalit ang mga tao sa Biblia na pumasok sa presensya ng Diyos ay palaging nakadarama ng emosyunal na tugon. Ang pinakamainam na musika sa pagsamba ay nangungusap sa isip at humihingi ng tugon mula sa puso. Pansinin mo ang himnong ito sa Ingles:

Mangyari ang kalooban Mo, Panginoon! Ito'y mangyari!
Magpapalayok ka ng luwad kong buhay.
Ako'y hubugin, sa Iyong naisin,
Tahimik at matalimang naghihintay sa Iyong pagdating.[48]

### Ang musika ay nangungusap sa katawan.

Kapag pinagmasdan mo ang isang bata na nasa konsyerto, kung ang musika ay may mabilis na kumpas, siya ay sasayaw. Ang musika ay nangungusap sa katawan.

Dapat linawin na ang musika na nangungusap lamang sa katawan ay makalaman. Subalit, sa tuwing ang Biblia ay nagsasalita tungkol sa pagsamba, madalas nitong ilarawan ang pisikal na ayos ng mananambahan: gaya ng, nakataas ang mga kamay, nakaluhod, nagpapatirapa,

47 Hango kay Bob Kauflin, *Worship Matters* (Wheaton: Crossway Books, 2008), 98

48 Adelaide Pollard, "Have Thine Own Way, Lord." Accessed January 12, 2023. https://library.timelesstruths.org/music/Have_Thine_Own_Way_Lord/

at iba pang pisikal na kilos. Sa madaling salita, ang ating postura at pisikal na kilos ay makapangyarihang tagapagpahayag kaysa sa ating mga salita.

Sa Awit 149:3, tinawag ang Israel na "purihin ang pangalan ng Diyos sa pagsasayaw; purihin ang Kanyang ngalan sa saliw ng alpa at tambol." Bagamat may ilang modernong kultura na sumasayaw sa makalamang paraan, ginagamit ng Biblia ang salitang *sayaw* upang tukuyin ang anumang pisikal na galaw sa pagsamba. Kinilala ng salmista kung gayon na maging ang pisikal na katawan ay kasali sa pagpupuri.

Ngunit dapat unawain na hindi ito katulad ng mga malalaswang sayaw sa nightclub, at hindi rin naman tulad ng tahimik na pag-upo lang sa simbahan. Kasali sa tinutukoy sa biblikal na sayaw ang ilang kilos sa oras ng pananambahan. Halimbawa, kapag itinaas natin ang ating mga kamay bilang papuri o kaya'y kapag gumagalaw tayo sa himig ng musika, kasali ang mga ito sa biblikal na kataga na *sayaw*.

Bagama't ang kahulugan ng mga pisikal na pagkilos ay magkakaiba sa bawat kultura at henerasyon, dapat lang nating tiyakin na hindi matulad ang ating banal na pagsamba sa Diyos sa paraan ng makasalanang kultura na nakapaligid sa atin.

» Balikan ang Exodo 32 na kung saan pinagsalo ang pagsambang sinasabing "pista sa Panginoon" (32:5) sa di banal na mga larawan ng pagsamba ng mga taga-Ehipto (32:4), at ang kahiya-hiyang gawain ng paganong kultura (32:25). Bagkus ang ating pagsamba ay dapat na umimpluwensya, gamit ang ebanghelyo, sa kulturang nakapaligid atin. Hindi dapat diktahan ng nakapaligid na kultura ang ating mga gawain sa pagsamba.

Ang marunong na pastor at tagapamuno sa simbahan ay maghahanap at pipili ng mga musikang umiiwas sa lapastangang pagsamba. Pipili siya ng mga musikang nangungusap sa buong pagkatao; na hinahatid ang kongregasyon sa tunay na pagsamba.

## PAGSUSURI

Ang inyo bang musika sa pagsamba ay nangungusap sa pisikal at paraang angkop sa pagsamba? Ang inyo bang mga mananambahan ay pisikal na nakapagpapahayag ng kanilang papuri at pagsamba na hindi ayon sa makalamang gawi ng sanlibutan?

### Ang musika ay nangungusap sa kalooban.

Ang musika ay madalas na tumatawag ng pagtugon ng kalooban. Iniutos ni Pablo sa mga taga Colosas na magpaalalahanan sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo, himno, at awiting espirituwal (Colosas 3:16). Ang paalalang ito ay sa diwa ng pagwawasto ng mga kamalian. Ang pagsaway ay humihingi ng tugon; ang pagwawasto ay humihiling ng pagbabago sa ugali. Umaasa si Pablo na ang musika ay maging sanhi ng pagbabago.

Sa labas ng simbahan, makikita rin natin kung paano nangungusap ang musika sa kalooban. Noong ang mga Aprikanong Amerikano (na nangangampanya para sa mga karapatang sibil noong 1960s) ay umawit ng "We Shall Overcome," ang awit na iyon ay nangusap kapwa sa puso at kalooban. Ang awit na iyon ay naging isang paanyaya, "Sasama ka ba sa amin sa laban para sa kalayaan?"

Kaya nga, tinatawag ng musika ang kalooban sa isang pagtugon. Isipin mo na lang ang panatang kalakip kapag inaawit natin ang himnong ito sa Ingles:

"Gamitin Mo ang buhay ko
Alay lamang sa Iyo
Bawat araw at sandali
Maging para sa Iyong ikapupuri.

Nawa'y kumilos ang aking kamay
Sa udyok ng pagibig Mong dalisay
Nawa'y ang aking mga hakbang
Manabik sa Iyong kagandahan

Itong aking kalooban
Ariin Mo at sa Iyo lamang
Ang tibok ng puso ko
Maging Iyong banal na trono."[49]

Ang musika sa pagsamba ay mahalaga sapagkat nangungusap ito sa buong pagkatao. Kaya't, ang musika ay maituturing na parehong mahalaga at mapanganib. Mahalaga ito dahil maaari nitong ipahayag ang katotohanan sa makapangyarihang paraan. Sa kabilang banda, ito'y mapanganib sapagkat maaari nitong gawing kaakit-akit ang mga huwad na turo. Babala ni Warren Wiersbe, "Kumbinsado ako na ang kongregasyon ay mas natututo ng theolohiya (mabuti man o masama) sa pamamagitan ng mga awiting kanilang inaawit, kaysa sa mga sermon na kanilang naririnig.... [Ang musika] ay maaaring maging isang kahanga-hangang kasangkapan sa kamay ng Espiritu o isang mapanganib na sandata sa

---

49 Frances Havergal, salin sa Tagalog, "Gamitin Mo ang Buhay Ko." Accessed January 12, 2023. https://library.timelesstruths.org/music/Take_My_Life_and_Let_It_Be/

kamay ng Kalaban. **Ang walang muwang na kongregasyon ay aawit ng maling katuruan ng walang kamalay-malay sa sinasambit nilang kamalian**."[50]

Makapangyarihan ang musika; gamitin ito ng may karunungan.

### PAGSUSURI

Isipin ang mga awiting inyong inaawit sa nakaraang apat na linggo. Umawit ba kayo ng mga awiting nangungusap sa buong pagkatao?

- Magbigay ng isang awit na nagturo ng doktrina sa kongregasyon.
- Magbigay ng isang awit na nangusap sa damdamin ng inyong kongregasyon.
- Magbigay ng isang awit na humamon sa inyong kongregasyon na lumalim pa sa relasyon sa Diyos.

## MGA PRINSIPYO SA PAGPILI NG MUSIKA SA PAGSAMBA

Sinimulan natin ang araling ito sa isang kwento ng di pagkakaunawaan tungkol sa musika ng pagsamba. Kung ikaw ay isang pastor na humaharap sa katulad na di pagkakasunduan, tandaan mong hindi ito bago. Sa paglipas ng panahon, ang Iglesia ay humarap sa maraming pagsubok tungkol sa pagpili ng uri ng musika na angkop sa pagsamba. Para sa maraming simbahan, ang musika ay naging pinagmumulan ng alitan, sa halip na isang paraan ng tunay na pagsamba.

Ang musika ay sentro sa serbisyong pagsamba. Sa maraming simbahan, kalahati ng serbisyo ay may kasamang musika, gaya ng: pambungad na musika, awit ng kongregasyon, espesyal na awitin, panapos na awitin, at madamdaming musika habang nananalangin. At dahil mahalaga ang musika sa pagsamba, ang di pagkakaunawaan tungkol rito ay nagiging seryoso.

Ang mga tao ay may kanya-kanyang kagustuhan tungkol sa estilo ng musika. Subalit ang problema, maraming tao ang ayaw magparaya tungkol sa mga estilo ng musika na hindi nila kinagigiliwan.

Ang pagtatalo kung gayon ay nagmumula sa mga pagkakaiba ng opinyon tungkol sa moralidad ng mga estilo ng musika. Narito ang tatlong karaniwang pananaw:

50 Warren Wiersbe, *Real Worship* (Grand Rapids: Baker Books, 2000), 136. Binigyang diin.

1. May ilang naniniwala na may mga estilo ng musika na masasama. Dahil rito, pinipili lang nilang gamitin ang mga estilo na pinaniniwalaan nilang banal at dalisay.

2. May ilan rin namang naniniwala na ang mga estilo ng musika ay hindi masasabing mabuti o masama sa kanilang sarili. Dahil rito, ang bawat estilo ay katanggap-tanggap. Sa ganitong pananaw, karaniwang ginagamit ang mga estilo ng musika na mula kultura upang gamitin sa pagsamba.

3. May ilang naniniwala na ang mga estilo ng musika ay neutral sa usaping moral, gayunma'y, mayroong emosyonal at kultural na epekto sa pagsamba. At dahil rito, dapat suriin ang bawat estilo kung makatutulong ba sa pagsamba ng kongregasyon sa paraang nakaluluwalhati sa Diyos.

Sa seksyon na ito, tutunghayan natin ang mga prinsipyo ng Biblia na tumutugon sa musika ng ating pagsamba.

## Ang Teksto ng Musikang Pagsamba ay Dapat na Malinaw na Nagpapahayag ng Katotohanan

Ang pangunahing pinagtutuunan ng pansin ng Banal na Kasulatan ay ang sinasabi ng teksto ng awit, hindi ang estilo ng musika.

Anuman ang estilo ng musika, ang mga awiting may hindi wastong mensahe (o walang mensahe) ay hindi nararapat gamitin sa pagsamba. Babala ni Warren Wiersbe na maraming teksto na ginagamit sa pagsamba na "malabo, pandamdamin lang, at hindi theolohikal."[51] Kaya't isa sa pagsusuri para sa mensahe ng musika ay, "Maaari bang awitin ng isang deist, Hindu, o Muslim ang teksto ng awit na ito na hindi nila binabago ang mga salita?" Kung pwedeng palitan lang ang pangalang Buddha sa teksto na hindi binabago ang mensahe ng awit, ito ay hindi natin dapat gamitin sa pagsamba. Kung hindi nagpapahayag

> **Ang Dalawangpung Taong Tuntunin**
>
> **"Kung mayroong isang tao sa ating simbahan na lumaking inaawit ang ating mga awitin sa loob ng dalawangpung taon, gaano kaya kalalim ang kanyang magiging pagkakilala sa Diyos? Makikilala ba niya ang Diyos na banal, marunong, makapangyarihan, at soberano? Mauunawaan ba niya ang kaluwalhatian at sentralidad ng ebanghelyo?"**
>
> **Bob Kauflin**
> *Worship Matters*

51 Hango kay, Warren Wiersbe, sa kanyang libro na Real Worship (Grand Rapids: Baker Books, 2000), 137

ng malinaw na katotohanan ang isang awit, dapat lang na magduda tayo sa halaga nito sa pagsamba. Ang ating mga awit ay dapat na nagpapahayag ng ating pananampalataya; sapagkat kung hindi, ang mga awitin natin ay hindi magtutuon ng ating pansin sa Diyos.

Masdan ang isang awit na galing sa Banal na Kasulatan:

> Purihin ang Panginoon!
> Purihin ang Panginoon mula sa kalangitan;
> Purihin Siya sa mga kaitaasan!
> Purihin ninyo Siya, kayong lahat Niyang mga anghel;
> purihin ninyo Siya, kayong lahat Niyang hukbo!
> Purihin ninyo Siya, araw at buwan;
> purihin ninyo Siya, kayong lahat na mga bituing maningning!
> Purihin ninyo Siya, kayong mga langit ng mga langit,
> at ninyong mga tubig na nasa itaas ng mga langit!
> Ang pangalan ng Panginoon ay purihin nila!
> sapagkat Siya'y nag-utos, at sila'y nalikha.
> At Kanyang itinatag sila magpakailanpaman, Siya'y gumawa ng pasiya na hindi mapapawi. (Awit 148:1-6)

Ikumpara ito sa isang sikat na awitin sa Ingles:

"Ayos lang sumayaw, kung sumasayaw ka sa ngalan ni Jesus
Ayos lang sumayaw, kung sumasayaw ka para sa Panginoon…"[52]

Anong awit ang nagpapahayag ng salita ng Diyos? Nagbabala si Pablo laban sa pagsamba na hindi maintindihan. Sinabi niya, "Ano kung gayon ang aking gagawin? Ako'y mananalangin sa espiritu, at ako'y mananalangin din sa isipan; ako ay aawit sa espiritu, at ako'y aawit din sa isipan" (1 Corinto 14:15). Kaya nga, kapag pinag-aaralan natin ang mga awit ng Banal na Kasulatan, makikita natin na ang mga ito ay may malinaw na pagtuturo. Ang teksto ng ating musika sa pagsamba ay dapat na magpahayag ng katotohanan ng Biblia.

---

52 Hango kay James Roberson, "Everybody Dance!" o "Lahat ay Sumayaw!" Binuksan noong Enero 10, 2023. https://genius.com/James-roberson-everybody-dance-lyrics

## Evaluation Form ng Awitin[53]

| | MABABA | KATATA-MTAMAN | MATAAS |
|---|---|---|---|
| Ang teksto ba ay nakabatay sa doktrina? | | | |
| Ang teksto ba ay tapat sa karanasang Kristyano? | | | |
| Mauunawaan ba ng kongregasyon ang teksto? | | | |
| An estilo ba ng musika ay angkop sa teksto? | | | |
| Ang tono ba ay madali para sa kongregasyon na sabayan at awitin? | | | |

### PAGSUSURI

Biblikal ba ang inyong ang mga awiting pagsamba? Makikilala ba ng isang bagong mananampalataya ang Diyos ng Biblia sa mga awitin ng inyong simbahan?

## Maaaring Magkakaiba ang mga Estilo ng Musika sa Pagsamba

Ang Diyos ay Diyos ng mayamang pagkakaiba-iba. Nagbigay Siya ng inspirasyon sa apat na tala ng Ebanghelyo sa Bagong Tipan, hindi lang sa isa. Nangusap Siya sa pamamagitan ng apat na manunulat na may magkakaibang personalidad. Lumikha Siya ng libo-libong uri ng isda, hindi lamang isa. Nilikha Niya ang ating mga mata na may kakayahang kumilala ng 8 milyong kulay. Ipinapakita ng sannilikha ang Kanyang kadakilaan sa pamamagitan ng pagkakaiba-iba at kagandahan. Lumikha Siya ng mga natatanging indibidwal, hindi lamang isang uri ng personalidad. Ang Diyos ay nagpapakita ng mayamang pagkakaiba-iba.

Kaugnay nito, ang ating musika ay dapat na sumasalamin sa malikhaing pagkakaiba-iba na ginawa ng ating sinasambang Diyos. Sa Colosas 3:16, nagbigay si Pablo ng tatlong uri ng mga awitin na dapat gamitin sa pagsamba: salmo, himno, at mga awiting espirituwal (basahin

53 Hango kay Constance M. Cherry, *The Worship Architect*. (Grand Rapids: Baker Academic, 2010), 202-203.

rin ang Efeso 5:19.). Hindi binigyang kahulugan ni Pablo ang mga ito, ngunit madaming mga manunulat ang nagbigay ng ganitong kahulugan:

- *Salmo* ay maaaring tumutukoy sa aklat ng Mga Awit.
- *Himno* ay maaring tumutukoy sa mga awiting katha ng tao. Pananaw ng maraming manunulat na ito ay tumutukoy sa mga awiting para sa Diyos o awiting tungkol sa Diyos. Maaaring kabilang dito ang mga awiting nasa Biblia, maliban sa aklat ng mga Awit.
- *Ang mga Awiting espirituwal* ang siyang pinakamahirap na tukuyin. Sa pananaw ng ibang manunulat, ito raw ay tungkol sa mga impormal na awitin. O kaya, mga awiting tungkol sa buhay ng Kristiyano at personal na patotoo.

Anuman ang kahulugan, ang mga talatang ito ay nagpapakita na ang sinaunang Iglesia ay umawit ng iba't ibang musika.

Si Warren Wiersbe ay may nabanggit na prinsipyo ng pagiging totoo sa pagsamba. Ayon sa kanya, "Ang mga kapahayagan sa pagsamba ay dapat na totoo at hindi sapilitan, kundi kakikitaan ng pagkakaiba-iba ng mga kultura ng tao."[54] Ang tunay na pagsamba ay nagpapahayag ng buhay na Salita ng Diyos gamit ang wika ng bawat kultura. Sa bawat henerasyon, ang mga Kristiyano ay nakapagkatha ng mga awiting nagbibigay papuri sa Diyos batay sa sariling estilo ng kanilang kultura. Hindi natin dapat ipagpalagay na ang musika ng ating kultura ay ang tunay at nag-iisang sagradong musika. Maliban lang kung ang isang estilo ay malinaw na sumasalungat sa mga prinsipyo ng Banal na Kasulatan, dapat nating bigyang kalayaan ang bawat kultura at bawat henerasyon na purihin ang Diyos gamit ang kanilang sariling wika.

### PAGSUSURI

Ang musika ba sa inyong simbahan ay nagpapahayag ng pagkamalikhain ng ating Diyos?

## Hindi Bawat Estilo ay Angkop sa Bawat Sitwasyon

Kahit na marami ang nagtangkang bigyang kahulugan ang estilo ng biblikal na musika, ang Biblia ay hindi nag-uutos ng isang partikular na estilo ng musika. Matapos pag-aralan

54 Warren Wiersbe, *Real Worship* (Grand Rapids: Baker Books, 2000), 139

ang pilosopiya ng musika, nasabi ni Francis Schaeffer, “Mariin kong sasabihin na walang estilo na masasabi mong ito ang makadiyos…”[55]

Ang tunog at himig ng musika ay hindi nagsasabi ng kung ano ang tama at mali. Walang tunog ng musika na maaaring magsabi, ito ang makadiyos at ito ang hindi makadiyos. Ngunit nangangahulugan ba ito na lahat ng musika ay angkop sa pagsamba? Hindi. Syempre, may ilang mga estilo na masyadong nakaugnay sa makasalanang kultura, na anupa’t hindi natin sila magamit upang maghatid ng makadiyos na mensahe sa pagsamba.

Parehas na natuklasan ng mga musikero at mga misyonero ang ganito: ang tugon ng mga tao sa tunog ng musika ay magkakaiba. Kapag may dalawang tao na makikinig ng parehong musika, ang isa ay maaaring maluha dahil nahipo ang kanyang kalooban, samantalang ang isa ay maaaring walang naramdaman na tugon sa musika.[56]

Ang ganap na sukatan para sa musika ng pagsamba ay hindi ang tanong na: “Nagustuhan ko ba ang awit?” o kaya’y “Nagbigay ba ito ng inspirasyon sa akin?". Ang ating ganap na sukatan ay walang iba kundi ang kaluwalhatian ng Diyos. Nangangahulugan ito na dapat nating suriin ang estilo ng musika na nangungusap at angkop sa kalagayan ng ating kultura. Dapat nating itanong, **“Sa konteksto ng kultura na aking kinalalagyan, ang estilo ba ng musikang ito ay nagbibigay luwalhati sa Diyos?”**

Bagamat ang lahat ng mga bagay ay maituturing na matuwid, hindi lahat ng mga bagay ay makapagpapatibay (1 Corinto 10:23). Kung ang isang layunin ng musika sa pagsamba ay upang patibayin ang mga mananampalataya, ang estilo na ating ginagamit ay hindi dapat maging hadlang sa layuning ito. Maaaring ang isang musika ay nakakatulong sa pagsamba ng isang kultura, ngunit hadlang naman sa iba. Kaya nga, ang isang maingat na tagapamuno sa pagsamba ay pipili ng musikang angkop sa mga taong kanyang pinapangunahan.

Paano natin malalaman na ang isang partikular na estilo ng musika ay naaangkop? Bilang isang tagapamuno, tungkulin mong tulungan ang kapulungan na sagutin ang tanong na ito ayon sa inyong kulturang kinalalagyan. Maaaring ang isang estilo ay angkop sa isang partikular na kultura subalit hindi angkop sa ibang kultura. O kaya, dahilan sa isang relihiyosong paniniwala hinggil sa isang partikular na estilo, o dahil ang isang estilo ay nakaugnay sa nauusong masamang gawi ng kultura, ang isang estilo ng musika ay maaring hindi angkop gamitin sa pagsamba. Sa madaling salita, dapat mong suriin kung ang isang musika ay naaangkop sa inyong kalagayan.

---

55 Hango kay Francis Schaeffer, sa kanyang libro na Art and the Bible o Sining at ang Biblia (Downers Grove: InterVarsity Press, 1973), 51

56 Hango kay Gerardo Marti, sa kanyang isinulat na, Pagsamba at Pagkakaiba ng mga Lahi: Relihiyosong Musika at Kongregasyong Iba’t ibang Lahi. O sa orhinal na Ingles, Worship across the Racial Divide: Religious Music and the Multiracial Congregation. (England: Oxford University Press, 2012)

Utos sa atin ni Pablo na suriin ang lahat ng bagay at panghawakan ang bagay na mabuti (1 Tesalonika 5:21). Hindi natin dapat tinatanggap ang isang bagay na hindi muna natin sinusuri. Kabilang na rito ang musikang ating inaawit.

### PAGSUSURI

Umaawit ba kayo ng mga awiting hindi angkop sa inyong kultura? Ang musika ba nito ay nagpapahayag ng makalaman o makamundong estilo **sa inyong kultura**? Ang mensahe ba ng musika ay sumasalungat sa mensahe ng teksto?

## Dapat na Mayroong Balanse sa ating Musika ng Pagsamba

Ang aklat ng mga Awit ay nagpapakita na pinapahalagahan ng Diyos ang pagkakaiba-iba sa pagsamba. Ang aklat ng mga Awit ay naglalaman ng mga papuri, panaghoy, paghingi ng tulong, at pasasalamat sa kaligtasan. Ang aklat ng mga Awit ay nangungusap sa lahat ng pangangailangan ng mga mananambahan.

Isang tanda ng maturidad sa simbahan ay ang pagkakaiba-iba (1 Corinto 12:4-6). Ang Katawan ni Cristo ay kinabibilangan ng iba't ibang kultura, iba't ibang wika, iba't ibang personalidad, at iba't ibang mga kaloob. Ang ating pagsamba, kabilang ang ating musika, ay dapat na mangusap sa lahat ng mga miyembro ng Katawan ni Cristo. Sa katunayan, ang ating pagsamba ay dapat na mangusap hindi lang sa simbahan, kundi, sa pamamagitan ng ebanghelyo, ay mangusap rin sa mga di-mananampalataya. Ang mga awitin sa Biblia ay nangungusap sa tatlong tagapagmasid o tagapakinig.[57]

### Ang musika ay dapat na magpahayag ng papuri sa Diyos: “Buong puso kayong umawit at magpuri sa Panginoon” (Efeso 5:19).

» Basahin ang Awit 91.

Ipinapakita sa Awit 91 na tayo ay umaawit sa Panginoon. Ang musika ay dapat na magpahayag ng papuri sa Diyos. Mula sa awit ng papuri sa Exodo 15 hanggang sa makalangit na mga awitin sa aklat ng Pahayag, ang mga awitin sa Biblia ay pagpupuri sa Diyos ng dahil sa Kanyang kadakilaan. Ang pangunahing tema ng musika sa Biblia ay papuri. Ang mga salmo ng panaghoy, pakiusap, at papuri ay madalas na inuukol sa Diyos.

57 Ito ay hango kay Herbert Bateman, editor. *Authentic Worship* (Grand Rapids: Kregel Publications, 2002), 150-155.

Gamit ang aklat ng mga Awit, mapapaawit ka ng:


- "Nanaghoy ako sa Panginoon…"
- "Sagutin mo ang aking panawagan, Oh Diyos na aking katuwiran!"
- "Magpapasalamat ako sa Panginoon ng buong puso."
- "Aawit ako sa Panginoon."
- "Iniibig kita, Oh Panginoon."

### Dapat na ipinapahayag ng musika ang katotohanan sa Iglesia: "Magturo at magpaalalahanan sa isa't isa" (Colosas 3:16).

Maraming mga tagapanguna sa pagsamba ang nagsasabi, "Hindi tayo dapat umaawit para sa ibang tagapagmasid o tagapakinig; umawit lang tayo para sa Diyos." Subalit, marami sa mga salmo ang inaawit para sa Israel. Bagama't totoo na maraming awit sa Biblia ang tungkol sa Diyos, totoo rin naman na maraming awitin sa Biblia na nangungusap sa kongregasyon.

Sinasabi sa Efeso 5:19 na ang mga mananampalataya ay dapat na magsalita **sa isa't isa** sa pamamagitan ng mga salmo, himno, at mga awiting espirituwal. Sa Colosas 3:16 ay higit na malinaw ang sinasabi tungkol sa layunin ng ating pag-awit: "Ang salita ni Cristo'y hayaan ninyong lubusang manatili sa inyong puso. **Turuan ninyo at paalalahanan ang isa't isa** nang may buong karunungan. Buong puso kayong umawit ng mga salmo, mga himno at mga awiting espirituwal, nang may pagpapasalamat sa Diyos."

**ANG TAGAPAGMASID NG MUSIKA SA PANAMBAHAN**




Sinabi ni Pablo na ang salita ni Cristo ay naipapahayag sa pamamagitan ng pag-awit ng simbahan. Habang tayo ay umaawit, ipinapahayag natin ang katotohanan ng Diyos sa ating kapwa-mananambahan. Sa pamamagitan ng awit, tinuturuan ng simbahan ang bawat isa. Sa pamamagitan ng awit, ang mga mananampalataya ay nagiging ganap, at ang Katawan ni Cristo ay nagiging matibay.

### Ang musika ay dapat na nagpapahayag ng ebanghelyo sa sanlibutan: "Ipahayag ninyo sa mga bansa ang Kanyang kaluwalhatian, ang kagila-gilalas Niyang mga gawa sa lahat ng mga bayan!" (Awit 96:3).

Tinatawag tayo ng salmista na umawit ng patotoo sa mga bansa:

> O umawit sa PANGINOON ng bagong awit; umawit sa PANGINOON ang buong lupa. Umawit kayo sa PANGINOON, purihin ninyo ang pangalan Niya; ipahayag ninyo ang Kanyang pagliligtas sa araw-araw. Ipahayag ninyo sa mga bansa ang Kanyang kaluwalhatian, ang kagila-gilalas Niyang mga gawa sa lahat ng mga bayan! (Awit 96:1-3)

» Basahin ang 1 Hari 8:41-43.

Sa tuwing pinupuri natin ang Diyos, ang ebanghelyo ay naipapahayag sa mga bansa. Sa paghahandog sa Templo, nanalangin si Solomon na sinabing kahit ang mga dayuhan ay sasamba sa Templo. Nanalangin siya na makilala ang pangalan ng Panginoon sa buong mundo. Sa tuwing tayo ay sumasamba, ang ebanghelyo ay naipapahayag sa nagmamasid na sanlibutan.

Ang ating musika ng pagsamba ay dapat na nangungusap sa Diyos at tungkol sa Diyos; ang ating musika ng pagsamba ay dapat na nangungusap sa Iglesia; ang ating musika ng pagsamba ay dapat na nagpapahayag ng ebanghelyo sa sanlibutan.

Kapag nakakaligtaan natin ang isa man sa tagapagmasid na ito, nabibigong kamtin ng ating pagsamba ang buong layunin ng Diyos para sa Iglesia. Kapag nakakalimutan natin na ang Diyos ang Siyang dakilang Tagapagmasid sa pagsamba, ang ating pagsamba ay mabibigong una sa lahat ay mangusap sa Diyos. Kapag nakakalimutan natin na ang Iglesia ay tagapagmasid sa pagsamba, mabibigo tayong turuan at palakasin ang loob ng isa't isa sa pamamagitan ng pagsamba. Kapag nakakalimutan natin na ang pagsamba ay dapat na magpahayag ng ebanghelyo sa mundo, mabibigo tayong ibahagi ang ebanghelyo at isakatuparan ang Dakilang Komisyon.

## PAGSUSURI

Nangungusap ba sa Diyos, sa Iglesia, at sa mga di-mananampalataya ang inyong mga awitin? Hindi lahat ng awitin ay makapangungusap sa mga ito ng sabay-sabay, subalit sa buong oras ng pagdaraos ng serbisyo, dapat na mangusap tayo sa bawat tagapagmasid o tagapakinig na ito.

## PAGSASABUHAY

Natunghayan natin kung bakit mahalaga ang musika sa pagsamba. Sinuri natin ang mga biblikal na prinsipyo para sa musika ng pagsamba. Tatapusin natin ang aralin na ito sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng mga praktikal na ideya para sa musika ng panambahan. Maaari mong gamitin at iangkop ang mga ito sa kalagayan ng iyong kongregasyon at simbahan.

Bilang tugon sa mga prinsipyong nabanggit sa itaas, naitanong ng isang estudyante, “Kung ang estilo ng musika sa pagsamba ay nagkakaiba at kung ang estilo ng musika ay hindi likas na mabuti o masama, mayroon bang mga alintuntunin na makakatulong sa amin na pumili ng musika na angkop sa aming simbahan?”

Oo, mayroong mga praktikal na mga alintuntunin na makakatulong sa atin. Ikaw ang magpapasya kung paano mo ito gagamitin sa iyong partikular na kalagayan; subalit may ilang mga pangunahing prinsipyo na gagabay sa ating pagpapasya hinggil sa musika ng ating simbahan.

## Ang Pinakamahalagang Musika sa Iglesia ay ang Awit ng Kongregasyon

Dahil ang musika ng simbahan ay nagpapahayag ng pagkakaisa ng Iglesia at ng pagkasaserdote ng mga mananampalataya, ang ating pinakamahalagang musika ay ang awit ng kongregasyon. Bagamat ang koro, solo, praise teams, mga musikero, at iba pang gaya nito ay mahalaga, ang awit ng kongregasyon pa rin ang siyang pinakamahalagang musika sa panambahang Kristiyano. May ilang mga praktikal na hakbang upang linangin at pagandahin ang awit ng kongregasyon.

Tandaan:

1. **Ang mga instrumento ay hindi dapat na maingay at umaagaw ng pansin mula sa pag-awit**. Sa Bagong Tipan, ang pag-awit ang siyang pangunahing musika ng simbahan. Hindi pangunahing musika ng simbahan ang mga tumutugtog ng organ, piano, gitara, at drums. Dapat nating hayaang umawit ang simbahan!

2. **May ilang mga awitin na mainam awitin na walang kasabay na mga instrumento**. Ang awiting panalangin ay madalas na mainam na awiting banayad at walang

kasabay na mga instrumento. Bibigyan nito ng pagkakataon ang kongregasyon na matuon sa mensahe ng awitin na hindi nagagambala ang kanilang pansin.

3. **Ang musika ay hindi dapat na mahirap awitin o kaya'y masyadong bago na hindi alam sabayan ng kongregasyon**. Ang mga bagong awitin ay maganda, subalit dapat nating bigyan ng panahon ang kongregasyon na matutuhan ang mga ito bago tayo magdagdag ng mga bagong awitin. Ang madalas na pagpapa-awit ng mga bagong awitin ay makakabigla o makakalula sa kongregasyon, at hindi na nila manamnam ng maigi ang mensahe. Isang magandang tuntunin ay ang ang magdagdag ng isang bagong awit habang pinapanatili pa rin ang mga pamilyar na awitin.

4. **Ang pastor ay dapat na umaawit kasabay ng kongregasyon**. Kung ang inaawit ng kongregasyon ay pagsamba, dapat ka ring sumamba. Kapag ang pastor ay may ginagawang ibang bagay sa oras ng pag-awit ng kongregasyon, ito ay parang nagsasabi, "Ang aking pangangaral ang siyang pinakamahalaga sa buong oras ng serbisyo." Subalit dapat na maging modelo ang pastor sa kanyang kongregasyon.

## Dapat Naaayon ang Musika sa Teksto

Dahil layunin ng musika ng pagsamba na ihayag ang kapurihan ng Diyos, ihayag ang katotohanan sa kongregasyon, at ipangaral ang ebanghelyo sa sanlibutan, ang teksto ang siyang pinakamahalagang elemento. Anuman ang estilo ng musika, kung ang musikang iyon ay humahadlang sa komunikasyon ng teksto, hindi natin naisasakatuparan ang ugnayan sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo, himno, at mga awiting espirituwal.

Hindi ito nangangahulugan na hindi mahalaga ang musika ng mga instrumento. Ang mga instrumento ng musika ay nakakatulong sa atin na ituon ang ating isip, damdamin, at kalooban sa pagsamba. Ang instrumento ng musika ay mahalaga sa pagsamba, gayunma'y sa pag-awit ng kongregasyon, ang pangunahing pokus ay ang teksto ng inaawit.

### Dapat tulungan ng tagapamuno ang kongregasyon na matuon sa kahulugan ng teksto.

Maaaring gawing makabuluhan ng mga tagapamuno ang teksto sa pamamagitan ng paraan ng kanilang pangunguna. Dalawang halimbawa ang ibibigay natin kung paano naiimpluwensyahan ng isang tagapanguna ang mensahe ng awitin.

Hindi pinag-isipang mabuti ni Amos ang mensahe ng kanyang ipapaawit sa kongregasyon. Noong nakaraang linggo, pinangunahan niya ang dalawang awit na tungkol sa Tatlong Persona ng Diyos. Ang unang pina-awit niya sa kongregasyon ay ang himno sa Ingles na, "Come, Thou Almighty King." Ang sabi ni Amos, "Ang aawitin natin ay ang mga saknong na 1,2, at 4."

Ngayon, ano ang mali sa pag-iwan sa saknong 3 ng himnong ito? Tingnan natin ang teksto. Ito ay himno na tungkol sa Tatlong Persona ng Diyos. Kung titingnan ng maigi ang himno, hindi magiging maganda at kumpleto kung mag-iiwan ka ng isang saknong na tungkol sa isa sa Tatlong Persona ng Diyos. Pansinin mo:

Saknong 1: Halina, Ikaw na Makapangyarihang Hari ….. (ito ay tungkol sa Diyos Ama)
Saknong 2: Halina, Ikaw na Nagkatawang-tao na Salita…. (ito'y tungkol sa Diyos Anak)
Saknong 3: Halina, Banal na Mang-aaliw…. (ito'y tungkol sa Diyos Espiritu Santo)
Saknong 4: Sa Iyo, dakilang Isa na Tatlo…. (ito'y tungkol sa Tatlong Persona ng Diyos)

Samantala, ang susunod na awit ay awit ng papuri. Bawat saknong ay papuri at pagsamba sa partikular na Persona ng pagkaTrinidad ng Diyos. Sinabi ni Amos, "Awitin natin ang huling dalawang saknong." Muli, kung papansinin mo ang himno, nakalimutan rito ni Amos na ang awit para sa Tatlong Persona ng Diyos ay dapat awitin na kasama ang saknong tungkol sa Tatlong Persona. Kaya nga, ang pag-iwan sa isang saknong ng isang himno na hindi isinasaalang-alang ang teksto ay maaaring maging hadlang sa pagsamba ng kongregasyon.

Alam ni Seth na ang pag-awit ng kongregasyon ay mahalaga sa pagsamba. Noong Linggo, pinangunahan niya ang kongregasyon na umawit ng isang di pamilyar na himno. Nagsimula siya sa pagsasabing, "Bago sa atin ang awit na ito. Gayunma'y pakinggan natin ang sinasabi sa Awit 150; ito ang salmo na pinagbatayan ng himnong ito." Sa ilang salita, tinulungan ni Seth ang kongregasyon na malaman ang kahulugan ng isang bagong awit.

Mayamaya sa serbisyo, muling pinangunahan ni Seth ang kongregasyon na umawit ng isang kontemporaryong koro, "Lubos na Dakila ang ating Diyos." Ngunit bago sila umawit, binasa muna ni Seth ang 1 Timoteo 1:17, "Sa Haring walang hanggan, walang kamatayan, di-nakikita, tanging Diyos, ang karangalan at kaluwalhatian magpakailanpaman. Amen." Sa pamamagitan nito, ang isang awit na maraming beses ng inaawit ng kongregasyon ay minsan pang naging sariwa sa mga mananambahan, gamit ang talata ng Kasulatan na nagbigay ng inspirasyon sa awit. Sa madaling salita, ang pag-uugnay sa isang himno sa biblikal nitong saligan ay humikayat ng pagsamba mula sa kongregasyon.

### Kung kayo gumagamit ng projector, ang taong namamahala sa projector ay bahagi rin ng mga tagapanguna sa pagsamba.

Ang mga salita sa screen ay maaaring makatulong sa mga sumasamba na matuon sa teksto o kaya'y magambala ng teksto. Ang taong namamahala sa projector ay dapat na maging maingat sa kanilang ginagawa. Halimbawa, ang mga maling spelling ng mga salita, mga pagkakamali sa projector, o mga maling pagkakahanay ng mga taludtod sa awit ay makakagambala sa pagsamba.

Pansinin ang tatlong halimbawa sa ibaba. Ang mga awitin ay nasa wikang Ingles para higit nating makita ang punto ng ating halimbawa. Sa unang halimbawa, may ilang mga salita na

mali ang spelling. Pwede itong makagambala sa ilang miyembro ng kongregasyon sapagkat ang kanilang pansin ay maaaring matuon sa maling spelling sa halip na sa pagsamba. Sa ikalawang halimbawa, ang mga salita ng awit ay naroroon, subalit ang pagkakahati ng mga linya ay nagpapahirap sa kongregasyon na makita ang ibig sabihin ng pangungusap. Sa ikatlong halimbawa, nauunawaang mabuti ng mga mang-aawit ang mensahe ng papuri para sa ating Makapangyarihang Diyos.[58]

| **HALIMBAWA 1** |
|---|
| Purihin ang Panginoon, ang mapangyarihan,<br>ang Hari ng sannelekha!<br>O aking kaluluwa, prihin Siya, sapagkat<br>Siya ang iyong kalsugen at kalegtasen. |

| **HALIMBAWA 2** |
|---|
| Purihin ang Panginoon, ang Makapangyarihan,<br>ang Hari ng Sannilikha! O aking kaluluwa, purihin mo<br>Siya, sapagkat Siya ang iyong kalusugan at<br>Lahat ng nakikinig, dumulog ngayon<br>sa Kanyang temple; samahan<br>n'yo ako sa masayang pagsamba! |

| **HALIMBAWA 3** |
|---|
| Purihin ang Panginoon, ang Makapang-<br>yarihan, ang Hari ng Sannilikha!<br>O aking kaluluwa, purihin mo Siya, sapagkat<br>Siya ang iyong kalusugan at kaligtasan!<br>Lahat ng nakikinig,<br>dumulog ngayon sa Kanyang templo;<br>samahan n'yo ako sa masayang pagsamba! |

Anong bersyon sa mga ito ang nakakatulong sa iyong makapokus sa mensahe ng papuri? Kaya nga, ang itsura ng mga salita na nasa screen ay nakakaapekto rin sa pag-awit ng kongregasyon.

58 Hango kay Joachim Neander, tr. by Catherine Winkworth, "Praise to the Lord, the Almighty." Accessed January 12, 2023. https://library.timelesstruths.org/music/Praise_to_the_Lord_the_Almighty/

Sa musika ng pagsamba, ang musika ay dapat na nakakatulong sa sinasabi ng awit. At dahil ito'y totoo, ang mga tagapanguna sa pagsamba ay dapat na tumulong sa kongregasyon na umawit ng may kabuluhan. Wala sa mga ito ang **lumilikha** ng pagsamba; ang pagsamba ay nagmumula sa puso. Gayunpaman, ang pagsasaalis ng mga gambala ay makakakatulong sa mananambahan na mapokus sa tunay na pinagkakatuunan ng pagsamba, ang Diyos.

## MGA PRAKTIKAL NA HAKBANG PARA MAPAUNLAD ANG AWIT NG KONGREGASYON

1. **Ituro ang kahalagahan ng pagsamba sa pamamagitan ng awit**. Kung paanong dapat turuan ang mga Kristiyano sa kahalagahan ng panalangin at iba pang espirituwal na disiplina, dapat rin nilang matutunan ang paraang nais ng Diyos kapag sila'y umaawit.

2. **Tiyaking alam ng kongregasyon ang dahilan kung bakit nila inaawit ang isang awitin**. Kung ito ay tungkol sa panalangin, paalalahanan sila. Kung ito ay tungkol sa awit ng pagtatalaga ng sarili, bigyang diin ito sa kanila. Kung ito ay tungkol sa pagbubulay sa naipangaral na mensahe, bigyang linaw ito sa kanila. Ang kongregasyon ay higit na masiglang aawit kung nalalaman nila ang dahilan kung bakit nila inaawit ang isang awitin.

3. **Piliin ang mga awiting pang kongregasyon, sa halip na awiting patimpalak**. Ang mga awit at himig na pang-kongregasyon ay madaling awitin at sauluhin. Kung nais mong lahat ng tao sa kongregasyon ay umawit, itanong mo, "Magagawa bang awitin ng mga bata ang awit na ito habang sila'y papauwi sa bahay?"

4. **Bawasan ang ingay ng mga instrumento**. Huwag hayaan ang mga gitara, piano, drums, o koro na tabunan ang tinig ng kongregasyon. Ang dapat na malakas na napapakinggan sa inyong dako ay ang tinig ng kongregasyon.

5. **Gumawa ng pagtitimbang sa pagitan ng makabago at makalumang mga awitin**.

6. **Maghanda ng mga awiting kumakatawan sa malawak na karanasan ng mga Kristiyano**. Kung ang lahat ng musika ay masaya, hindi ka makakapangusap sa miyembro ng kongregasyon na may pinagdaraanang kahirapan. Tulad ng Salmo, ang ating mga himno ay dapat na nangungusap sa mga masasayang Kristiyano, malulungkot na mga Kristiyano, natutuksong mga Kristiyano, at naghihirap na mga Kristiyano.

7. **Ang pastor at mga tagapanguna ng simbahan ay dapat na huwaran ng masiglang pag-awit,** kahit sa pakiramdam nila'y di sila mahusay na umawit. Ang sablay sa tono na pag-awit ay di hamak na mas maganda kaysa sa hindi umaawit. Ang pastor na

laging tumitingin sa kanyang sermon notes sa oras ng pag-awit ay parang nagsasabi, "Ang awit ng pagsamba ay hindi gaanong mahalaga."

8. **Ipaalala mo sa kongregasyon na sila ang pangunahing instrumento sa inyong sama-samang pagsamba**. Kung ang mga tao ay walang siglang umaawit, nabibigo ang musika ng kongregasyon na gawin ang kanyang layunin. Dapat turuan ang kongregasyon na kanilang pagkakataon at tungkulin na umawit na siyang kanilang kilos ng pagsamba.

## KONKLUSYON: PATOTOO NI GLORIA

Ang Diyos ba ay nangungusap sa pamamagitan ng musika ng pagsamba? Pakinggan ang patotoo ng isang pastor sa Taiwan.

Nang mapunta si Gloria sa aming simbahan, hindi pa siya nakarinig ng ebanghelyo. Hindi siya roon naghahanap ng sermon at hindi interesado na maging Kristiyano. Hindi siya naghahanap sa Diyos, subalit ang Diyos ay naghahanap kay Gloria!

Napunta si Gloria sa aming simbahan upang mapaunlad ang kanyang pagsasalita ng Ingles. Narinig niya na ang aming simbahan ay libreng nagtuturo ng Ingles, kaya't dumating siya upang mag-aral. Sa kanyang unang bisita, huli siyang dumating. At sa kanyang pagpasok sa simbahan, ang kongregasyon ay umaawit ng isang simpleng awitin na hango sa Awit 42:1, "Kung paanong ang usa ay nananabik sa batis na umaagos, gayon nananabik ang aking kaluluwa sa iyo, O Diyos."

Paglipas ng isang taon, sa kanyang bautismo, naibahagi ni Gloria ang ganitong patotoo:

"Wala akong ibang naaalala sa serbisyong iyon kundi ang awitin na inyong inaawit habang ako ay nakaupo. Habang nakikinig ako sa awitin, ako'y napaiyak. Sa loob ng 30 taon, ang puso ko ay nauuhaw sa Diyos na gaya ng isang usa, subalit hindi ko alam kung ano ang aking kinauuhawan. Sinubukan ko ang edukasyon; sinubukan ko ang pera; sinubukan ko ang kaaliwan; sinubukan ko ang lahat – ngunit ako'y tigang at uhaw pa rin. Sinubukan ko ring matuto ng Ingles, kaya't napunta ako sa inyong simbahan.

"Ngunit sa halip na Ingles, natagpuan ko ang tubig na aking kinakailangan. Habang ako ay nakaupo sa serbisyo, napaiyak akong naunawaan na ang Diyos pala ang hinahanap-hanap ng puso ko. Siya ang aking tunay na tagapagbigay ng ligaya. Nang araw na iyon, nagpasya akong ibigay ang aking puso sa Diyos. At hanggang ngayon, Siya ang mahalaga sa aking buhay."

## ARALIN 6, PAGBABALIK ARAL

**1.** Ang musika ay mahalaga sa ating pagsamba:

- Sapagkat ang musika ay mahalaga sa panambahan sa Biblia.
- Sapagkat ipinapahayag nito ang teolohikal na prinsipyo ng pagkasaserdote ng mananampalataya.
- Sapagkat ipinapahayag nito ang teolohikal na prinsipyo ng pagkakaisa ng Iglesia.

**2.** Musika:

- Ito ay nangungusap sa isipan, kaya't ang mensahe na ating inaawit ay dapat na totoo.
- Ito ay nangungusap sa puso at humihipo ng damdamin.
- Ito ay nangungusap sa katawan, kaya't hindi dapat itulad sa mga di kanais-nais na gawi.
- Ito ay nangungusap sa kalooban at humihingi ng tugon.
- Ito ay nangungusap sa buong pagkatao. Kapaki-pakinabang siya kapag ginagamit sa pagtuturo ng katotohanan, ngunit mapanganib rin kapag ginagamit sa pagtuturo ng kabulaanan.

**3.** Mga biblikal na prinsipyo para sa musika ng pagsamba:

- Ang mga teksto sa musika ng pagsamba ay dapat na maliwanag na nagpapahayag ng katotohanan.

- Ang estilo ng musika sa pagsamba ay maaring magkakaiba. *Si Pablo ay may binanggit na salmo, himno, at mga awiting espirituwal. Sa pasimula pa lang, ang Iglesia ay mayroon ng iba't ibang uri ng musika.*

- Hindi lahat ng estilo ay naaangkop sa bawat sitwasyon. *Dapat nating itanong, "Sa konteksto ng aking kultura, ang estilo ba ng musikang ito ay magbibigay luwalhati sa Diyos?"*

**4.** Ang musika ay dapat na mangusap sa tatlong tagapagmasid o tagapakinig:

- Ang musika ay dapat na magpahayag ng papuri sa Diyos.
- Ang musika ay dapat na magpahayag ng katotohanan sa Iglesia.
- Ang musika ay dapat na mapaghayag ng ebanghelyo sa sanlibutan.

**5.** Mga prinsipyo para sa musika ng simbahan:

- Ang pinakamahalagang musika ng simbahan ay ang awit ng kongregasyon.
- Ang musika ay dapat na nakakatulong sa sinasabi ng teksto.

## ARALIN 6, TAKDANG ARALIN

1. Pahalagahan ang iba't ibang musika na magagamit sa pagsamba; gumawa ng listahan ng 4 o higit pang mga awitin na nagpapahayag ng mga sumusunod na paksa. Ang listahan mong ito ay gagamitin mo sa iyong pagpla-plano ng panambahang serbisyo sa susunod na aralin. Maghanap ng mga awiting nangungusap sa isipan, puso, at kalooban.

    - 4 na awitin tungkol sa katangian ng Diyos
    - 4 na awitin tungkol kay Jesus at sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay
    - 4 na awitin tungkol sa Banal na Espiritu at sa Iglesia
    - 4 na awitin na tumatawag sa bayan ng Diyos na italaga ang kanilang sarili sa banal na pamumuhay
    - 4 na awitin para sa pagbabahagi ng ebanghelyo at misyon

    Kung ikaw ay nag-aaral na kabilang sa isang grupo, ibahagi mo ang iyong listahan sa kanila at talakayin, "Gaano karami sa mga awiting ito ang inawit namin sa nakaraang taon? Naipapahayag ba namin ang buong ebanghelyo sa aming mga awitin?"

2. Sa pasimula ng susunod na aralin, magkakaroon kayo ng pagsusulit batay sa araling ito. Pag-aralang mabuti ang mga tanong bilang iyong paghahanda.

## ARALIN 6, PAGSUSULIT

1. Maglista ng tatlong awitin na mula sa Biblia.

2. Anong paniniwala ang naghatid sa Konseho ng Laodicea na ipagbawal ang awit ng kongregasyon?

3. Magbigay ng dalawang teolohikal na prinsipyo na dapat maipahayag sa musika ng ating pagsamba.

4. Itala ang apat na praktikal na dahilan para sa musika ng pagsamba.

5. Itala ang apat na prinsipyo na dapat gumabay sa ating pagpili ng musika sa pagsamba.

6. Anong tatlong uri ng awitin ang naitala ni Pablo sa Colosas 3:16?

7. Ano ang ganap na sukatan sa musika ng ating panambahan?

8. Batay sa mga awiting nasa Biblia, itala ang tatlong paraan na ang musika ay dapat na mangusap sa iba't ibang tagapagmasid o nakikinig.

9. Ano ang itinuturo ng Colosas 3:16 tungkol sa layunin ng musika sa pagsamba?

10. Isulat ang Colosas 3:15-17 gamit ang memorya.

## ARALIN 7

# ANG BIBLIA AT PANALANGIN SA PAGSAMBA

### MGA LAYUNIN NG ARALIN

1. Masiyahan sa kahalagahan ng Banal na Kasulatan sa pagsamba.
2. Alamin ang mga praktikal na hakbang sa paggamit ng Biblia sa pagsamba.
3. Kilalanin ang pangangaral bilang bahagi ng pagsamba.
4. Pahalagahan ang importansya ng panalangin sa pagsamba.
5. Pangunahan ang simbahan sa makabuluhang sama-samang panalangin.
6. Maunawaan na ang pagkolekta ng mga handog ay bahagi ng kilos ng pagsamba.
7. Ipagdiwang ang banal na Hapunan ng Panginoon na kapwa masayang pagdiriwang at taimtim na paggunita.

## PAGHAHANDA SA ARALING ITO

*Isaulo ang* Mateo 6*:5-8.*

## PAMBUNGAD

Ang XYZ Church ay kilala sa kanilang oras ng panambahan. Ang kanilang serbisyo ay may ganitong pagkakasunod-sunod:

- Pambungad at mga Anunsyo
- Oras ng Pagsamba (mga papuring awitin) 30 minuto
- Paghahandog/Espesyal na Musika/Panalangin 15 minuto

- Sermon 30 minuto
- Oras ng pagsamba (papuring awitin) 15 minuto

Nagugustuhan ng mga tao ang musika sa XYZ Church. Kinagigiliwan ng mga bisita ang masiglang serbisyo. Subalit nababahala si Pastor Bill sa pangmatagalang resulta ng kanyang ministeryo. May mga bagong akay na madaling natatangay patungo sa ibang mga kongregasyon. At ang hindi maganda nito, natuklasan nila sa isang surbey na ang kanilang simbahan "ay hindi nagbubunga ng mga matitibay na disipulo ni Jesu-Cristo. Sa dami ng bilang ay Oo, subalit sa mga disipulo, hindi."[59]

Naniniwala si Bill na bahagi ng problema ay may kinalaman sa pag-unawa ng simbahan tungkol sa pagsamba. Sa XYZ Church, ang katagang *pagsamba* ay kapantay ng *musika*. Nagsimulang magtanong si Pastor Bill, "Ang tunay bang pagsamba ay may sangkap na higit pa sa musika? Inihihiwalay ba namin ang Salita ng Diyos at panalangin mula sa pagsamba? Napapawalang bisa ba nito ang epekto ng pangangaral?"

» Subukan mong tugunan ang alalahanin ni Pastor Bill. Mayroon bang pagkakaiba sa pagitan ng pagsamba at pangangaral? Paano kaya maiuugnay ng XYZ Church ang lahat ng bahagi ng kanilang serbisyo sa isipan ng mga mananambahan?

## ANG KAHALAGAHAN NG BANAL NA KASULATAN SA PAGSAMBA

Bilang ebanghelikal, itinuturo natin na ang ating mga doktrina at pagsamba ay ginagabayan ng Biblia. Naniniwala tayong ang Biblia ang siyang dapat na humahawak sa sentral na bahagi ng ating pagsamba. Ang Diyos ay nangungusap sa Kanyang mga tinawag sa pamamagitan ng pagbabasa ng Kanyang Salita. Simula pa lang sa Lumang Tipan, ang Banal na Kasulatan ay nasa sentral na bahagi na ng pagsamba.

Gayunpaman, nakakalungkot na bagamat sinasabi natin na ang Biblia ay nasa ugat ng ating pagsamba, maraming mga simbahan ang may maliit na pagpapahalaga sa Biblia sa kanilang mga serbisyo. Posible kang makadalo ng isang panambahan ngayon sa ilang mga simbahan na kakaunti lamang ang mapapakinggang mga talata mula sa Biblia. Ang ganitong kalagayan ay napakalayo sa biblikal na modelo ng pagsamba.

### Ang Pagbabasa ng Biblia ay Mahalaga sa Biblikal na Panambahan

» Basahin ang Exodo 24:1-12

Sa Exodo 24:7, kinuha ni Moises ang aklat ng tipan at binasa sa pandinig ng taong bayan. Nagbigay ng panata ang bayan na susunod sila sa mga utos ng Diyos: "Lahat ng sinabi

59 Ito ay hango sa isang surbey na isinagawa ng isa sa pinakamalaking mga simbahan sa America. Natuklasan nila na karamihan sa kanilang mga naakay ay hindi pa nakakarating sa punto ng tunay na pagiging alagad ni Cristo.

ng Panginoon ay aming gagawin, at kami ay magiging masunurin." Matapos ito, isinulat ng Diyos ang buod ng tipan (ang Sampung Utos) sa dalawang tapyas na bato. Mula noon, ang Israel ay naging taong-bayan ng Kasulatan. Ang naisulat na tipan ay naging sentral sa panambahan ng Israel.

Ang Salita ng Diyos ay naging sentral sa Tabernakulo at Templo. Ang mga taunang kapistahan ang siyang pinakamahahalagang pagdiriwang sa kalendaryo ng mga Judio. Tuwing Paskuwa, Pista ng mga Unang-Bunga, at Pista ng Tabernakulo, ilang bahagi ng Salita ng Diyos ay binabasa sa publiko. At sa bawat pitong taon, ang bayan ang nagtitipon upang pakinggan ang binabasang Kautasan; ang Tipan ay pinapanariwa sa kanilang puso.[60]

Sa Bagong Tipan, utos ni Pablo sa mga Kristiyano na basahin ang Banal na Kasulatan sa publiko. Kabilang rito ang Lumang Tipan, ang mga liham ni Pablo, at iba pang mga kasulatan na itinuturing na Biblia.[61] Kanya ring tinagubilinan ang isang nakababatang ministro na italaga ang sarili sa pagbabasa ng Biblia sa publiko, sa pangangaral, at sa pagtuturo (1 Timoteo 4:13). Lahat ng ito ay nagpapakita na ang Salita ng Diyos ay sentral sa panambahan ng Bagong Tipan.

## Ang Pangangaral ng Salita ng Diyos ay Mahalaga sa Biblikal na Pagsamba

» Basahin ang Nehemias 8:1-18

Matapos ang pagbabalik mula sa Pagpapatapon, binasa ni Ezra sa taong-bayan ang Kautusan. Nagtipon ang mga tao upang makinig habang binabasa ni Ezra ang Kautusan sa harapan ng mga kalalakihan, kababaihan, at sa kanilang may kakayahan na makaunawa. Ang taong-bayan ay nakinig ng mabuti sa sinasabi ng Kautusan (Nehemias 8:3). At bilang tugon, ang taong-bayan ay nagsabi ng "Amen" at nagpatirapa upang sumamba. Habang nagbabasa sina Ezra at ang kanyang mga kasamahan, ipinapaliwanag rin nila ang Kasulatan upang maunawaan ito ng mga nakikinig. Ito ang isang halimbawa ng biblikal na pangangaral, pagpapaliwanag, at pagsasabuhay ng Salita ng Diyos sa pangangailangan ng mga tao. Nagpapakita ito na ang tunay na biblikal na pangangaral ay nagbibigay inspirasyon sa pagsamba bilang tugon sa Salita ng Diyos.

**Tungkol sa Biblikal na Pangangaral**

**"Ang pagpapala ng tunay na pagpapaliwanag ng Biblia ay nag-aalab na puso, hindi mahanging isipan."**

**Warren Wiersbe**

60 Hango kay Timothy J. Ralston, "Scripture in Worship" in *Authentic Worship*. Edited ni Herbert Bateman. (Grand Rapids: Kregel, 2002), 201

61 1 Timoteo 4:13, 1 Tesalonika 5:27, Colosas 4:16, 2 Pedro 3:16

Naging kaugalian ni Jesus na pumunta sa sinagoga tuwing araw ng Sabbath at sa isang pagkakataon ay binasa Niya ang isang talata mula sa Kasulatan ni Isaias. Nang matapos Niya ang pagbabasa, nangaral Siya ng sermon na kung saan ipinakita Niya na Siya'y dumating upang tuparin ang pangakong sinasabi sa Kasulatan ni Isaias (Lukas 4:16-29).

Sa kanyang sermon sa araw ng Pentecostes, ipinakita ni Pedro na ang mga pangako sa Lumang Tipan ay natupad sa ministeryo ni Jesus at sa pagdating ng Banal na Espiritu. Tinapos niya ang pagpapaliwanag ng Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng paanyaya ng pagsisisi at pagpapa-bautismo (Gawa 2:14-41). Makikita natin rito na ang biblikal na pangangaral ay tumatawag ng tugon mula sa mga tagapakinig. Ang pangangaral ay nangungusap sa isipan, ngunit nangungusap rin sa puso. Ang pangangaral ay tumatawag ng tugon na mula sa kalooban. Nang ipinaliwanag ni Jesus ang Banal na Kasulatan doon sa daan patungo sa Emmaus, ang puso ng mga nakikinig sa Kanya ay nag-alab (Lukas 24:32).

Ang pangangaral ay mahalaga sa paglaganap ng sinaunang Iglesia. Sa aklat ng mga Gawa, ang salita ng Diyos ay 20 beses na nabanggit. Ipinangaral ng mga apostol ang salita ng Panginoon; ang salita ng Diyos ay kanilang ipinahayag ng may katapangan; itinuro nila ang salita ng Diyos. Bilang tugon, maraming tao ang tumanggap sa salita ng Diyos at ang salita ng Diyos ay lumago at lumaganap. Ang salita ng Diyos ay namayani at ang mga Hentil ay nagbigay luwalhati sa salita ng Panginoon. Sa madaling salita, ang Salita ng Diyos ang siyang pundasyon ng mensahe ng mga apostol.

Bagamat ang pangangaral ay hindi nag-iisang paraan upang makapagsalita ang Banal na Kasulatan, ito'y pangunahing pamamaraan upang ihatid ang Salita ng Diyos sa bayan ng Diyos. At upang maisakatuparan ang layuning ito, hindi dapat malimutan ng pastor na ang Salita ng Diyos ay dapat na maging sentral. Ang biblikal na pangangaral ay dapat na magsimula sa Salita ng Diyos, sa pagpapaliwanag ng Salita ng Diyos, at sa paanyayang tumugon sa sinasabi ng Salita ng Diyos.

## Ang Pangangaral ng Salita ng Diyos ay Mahalaga sa Kasaysayan ng Iglesia

Ang pangangaral ay sentral sa panambahan noong sinaunang mga siglo ng Iglesia. Sa ikalawang siglo, isinulat ni Justin Martyr na ang mga Kristiyano ay nagtitipon tuwing Linggo upang basahin ang mga Liham at mga aklat ng mga Propeta at nakikinig sa pagpapaliwanag ng mga ito. Noong ikatlong siglo, ilang bahagi ng mga pangunahing seksyon sa Biblia ay binabasa tuwing panambahan.

Subalit noong Middle Ages, ang gampanin ng pangangaral ay pinaliit at pinababa ng Simbahang Romano Katoliko. Gayunma'y muling ibinalik ng mga Repormista ang sentral na lugar ng pangangaral sa panambahan. Ang layunin ng pangangaral ng mga Repormista ay hindi upang magbigay aliw sa mga nakikinig, sa personal na saloobin ng mangangaral, o kaya'y pagtuon sa hinihingi ng kultura. Ang layunin ng pangangaral ay maingat na pagpapaliwanag

ng Salita ng Diyos; isang pagpapaliwanag ng Banal na Kasulatan na makapangyarihang kumikilos sa mga nakikinig at tumatawag ng pagbabago sa kanilang buhay.

## GAWING SENTRAL ANG BIBLIA SA PANAMBAHAN

Kung ang Salita ng Diyos ay dapat na maging sentral sa ating panambahan, paano natin maisasabuhay ang prinsipyong ito? Pag-isipan ang ilang mga praktikal na hakbang upang gawing sentral ang Biblia sa ating pananambahan:

### Ang Banal na Kasulatan ay dapat na Isama sa Lahat ng Bahagi ng Pagsamba

Hindi natin kinakailangang hintayin ang sermon upang mapakinggan ang Banal na Kasulatan. Walang ibang magandang paraan upang pasimulan ang panambahan kundi sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.

Pag-isipan ang dalawang paraan ng pagbubukas para sa panambahan na mababasa ibaba. Sa palagay mo, ano ang mabisang paanyaya tungo sa presensya ng Diyos?

1. "Salamat sa inyong pagdalo sa simbahan ngayon. Alam kong pinahirap ng ulan ang pagpunta ng marami sa inyo rito, subalit salamat at nakarating kayo. Ating ituon ang ating pansin sa Diyos at sa pagsamba. Maaari ba kayong tumayo habang inaawit natin ang himnong 'Banal, banal, banal?'"

2. "Ako ay nagalak nang sabihin nila: 'Pumunta na tayo sa bahay ng PANGINOON!' Isang maligayang pagdating sa tahanan ng Diyos! Sa Templo ay nasaksihan ni Isaias ang matayog na kadakilaan ng Panginoon. Narinig niya ang mga anghel na umaawit, 'Banal, banal, banal, ang Panginoon ng mga hukbo: ang buong kalupaan ay napupuno ng Kanyang kaluwalhatian.' At sa sandaling ito, samahan ninyo kami sa pag-awit ng himnong 'Banal, banal, banal.'"

Ang unang tagapamuno ay nagpapaalaala sa atin ng hirap ng pagpunta sa simbahan; samantalang ang ikalawang tagapamuno ay nagpapaalaala sa atin ng galak sa pagdalo sa panambahan. Ang unang tagapamuno ay nagsimula sa karaniwang salita, samantalang ang ikalawa ay nagsimula gamit ang Salita ng Diyos. Kaagad na ibinigay ng unang tagapamuno ang karaniwang himno upang awitin, samantalang ang ikalawang tagapamuno ay nagbigay muna ng pagpapaalaala na ang aawiting himno ay inawit rin ng mga anghel bilang papuri sa Diyos. Sa palagay mo, anong simbahan ang masiglang aawit ng papuri?

Matapos ang pagsalakay ng mga terorista noong Setyembre 11, 2001 sa Estados Unidos, maraming kongregasyon ang patuloy paring nagtipon-tipon sa mga simbahan tuwing Linggo. Sa tagpong iyon, paghambingin mo ang pagbubukas ng serbisyo mula sa dalawang simbahan:

1. "Salamat na kami'y inyong sinamahan sa araw na ito. Batid natin ang nangyaring nakapanlulumong trahedya sa linggong ito sa ating bansa. Napakarami sa atin ang nagdadalamhati. Ngunit salamat sa inyong pagdalo sa panambahan kahit na sa ganitong madilim na sandali. Magpapasimula tayo sa pamamagitan ng pag-awit sa himnong, 'The Old Rugged Cross.'"

2. "Ang Diyos ang ating lakas at kanlungan, at handang saklolo kung may kaguluhan. Maging sa ganitong napakahirap na kalagayan; dapat nating tandaan na ang Diyos ang ating pag-asa; Siya ang ating kanlungan. Sama-sama nating alalahanin at awitin ang himnong "A Mighty Fortress Is Our God," Siya ang muog na **hindi kailanman** magugupo.'"

Sa unang tagapamuno, pinaalalahanan niya ang kongregasyon tungkol sa kanilang pag-dadalamhati. Samantala, sa ikalawang tagapamuno, pinaalalahan niya ang mga tao na ang Diyos ang kanilang pag-asa. Ang Kasulatan at ang himno na ibinatay sa Kasulatan na iyon ay nagbigay sa mga tao ng solidong pundasyon para sa napakatinding linggo na sumubok sa pagtitiwala ng mga tao.

Ang Banal na Kasulatan ay maaaring gamitin sa iba't ibang bahagi ng panambahan:

- Sa pambungad na pananalita para sa pagbubukas ng serbisyo
- Sa paanyaya na magbigay ng kanilang mga kaloob
- Sa mga salita ng musika
- Panalangin

Ang pagsamba natin ay dapat na maibabad sa at mapuspos ng Salita ng Diyos. Ang pagsamba ay pagtugon sa kapahayagan ng Diyos sa Kanyang Salita. Ang Banal na Kasulatan ay dapat na maging saligan ng bawat bahagi ng serbisyo.

## Ang Pagbabasa ng Kasulatan ay Dapat na Tumanggap ng Sentral na Bahagi sa Panambahan

May narinig na ba kayong pastor na nagsabi, "Kinakapos tayo ng oras ngayon at mahaba ang aking sermon, kaya't lalaktawan muna natin ang pagbabasa ng teksto ng Kasulatan?" Ngunit ano ba ang mahalaga, ang Salita ng Diyos o ang ating mga salita? Dapat na magbigay tayo ng panahon sa Banal na Kasulatan sa ating pagsamba.

Sapagkat ang pagbabasa ng Biblia ay pagsamba, dapat na magbigay tayo ng pansin kung paano natin ito binabasa. Ito'y dapat na basahing malinaw at namumukod tangi. Ang mambabasa (siya man ay pastor o karaniwang miyembro) ay dapat na magsanay na ito'y basahin bago ang araw ng serbisyo. Sa naunang tatlong siglo ng Iglesia, ang katatayuan ng pagbabasa ng Biblia ay isang banal na tungkulin. Dinadala ng mga mambabasa ang talata ng Kasulatan na itinakda sa kanilang basahin at sasanayin ang pagbabasa nito sa

kanilang mga tahanan. Kaya't kapag binasa na nila ito sa araw ng serbisyo, sila'y handa at madamdamin ang pagpapahayag.[62]

Tandaan natin na ang Biblia ay Salita ng Diyos na binabasa sa tahanan ng Diyos at sa harapan ng bayan ng Diyos bilang kilos ng pagsamba. Kung ang musikang pagsamba ay nangangailangan ng pagsasanay, gayundin naman ang dapat ibigay sa pagbabasa ng Salita ng Diyos. Hindi ito dahil sa pagmamayabang sa ating kakayahan; kundi, nais lang nating tiyakin na ang Salita ng Diyos ay naipapahayag sa mga nakikinig. Ang Kasulatan ay Salita ng Diyos; ito'y mahalaga!

Kaya nga, dapat nating gawing makabuluhan ang pagbabasa. Ang paggamit ng iba't ibang paraan ng pagbabasa ay maaring magpanariwa ng Banal na Kasulatan sa mga nakikinig nito.

1. **Minsan, maaaring basahin ng tagapamuno ang Biblia habang nakikinig ang kongregasyon sa sinasabi ng Diyos sa Kanyang Salita.** Ang ganitong uri ng pagbabasa ay maaaring gawin sa maraming bahagi at kabanata ng Pentateuch at sa mga aklat ng mga propeta.

2. **Minsan, maaaring salit-salitan na magbasa ang tagapamuno at ang kongregasyon.** Maraming kabanata sa aklat ng mga Awit ang naangkop sa ganitong uri ng pagbabasa.

» Basahin ang Awit 136. Ibigay sa tagapamuno ng klase ang pagbabasa sa unang bahagi ng talata at tutugon naman ang klase gamit ang ikalawang bahagi ng talata na nagsasabing "sapagkat ang Kanyang tapat na pag-ibig ay magpakailanman."

Ang Beautitudes o Ang Mga Mapalad ay angkop rin para sa salitan o tugunang pagbabasa (Mateo 5:1-10):

*Tagapamuno*: Mapapalad ang mga nagugutom,
*Kongregasyon*: sapagkat sila'y bubusugin.
*Tagapamuno*: Mapapalad ang mga mahabagin,
*Kongregasyon*: sapagkat sila'y kahahabagan.

3. **May ilang mga bahagi ng Kasulatan na maaaring sabay-sabay basahin ng kongregasyon.** Gaya ng kongregasyong musika, ang sama-samang pagbabasa ng Biblia ay nagpapahayag ng pagkakaisa ng Iglesia bilang isang Katawan. Lahat ng kabahagi sa simbahan ay nakikilahok sa pagpapahayag ng Salita ng Diyos. Ang panalangin na katulad ng matatagpuan sa Awit 124 ay angkop at magandang pakinggan sa sama-samang pagbabasa.

Ang itinalang pangyayari ni Nehemias hinggil sa pagbabasa ni Ezra ng Kasulatan ay nagpapakita ng epektong ginagawa ng Biblia kapag ito'y sentral sa ating panambahan.

---

62 Hango kay Keith Drury, sa kanyang aklat na *The Wonder of Worship*, (Fishers, IN: Wesleyan Publishing House, 2002), pahina 35

» Basahing muli ang Nehemias 8 kung nais mong balikan ang tagpong ito.

Pansinin mo ang detalyeng ibinigay sa pagbabasa.

- Binuksan ni Ezra ang Banal na Kasulatan sa paningin ng taong-bayan. Ipinapakita rito ng ugnayan sa pagitan ng paningin ng tao at ng Salita ng Diyos.
- Siya ay tumayo sa isang ibabaw na nakikita ng taong-bayan. Ipinapakita rito na ang nagbabasa ay dapat na malinaw na nakikita at napapakinggan.
- Nang siya'y magsimulang magbasa, lahat ng tao ay tumayo. Mayroong pisikal na tugon sa Salita ng Diyos.
- Habang siya'y nagbabasa, ang mga tao ay sumasagot ng "Amen, Amen," na itinataas ang kanilang mga kamay, yumuyukod, at sumasamba sa Panginoon habang nagpapatirapa sa lupa. Ipinakita nila ang kanilang pagpapasakop sa Salita ng Diyos.
- Binasa ng mga Levita ang Kautusan ng Diyos at ipinaliwanag ang kahulugan nito upang maunawaan ng mga tao ang mga binasa sa kanila. Ibinigay nila ang kanilang pansin sa Salita. Ito rin mismo ang layunin ng pangangaral sa kasalukuyan.
- Ang mga tao ay umiyak nang marinig nila ang salita ng Kautusan. Subalit ipinag-utos ni Nehemias na sila'y magalak "sapagkat ang kagalakan ng PANGINOON ang kanilang kalakasan." Ang Salita ng Diyos ay nagbigay inspirasyon kapwa sa pagpapahayag ng pagsisisi at pagkakaroon ng kagalakan.

Bagamat hindi lahat ng detalye sa espesyal na tagpong iyon ay mauulit sa ating mga serbisyo, ipinapakita naman rito ang kapangyarihan ng Banal na Kasulatan. Kaya nga, dapat na panatilihin nating sentral ang Biblia sa ating panambahan.

## PAGSUSURI

Kinikilala ba ng iyong kongregasyon ang importansya ng Banal na Kasulatan sa inyong pagsamba? Ilarawan mo ang ilang mga asal at tugon na nakita mo habang pinagmamasdan ang inyong kongregasyon sa oras ng pagbabasa ng Biblia.

Sa isang karaniwang Linggo, ilang mga kabanata o talata ng Biblia ang napapakinggan ng inyong kongregasyon? Alam ba ng mga mananambahan kung bakit binabasa at isinama ang mga kabanata at talatang iyon sa inyong panambahan?

## Ang Pangangaral ng Salita ng Diyos ay Dapat na Sentral sa ating Pagsamba

Kung paanong ang estilo ng musika ay nagbabago sa bawat henerasyon, ang estilo ng pangangaral ay nagbabago rin upang tugunan ang pangangailangan ng bawat henerasyon. Ang Biblia ay hindi nagbibigay kahulugan sa isang estilo ng musika bilang *ang* nag-iisang biblikal na estilo sa musikang pagsamba. Gayundin naman, hindi rin nagbibigay kahulugan ang Biblia tungkol sa isang metodolohiya o paraan ng pangangaral bilang *ang* nag-iisang biblikal na estilo para sa pangangaral.

Ang estilo ay maaaring magbago sa bawat salinlahi at bawat kultura; ang nilalaman ang siyang dapat na hindi nagbabago. Walang binibigay na kahulugan ang Biblia sa estilo ng musika, subalit may binibigay siyang kahulugan sa nilalaman. At sa ganito ring paraan, ang estilo ng pangangaral ay maaaring magbago mula sa isang henerasyon tungo isa pang henerasyon, subalit ang nilalaman niya ay hindi dapat na magbago.

Ang mga ipinangaral na sermon sa Biblia ay nagpapakita na ang pamamahayag ng Salita ng Diyos ang siyang pangunahing tungkulin ng mangangaral na tumatayo sa harapan ng kongregasyon. Ang pokus sa Salita ng Diyos ay dapat na manatiling sentral sa kasalukuyan o kontemporaryong pangangaral. Maaaring maapektuhan ng pabago-bagong teknolohiya at estilo ng pagkatuto ang paraan ng pangangaral, subalit ang nilalaman nito ay dapat na manatiling nakaugat sa Biblia.

## Ang Pangangaral bilang Pagsamba: Mga Praktikal na Implikasyon

Ano ang mga praktikal ng implikasyon sa pananaw na ang pangangaral ay isang pagsamba? Paano nito maaapektuhan ang ating pananaw at paraan sa pangangaral?

### Ang pangangaral ay nangangailangan ng maingat na paghahanda.

Kung ang pangangaral ay pagsamba, pananagutan nating maingat na paghandaan ito. Dapat nating ihatid sa altar ang ating mainam na handog. Hindi payag si David na magbigay ng anumang hindi niya pinaghirapan at walang halaga. Gayundin naman, hindi tayo dapat na maghatid ng mga di-pinaghandaang sermon. Dapat natin itong paghandaang mabuti bago ang pagdaraos ng serbisyo (2 Samuel 24:24).

**"Kung ang pangangaral ay hindi magiging kilos ng pagsamba, ang simbahan ay hahantong sa paghanga at pagsamba sa mangangaral sa halip na sa pagsamba sa Diyos."**

**Warren Wiersbe**

### Ang pangangaral ay nangangailangan ng tugon mula sa kongregasyon.

Kung ang pangangaral ay isang pagsamba, ito'y nangangailangan ng tugon mula sa kongregasyon. Sa pagsamba ay nakikita natin ang Diyos, ang ating sarili, at ang pangangailangan ng ating mundo (Isaias 6:1-8; tingnan ang Aralin 1). Ang Diyos ay dapat na nahahayag sa ating sermon. Ang ating sermon ay dapat na pumupukaw sa pangangailangan ng nakikinig. Ang Iglesia ay dapat na nabibigyang inspirasyon ng ating mga sermon na abutin ang naliligaw na sanlibutan. Ang pangangaral bilang isang pagsamba ay maghahatid ng pagsisisi sa makasalanan at inspirasyon sa mananampalataya na ibahagi ang ebanghelyo.

### Ang pangangaral ay nangangailangan ng tugon mula sa mangangaral.

Kung ang pangangaral ay isang pagsamba, mararamdaman natin na ang pangangaral ay nangangailangan ng tugon mula sa atin. Kung paghahandaan natin ang pangangaral bilang handog at kilos ng pagsamba, makikita natin ang Diyos; makikita natin ang mga bahagi sa ating buhay na nangangailangan ng pagbabago. Makikita rin natin ang pangangailangan ng mundong nakapaligid sa atin. Ating magiging tugon ay tulad ng pahayag ni Isaias, "Narito ako, suguin Mo ako!" Ang tunay na pangangaral ay bumabago ng buhay ng mangangaral. Hindi natin dapat ihatid ang mensahe ng Diyos sa ating kongregasyon hangga't ang Diyos ay hindi muna nagsalita sa ating puso at tayo naman ay tumugon.

> **"Ang pangangaral, kung hindi pagsamba, ay isang pamumusong...Ang tunay na sermon ay pagkilos ng Diyos, hindi pagpapakitang gilas ng isang tao."**
>
> **Hango kay J.I. Packer**

Hindi sinaway ni Jesus ang mga eskriba (mangangaral) ng Kanyang panahon dahil sa kanilang pangit na sermon; sinaway Niya sila dahil sa kabiguang ipamuhay ang kanilang ipinapangaral. Alam nila ang Banal na Kasulatan at dalubhasa sila sa pagpapaliwanag nito; subalit hindi sila binago ng kanilang pag-aaral ng Biblia. Ang sabi ni Jesus, "Hindi nila ginagawa ang sinasabi nila" (Mateo 23:3). Kung ang pangangaral ay pagsamba, tayong mga pastor ay babaguhin ng katotohanang ating ipinapangaral. At bunga nito, ang Diyos ay magsasalita sa pamamagitan natin na maghahatid ng pagbabago sa puso at buhay ng mga taong makikinig sa ating pangangaral.

### Ang mangangaral ay dapat na nasa ilalim ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Kung ang pangangaral ay pagsamba, ang mangangaral ay dapat na bigyang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kung paanong ang ibang bahagi ng panambahan ay umaasa sa Banal na Espiritu para sa tunay na kapangyarihan, ang mangangaral rin ay dapat na basbasan ng Espiritu ng Diyos upang maging mabisa.

» Basahin ang 2 Corinto 3:3-18

Dapat nating ihatid ang ating mainam na handog sa paghahanda ng ating sermon; subalit, matapos na magawa natin ang ating paghahanda, ang kapangyarihan para sa pangangaral ay nagmumula pa rin sa Banal na Espiritu. Kung wala ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu, maaari tayong makapangusap sa isipan; maaari nating pahangain ang kongregasyon, at maaaring makapagturo ng magandang nilalaman, subalit wala tayong mababagong buhay.

### PAGSUSURI

Ang iyo bang pangangaral ay kilos ng biblikal na pagsamba? Kung ang isang tao ay palagiang makikinig sa iyo, mapapakinggan ba nila ang balanseng biblikal na katotohanan?

## MGA PANGANIB SA PAGSAMBA: ANG PAGKAWALA NG SALITA

Nawalan ng lugar ang Biblia sa pang-araw-araw na buhay ng maraming nagsasabing sila'y mananampalataya. Nakakalungkot na ang ganitong kalagayan ay nangyayari sa lingguhang serbisyo ng maraming mga simbahan. Kung ang sinaunang Iglesia ay umawit ng mga salmo, ang mga simbahan ngayon ay umaawit ng mga awiting kapos o kakaunti ang biblikal na nilalaman. Kung ang sinaunang Iglesia ay nagbabasa ng mahabang kabanata sa Biblia, may ilang mga simbahan ngayon na kakaunti lamang ang talatang binabasa bago magsimula ang sermon. Sa maraming simbahan, ang lugar ng Banal na Kasulatan ay pinalitan ng mga awitin at ang sermon ay hindi masyadong nagbibigay pansin sa sinasabi ng Salita ng Diyos.

May ilang mga pinuno ng kontemporaryong panambahan na pilit na dinadahilan na ang publikong pagbabasa raw ng mga talata ng Biblia ay hindi napapanahon sa modernong pangangailangan. May isang kilalang pastor na humiling sa mga mangagawa sa simbahan na suriin ang kanyang pangangaral. Ang sagot nila, masyado raw siyang gumagamit ng maraming talata sa Biblia! Ang sabi nila, "Magandang nakabatay sa Biblia ang sermon mo, subalit dapat na mabilis mo itong mahanapan ng napapanahong pangungusap, dahil kung hindi ay, hindi na kami makikinig sa iyo." Para sa mga manggagawa ng simbahang iyon, ang Biblia raw ay hindi napapanahon sa mga tao ngayon!

Bilang mga tagapamuno sa pagsamba, dapat nating panatilihin ang sentralidad ng Banal na Kasulatan sa pagsamba. Sa pagsamba, tayo ay nakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin at awit ng papuri. Sa pagsamba, naririnig nating nakikipag-usap ang Diyos sa atin sa pamamagitan ng pagbabasa at pamamahayag ng Kanyang Salita. Anuman ang

estilo ng ating panambahan, hindi natin dapat walain ang sentralidad ng Salita ng Diyos sa ating panambahan.

» Balik-tanawin ang Nehemias 8. Gumawa ng listahan ng bawat kataga na nagpapakita ng pagpapahalaga ng mga tao sa pagbabasa ng Kautusan. Ikumpara ito sa pagbabasa ng Kasulatan sa inyong panambahan ngayon. Talakayin ninyo ang kahit isang praktikal na hakbang na magpapatingkad ng epekto ng Biblia sa inyong pagsamba.

## ANG KAHALAGAHAN NG PANALANGIN SA PAGSAMBA

Si Kathy[63] ay isang masigasig na Kristiyano. Kahit na siya ay nasa paaralan, nagbibigay siya ng panahon na manalangin sa Diyos sa bawat umaga. Bago mag-almusal, siya'y nagbibigay oras muna para sa Biblia at panalangin.

Subalit ngayon na siya'y isa ng ina ng apat na mga anak, ang panalangin at pagbabasa ng Biblia ay napakahirap na para sa kanya. Ang isa niyang anak ay sanggol at madalas siyang gisingin sa gabi at madaling araw. Nakita ni Kathy ang sarili na nahihirapang bumangon sa umaga bago magising ang kanyang mga anak. At sa gabi, pagod na pagod na siya upang makapokus sa pananalangin at pagbabasa ng Biblia.

Masaya si Kathy tuwing araw ng Linggo. Bawat Linggo ay nakakatanggap siya ng espirituwal na lakas at sigla sa oras ng pananambahan. Subalit sa buong linggo siya ay pinanghihinaan. Pakiramdam niya ay talunan siya sa kanyang debosyon sa Panginoon.

» Magbigay kay Kathy ng praktikal na payo para sa kanyang personal na debosyon.

Sinimulan natin ang araling ito sa pag-aaral sa Banal na Kasulatan para sa ating pagsamba. Ngayon ay magpapatuloy tayo sa pag-aaral sa panalangin para sa ating pagsamba. Sa Banal na Kasulatan, ang Diyos ay nagsasalita sa atin; sa panalangin, tayo ay tumutugon sa Diyos. Ang Banal na Kasulatan at panalangin ang dapat na pumuno sa ating pagsamba.

### Ang Publiko at Pribadong Panalangin sa Biblikal na Pagsamba

Natunghayan natin na ang aklat ng mga Awit ay aklat ng mga himno para sa panambahang Judio. Ito rin ang kanilang ginagamit bilang "aklat ng panalangin." Ang aklat ng mga Awit ay naglalaman ng mga panalanging pampubliko at pampribado. Ang publiko at pribadong pananalangin ay mahalaga sa panambahan ng mga Judio.

---

63 Ang kwento tungkol kay Kathy ay hango kay Keith Drury, *The Wonder of Worship*, (Fishers, IN: Wesleyan Publishing House, 2002), 17.

Sa kanilang tahanan, ang mga masigasig na Judio ay nananalangin ng tatlong beses sa isang araw (Daniel 6:10).[64] Marami sa mga salmo ay pribadong panalangin. Ito ay makikilala sa paggamit ng **"Ako"** sa halip na **"Kami"** sa pananalangin. Ilan sa mga halimbawa ng pribadong panalangin ay ang mga sumusunod:

- Awit 18 – awit ng pasasalamat
- Awit 32 – panalangin ng kagalakan dahil sa kapatawaran[65]
- Awit 38 – panalangin ng pagsisisi
- Awit 41 – panalangin ng paghingi ng awa
- Awit 51 – panalangin ng pagsisisi
- Awit 88 – panaghoy sa oras ng kahirapan
- Awit 116 – awit ng pasasalamat para sa pangangalaga ng Diyos

Sa loob ng Templo, ang mga mananambahang Judio ay nagkakatipon para sa publikong pananalangin. Sa pagtatalaga ng Templo, pinangunahan ni Solomon ang pambansang panalangin na hinihingi ang pagpapala ng Diyos para sa Kanyang bayan (2 Cronika 6). Ang ipinahayag na mensahe ni Isaias sa Juda, "Ang aking bahay ay tatawaging bahay panalanginan para sa lahat ng mga bayan" (Isaias 56:7). Matapos ang panahon ng Pagpapatapon, ang panambahan sa sinagoga ay natuon sa pagbabasa ng Kautusan at pananalangin. Ang mga serbisyo sa sinagoga ay pinapasimulan sa pamamagitan ng mga sunod-sunod na mga panalangin.

Ang batayan ng mga Hebreo sa panalangin ay nagpatuloy sa sinaunang Iglesia. Ang mga sinaunang Kristyano ay nananalangin ng tatlong beses sa isang araw sa kani-kanilang tahanan. Kapag ang mga Kristiyano ay nagtitipon, sila'y nagkakaisang manalangin na parang isang katawan. Ang dasal na Ama Namin ay laging bahagi ng kanilang serbisyo. Maliban rito ay may iba pang mga panalangin na itinataas sa Panginoon sa buong oras ng panambahan at serbisyo.

> **"Napakaraming Kristiyano ang *naniniwala* sa personal na debosyon, sa halip na sa tunay na pagkakaroon nito."**
>
> **Keith Drury**

## Panalangin sa Kasalukuyang Pagsamba

Kung ang panalangin ay mahalaga sa biblikal na panambahan, ito ay dapat rin na maging mahalaga sa ating pagsamba ngayon. Parehas na mahalaga ang publiko at pribadong pananalangin.

64 Ang kaugalian ni Daniel ay karaniwang ginagawa ng mga masisigasig na Judio.

65 Ang salmong ito ay maaaring kinatha ni David agad-agad matapos ang kanyang pagsisisi sa Awit 51.

**Ang Pribadong panalangin** ay tulad ng pag-uugnay sa atin sa Puno na nagbibigay sa atin ng kalusugan at paglagong espirituwal. Ang kakulangan sa pribadong panalangin ay maaring dahilan kung bakit kulang sa kapangyarihan ang maraming mga simbahan. Kung si Jesus ay nangailangan ng panahon para sa pribadong panalangin noong Siya ay nagmi-ministeryo sa lupa, lalo't higit tayo ay nangangailangang umasa sa panalangin para sa espirituwal na paglago at kapangyarihan sa ministeryo.

**Ang Publikong panalangin** ay isang mahalagang sangkap ng pagsamba. May ilang mga simbahan na hindi nagbibigay ng pansin sa panalangin. May isang pastor na ipinagtanggol ang kakulangan ng pananalangin sa kanyang simbahan sa pagsasabing, "Hindi mo mapapanatiling interesado ang mga tao kung nakapikit ang kanilang mga mata.[66] " Siya'y naniniwala na ang pagbibigay lugod sa mga tao ang higit na mahalaga kaysa sa pagbibigay lugod sa Diyos.

Ang sama-samang pananalangin ay nagtutuwid sa maling ideya na ang Kristiyanismo ay tungkol lamang sa akin at sa aking relasyon sa Diyos. Tayo ay bahagi ng isang katawan. Kapag tayo ay nakikinig ng mga pakiusap at hiling sa panalangin at sama-samang nagkakaisa sa panalangin, tayo ay nagkakaroon ng kamalayan tungkol sa pinagdaraanang karamdaman, sakit ng kalooban, at kalagayan ng ating kapwa Kristiyano. Ang publikong panalangin ay nagpapaalala sa atin na ang mga kaanib ng Iglesia ay nasa iisang katawan. Ang sama-samang pananalangin ay nagpapaalala sa atin na ang Diyos ay nagmamalasakit sa kongregasyon na isang katawan.

Kung paanong ang Banal na Kasulatan ay kailangang gamitin sa buong oras ng panambahan, gayundin naman, ang panalangin ay dapat na itaas sa Panginoon sa buong oras ng serbisyo. Mula sa pagbubukas ng panalangin upang anyayahan ang presensya ng Diyos na dumating sa serbisyo, tungo sa taimtim na pananalangin para sa pangangailangan ng mga tao, hanggang sa panapos na panalangin ng pagpapala para sa mga dumalo, na sila man ay magministeryo sa kanilang lipunan, ang panalangin ay dapat na maghatid ng pokus sa ating panambahan.

## GAWING SENTRAL ANG PANALANGIN SA PAGSAMBA

Ano ang ilang mga praktikal na bagay na maari nating gawin upang ang panalangin ay maging makabuluhang bahagi ng publikong panambahan? Narito ang anim na praktikal na mungkahi.

### Linangin Mo sa Iyong Buhay ang Pribadong Panalangin

Walang sinuman ang magiging handa na pangunahan ang iba sa pagsamba kung siya ay hindi muna sumamba. Walang sinuman ang magiging handa na manguna sa publikong pa-

66 Hango kay Keith Drury, *The Wonder of Worship*, (Fishers, IN: Wesleyan Publishing House, 2002), 28.

nanalangin kung siya ay hindi muna nanalangin ng pribado. Tanging ang paglinang sa ating pribadong panalangin ang maghahanda sa atin na manguna sa publikong panalangin. Bilang tagapanguna sa pagsamba, dapat nating italaga ang ating mga sarili sa displina ng araw-araw na pribadong panalangin.

> **"Ang susi sa buhay Kristiyano ay ang araw-araw na karanasan sa pagsamba at pagpapahalaga sa Diyos bilang sentro ng ating personal na pamumuhay."**
>
> **Dennis Kinlaw**

## Matuto kung Paano Manalangin

Ang mga alagad ni Jesus ay nagtanong, "Turuan mo kaming manalangin" (Lukas 11:1). Bilang tugon, itinuro sa kanila ni Jesus ang isang modelo ng panalangin na tinaguriang Ama Namin. Sa madaling salita, ang panalangin ay maaaring matutuhan.

Kung tutuusin, ang panalangin ay likas sa bawat anak ng Diyos. Gayunpaman, ang panalangin ay maaari pa ring matutuhan. Ang isang bata ay natututong magsalita na hindi kinakailangang dumaan sa mga araling tungkol sa pagsasalita. Gayunpaman, sa paglaki ng bata, natututo siya ng maraming bagay tungkol sa wika, bokabularyo, at tamang pagsasalita. Sa ganito ring paraan, ang isang baguhang Kristyano ay may likas na pagnanasang makipag-usap sa Diyos. Gayunpaman, habang tayo ay lumalago sa pananampalataya, ang ating pang-unawa at pagpapahalaga sa panalangin ay mas lalo ring lumalalim.

Ang mga aklat na tungkol sa panalangin ay maaaring magpalalim ng ating panalangin. Ilang mga klasikong libro tungkol sa panalangin na kapakipakinabang sa mga Kristiyano ay ang mga sumusunod:

- *Power Through Prayer* ni E.M. Bounds
- *With Christ in the School of Prayer* ni Andrew Murray
- *Mighty Prevailing Prayer* ni Wesley Duewel

## Gamitin mo sa Panalangin ang mga Salita ng Banal na Kasulatan

Walang ibang magandang lugar upang matutong manalangin kundi sa Biblia. Ang unang paaralan para sa pananalangin ay ang Biblia. Ang mga salmo at iba pang panalangin sa Biblia ay nagtuturo sa atin kung paano manalangin ng mabisa. Sa kasaysayan ng Iglesia, ang panalangin ng mga dakilang Kristyano ay laging puno ng mga talata sa Biblia. Ilan sa mga dakilang panalangin sa Biblia ay may sangkap na:

- ***Panalangin ng pagsamba***. Exodo 15:1-18, 1 Samuel 2:1-10, 1 Cronika 29:11-20, Lukas 1:46-55, Lukas 1:68-79, I Timoteo 6:15-16, at Pahayag 4:8-5:14.

- ***Panalanging humihingi ng tawad***. Ezra 9:5-15, Awit 51, at Daniel 9:4-19.
- ***Panalangin ng pamamagitan***. Genesis 18:23-33, Exodo 32:11-14, Efeso 1:15-23, at Filipos 1:9-11.

## Magpokus sa Pakikipisan sa Diyos

Sa maraming pagkakataon, ang panalangin natin ay madalas na paghingi sa Diyos. May ilan na nagbibigay sa Diyos ng mga listahan ng kahilingan, nagpapasalamat sa Kanya sa pagsagot sa kahapong panalangin at nagtatapos sa katagang "Amen." Subalit ang tunay na panalangin ay higit pa sa listahan ng mga hinihingi sa Diyos. Ang panalangin ay dapat na maging pakikipisan sa Diyos.

Ang Ama Namin ay nagbibigay sa atin ng modelo kung paano manalangin (Mateo 6:9-13). Ang Ama Namin ay may mga sangkap na:

- **Pagsamba**: "Ama namin nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo."
- **Pagpapasakop**: "Dumating nawa ang kaharian mo. Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa."
- **Kahilingan**: "Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw."
- **Paghingi ng Tawad**: "At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin."
- **Paghingi ng Gabay**: "At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama."
- **Papuri**: "Sapagkat sa Iyo ang kaharian at kapangyarihan, at kaluwalhatian, magpakailanman. Amen."

Ang apat na bahagi na modelo sa panalanging ito ang siyang madalas na alam at sinusunod ng maraming Kristiyano. Ang mga ito ay ang mga sumusunod: pagsamba, paghingi ng tawad, pasasalamat, at kahilingan.

### Pagsamba

Hindi dapat naaalis sa panalangin ang pagsamba at papuri. Kapag tayo ay nagsisimula sa papuri, tinitiyak natin na ang ating panalangin ay higit pa sa mga listahan ng kahilingan. Ang aklat ng mga Awit ay nagbibigay ng modelo ng pananalangin na nakasalig sa papuri. Maging ang mga salmo ng panaghoy ay may kalakip na papuri. Kung ang panalangin ay isang tunay na pagsamba, ito ay may kalakip na pagsamba sa Diyos.

### Paghingi ng Tawad

Natunghayan natin sa Isaias 6 na kapag namasdan natin ang Diyos (pagsamba), makikita rin natin ang ating mga sarili. Kapag nakita natin ang ating mga sarili sa liwanag ng dalisay

na kaperpektuhan ng Diyos, nauunawaan rin natin ang ating pangangailangan na humingi ng tawad. Walang sinumang Kristiyano, gaano man kalago ang kanyang pananampalataya at kalalim ang pakikipag-ugnayan sa Diyos ang pwedeng makapagsabi na, "Hindi ko na kailangang humingi ng tawad. Ako ay ganap ng perpekto." Ang sabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, "Kapag kayo'y nananalangin, sabihin ninyo…patawarin ang aming mga kasalanan, sapagkat pinatatawad naman namin ang bawat nagkakautang sa amin" (Lukas 11:4). Ang tunay na pagsamba ay may sangkap na paghingi ng tawad.

### Pasasalamat

Ang pagsamba ay nagpupuri sa Diyos sa kung sino Siya; ang pasasalamat ay nagpupuri sa Diyos sa kung ano ang ginagawa Niya sa daigdig. Ang pasasalamat ay kumikilala na ang bawat mabuting kaloob at bawat perpektong kaloob ay nagmumula sa kaitasaan (Santiago 1:17). Sa pasasalamat, nagpapasalamat tayo sa Diyos sa kung ano ang ginawa Niya sa ating buhay. Ang kwento tungkol sa 10 may ketong ay nagpapakita ng kahalagahan ng pasasalamat (Lukas 17:12-19).

### Kahilingan

Sa Ama Namin, ipinakita ni Jesus na pinapahalagahan ng Diyos ang kahilingan ng Kanyang mga anak. Ang Diyos ay hindi katulad ng mga pinuno sa daigdig na abalang-abala at hindi dapat disturbuhin ng pangangailangan ng mga karaniwang mamamayan. Sa halip, ang Diyos ay isang perpektong Ama na nalulugod na ibigay ang mga mabubuting bagay sa Kanyang mga anak. Sa Ama Namin, pinapalakas ang ating loob na manalangin para sa ating mga ordinaryong pangangailangan ("bigyan Mo kami ng aming makakain sa araw-araw") at pati na rin sa espirituwal na patnubay ("huwag mo kaming dalhin sa tukso").

Sa Ama Namin, matututuhan natin ang magpasakop sa kalooban ng Diyos kapag tayo ay naghahatid ng mga kahilingan. Bilang mga anak Niyang nagtitiwala sa Kanya, matututuhan natin na ang Kanyang kalooban ay perpekto; ang Kanyang "hindi" ay para sa ating ikabubuti. Ang panalangin ay hindi tulad ng mahika na pinipilit natin ang kalooban ng Diyos na pasakop sa ating kagustuhan. Ang panalangin ay isang espirituwal na disiplina na naghahatid sa atin ng galak na magpasakop sa kalooban ng Diyos.

## I-angkop ang Iyong mga Prayoridad sa Diyos

Madalas na ipakita ng panalangin kung ano ang pinakamahalaga sa atin. Ano ang nag-uudyok ng ating masigasig na pananalangin, mga pisikal na pangangailangan o espirituwal na pangangailangan?

Sa kanyang panalangin para sa mga Kristyano sa Tesalonika, sinabi ni Pablo, "Dahil din dito ay lagi naming idinadalangin kayo, na kayo'y ariin ng ating Diyos na karapat-dapat sa pagkatawag sa inyo, at tuparin ang bawat hangarin sa kabutihan at gawa ng pananampala-

taya na may kapangyarihan, upang ang pangalan ng ating Panginoong Jesus ay luwalhatiin sa inyo, at kayo'y sa kanya…" (2 Tesalonika 1:11-12). Ang masidhing alalahanin ni Pablo ay ang pagsasakatuparan ng layunin ng Diyos sa kanilang buhay. Ang mga Kristiyanong ito ay inuusig, subalit hindi naging dalangin ni Pablo na sagipin sila ng Diyos mula sa paghihirap. Sa halip, nanalangin siya na ang pangalan ng Panginoong Jesus ay maluwalhati sa kanila.

Kung paanong ang ating mga kahilingan ay nagpapakita ng ating mga prayoridad, ang ating pasasalamat ay nagpapakita rin ng ating prayoridad. Kung ang madalas nating pasasalamat ay para sa materyal na pagpapala, maaaring ang materyal na mga bagay ang ating mas higit na pinapahalagahan. Samantala, kung ang higit nating pasasalamat ay ang tulong ng Diyos sa ating espirituwal na buhay, ang espirituwal na paglago ang siyang ating higit na pinapahalagahan.

Sa kanyang panalangin para sa mga taga-Tesalonika, si Pablo ay nagpasalamat sa Diyos sapagkat ang kanilang pananampalataya ay lumalago, ang kanilang pag-ibig sa isa't isa ay lumalakas (2 Tesalonika 1:3). Pansinin mo, ang kanyang higit na pasasalamat ay hindi sa temporal na mga pagpapala; ang kanyang higit na pasasalamat ay para sa kanilang espirituwal na paglago. Ano ang nagbibigay sa iyo ng malaking dahilan para magpasalamat, isang pinansiyal na pagpapala o katibayan ng espirituwal na paglago sa iyong buhay?

## Makipag-usap ka sa Diyos, Hindi sa Kongregasyon

Sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan, ang Diyos ay nakikipag-usap sa kongregasyon. Samantala, sa pamamagitan ng panalangin, ang kongregasyon ay nakikipag-usap sa Diyos. Ang publikong pananalangin ay hindi pagkakataon para sa tagapamuno na iparinig sa mga tao (sa pamamagitan ng panalangin) ang nais niyang sabihin sa kanila! Ang panalangin ay dapat na pakikipag-usap sa Diyos.

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad kung paano manalangin sa diwa ng tunay na pagsamba:

> "At kapag kayo ay nananalangin, huwag kayong maging tulad sa mga mapagkunwari; sapagkat ibig nilang tumayo at manalangin sa mga sinagoga at sa mga panulukan ng mga lansangan upang makita sila ng mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. Ngunit kapag ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid, at pagkasara mo ng iyong pinto ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na nakakakita ng mga lihim ay gagantimpalaan ka. "At sa pananalangin ay huwag kayong gumamit ng walang kabuluhang paulit-ulit, na tulad ng ginagawa ng mga Hentil, sapagkat inaakala nilang sila ay pakikinggan dahil sa marami nilang salita. Huwag nga kayong tumulad sa kanila, sapagkat alam na ng inyong Ama ang mga bagay na inyong kinakailangan, bago pa kayo humingi sa kanya" (Mateo 6:5-8).

Ang tunay na panalangin ay hindi paraan ng pagpapasikat sa Diyos o kaya'y sa kongregasyon; ito'y simple at malinaw na pagkikipag-usap sa ating Amang nasa langit.

» Ano ang iyong pwedeng magawa upang lumago sa iyong personal na pananalangin? Paano magiging makabuluhang bahagi ang panalangin sa inyong publikong pagsamba sa simbahan?

## ANG PAGHAHANDOG BILANG TUGON SA SALITA NG DIYOS

Ang panalangin ay likas na tugon sa Salita ng Diyos. Dahil rito, dapat nating laging isunod sa pagbabasa ng Biblia at sermon ang pananalangin. Sa pamamagitan ng panalangin, tayo ay tumutuguon sa katotohanan na ating tinanggap mula sa Salita ng Diyos; nagpapahiwatig ito ng pagtatalaga ng ating sarili na sumunod sa Diyos.

Ang paghahandog ay pagtugon rin sa Salita ng Diyos. Sa Lumang Tipan, ang hain (paghahandog) ay isang pagtugon ng mananambahan sa Kautusan (Salita ng Diyos). Sa Bagong Tipan, ang paghahandog ay sumasagisag sa pagsuko ng ating buong pagkatao sa Diyos.

Ang paghahandog ay bahagi ng pagsamba. Tinatawag ng salmista ang mga mananambahan na maghatid ng mga alay at pumasok sa lugar-panambahan (Awit 96:8). Iniugnay ng may akda ng Hebreo ang pagsamba sa pagbibigay. Ang sabi niya, "Huwag ninyong kaliligtaan ang paggawa ng mabuti at ang pamamahagi, sapagkat ang Diyos ay nalulugod sa mga gayong handog" (Hebreo 13:16). Sinabi ni Pablo sa mga taga Filipos na ang kanilang mga kaloob ay isang mabangong alay na katanggap-tanggap at nakalulugod sa Diyos (Filipos 4:18).

### Teolohiya ng Pagbibigay sa Diwa ng Pagsamba

Maraming mga dumadalo sa simbahan na tinitingnan ang paghahandog bilang paraan ng pagpuno sa mga bayarin ng simbahan. Tinitingnan nila ito na isang pinansiyal na transaksyon sa halip na espirituwal na kilos ng pagsamba. Ngunit ang Kristiyano bilang isang katiwala ay dapat na maunawaan na ang pagbibigay ay bahagi ng pagsamba. Ang mga sumusunod na prinsipyo ay dapat na maging bahagi ng ating teolohiya ng pagbibigay.

#### Ang pagbibigay sa diwa ng pagsamba ay udyok ng biyaya, hindi ng takot.

Ang pagbibigay ay kilos ng pagsamba na inuudyukan ng pasasalamat sa biyaya ng Diyos. Hiniling ni Pablo sa mga taga Corinto na magbigay sa mga nangangailangang Kristiyano sa Jerusalem. Hindi niya sila tinakot at sinabing, "*Dapat* kayong magbigay sapagkat balang araw ay maaaring mangailangan rin kayo." Sa halip, tinapos niya ang kanyang kahilingan ng may papuri, "Salamat sa Diyos dahil sa kanyang di-mailarawang kaloob" (2 Corinto 9:15). Ang kanilang pagbibigay ay udyok ng pasasasalamat sa kaloob na biyaya ng Diyos. Kung ang paghahandog ay tunay na pagsamba, ito ay taus-puso.

### Ang pagkakaloob sa diwa ng pagsamba ay udyok ng pag-ibig, hindi ng gantimpala.

Ang tunay na pagsamba ay udyok ng **pag-ibig sa Diyos**, hindi ng pagnanasa sa gantimpala. Ang pera bilang kaloob ay sagisag lamang ng ating pagkakaloob ng sarili sa Diyos. Pinapurihan ni Pablo ang mga Kristiyano sa Macedonia sapagkat “ibinigay muna nila ang kanilang sarili sa Panginoon, at sa amin sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos” (2 Corinto 8:5). Ang kanilang mga kaloob ay sagisag ng kanilang pagmamahal sa Diyos at pagmamalasakit sa mga Apostol na naghatid ng ebanghelyo sa kanilang lugar.

Kung ang musika at iba pang gawain sa panambahan ay maaaring gawin na may maling dahilan, ang pagbibigay ay maaaring udyukan rin ng pagnanasa sa gantimpala, sa halip na sa pagmamahal sa Diyos. May ibang mga ebanghelista na nagtuturo na susuklian raw ng Diyos ang ating mga ipinagkaloob na pera ng malaking pagpapala. Sa pamamagitan ng pambabaluktot sa mga talata na labas sa kanilang biblikal na konteksto, nangangako sila na ang Diyos raw ay may ibibigay na malaking pagpapala bilang sukli sa kanilang mga ipinagkakaloob. Subalit ang gayong uri ng pagbibigay ay hindi magiging kilos ng pagsamba, kundi tulad ng pagtaya sa lotto na kung saan umaasa kang manalo ng jackpot! Subalit hindi natin matatagpuan ang ganyang uri ng pagbibigay sa Biblia.

Sa halip, pinaparangalan ng Biblia ang pagbibigay na ginawa ni Maria. Nang kanyang binuhusan ng langis si Jesus, wala siyang anumang hinihintay na kapalit na gantimpala. Ipinagkaloob niya ang kanyang pinag-ipunan ng matagal na walang anumang hinihinging kapalit. Maging ang mga alagad ay nagalit sa kanyang ginawang pag-aaksaya. Tanging si Jesus lamang ang nakakita at nagbigay parangal sa kanyang ibinigay na kaloob; kaloob na udyok lamang ng wagas na pag-ibig (Mateo 26:6-13).

Ang pagkakaloob sa diwa ng pagsamba ay hindi lamang inuudyukan ng pag-ibig sa Diyos, kundi maging ng **pag-ibig sa kapwa**. Pinaalalahanan ni Juan ang kanyang mga mambabasa na ang tunay na pag-ibig ay higit pa sa salita; ito ay kilos. Ang pag-ibig ng mga taga-Filipos para kay Pablo ay nakita sa kanilang pagbibigay. Gayundin naman, ang pag-ibig ng isang mananampalataya para sa kanyang kapwa ay nakikita sa pagbibigay.

> "Subalit ang sinumang may mga pag-aari sa sanlibutang ito, at nakikita ang kanyang kapatid na nangangailangan, at pinagsasarhan niya ito ng kanyang damdamin, paanong nananatili ang pag-ibig ng Diyos sa kanya? Mga munting anak, huwag tayong umibig sa salita, ni sa dila kundi sa gawa at sa katotohanan" (1 Juan 3:17-18)

### Ang pagkakaloob sa diwa ng pagsamba ay mapagbigay, hindi kuripot.

Hinamon ni Pablo ang simbahan sa Corinto na maging mapagbigay nang sinabi niya, “Kayo ay pinayayaman sa bawat bagay dahil sa inyong kagandahang-loob, na sa pamamagitan namin ay nagbubunga ng pasasalamat sa Diyos.” Ang kanilang pagkakaloob ay kapahayagan ng kanilang pasasalamat sa Diyos. “Sapagkat ang pangangasiwa sa paglilingkod na ito ay

hindi lamang pumupuno sa pangangailangan ng mga banal, kundi umaapaw rin sa pamamagitan ng maraming pasasalamat sa Diyos" (2 Corinto 9:11-12). Upang ang pagkakaloob ay maging tunay na pagsamba, ito ay dapat na maging mapagbigay.

### Ang pagkakaloob sa diwa ng pagsamba ay udyok ng kapakumbabaan, hindi ng kayabangan.

» Basahin ang Mateo 6:1-4.

Sa Kanyang Sermon sa Bundok, nagbigay babala si Jesus hinggil sa maling motibasyon sa pagbibigay. May ilang nagbibigay upang purihin ng iba; ang kanilang hinahanap na gantimpala ay papuri. "Kanilang natanggap ang kanilang gantimpala." May iba na tahimik na nagbibigay ngunit pinupuri ang sarili dahilan sa kanilang pinaniniwalaang kapakumbabaan; ang kanilang gantimpala ay kasiyahan ng sarili. Ngunit sabi ni Jesus, "Huwag mong hayaan na malaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanan." Ibig sabihin, huwag mong purihin ang iyong sariling pagkakaloob. Sa halip, hayaan mong ang Ama mong nasa langit na nakakakita sa iyo ang Siyang magbigay sa iyo ng gantimpala ayon sa Kanyang kalooban.

## Kwento ng Masayang Pagbibigay

Katatapos lamang ni John Wesley na mabili ang mga magagandang larawan na kanyang ididikit sa pader ng kanyang kwarto, nang makita niya ang isang babaeng katulong na dumating sa kanyang pinto. Napakalamig ng panahon sa araw na iyon at napansin niya na manipis lamang na damit ang suot ng ale. Dumukot siya ng pera sa kanyang bulsa upang bigyan ang ale ng pambili ng balabal at diyaket, ngunit kaunting pera na lamang ang mayroon sa bulsa niya. Nasabi niya, "Pinalamutian ko ang dingding ng aking bahay ng perang maaaring magprotekta sana sa mahirap na babaeng ito mula sa lamig!"

Mula noon, nilimitahan ni Wesley ang kanyang mga bilihin upang magawa niyang makapagbigay sa mga mahihirap. Sa kanyang journal, naitala niya na sa loob ng isang taon ay mayroon siyang kinikitang £30 at ang kanyang gastusin sa pangangailangan ay £28. Kaya't ibig sabihin, mayroon siyang natitirang £2 na maaaring ibigay. Nang sumunod na taon, naging doble ang halaga ng kanyang kinikita, gayunma'y nanatili pa rin siya sa £28 na gastusin para sa pangangailangan upang makapagbigay ng £32 sa mga mahihirap. Nang ikatlong taon, ang kinikita niya ay umabot ng £90; ngunit namuhay lang siya ulit sa halagang £28, at ipinamigay ang £62. Nang ikaapat na taon, kumita siya ng £120, ngunit nanatili pa rin sa £28 na gastusin sa pangangailangan upang makapagbigay siya ng £92 sa mga mahihirap.

Nangaral si Wesley na ang mga Kristiyano ay hindi lamang dapat magbigay ng ikapu kundi magbigay rin ng pagpapalang labis na sa iyo. Naniniwala siya na kapag tumataas ang ating kita, dapat ring tumaas ang halaga ng ating binibigay. Isinabuhay niya ito sa buong panahon ng kanyang buhay. Kahit na noong ang kanyang kinikita ay umabot na sa libo-libong halaga,

namuhay pa rin siya ng simple at ipinamahagi ang mga sobrang salapi. Sa isang taon ang kita niya ay mahigit £1,400. Nagtira lamang siya ng £30 at ipinagkaloob ang lahat na sobra.[67] Ayon sa kanya, hindi raw siya nagtabi ng pera na aabot ng higit sa £100. Ibinigay niya ang halos £30,000 na kinita niya sa buong panahon ng kanyang buhay.[68]

Ang punto ng kwentong ito ay hindi para magbigay ng legalistikong paraan na magpapahirap sa tao! Ang punto ng kwento ay tungkol sa pagbibigay na may galak at pagkukusa na sumunod a Diyos. Syempre, hindi lahat ay binibigyan ng Diyos ng parehas na sahod na katulad ng natanggap ni John Wesley. Hindi tayo tinatawag ng Diyos na magbigay ayon sa antas ng pagbibigay na ginawa ni John Wesley. Ang hamon ay hindi sa, "Ako ba ay nagbibigay na katulad ng halaga na binibigay ng iba?" Sa halip ang hamon ay, "Ako ba ay nagbibigay na may galak na sumunod sa Diyos?" Sa madaling salita, tinatawag tayo ng Diyos sa pagsambang may sakripisyong pagbibigay.

## Ang Gawain ng Pagbibigay

Sapagkat ang pagbibigay ay isang kilos ng pagsamba, ang mga handog ay dapat na kinokolekta sa paraang nagpapatingkad ng diwa ng pagsamba. Isaalang-alang ang mga sumusunod na ideya.

### Ang binibigyang pansin sa paghahandog ay dapat na pagsamba, hindi ang pangangailangan.

Marahil ang dahilan kung bakit maraming mga Kristiyano na nakikita ang paghahandog bilang paraan ng pagtugon sa mga bayarin ng simbahan ay dahil sa ang nabibigyang pansin sa oras ng paghahandog ay ang mga kinakailangang bayaran! Mas lalong lumalala ang kasong ito kapag nasadlak tayo sa isang pinansiyal na krisis at sasabihin natin, "Ang simbahan ay magsasara" o "Hindi natin magagawang makapagpadala ng misyonero" kung walang masaganang kaloob na maibibigay. Minsan naman, ang pastor ay humihingi ng pasensya sa oras ng kaloob; "Kung maari sana'y ayaw naming humingi sa inyo ng pera." Subalit, ang pagkakaloob ay dapat na kapahayagan ng masayang pasasalamat.

Kapag magsasagawa tayo ng pagkakaloob, ang binibigyang pansin ay dapat na pagsamba. Ang oras ng pagkakaloob ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng isang talata na nagpapaalala sa mananambahan ng layunin ng pagkakaloob. Ang mga talata sa Biblia gaya ng 2

---

67 Bilang pagkukumpara sa panahong ito, ito ay kasinghalaga ng kumita ng $200,000 na kung saan ibibigay mo ang lahat maliban sa $5,000 na para sa iyong personal na pangangailangan. Sa buong buhay ni Wesley, kumita siya at nagkaloob ng halos $3,000,000 ayon sa kasalukuyang halaga ng ating pera.

68 Ang kwentong ito ay hango kay Charles Edward White, "Four Lessons on Money from One of the World's Richest Preachers" Christian History 19 (Summer 1988): 24. Matatagpuan ito sa https://christianhistoryinstitute.org/uploaded/50cf76d05900d6.14390582.pdf July 22, 2020.

Corinto 8:9, 2 Corinto 9:7, Exodo 25:2, Gawa 20:35, at maging ang Juan 3:16 ay nagtuturo sa atin ng tunay na motibasyon sa pagbibigay.

### Ang pagkakaloob ay dapat na bahagi ng serbisyo.

Sa ibang kultura, karaniwan na hinihikayat ang mga tao na ibigay ang kanilang mga kaloob na hiwalay sa oras ng pagsamba. Bagamat ito ay maaaring dulot ng hangaring iwasan ang pagpapakitang tao at makatipid ng oras sa serbisyo, pwedeng mahiwalay nito ang pagbibigay sa pagsamba. Ang pagsasagawa ng pagkakaloob sa oras ng serbisyo ay makakatulong sa mga mananambahan na maunawaan na ang kanilang pagbibigay ay isang kilos ng pagsamba.

Dahil ang pagkakaloob ay tugon sa Diyos, maaaring isaalang-alang ang sandali ng pagkakaloob matapos ang sermon sa halip na bago magsermon. Ito ay nagpapahiwatig na, "Tayo ay nagbibigay sa Diyos bilang tugon sa Kanyang Salita."

### Dapat na ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak ang pagbibigay bilang kilos ng pagsamba.

Kung paanong tinuturuan natin ang ating mga anak na umawit, manalangin, at makinig sa pagbabasa at pangangaral ng Biblia, dapat rin natin silang turuan hinggil sa kagalakan ng pagbibigay. Habang natututuhan ng ating mga anak ang pagbibigay na isang masayang kilos ng pagpupuri, sila man ay nagiging mga mananambahan.

### Ang musika sa oras ng pagbibigay ay dapat na pagsamba.

Kung ang pagkakaloob ay pagsamba, ang musika sa oras ng pagkakaloob ay dapat na pagsamba rin. Ang musikang ito ay maaaring himig ng instrumento o isang awitin; ang awit ay maaaring solo o aawitin ng kongregasyon; maaaring tahimik at mapagbulay o kaya'y masaya at may pagdiriwang. Anuman ang estilo na mapili, ito ay dapat na bahagi ng pagsamba. Silang nagbibigay ng musika sa oras ng pagkakaloob ay dapat na manalangin para sa espirituwal na patnubay, kung paanong ang tagapanguna sa pagsamba ay nananalangin para sa espirituwal na patnubay. Sa madaling salita, walang bahagi ng panambahan ang dapat na maliitin.

### Ang pagkakaloob ay dapat na sundan ng panalangin ng dedikasyon.

Dahil ang mga handog ay kaloob na para sa Diyos, ang pagkakaloob ay dapat na sundan ng panalangin na itinatalaga sa Diyos ang mga kaloob. Magpapaalala ito sa mga mananambahan tungkol sa layunin ng pagbibigay. Ito rin ay magsisilbing nakikitang ebidensya ng pagbibigay bilang pagsamba.

### Ang mga tagapamuno sa simbahan ay dapat na maging mabuting katiwala ng mga kaloob na ibinigay ng mga tao.

Sa pagkakaloob, ipinagkakatiwala ng mga mananambahan ang kanilang mga handog sa pamamahala ng mga tagapamuno ng simbahan. Ang mga namumunong ito ay dapat na mabuting katiwala ng mga kaloob. Ang pag-uulat sa kongregasyon tungkol sa mga ginamit na pera ay magpapakita na ang mga kaloob ay ginamit para sa gawain ng Diyos. Ito ay higit na hihikayat ng patuloy na pagbibigay at maiiwasan ng liderato ng simbahan ang tukso ng kawalang-katapatan. Sa mundo na ang mga pinuno ng simbahan ay tinitingnan na may paghihinala, dapat nating gawin ang lahat ng paraan na maipakita ang ating mga sarili na walang bahid dungis.

Ang paghahandog ay higit pa sa paraan na matugunan ang mga bayarin; ito'y kilos ng pagsamba. Sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa mga mananambahan. Tayo naman ay tumutugon sa pamamagitan ng mga sakripisyong kaloob na mula sa masayang puso. Ito ay tunay na pagsamba.

## PAGSUSURI

Ang mga tao ba sa inyong simbahan ay nakadarama ng pagsamba sa tuwing sila ay nagbibigay, o pakiramdam nila'y tumutulong lang sila sa mga bayarin ng simbahan? Ano ang mga praktikal na bagay na maari mong gawin upang maging kilos ng pagsamba ang inyong pagkakaloob?

## ANG HAPUNAN NG PANGINOON

» Talakayin ang ginagawang pagdiriwang ng iyong simbahan sa komunyon. Gaano kadalas ninyo ipagdiwang ang Hapunan ng Panginoon? Kapag ipinagdiriwang ninyo ang komunyon, ito ba ay nakikitang mahalagang bahagi ng serbisyo?

Kung paanong ang Diyos ay nahahayag sa **nasusulat** na Salita (pagbabasa ng Biblia) at sa **nangungusap** na Salita (pangangaral ng Kanyang Salita), Siya rin ay nahahayag sa **demonstrasyon** ng Salita gamit ang Hapunan ng Panginoon. [69] Ang Hapunan ng Panginoon ay isang pagpapaalala tungkol sa kamatayan ni Jesus para sa ating katubusan at isang pagdiriwang sa Kanyang muling pagkabuhay. Ang Hapunan ng Panginoon ay may kaugnayan sa Paskuwa, subalit ito ay naglunsad ng bagong tipan.

» Basahin ang Mateo 26:17-30 and 1 Corinto 11:17-34.

Sa Bagong Tipan, ang mga talatang may kinalaman sa Hapunan ng Panginoon ay matatagpuan sa aklat ng ebanghelyo at sa tuntunin na ibinigay ni Pablo sa simbahan sa Corinto.

Tatlong tanong ang madalas pag-usapan hinggil sa pagdiriwang ng Hapunan ng Panginoon.

- Ano ang Kahulugan ng Hapunan ng Panginoon?
- Gaano kadalas dapat ipagdiwang ang Hapunan ng Panginoon?
- Paano dapat ipagdiwang ang Hapunan ng Panginoon?

**"Ang Banal na Hapunan ay oras ng pakikipagtagpo ng Panginoon sa Kanyang bayan. Silang naghihintay sa pakikipagtagpong ito ay buong tiwalang makakaasa sa pagdating ni Cristo."**

**Franklin Segler at Randall Bradley**



69 Hango kay Franklin M. Segler and Randall Bradley, *Christian Worship: Its Theology and Practice* (Nashville: B&H Publishing, 2006), 178

## Ano ang Kahulugan ng Hapunan ng Panginoon?

Ang pagdiriwang ng komunyon ay isang makabuluhang bahagi ng pagsamba.[70] Sa kanyang sulat sa simbahan sa Corinto, ipinakita ni Pablo na sa Hapunan ng Panginoon:

1. Nagbabalik tanaw tayo sa kamatayan ni Cristo ("ipinapahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon").
2. Naghihintay tayo sa pagbabalik ni Cristo ("hanggang sa Siya'y dumating").

Kapag ipinagdiriwang natin ang Komunyon, ginugunita rin natin ang Kanyang sakripisyo at hinihintay ang Kanyang ipinangakong pagdating. Ang mga elementong kumakatawan sa katawan at dugo ni Cristo ay nagpapaalala sa atin tungkol sa ating pakikibahagi sa kamatayan ng Panginoon. "Ang kopa ng pagpapala na ating pinagpapala, hindi ba ito'y pakikisalo sa dugo ni Cristo? Ang tinapay na ating pinagpuputul-putol, hindi ba ito'y pakikisalo sa katawan ni Cristo?" (1 Corinto 10:16). Ang Hapunan ng Panginoon ay isang makapangyarihang simbolo ng namamalaging presensya ng ipinako at muling nabuhay na Panginoon.

## Gaano Kadalas Dapat Ipagdiwang ang Hapunan ng Panginoon?

Ang Biblia man o ang Iglesia sa kasaysayan ay walang malinaw na sagot sa tanong na ito. Noong sinaunang Iglesia, tila ang Hapunan ng Panginoon ay ipinagdiriwang tuwing Linggo. Sa kasalukuyan, may ilang mga simbahan na ipinagdiriwang ang Komunyon na linggo-linggo, ngunit may iba na ipinagdiriwang ito ng minsan o dalawang beses lamang sa isang taon.

Hangga't ang pagdiriwang ng Hapunan ng Panginoon ay isang taimtim na bahagi ng pagsamba, ang madalas na pagdiriwang nito ay hindi magpapawalang saysay sa kanya, kung paanong ang linggo-linggong pagbabasa ng Biblia ay hindi nagpapawalang bisa sa halaga ng Biblia sa pagsamba.

## Paano Dapat Ipagdiwang ang Hapunan ng Panginoon?

Nagbigay babala si Pablo sa mga taga-Corinto tungkol sa kumakain at umiinom "sa paraang hindi nararapat" (1 Corinto 11:27).[71] Ilang praktikal na hakbang ang maaaring makatulong

---

70 Imahe: "Hapunan ng Panginoon" kuha ni Allison Estabrook on Oct. 14, 2022, hango sa https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52476662295/, may lisensya sa ilalim ng r CC BY 4.0.

71 Ang kataga sa KJV ng Biblia na isinaling "umiinom ng hindi nararapat" ay madalas ipinapaliwanag na tumutukoy sa taong hindi karapat-dapat sa Hapunan ng Panginoon. Subalit ang katagang "sa paraang hindi nararapat" ay tila mas magandang salin. Walang sinuman sa atin ang karapat-dapat sa sakripisyo ni Cristo. Ang problemang itinutuwid sa Corinto ay walang kinalaman sa hindi karapat-dapat na kalagayan ng mananambahan kundi sa walang galang at hindi nararapat na paraan na ginagawa nila sa pagdiriwang ng banal na Hapunan.

sa ating pagdiriwang ng Hapunan ng Panginoon sa paraang nararapat ayon sa pagpapahalagang Kristyano.

### Ang Komunyon ay dapat na maging sentral na bahagi ng serbisyo, hindi dagdag na gawain.

Ang karaniwang oras para sa Hapunan ng Panginoon ay pagkatapos ng sermon. Sa ganitong paraan, ang sermon ay maghahatid sa atin sa malalim na pagkakaunawa sa Hapunan ng Panginoon. Ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng sermon na tuwirang tumatalakay sa Hapunan ng Panginoon o sa pamamagitan ng isang sermon na ang paksa ay nakaugnay rito (gaya ng pagtubos, kaligtasan, biyaya, at pagiging isang disipulo). Sa mga simbahang madalas ipagdiwang ang Hapunan ng Panginoon, maaring ang tema ng serbisyo ay hindi laging nakaugnay sa Komunyon. Gayunpaman, dapat na mayroong maliwanag na ugnayan sa pagitan ng Komunyon at ng idinaraos na serbisyo.

### Ang Komunyon ay parehas na taimtim at masayang okasyon.

Ang Komunyon ay isang sandali ng taimtim na pagsusuri ng ating mga sarili at isa ring masayang pagdiriwang ng biyaya ng Diyos. Ang taimtim na pagdiriwang ay sumasalamin sa paalalang ang Hapunan ng Panginoon ay pag-alaala sa Kanyang kamatayan. Ang masayang pagdiriwang ay sumasalamin sa pangako ng Kanyang muling pagbabalik.

May okasyon na ang pagdiriwang sa muling pagkabuhay at paghihintay sa pagbabalik ni Cristo ang siyang pangunahing pansin sa Komunyon. Sa ibang pagkakataon, ang mataimtim na pagdiriwang sa kamatayan ni Cristo at sa kahalagahan ng pasusuri sa sarili ang maaring bigyang ng pangunahing pansin. Bawat aspeto ay bahagi ng pagdiriwang sa Hapunan ng Panginoon.

Nagagalak tayo sa Komunyon sapagkat ang Hapunan ng Panginoon ay ginawang posible para sa atin ng biyaya ng Diyos. Sa Banal na Hapunan, tayo ay pinapaalalahan na ang biyaya lamang ang nagbigay sa atin ng kaligtasan. Kinikilala rin natin ang taimtim na bahagi ng Komunyon sapagkat inaalala natin na ang ating pakikibahagi sa Hapunan ng Panginoon ay nangangahulugan ng ating panata na lumayo sa kasalanan. Sa Hapag ng Panginoon, bawat mananambahan ay dapat na nagsusuri ng kanyang sarili.

### Ang Komunyon ay sumasalamin sa pagkakaisa ng Iglesia

Nakakalungkot na ang Komunyon, ang ordinansiya na layuning magpahayag ng pagkakaisa ng Iglesia, ay madalas na nagiging dahilan ng pagkakabaha-bahagi. Ang pagkakaiba kung paano ipagdiwang ang Hapunan ng Panginoon (gaya ng, paggamit ng indibidwal na kopa, karaniwang kopa, pagsawsaw ng tinapay sa kopa) at pagkakaiba sa kung sino ang dapat na kumain nito (lahat ng nagsasabing Kristiyano, tanging ang mga nabautismuhan, tanging ang

mga miyembro ng lokal na simbahan) ay humantong sa mga mainit na pagkakabaha-bahagi sa mga simbahan.

Nagpaalala si Pablo sa simbahan sa Corinto na habang sila'y nagsasalo-salo sa isang tinapay, ito ay nagpapakita ng kanilang pagiging isang katawan. "Sapagkat may isang tinapay, tayong marami ay iisang katawan, sapagkat tayong lahat ay nakikibahagi sa isa lamang tinapay" (1 Corinto 10:17).

Dapat nating tandaan na sa Komunyon, ang pagsamba ang siyang primaryo samantalang ang mga pamamaraan ay sekondarya. Ang simbahan kung gayon ay dapat na magpanatili ng mga pamamaraang tapat sa ebanghelyo at sa nasasaad sa 1 Corinto. Gayunpaman, anumang paraan ng pagdiriwang sa Hapunan ng Panginoon, ito ay hindi dapat na maging sanhi ng pagkakabaha-bahagi. Sa Banal na Hapunan, ipinagdiriwang natin ang pagkakaisa sa pamilya ng Diyos.

## KONKLUSYON: MAKAPANGYARIHANG IMPLUWENSYA NG PAGSAMBA

Ang pagsamba ba ay mahalaga? Narito ang isang patotoo noong 1945 na nagpapakita kung ano ang mangyayari kapag ang isang ordinaryong tao ay sumasamba sa pamamagitan ng panalangin.

Noong WWII, may isang Budistang Japanese-American na estudyante sa Baylor University na naging instrumento ng revival o espirituwal na pagbangon. Siya si Reiji Hoshizaki na nagtratrabaho bilang isang janitor upang mabayaran ang kanyang pag-aaral. Sa tuwing siya ay naglilinis ng mga silid-aralan, lagi niyang ipinapanalangin ang bawat upuan.

Isang araw, matapos ang ilang linggong pananalangin, habang si Reiji ay nakaupo sa klase, bigla siyang nakaramdam ng isang marubdob na pangangailangan na ipanalangin ang kanyang mga kaklase na anupa't lumuhod siya at nagsimulang umiyak. Tinanong siya ng mga estudyante, "Anong problema ni Reiji?" Walang problema si Reiji; sadyang ang kanyang upuan ay nagsilbing altar niya sa pananalangin.

At sa pamamagitan ng pananalangin ni Reiji, nanaig sa Baylor University ang isang espirituwal na pagbangon at lumaganap sa estado ng Texas. Maraming mga estudyante ang humayo tungo sa ibang karatig na lugar at sa buong timog-kanlurang bahagi ng Estados Unidos. Nagpapakita ito na ang panalangin ay isang mahalagang bahagi ng pagsamba. Kapag tayo ay sumasamba, ang ating mundo ay binabago ng kapangyarihan ng Diyos.

## ARALIN 7, PAGBABALIK ARAL

1. Maaari nating gawing sentral ang Biblia sa ating pagsamba sa pamamagitan ng paglalakip nito sa bawat bahagi ng pagsamba.

2. Dahil ang Biblia ay sentral sa ating pagsamba, dapat nating tiyakin na ito ay malinaw, madamdamin, at maparaang binabasa upang maihatid ng sariwa at maayos ang sinasabi nito.

3. Dahil ang pangangaral ay bahagi ng pagsamba:

    - Ang pangangaral ay nangangailangan ng maingat na paghahanda.
    - Ang pangangaral ay nangangailangan ng tugon mula sa kongregasyon.
    - Ang pangangaral ay nangangailangan ng tugon mula sa mangangaral.
    - Ang mangangaral ay dapat na nasa ilalim ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

4. Ilang praktikal na pamamaraan upang ang panalangin ay maging makabuluhang bahagi ng publikong panambahan:

    - Linangin ang iyong pribadong pananalangin.
    - Matutuhan kung paano manalangin.
    - Gamitin ang salita ng Banal na Kasulatan sa pananalangin.
    - Magpokus sa pakikipag-ugnayan sa Diyos.
    - I-angkop ang iyong mga prayoridad kaugnay sa Diyos.
    - Makipag-usap sa Diyos, hindi sa kongregasyon.

5. Dahil ang pagkakaloob ay bahagi ng pagsamba:

    - Ang pagbibigay ay dapat na udyok ng biyaya, hindi ng takot.
    - Ang pagbibigay ay dapat na udyok ng pag-ibig, hindi ng gantimpala.
    - Ang pagbibigay ay dapat na bukas-palad, hindi maramot.
    - Ang pagbibigay ay dapat udyok ng kapakumbabaan, hindi ng kayabangan.
    - Ang paraan ng ating pagkolekta ng mga kaloob ay dapat na umaayon sa diwa ng pagsamba.

6. Ang Hapunan ng Panginoon

    - Nagbabalik-tanaw sa kamatayan ni Cristo.
    - Naghihintay sa pagbabalik ni Cristo.
    - Dapat na ipagdiwang sa nararapat na paraan.
    - Dapat na ipagdiwang sa paraang taimtim at masaya.
    - Dapat na ipagdiwang sa paraang sumasalamin sa pagkakaisa ng Iglesia.

## ARALIN 7, TAKDANG ARALIN

1. Sa aralin 6, pumili ka ng mga awitin na naka-ugnay sa limang magkakaibang paksa. Sa bawat isang paksa, maghanap ka ng 3-4 na mga talata sa Biblia na nagpapahayag sa paksang ito. Ang listahan mo ang siyang gagamitin sa susunod na aralin bilang iyong pagpaplano para sa isang gagawing serbisyo.

    - 3-4 na mga talata na tungkol sa kalikasan ng Diyos
    - 3-4 na mga talata na tungkol kay Jesus, sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay
    - 3-4 na mga talata na tungkol sa Banal na Espiritu at sa Iglesia
    - 3-4 na mga talata na tungkol sa pagtawag sa bayan ng Diyos na isuko ang kanilang buhay sa Diyos at mamuhay ng banal
    - 3-4 na mga talata na tungkol sa ebanghelismo at misyon

2. Sa pasimula ng susunod na aralin, magkakaroon kayo ng pagsusulit batay sa araling ito. Pag-aralang mabuti ang mga tanong bilang iyong paghahanda.

## ARALIN 7, PAGSUSULIT

1. Magbigay ng tatlong halimbawa na nagpapakita ng kahalagahan ng Banal na Kasulatan sa pagsamba.

2. Ibigay ang tatlong bahagi sa serbisyong panambahan na kung saan ang Biblia ay maaring gamitin.

3. Ilista ang apat na praktikal na implikasyon ng prinsipyong *ang pangangaral ay pagsamba.*

4. Ilista ang tatlong praktikal na mungkahi upang ang panalangin ay maging makabuluhang bahagi ng publikong panambahan.

5. Ilista ang apat na teolohikal na prinsipyo ng pagbibigay sa diwa ng pagsamba.

6. Ilista ang apat na praktikal na ideya upang ang pagbibigay ay maging kilos ng pagsamba.

7. Ilista ang dalawang aspeto ng Hapunan ng Panginoon na ipinapakita sa 1 Corinto.

8. Isulat ang Mateo 6:5-8 gamit ang memorya.

## ARALIN 8

# PAGPLAPLANO AT PANGUNGUNA SA PAGSAMBA

### MGA LAYUNIN NG ARALIN

1. Kilalanin ang kahalagahan ng kahandaang espirituwal para sa pangun-guna sa pagsamba.
2. Unawain ang papel na ginagampanan ng istraktura at tema sa serbisyong pagsamba.
3. Magplano ng balanseng panambahan na nangungusap sa buong katawan ni Cristo.
4. Bigyang importansya ang katangiang kinakailangan para sa tagapanguna sa pagsamba.
5. Makita ang pagkakaiba ng pamumuno at manipulasyon sa pagsamba.
6. Isagawa ang mga praktikal na hakbang para sa mabisang pamumuno sa pagsamba.

## PAGHAHANDA SA ARALING ITO

*Isaulo ang* 2 Cronika 5*:13-14.*

## PAMBUNGAD

» Gaano karaming panahon ang ibinibigay mo sa pagplaplano sa inyong lingguhang serbisyo? Naitutugma mo ba ang mga awitin sa ipapangaral na sermon? Ang pagplaplano ba na ginagawa mo ay kinakailangan o ang sobrang pagplaplano ay nakakahadlang sa kalayaan ng Banal na Espiritu para sa inyong panambahan?

Isipin mo ang isang maybahay na naghahanda ng pagkain para sa espesyal na mga panauhin na darating sa kanilang bahay. Sa pagdating ng mga panauhin sa oras ng hapunan, pwede niya bang sabihin, "Hindi ako naniniwala sa paggugol ng oras para sa paghahanda ng pagkain. Narito ang mga tira-tirang tinapay, karne, at gulay. Kayo na ang bahala kung paano ninyo ito paghahalu-haluin." Ikaw, maaari mo bang gawin iyan sa isang espesyal na panauhin? Siempre hindi! Sa halip, ibibigay mo ang iyong pinakamainam na paghahanda para sa iyong panauhin.

Isipin mo ang isang pastor na naghahandog ng kanyang pagsamba bilang kanyang regalo sa Diyos. Isipin mo ang kanyang sasabihin na ganito, "Hindi ako naniniwala sa paggugol ng oras para sa pagplaplano ng panambahan. Nais kong bigyan ng kalayaan ang Banal na Espiritu na magsalita sa pamamagitan ko; kaya't hindi ako magplaplano ng anumang bagay. Hahayaan kong gabayan ako ng Espiritu."

May mga namumuno sa simbahan na naniniwala na ang Banal na Espiritu raw ay hindi makakikilos sa pamamagitan ng mga pinaghandaang sermon at pinagplanuhang serbisyo. Subalit ipinapakita sa atin ng Biblia ang kahalagahan ng pagplaplano para sa pagsamba. Mula sa maingat na paghahanda ng mga manunugtog sa Templo hanggang sa tuntunin ni Pablo tungkol sa pagsamba ng simbahan sa Corinto, ipinapakita sa atin ng Biblia na mahalaga ang pagplaplano para pamunuan ang ministeryo. Hindi tayo dapat maghatid ng handog na walang halaga para sa atin. At dahil ang pagsamba ay paghahandog sa Diyos, nararapat ang Diyos sa ating pinakamainam na pagsamba.

Sa araling ito, titingnan natin ang dalawang aspeto ng pamumuno sa pagsamba. Una, pag-aaralan natin ang kahalagahan ng pagplaplano para sa pagsamba. Pagkatapos ay titingnan natin ang mabisang pamumuno sa serbisyo.

## PAGHAHANDA PARA SA SERBISYO

» Basahin ang Exodo 28-29. Pansinin ang maingat na paghahanda ng mga namumuno sa panambahan ng Israel. Sa gayong paraan, paano ka rin naghahanda sa espirituwal, mental, at emosyonal para sa iyong pangunguna sa pagsamba?

## Paghahanda sa Tagapanguna sa Pagsamba

Ang pagplaplano at paghahanda para sa serbisyo ay mahalaga; ngunit ang paghahanda sa **tagapamuno sa pagsamba** ay higit na mahalaga. Hindi natin magagawang pangunahan ang mga tao sa lugar na hindi natin narating. Dahil rito, kailangan nating ihanda ang ating mga puso bago natin subukan na pangunahan ang iba sa pagsamba.

> "Ang isang taong gumagabay sa iba tungo sa presensya ng Dakilang Hari ay dapat na nakapaglakbay mismo sa bayan at lupain ng Haring iyon at madalas na mukhaang nakikipag-usap sa Kanya."
>
> Charles Spurgeon

Sa aralin 2, natutuhan natin ang hinihingi ng Diyos sa mga mananambahan. Tinatawag Niya ang Kanyang mga mananambahan na magka-roon ng malinis na kamay at dalisay na puso. Ibig sabihin, bago gawin ang paghahanda para sa serbisyo, kailangan muna nating ihanda ang ating mga sarili bilang tagapamuno sa pagsamba. Dapat na handa tayo sa espirituwal upang magawa nating mamuno sa pagsamba.

Simulan ang iyong pagplaplano sa gagawing panambahan sa pamamagitan ng panalangin at pagbabasa ng Biblia. Maglaan ng panahon sa pagbabasa ng Salita ng Diyos para sa iyong paglagong espirituwal.  Ang madalas na panganib na kinakaharap ng mga namumuno sa pagsamba ay ang hayaan ang kanilang ginagawang paghahanda sa ministeryo na maging pamalit sa personal na paglagong espirituwal. Maaari nating pag-aralan ang Biblia para maghanda ng sermon para sa iba, ngunit maaaring mabigo tayo na marinig ang Salita ng Diyos na mangusap sa ating sariling espirituwal na pangangailangan.

Bago ka pumili ng mga talata sa Biblia at ng mga awiting ipinapahayag ang Salita ng Diyos sa kongregasyon, maglaan ka muna ng panahon na ang Salita ng Diyos at ang Kanyang Espiritu ay personal na mangusap sa iyong puso. Matapos ito, maaari ka ng magsimulang magplano para sa serbisyo sa darating na Linggo. Hilingin mo sa Diyos na gabayan ka Niya sa pagpilli ng mga talata, ng paksa ng sermon, at ng mga musikang mangungusap sa pangangailangan ng mga tao.

## PAGSUSURI

Paano mo mapapaunlad sa iyong buhay ang isang malusog na gawi ng pribadong pagsamba? Ano ang mga hadlang na kinakaharap mo? Paano mo tinutugunan ang mga hadlang na iyon?

## Pagplaplano sa Panambahang Serbisyo[72]

Inilarawan ni Fred Bock ang paghahanda ng isang pastor na katrabaho niya, si John Lloyd Ogilvie. Pinaplano ni Dr. Ogilvia ang kanyang mga sermon para sa isang buong taon. Sa maraming pagkakataon, ang isang paksa ng sermon na pinili ng buwan ng Enero ay akmang-akma sa pangangailangan ng kongregasyon kapag ipinangaral sa buwan ng Hulyo. Bakit ito nangyayari? Iyon ay sapagkat “ang ating Diyos ay Diyos ng kahapon, ngayon, at bukas. Alam Niya ang ating pangangailangan bago pa man ito dumating o ating malaman. At kapag tayo ay handa at organisado, mas higit tayong nagiging mahusay at kapaki-pakinabang na daluyan para sa Banal na Espiritu.”[73] Ang Banal na Espiritu ang Siyang nakakaalam kung sino ang dadalo sa inyong serbisyo. Siya ang gagabay sa iyo sa mga awitin at talatang mangungusap sa kanilang pangangailangan.

> **“Ang malayang kilos na walang sinusundang tuntunin ay magiging magulo, at ang tuntunin na walang malayang kilos ay magiging walang buhay.”**
>
> **Franklin Segler at Randall Bradley**

Siempre sa isang banda, marahil ay hindi ka dapat magplano ng para sa buong taon; ang pagplaplano para sa panambahan ay mahalaga. Ang maingat na pagplaplano ay tumutulong sa atin na malayang makapokus sa oras ng panambahan, sa halip na mag-alala; gaya ng “Ano ang susunod na gagawin?” Kapag hindi tayo nagplaplano, maaari tayong bumalik at makulong lang sa ginawa natin noong nakaraang linggo. Subalit ang pagplaplano ay nagbibigay sa atin ng kalayaan na maging malikhain.

72 Marami sa nilalaman ng pagplaplano para sa panambahan na nabanggit rito ay nagmula sa “The Nuts and Bolts of Worship Planning” na matatagpuan sa http://worship.calvin.edu/resources/resource-library/the-nuts-and-bolts-of-worship-planning binuksan noong Hulyo 22, 2020.

73 Hango kay Lois at Fred Bock, *Creating Four-Part Harmony*, (Carol Stream: Hope Publishing, 1989), 43

## Magsimula na may istraktura.

Marami sa atin ang gustong may tuntunin at kaayusan na sinusunod sa buhay. Gusto natin na kumain ng agahan sa umaga at hapunan sa gabi. Sa pagbabasa ng libro ay madalas tayong nagsisimula sa unang kabanata hanggang sa katapusang bahagi ng libro kaysa ang basta-basta lang basahin ang mga pahina ng libro. Dagdag pa, walang sinumang manlalakbay ang gustong sumakay sa isang eroplano at marinig na sinasabi ng piloto, "Hindi pa namin napagpapasyahan kung anong rota ang tatahakin natin. Basta lilipad tayo at tingnan natin kung ano ang mangyari." Sa madaling salita, gusto natin na mayroong istraktura sa mga bagay-bagay.

Ang istraktura sa pagsamba ay hindi naglilimita ng ating kalayaan na sumunod sa Banal na Espiritu kapag binabago Niya ang ating mga plano! Ang istruktura ay nagbibigay ng gabay sa pagsamba habang bukas tayong naghihintay sa pamumuno ng Banal na Espiritu, kung nais Niyang mangingibabaw sa ating istraktura. Sa pagtatalaga ng Templo, mayroong ginawang planadong istraktura, subalit binago ng pagdating ng presensya ng Diyos ang inihandang plano para sa serbisyo (2 Cronika 5:13-14).

Sa Appendix A ay makikita ang mga balangkas o outline na ginagamit ng ilang mga tag-apamuno sa pagsamba para sa pagplaplano ng kanilang serbisyo. Maaring makatulong at magamit mo ang ilan sa mga ito sa inyong partikular na panambahan. Ang pormat ng mga ito ay maaari mong baguhin, ngunit may istraktura siyang maaari mong i-angkop sa pangangailangan ng inyong serbisyo.

Ilan sa karaniwang istraktura para sa pagplaplano ng panambahan ay ang mga sumusunod:[74]

1. **Istraktura na nakasentro sa sermon**

    - Pamamahayag ng katotohanan: himno, Banal na Kasulatan, sermon
    - Pagtugon sa katotohanan: paanyaya, paghahandog, panapos na himno

2. **Istraktura na nakabatay sa gawain ng mga mananambahan ng Diyos sa pagsamba**

    - Pagtitipon ng mga mananambahan ng Diyos: panawagan upang sumamba, himno ng papuri, panalangin
    - Pakikinig ng mga mananambahan sa Salita ng Diyos: pagbabasa ng Biblia at sermon
    - Pagtugon ng mga mananambahan sa Salita ng Diyos: himno ng paanyaya, paghahandog
    - Paghayo ng mga mananambahan: panapos na himno, bendisyon

74 Ang mga istraktura na inilagay ko rito ay para sa buong oras ng serbisyo. May mga tagapanguna sa pagsamba na gumagamit lang ng istraktura para sa musikang bahagi ng serbisyo. Hindi ko inilagay ito dahil inihihiwalay nila ang pagsamba mula sa iba pang bahagi ng serbisyo. Sa Biblia, ang pagsamba ay may kinalaman sa bawat bahagi ng serbisyo, hindi lang sa espesyal na musikang panambahan na inihihiwalay sa sermon.

**3. Istraktura na nagpapakita ng pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang bayan (batay sa Isaias 6)**

- Ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili (talatang 1): panawagan ng pagsamba
- Pagtugon ng mga mananambahan na may papuri at pagpapahayag ng kasalanan (talatang 3-5): mga himno at panalangin
- Pagsasalita ng Diyos sa Kanyang bayan (talatang 6-8): Biblia at sermon
- Pagtugon ng mga mananambahan na may pagtatalaga at panata (talatang 8): himno at paghahandog
- Pagsugo ng Diyos sa Kanyang mga mananambahan (talatang 9): bendisyon

**4. Istraktura na batay sa Awit 95**

- Lumapit ng may masayang pasasalamat (talatang 1-5): panawagan sa pagsamba, mga himno ng papuri
- Magpatuloy sa taimtim na pagsamba (talatang 6-7): mga himno ng pagpapakabanal, panalangin
- Makinig sa tinig ng Diyos (talatang 7-11): Banal na Kasulatan at sermon

### Magpahayag ng nagkakaisang mensahe.

Ang pagsamba ay ang pakikipag-usap natin sa Diyos, ngunit ito’y nangungusap rin sa kongregasyon. Sa pagsamba, inihahatid natin ang Salita ng Diyos sa mga mananambahan. Sa pagplaplano ng serbisyo, makakatulong ang tanong, “Anong mensahe ang nais ng Diyos na ihatid sa Kanyang mga mananambahan sa serbisyong ito?”

Nakadalo ka na ba ng ganitong uri ng serbisyo?

| | |
|---|---|
| **Mga Himno** | • Si Jesus ay ating Kaibigan (Pakinabang ng panalangin)<br>• Magbunyi sa Panginoon (Panawagan sa pagsamba)<br>• Kapag tayo’y nasa Langit na (Pag-asang kalangitan) |
| **Isang Espesyal na Awit** | Dumating ka Espiritu Santo (Pag-anyaya sa Banal na Espiritu sa ating buhay) |
| **Sermon** | Ang Panawagan ni Jonas sa Nineve – Hamon sa Pagbabahagi ng Ebanghelyo |
| **Panapos na Himno** | Ngayon na ang Oras ng Pagsamba (Panawagan sa pagsamba) |

Gamit ang istrakturang ito, ano sa palagay mo ang mensahe na manunuot sa mga mananambahan? Hindi natin alam. Sa loob ng 90 minuto, umaawit tayo ng tungkol sa kaaliwan sa

oras ng kabagabagan, kalangitan, Banal na Espiritu, at panawagan sa pagsamba – lahat ng ito ay pumapalibot sa isang sermon na tungkol sa ebanghelismo. Sa palagay mo, sa susunod na linggo, matatandaan kaya ng mga tao ang hamon para magbahagi ng ebanghelyo? Marahil, ang istraktura ng serbisyong ito ay hindi nakakatulong para maalala ng mga tao ang tema ng serbisyo.

Ngayon ay tingnan naman natin ang serbisyo na plinano ayon sa tema ng "Ang Panawagan ni Jonas sa Nineve":

| | |
|---|---|
| **Mga Himno** | • Ngayon na ang Oras ng Pagsamba (Panawagan sa pagsamba)<br>• Oh Sana'y may Sanlibong Labi na sa Iyo'y Magpupuri (Iniuugnay ang ating papuri sa ebanghelismo)<br>• Nagliligtas si Jesus (Ipinapahayag ang buong nilalaman ng mensahe ng ebanghelyo)<br>• Kailangan natin ang Panginoon (Nagpapakita na kailangan ang pagbabahagi ng ebanghelyo) |
| **Sermon** | Ang Panawagan ni Jonas sa Nineve – Hamon sa Pagbabahagi ng Ebanghelyo |
| **Isang Espesyal na Awit** | Sinusugo Kita (Isang komisyon para sa pagbabahagi ng ebanghelyo) |
| **Panapos na Himno** | Pupunta ako sa Lugar na Gusto Mo (Pagtugon sa komisyon) |

Sapagkat plinano ng mga tagapamuno ang serbisyo na magpahayag ng isang tema, maaaring tumimo sa puso ng mga tao ang tinig ng Diyos para sa buong Linggo; na ito ay magpapaalala sa kanila ng panawagan ng Diyos na ibahagi ang ebanghelyo. At dahil rito, sa kanilang pakikisalamuha sa mga taong ang buhay ay walang patutunguhan, maaari nilang maalala ang mensahe ng himno na "Kailangan natin ang Panginoon." Habang sila ay nagtratrabaho sa araw ng Martes, marahil ay magagalak sila sa katotohanan ng himno na "Nagliligtas si Jesus," at maaalala rin nila na dahil niligtas tayo ni Jesus, dapat rin nating ibahagi ang kagalakang ito sa iba.

Ang Diyos ba ay maaaring kumilos sa isang serbisyo na walang sentral na tema? Syempre, maaari! Subalit, natutulungan natin ang kongregasyon na magkaroon ng pokus sa mensahe kung nagbibigay tayo ng panahon para magplano. Kinakailangan bang laging ganito? Hindi. Minsan, ang isang serbisyo ay maaaring magkaroon ng iba't ibang paksa na gagamitin ng Diyos para mangusap sa iba't ibang pangangailangan ng kongregasyon. Hindi tayo dapat mahulog sa paniniwalang ang Diyos ay kumikilos lang sa pamamagitan ng isang pamamaraan o sistema. Gayunpaman, mas natutulungan natin ang mga mananambahan na matuon sa mensahe ng serbisyo kapag mayroon tayong isang tema.

## Panatilihin ang balanseng pagsamba.

Lahat tayo ay may mga paborito: paboritong pagkain, paboring musika, paboritong mga libro, paboritong mga laro, at paboritong mga aklat sa Biblia. Sa pagplaplano ng pagsamba, mahalaga na hindi lamang inilalagay ng tagapamuno ang kanyang mga paboritong awitin, mga paboritong talata, at paboritong tema ng sermon. Ang balanseng pagsamba ay nagpapahayag ng buong nilalaman ng ebanghelyo para sa buong kaanib ng kongregasyon.

1. **Ang balanseng pagsamba ay parehas na magpapakita ng kadakilaan ng Diyos at ng Kanyang presensyang sumasa atin.**

Ang Diyos ay isang Kataas-taasang Diyos na naghahari sa buong daigdig. Subalit Siya ay Diyos rin na nananahan sa piling ng Kanyang bayan. Makikita natin ang balanseng pananaw na ito sa buong Biblia.

Matapos na makatawid sa Pulang Dagat, ang bayan ng Israel ay umawit ng papuri para sa kapangyarihan ng Diyos, "Sinong tulad mo, O Panginoon, sa mga diyos? Sinong gaya mo, dakila sa kabanalan, nakakasindak sa maluluwalhating gawa, na gumagawa ng mga kababalaghan?" Inawit nila ang pagmamalasakit ng Diyos, Iniunat mo ang iyong kanang kamay, nilamon sila ng lupa. "Iyong pinatnubayan sa iyong wagas na pag-ibig ang iyong tinubos na bayan, sa iyong kalakasan ay inihatid mo sila sa banal mong tahanan" (Exodo 15:11-13).

Nakita ni Isaias ang Panginoon na nakaupo sa Kanyang trono bilang kataastaasan sa lahat. Ang Diyos ay dakila at matayog sa lahat. Siya ay marangal na kataastaasan, subalit personal Siyang nangusap at nagbigay ng komisyon kay Isaias na sinasabi, "Humayo ka at ipahayag mo sa mga taong-bayan…" (Isaias 6:1-13).

Ang salmista ay nagpuri sa kataastaasan Diyos, "Panginoon, aming Panginoon, sa buong lupa ay napakadakila ng iyong pangalan! Sa itaas ng mga langit ay inaawit ang iyong kaluwalhatian." Subalit ang kataastaasang Diyos na ito ay may malapit na pakikitungo sa sangkatauhan. Kaya't nasabi rin ng salmista, "Ano ang tao upang siya'y iyong alalahanin, at ang anak ng tao upang siya'y iyong kalingain?" (Awit 8).

Sa pagsamba, tayo ay nagbibigay ng parehas na atensyon sa kadakilaan at presensya ng Diyos na nasa gitna natin. Kapag ang pagsamba natin ay nakakalimot sa kadakilaan ng Diyos, parang magiging kaibigan lang ang trato natin sa Diyos na walang hinihinging pagsunod at paglilingkod mula sa atin. Sa isang banda, kapag nakakalimutan naman natin ang malapit na pakikitungo sa atin ng Diyos, maaari natin Siyang sambahin bilang isang malayong Diyos na walang pagmamalasakit sa ating mga pangangailangan. Kaya't sa pagplaplano ng pagsamba, dapat nating bigyang pansin ang dalawang aspeto ng relasyon ng Diyos sa sangkatauhan. Dapat nating parehas na ipaalala sa mga mananambahan ang pagkakaroon ng takot sa Diyos at ang pagkalugod sa Kanya.

## PAGSASABUHAY

Ang pagsamba sa Diyos na Siyang parehas na Kataastaasan at sumasaatin ay nangangahulugan na aawit tayo ng mga awiting kumikilala sa Kanyang kadakilaan (gaya ng himnong, "O Sambahin ang Hari") at ng mga awiting kumikilala sa Kanyang malapit na ugnayan sa sangkatauhan (gaya ng himnong, "Emmanuel, ang Diyos ay Sumasaatin"). Sa panalangin, pupurihin natin Siya sa Kanyang makapangyarihang mga gawa at ihahatid natin sa Kanya ang ating mga personal na pangangailangan.

**2. Ang balanseng pagsamba ay parehas na sama-sama at personal.**

Ang Aklat ng mga Awit ay parehas na naglalaman ng publikong pagpupuri at personal na pagpupuri. May ilang mga salmo na nagpapakita ng "ating" papuri; may ilang salmo na nagpapakita ng "aking" papuri. Sa loob ng Templo, ang mga mananambahang Hebreo ay sama-samang sumasamba sa Diyos; at sa tahanan naman nila'y indibidwal silang nananalangin. Si Jesus ay madalas na pumunta sa sinagoga upang makiisa sa sama-samang panambahan; ngunit Siya rin ay madalas pumunta sa ilang na dako upang mag-isang gumugol ng panahon sa piling ng Kanyang Ama (Lukas 4:16 at Marcos 1:35). Kaya nga, ang biblikal na pagsamba ay parehas na publiko at personal. Sa pagsamba, dapat tayong magbigay ng pagkakataon sa kongregasyon na sama-samang sumamba bilang isang katawan at ng pagkakataon sa bawat indibidwal na maipahayag ang kanilang personal na debosyon sa Diyos.

## PAGSASABUHAY

Ang pagsamba na sama-sama at personal ay may epekto sa lahat ng bahagi ng serbisyo. Tayo ay umaawit ng mga awiting pangkalahatan (gaya ng "Lubos na Dakila ang ating Diyos") at tayo ay umaawit rin ng mga personal na awitin (gaya ng "Ikaw ang aking Hari"). Tayo ay mananalangin ng "Ama naming nasa

langit" habang may pagkakataon na indibidwal na manalangin sa piling ng Kapatiran.

Higit sa anupamang panahon sa kasaysayan, ang publikong panambahan ay nasa gitna ngayon ng matinding hamon. Sa panahon na maraming

cellphones, tablets, texting, at palagiang access sa internet, maaari tayong manatiling nakaupo sa serbisyo, ngunit ang ating damdamin at espiritu ay malayo sa pagsamba. Ang seryosong pakikibahagi sa publikong pagsamba ay nangangailangan ng paglalayo ng ating mga sarili mula sa anumang mga distraksyon upang makasamba tayo kasama ang Kapatiran.

**3. Ang balanseng pagsamba ay naglalaman ng pamilyar at bago.**

Ang balanseng ito ay praktikal sa halip na theolohikal. Ito ay mahalaga kung nais nating makitang aktibong nakikilahok ang kongregasyon sa pagsamba. Sa pagplaplano ng pagsamba, dapat nating balansehin ang pamilyar at bago.

Kapag higit na marami ang bago, ito ay magdudulot sa kongregasyon na maging tagapagmasid lamang sa halip na mananambahan. Hindi nila magagawang makibahagi sa pagsamba sapagkat hindi nila alam ang mga awitin. Minsan ay naging daing ni C.S. Lewis na maraming mga pastor ang nakakalimot sa, "Sinabi ni Jesus kay Pedro, 'Pakainin mo ang aking mga tupa,' hindi 'Turuan ang aking mga aso ng mga bagong pakulo.'" Ang pagkakaroon ng maraming bagong bagay ay maaaring magpahirap sa mga tao na matuon sa pagsamba.

Gayundin naman, ang pagkakaroon ng maraming mga pamilyar na bagay ay maaaring maghatid ng kawalang kabuluhan sa ating mga nakagawian. Ang isang serbisyo na napuno ng kinagawian at madaling hulaan ay maaaring magdulot sa kongregasyon na mawalan ng pokus at sigla sa kanilang pagsamba.

Ang pagplaplano ng panambahan ay dapat na parehas na naglalaman ng pamilyar at bago. Halimbawa, ang "Lubos na Pagibig ng Diyos para sa atin" ay isang bagong himno na tungkol sa kaligtasan. Ang himnong ito ay nagtatapos sa katagang "Ang mga sugat Niya ang naging kabayaran sa ating mga kasalanan." Ipinapahayag nito ang halaga ng ating kaligtasan. Ang bagong himnong ito ay maaaring sundan ng isang pamilyar na himno, "Binayaran ni Jesus ang Lahat." Ang pamilyar na himnong ito ay tumatawag sa atin na tumugon sa sakripisyo ni Jesus. Sa madaling salita, ang balanseng paglalapat ng pamilyar at bago ay makakatulong sa kongregasyon na magkaroon ng aktibong pagsamba.

## PAGSASABUHAY

Ang pagsamba na nagbibigay balanse sa pagitan ng pamilyar at bago ay naglalaman ng mga luma at bagong awitin. Ito ay parehas na maglalaman ng

mga pamilyar at di gaanong pamilyar na mga talata sa Biblia na babasahin. Halimbawa, bago natin basahin ang isang pamilyar na talata sa Juan 3:1-21 na kung saan nagtuturo si Jesus ng tungkol sa muling pagsilang, maaari muna nating basahin ang di gaanong pamilyar na talata sa Ezekiel 36:16-38, na kung saan ang Diyos ay nangako na huhugasan Niya ang Israel at bibigyan ng bagong puso. Ang dalawang talatang ito ay magkaugnay sa tema. Ang pagbabasa sa mga ito ay magpapalalim ng unawa ng kongregasyon tungkol sa katuruan ni Jesus na mababasa sa Juan 3.

Kung ikaw ay magpapakilala ng isang bagong awit, dapat mong samahan ang awiting ito ng mga pamilyar na awitin. Kapag bubuksan natin ang panambahan sa pamamagitan ng di pamilyar na awitin, ang serbisyo ay maaring magsimula ng malamya at may pag-aalangan. Mainam na pasimulan ang pagsamba sa pamamagitan ng isang pamilyar na awitin at pagkatapos nito ay isunod ang isang di pamilyar na bagong awitin.

Ang isang simbahan sa Taiwan ay mayroong malikhaing pamamaraan sa pagpapakilala ng mga bagong awitin. Marami sa kanilang kongregasyon ay mga bagong mananampalataya at di alam ang marami sa mga awiting inaawit. Gayunpaman, ang simbahang ito ay mayroong pagsasanay muna bago magsimula ang serbisyo. Dalawangpung minuto bago ang serbisyo, inaawit muna nila ang mga bagong awitin na magiging bahagi ng serbisyo. Tutugtog ang pianista sa paraang madaling masundan ng lahat ang himig at tono. At dahil ang kanilang ginagawa ay pagsasanay lang, maaaring pahintuhin ng tagapanguna ang isang awit upang ulitin ang isang kataga hanggang sa mapamilyar ito sa kongregasyon. Pagdating ng 10:00am, kayang-kaya ng awitin ng mga tao ang mga bagong awitin.

### Magplano bilang Grupo.

May praktikal na payo ang Ecclesiastes na ganito ang sinasabi, “Ang dalawa ay mas mabuti kaysa isa; sapagkat sila'y may mabuting gantimpala sa kanilang pagpapagod” (Eclesiastes 4:9). Ang pagplaplano sa pagsamba ay dapat na gawain ng grupo. Bawat isang kabahagi sa pamumuno sa pagsamba ay dapat na may bahagi sa pagplaplano.

Kapag ang pastor, tagapamuno sa pag-awit, at ang iba pang namumuno ay magpupulong upang pag-usapan ang kalooban ng Diyos para gagawing serbisyo, ang kanilang mga kakayahan at kaloob ay magkakaisa. Kapag ganito ang mangyari, ang lakas at kakayahan ng bawat isa ay makakatulong sa pagplaplano para sa gagawing pagsamba.

## Magplano para sa hinaharap.

Hindi natin magagawang ipahayag sa isang serbisyo ang buong mensahe ng Biblia. Subalit sa paglipas ng panahon, dapat na naipapahayag natin ang lahat ng aspeto ng ebanghelyo sa mga mananambahan. Bawat isa sa atin ay may mga paboritong paksa; subalit dapat nating udyukan ang ating mga sarili na ipangaral at awitin ang mga paksang hindi natin paborito.

May ilang mga pastor at tagapamuno sa pagsamba na gumagamit ng isang kalendaryo na naglalaman ng mga itinakdang mga tema na naituturo ang nilalaman ng Biblia sa loob ng tatlong taon.[75] May ilan naman na nagplaplano ng lingguhan at maingat na inilalagay ang kabuoang mensahe ng Biblia sa paglipas ng mga buwan.

Kahit na wala kang sinusunod na kalendaryong naglalaman ng mga itinakdang katuruan, ang kamalayan sa mga Kristyanong pagdiriwang sa loob ng isang taon ay makakatulong sa iyo upang maipahayag ang mahahalagang aspeto ng ebanghelyo. Ang mga mahahalagang pagdiriwang ng mga Kristyano sa loob ng isang taon ay ang mga sumusunod:

- **Adbiyento** (apat na Linggo na magtatapos sa araw ng Pasko): Nakauton sa una at ikalawang pagdating ni Cristo.
- **Pasko**: Ang pokus ay nasa pagkakatawang tao at kapanganakan ni Cristo.
- **Mahal na Araw** (anim na Linggo na magtatapos sa araw ng Pagkabuhay): Ito ay nakatuon sa paghihirap at kamatayan ni Jesus, maging sa hamon sa bawat mananampalataya na maging isang tunay na disipulo.
- **Araw ng Pagkabuhay**: Ito ay nakatuon sa pagkabuhay at pag-akyat ni Cristo sa langit.
- **Pentecostes**: Ang pokus ay sa pagdating ng Banal na Espiritu at sa Iglesia.

Mayroon ka mang sinusundang pormal na pagkakasunod-sunod ng mga paksa o mayroong lingguhang plano, iyo lamang tiyakin na napapakinggan ng iyong kongregasyon ang lahat ng nilalaman ng ebanghelyo bilang bahagi ng inyong panambahan.

## Magplano ng Payapa.

Ang pagsamba ay hindi tungkol sa atin; ito ay hain natin sa Diyos. Ang ating ginagawang pagplaplano sa pagsamba ay bahagi lang ng ating paghahandog sa Diyos. Hindi tayo nagplaplano ng panambahan na udyok ng budhing binabagabag ng tanong, “Nakalulugod na ba ito?” Dapat nating tandaan na sumasamba tayo sa Diyos ng biyaya. Ang ating pagsamba ay tinatanggap hindi dahil sa ito ay karapat-dapat sa kanyang sarili, kundi dahil sa tinatanggap ng Diyos ang kusang paghahandog ng Kanyang mga anak.


---

75 Matatagpuan sa online sa http://lectionary.library.vanderbilt.edu/calendar.php Hulyo 22, 2020.


Ito ay mahalaga para maiwasan ang pagkabahala na, “Dapat na napapantayan natin ang ginagawa ng XYZ Church o ni ganito at ganyang simbahan.” Sa panahong ito ng teknolohiya at iba’t ibang media, maraming mga tagapamuno ng simbahan ang nakadarama ng patuloy na pagkabawala na sumunod sa uso ng panahon na gaya ng ginagawa ng ibang mga simbahan. Bunga nito, ang mga pastor ay nakikipagkompetensya sa pagkakaroon ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga tagapamuno ng musika ay nakikipagligsahan tungkol sa mga makabagong awitin. At ang mga mananambahan ay laging naghahanap ng mga simbahang kakikitaan ng mga makabagong atraksyon.

Subalit hindi tayo dapat mahulog sa tukso ng pagpapakitang gilas sa Diyos sa pamamagitan ng ating mga paghahandog. Huwag nating hayaan na ang mga kasangkapan para sa panambahan, gaya ng musika at teknolohiya ay maging pamalit sa tunay na pagsamba. Sa halip, ihatid mo sa Diyos ang iyong pinakamainam na alay dahil nalalaman mo na ang Diyos ng biyaya ay nagagalak sa matamis na samyo ng iyong alay. Ibigay mo sa Kanya ang iyong pinakamainam at pagtiwalaan Mo Siya na tatanggapin ang iyong handog. Ang pagsamba ay hindi pakikipagkompetensya sa ibang mga simbahan; ito ay isang kaloob ng Diyos.

**ANG KONGREGASYON BILANG MGA MANUNOOD**




**ANG DIYOS BILANG MANONOOD**




## PAMUMUNO SA SERBISYONG PAGSAMBA

### Ang Pinakamahalagang Tanong: *Sino ang Tagapagmasid?*

» Ano ang papel na ginagampanan ng kongregasyon sa pagsamba? Ano ang

papel na ginagampanan ng mga tagapamuno sa pagsamba? Ano ang papel na ginagampanan ng Diyos?

Maraming tao na tinitingnan ang panambahan na parang isang konsiyerto. Ang kongregasyon ay nakikinig sa pagtatanghal ng pastor at ng mga manunugtog. Ang santuaryo ay parang isang bulwagan para sa konsiyerto.

Inilarawan ni Barry Liesch ang ganitong pananaw sa pagsamba na gaya ng sa laro ng football:[76]

- Ang mga tagapanguna sa pagsamba ang mga manlalaro na gumagawa ng pagsamba.
- Ang kongregasyon ang tagapagmasid na nakatayong nanunuod sa laro.
- Ang Diyos ang Siyang coach na nagsasabi sa tagapamuno ng pagsamba kung ano ang gagawin.

Subalit ang biblikal na larawan ng pagsamba ay sobrang naiiba rito. Sa biblikal na pagsamba, ang kongregasyon ay sumasamba habang ang mga tagapamuno sa pagsamba ay tumatayong parang mga coach na gumagabay sa pagsamba:

- Ang tagapamuno sa pagsamba ang coach na gumagabay sa kongregasyon.
- Ang mga mananambahan ang mga manlalaro na gumagawa ng pagsamba.
- Ang Diyos ang tagapagmasid na tumatanggap sa ating pagsamba.


Sa pagtatanghal ng isang drama, hindi mo napapansin ang direktor. Subalit nalalaman ng direktor ang lahat ng pangungusap at mangyayari bago pa man pumasok ang isang aktor upang gampanan ang kanyang papel. *Kapag ginagawa niya maayos ang kanyang trabaho, hindi siya mapapansin ng mga manunuod.* Iyan ang trabaho ng tagapamuno sa pagsamba. Ang ating trabaho ay hindi sumamba para sa mga tao; ang ating trabaho ay ang gabayan ang kongregasyon sa pagsamba. Ang kongregasyon ay sumasamba kasama ang pastor at ang tagapamuno ng musika tungo sa sa presensya ng Diyos. Ang ating layunin ay ang bigyang lugod ang Diyos. At sa biblikal na modelo ng pagsamba, ang Diyos ang tagapagmasid ng ating pagsamba.

Subalit, ang Diyos ay higit pa sa tagapagmasid; ang Diyos ang Siyang nagbibigay ng lakas sa lahat ng ating ginagawa sa pagsamba. At ang tagapamuno sa pagsamba ay higit pa sa isang coach o direktor. Ang tagapamuno sa pagsamba ay parehas na direktor at mananambahan. Ang pagsamba ay mayroong iba't ibang ugnayan:

- Ang Diyos ang nag-aanyaya sa mga mananambahan, ang tumatanggap ng kanilang pagsamba, at ang gumagabay sa mga tagapamuno ng pagsamba habang sila'y nagmiministeryo sa kongregasyon.

76 Hango kay Barry Liesch, *The New Worship*, 2nd edition (Grand Rapids: Baker Books, 2001), 123

- Ang mga tagapanguna sa pagsamba ang siyang gumagabay sa kongregasyon sa pagsamba, na makinig sa tinig ng Diyos, at makilahok bilang mga mananambahan.
- Ang kongregasyon ay naghahandog ng pagsamba sa Diyos, nakikinig sa tinig ng Diyos, at nangungusap sa isa't isa sa pagsamba.




## Paano Iwasan ang Pagsamba bilang isang Pagganap[77]

1. Umawit ng mga awiting madaling matutuhan. Awitin ang mga ito sa paraang madaling sabayan ng kongregasyon. Huwag masyadong gumamit ng maraming bagong awitin.

2. Awitin at ipagdiwang ang kapangyarihan, kaluwalhatian, at kaligtasan ng Diyos. Paglingkuran ang iyong kongregasyon. Puspusin sila ng Salita ng Diyos. Huwag umawit ng mga awiting pangit ang liriko o pangit ang teolohiya.

3. Ilagay sa ayos ang mga ilawan. Huwag magsalita ng labis. Huwag mong hayaan na matuon ang iyong pagkamalikhain sa mga palamuti, kutitap, ilaw, at mga panoorin na aagaw ng sentralidad ng ebanghelyo.

4. Ang iyong pangunguna sa pagsamba at ang mga awiting gagamitin ay dapat na angkop sa nakakaraming kaanib ng iyong kongregasyon. Pangunahan mo sila sa pastoral na pamamaraan.

5. Ituro mo ang kanilang pansin kay Jesus. Huwag kang tumawag ng pansin sa iyong sarili.

## Mga Katangian ng Tagapanguna sa Pagsamba

Anuman ang iyong hinahawakang titulo, bilang tagapanguna sa pagsamba, ginagampanan mo ang papel ng isang pastor. Kung ikaw ay isang pastor, tiyak na nauunawaan mo na ito. Kung ikaw ay karaniwang manggagawa, dapat mong maunawaan na ang papel na iyong ginagampanan ay isang katatayuan ng espirituwal na pamumuno.

---

77 Hango kay Jamie Brown, "Are We Headed For A Crash? Reflections on the Current State of Evangelical Worship." Matatagpuan sa https://worthilymagnify.com/2014/05/19/crash/ Hulyo 22, 2020.

Sa pagpili ng tagapamuno sa pagsamba, dapat nating isaalang-alang ang espirituwal na katangian, hindi lamang ang kanilang personal katangian at kakayahan sa musika. Nang ang mga apostol ay pumili ng mga diyakono na mangangalaga sa mga balo ng Grecia, sila'y naghanap ng mga taong may magandang reputasyon, puspos ng Espiritu, at karunungan (Gawa 6:3). Ang etikal, espirituwal, at moral na mga katangian ay napakahalagang bagay.

Sa ibang mga simbahan, ang pagpili sa mga mangunguna sa pag-awit, ng mga manunugtog, at ng iba pang gampanin ng pamumuno ay nakabatay sa popularidad. Subalit kung ang mga diyakono na maglilingkod para sa mga materyal na pangangailangan ay pinili ng dahilan sa kanilang espirituwal na katangian, ang mga namumuno sa pagsamba ay dapat ring piliin ng dahil sa kanilang espirituwal na katangian.

Kung namumuno ka sa pagsamba sa iyong simbahan (bilang pastor, manunugtog, o anumang paraan ng pamumuno sa pagsamba), kailangan mong linangin ang mga katangian na gagawin kang mabisa sa pamumuno sa pagsamba.

- **Espirituwal na kamalayan**. "Ako ba ay sensitibo sa pamumuno ng Banal na Espiritu?"
- **Sensitibidad**. "Ako ba ay sensitibo sa pangangailangan ng kongregasyon? Pumipili ba ako ng mga awitin at talata na nangungusap sa kanilang pangangailangan?"
- **Pakikiisa**. "Nakapaglilingkod ba ako ng maayos kasama ang isang grupo? Nakikipagtulungan ba ako kapag sinabi ng pastor na palitan ko ang panapos na awitin? Nagpapasakop ba ako sa pangkalahatang pangangailangan ng grupo?"
- **Kaalaman**. "Ako ba ay lumalago sa aking kaalaman sa Salita ng Diyos? Ginagawa ko bang sentral ang Salita ng Diyos sa aking pagsamba?"
- **Karunungan**. "Lumalago ba ako sa karunungan na maunawaan at tugunan ang usapin tungkol sa pagsamba? Dinidisiplina ko ba ang sarili ko na matutong makinig at maingat na magsalita?" (Santiago 1:19)
- **Tiyaga**. "Mapagpasensya ba ako kapag ang kongregasyon ay mabagal tumugon sa *aking plano* para serbisyo?"
- **Kapakumbabaan**. "Payag ba akong umawit ng mga awiting nangungusap sa mga simple at hindi pa sanay na mga miyembro ng kongregasyon? Ayos lang ba sa aking mangaral ng simple; sa paraang natutugunan ang pangangailangan ng mga di-edukadong miyembro ng kongregasyon? Namumuno ba ako ng may kapakumbabaan, o nakikita ko ang aking sarili na nakahihigit sa sinuman sa loob ng simbahang inilagay ako ng Diyos upang aking paglingkuran?" Bilang tagapamuno sa pagsamba, ang iyong pagkamalikhain ay dapat na pasailalim sa iyong pastoral na tungkulin. Ang iyong unang obligasyon ay ang maglingkod sa mga tao.

- **Pagkamalikhain**. "Lagi ba akong naghahanap ng mga kaparaanan upang maging makabuluhan ang pagsamba? Iniiwasan ko ba ang paulit-ulit na gawi na kung saan ang bawat serbisyo ay magkakatulad na lang lagi?"
- **Disiplina**. "Dinidisiplina ko ba ang aking pagkamalikhain upang maiwasan ang anumang distraksyon sa pagsamba? Iniiwasan ko ba na ang bawat serbisyo ay laging magmukhang bago na anupa't ang mga tao ay hindi makapokus ng kanilang atensyon sa Diyos?"
- **Kahusayan**. "Inihahandog ko ba ang aking pinakamainam na alay sa bawat linggo? Patuloy ba akong lumalago bilang tagapamuno sa pagsamba?"[78]

## Mga Praktikal na Hakbang sa Pamumuno sa Pagsamba

Hindi mapipilit ng isang pinuno ang mga tao na sumamba. Gayunpaman, maaaring padaliin ng isang namumuno na ituon ang pansin ng kongregasyon sa pagsamba.

### Pamumuno sa pamamagitan ng halimbawa

Isa sa kapakinabangan ng pamumuno sa pagsamba ay ang pagkakataon na sumamba *kasama* ang kongregasyon. Ang namumuno ay dapat na sumamba habang pinapangunahan niya ang kongregasyon sa pagsamba.

Subalit ang pagsamba ay maaaring maging hamon sa tagapamuno. Maaari tayong maging abala sa pangunguna sa pagsamba na nakakalimutan natin ang sumamba! Kung ikaw ay direktor ng musika, maaari mong makita ang iyong sarili na nahihirapang sumamba habang iniisip ang mga sumusunod:

- "Hindi pa dumarating ang aawit ng solo. Sana'y magawa niyang makarating dito sa tamang oras para sa isang espesyal na awitin!"
- "Hindi maayos ang pagkaka-awit ng mga tao sa unang himno. Mahirap ba para sa aming simbahan ang awiting iyon?"
- "Parang ang bagal ng aming mga awitin. Maaari ko bang pabilisin ang awit sa susunod na talata?"

Kung ikaw ay pastor, maaari mong matagpuan ang iyong sarili na nahihirapang sumamba habang iniisip ang mga sumusunod:

---

78 Ang kalidad ng kahusayan ay hindi nangangahulugan na tanging ang mga propesyunal na tagapamuno lamang ang mangunguna sa pagsamba. Binigyang kahulugan ni Harold Best ang kahusayan bilang "proseso ng pagiging mahusay ngayon kumpara sa ako ng kahapon." At dahil ang pagsamba ay ating handog sa Diyos, patuloy tayong nagsusumikap na maging mahusay sa bawat pagkakataon. Hango kay Harold Best, *Music through the Eyes of Faith* (San Francisco: Harper Books, 1993), 108

- “Kulang kami ng 10 tao ngayon kumpara sa nakaraang linggo. Nasaan na sila?”
- “Dapat ko bang tapusin ang aking sermon sa isang paanyaya?”
- “Ang awiting iyon ay hindi tugma sa aking sermon. Paano ako makakausad mula sa mga awiting tungkol sa langit tungo sa aking sermon na tungkol sa Kahatulan?”

Hindi natin dapat hayaan ang mga pamamaraan sa pangunguna sa pagsamba na palitan ang pagsamba sa ating buhay. Habang tayo ay nangunguna sa pagsamba, dapat tayong sumamba. Ito ang nagbibigay inspirasyon sa kongregasyon na sumamba. Isang tagapagsalita ang nagsabi, “Bilang mga tagapanguna sa pagsamba, hindi tayo mga **asong nakabantay sa tupa** na laging nakabantay sa kongregasyon upang pilitin silang sumamba sa paraang gusto natin. Tayo ay mga **mananambahan** na nag-aanyaya sa kongregasyon na sumama sa atin tungo sa presensya ng Diyos.” Ang kongregasyon ay hindi sumasamba kung sinasabi ng tagapamuno na sila’y sumamba. Sila’y sumasamba kapag ang tagapanguna ay sumasamba. Ang tagapamuno sa pagsamba ay namumuno sa pamamagitan ng halimbawa.

## Pamumuno na nagpapalakas ng loob

Si Susanna ay gising hanggang alas 3:00 ng madaling araw ng dahil sa pangangalaga sa kanyang anak na may sakit. Pagkatapos ng tatlong oras na tulog, bumangon siya upang maghanda ng agahan at dumalo sa simbahan. Dahil kulang sa tulog, pagod siyang nakarating sa simbahan. Hindi rin maganda ang kanyang pakiramdam sapagkat napagalitan niya ang kanyang anak dahil nakalimutan nitong itabi ang laruan. Tigang rin ang kanyang espiritu sapagkat wala siya masyadong oras na naibigay sa Diyos nitong linggo.

Gusto makita ni Pastor Joel na maraming nakikibahagi sa pagsamba. Matapos ang unang awitin, pumunta siya sa pulpito at sinabi, “Ano bang nangyayari sa inyo? Tayo ay nasa presensya ng Diyos. Sumasamba tayo sa Hari at may iba sa inyo na para bang gustong umuwi sa bahay at matulog. Dapat kayong mahiya. Makiisa kayo sa pagsamba!”

Ang intensiyon ni Pastor Joel ay mabuti. Nais niyang maging aktibo sa pagsamba ang kongregasyon. Gayunma’y sa kanyang sinabi, ano ang naririnig ni Susanna? “Bigo ako bilang isang ina; pahirap ako sa aking anak. Bigo ako bilang isang Krisyano; hindi ako nakapagbigay ng oras sa aking debosyon kahapon. Bigo rin ako sa aking pagdalo sa simbahan; galit ang Dios sapagkat hindi ako umaawit.” Gamit ang pangongonsensya, mas lalong pinahirap ni Pastor Joel para kay Susanna ang pagsamba.

Bilang mga namumuno sa pagsamba, dapat na pinapalakas natin ang loob ng mga mananambahan. Ang ating buhay ay dapat na modelo ng pagsamba; at dapat na ibigay natin sa Diyos ang resulta. Ang biyaya ng Diyos ang dahilan kung bakit naging posible para sa atin ang sumamba. Ang biyaya ng Diyos ang nagpapalakas sa atin upang sumamba. Ang biyaya ng Diyos ang naglalapit ng ating puso upang sumamba.

Dapat na positibong mga salita ang ginagamit natin kapag humihikayat sa mga tao na sumamba. Hindi natin sila dapat hikayatin sa pamamagitan ng pangongosensya o pagpukaw sa kanilang mga damdamin sa hindi magandang paraan. Ang ating layunin ay ang ituro ang mga mananambahan sa Diyos. Siya ang nagbigay sa atin ng inspirasyon upang sumamba. Ang pagsamba ay hindi nakadepende sa ating mga teknik ng pangungumbinsi o pagmamanipula ng damdamin. Tayo bilang mga tagapanguna sa pagsamba ay hindi kinakailangang gawin ang bagay na trabaho lang ng Diyos!

Ang seksyon na ito ay nagsimula sa kwento ni Susanna. Ngunit tapusin na ito sa tunay na kwento ng isang mapagpakumbaba at mapagpalakas ng loob na tagapanguna sa pagsamba. Nahihirapan si David na makuha ang pansin ng mga kabataan na makiisa sa aktibong pagsamba. Mas higit silang abala sa pagti-text sa halip na sa pagsamba. Para sa ilang mga tagapamuno sa pagsamba, maaari nilang simulan ang serbisyo gamit ang ganitong pangungusap: "Mga kabataan, tayo ay naririto upang sumamba. Itabi nyo muna ang inyong mga cellphones at ituon ang inyong pansin sa pagsamba. Kayo ay nagiging walang galang sa Diyos!"

Subalit iba ang ginawa ni David. Habang tumutugtog ang gitarista ng isang banayad na himig, malumanay na sinabi ni David, "Habang tayo ay dumudulog sa presensya ng Diyos, alam kong hindi ninyo nais na maisturbo ang inyong mga katabi sa panambahan. Kaya't maaari ninyong itabi muna ang inyong mga cellphones at magsimula tayong makinig sa tinig ng Diyos sa umagang ito." Nang marinig ito, itinabi nga ng bawat isa ang kani-kanilang cellphone. Dito'y makikita natin na pakumbabang tinuruan ni David ang mga kabataan na sumamba.

## Pangunguna o Pagmamanipula?

Pakinggan natin ang patotoo ng isang kontemporaryong tagapanguna sa pagsamba:

"Sa aking unang taon bilang isang mag-aaral, bumisita ako sa isang simbahan na malapit sa aming unibersidad. Ito ay masyadong mailaw at ang maingay na musika ay kasiyasiyang pakinggan. Ang tagapanguna sa pagsamba ay may kakaibang estilo ng buhok, nakasuot ng jeans, at may hawak na mamahaling gitara. Sa pasimula ng serbisyo, napansin ko ang isang di ginagamit na mikropono na inilagay sa isang tabi na ang taas ay hanggang sa kanyang baywang. "Ano ang layunin at gamit ng mikroponong iyon?" Naitanong ko na may pagtataka. Ngunit mayamaya ay itinaas ko ang aking mga kamay at naibaling ang sarili sa himig at tono ng mga awitin.

"Ang mga tugtugan ay magandang pakinggan, ang grupo na nagpupuri ay mahusay, at ang musika ay maingat na pinaghandaan hanggang sa huling awitin. Ngunit habang inaawit ng namumuno sa pagsamba ang mga pangungusap ng isang awitin ('Ako'y lumuluhod at inihahandog ang lahat sa aking buhay'), siya'y lumuhod. Sa puntong ito naunawaan ko ang layunin ng mikroponong hindi ginagamit. Inilagay ito sa isang lugar na sakto ang taas sa

kanyang tagiliran upang kapag lumuhod ang tagapamuno, maaari pa rin siyang tumugtog ng gitara at umawit. Ayokong batikusin ang intensiyon ng simbahan, subalit hindiko mapigilang mag-isip na para bang namanipula ako sa gayong madamdaming tagpo ng pagsamba, na kung tutuusin ay pinagplanuhang gawin sa pasimula pa lang."[79]

Ang ganitong halimbawa ay nagmula sa isang kontemporaryong uri ng panambahan, subalit maaari rin tayong gumamit ng mga halimbawang galing sa tradisyunal na pagsamba. Dapat lang nating tandaan na ang problema ng pagmamanipula ay hindi limitado sa isang uri ng pagsamba. Anuman ang estilo ng ating musika o matapat na intensiyon, maaari nating tratuhin ang ating kongregasyon na katulad ng isang papet at manipulahin ang tugon ng kanilang damdamin.

May mali ba sa emosyon kapag tayo ay sumasamba? Siempre wala; ang totoo niyan, makakatagpo tayo ng ilang mga biblikal na halimbawa tungkol sa emosyunal na epekto ng pagsamba. Masama rin ba na hikayatin at pasiglahin ang tugon ng emosyun? Hindi; ang mabuting komunikasyon ay parehas na humihipo sa isipan at damdamin. Subalit kung hindi tayo mag-iingat, maaari tayong makagawa ng isang partikular na tugon ng emosyun na labas sa nais mangyari at gawin ng Banal na Espiritu.

Paano natin malalaman ang pagkakaiba sa pagitan ng pamumuno sa pagsamba sa manipulasyon sa pagsamba? Ang manipulasyon ay nangyayari kapag ang tugon ng kongregasyon ay nakadepende sa ginagawa ng namumuno sa halip na sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Marahil ay hindi natin talaga perpektong makikita ang pagkakaiba sa pagitan ng pamumuno at pagmamanipula, subalit mayroong mga tanda na nagpapahiwatig na ang ginagawa na natin ay pagmamanipula.

1. **Tayo ay nasa panganib ng pagmamanipula ng pagsamba kung itinuturing natin ang emosyun na isang pagsamba**. Dito'y pakiramdam natin na tungkulin natin na lumikha ng tugon na bunsod ng damdamin. Ang totoo niyan, may ilang mga tagapamuno sa pagsamba na nangahas sabihin ang ganito, "Kahit na huwad ang nararamdaman mo, ituloy mo lang hanggang sa maging totoo. Kahit na hindi totoo ang iyong nararamdaman, sige lang ituloy mo lang hanggang sa maramdaman ng mga tao na ito ay totoo." Ipinapakita sa ganitong pananaw na ang ating tungkulin ay ang gamitin ang emosyun upang lumikha ng pagsamba. Subalit ang mga tagapanguna sa pagsamba ay namumuno sa pagsamba, hindi lumilikha ng pagsamba.

2. **Tayo ay nasa panganib ng pagmamanipula ng pagsamba kapag itinuturing natin na ang pagkakaroon ng madamdaming karanasan ay kinakailangan para sa taus pusong pagbabago**. Magagawa ng Diyos na kumilos sa isang panambahan na puspos ng damdamin, subalit magagawa rin Niyang kumilos sa isang tahimik na sandali sa ating mga tahanan. Nasa panganib tayo ng pagmamanipula sa ating

79 Hango kay Joel Wentz, "Confessions of a Former Worship Leader." Matatapuan sa https://relevantmagazine.com/life5/1301-confessions-of-a-former-worship-leader/ Hulyo 22, 2020.

kongregasyon kung pinaniniwalaan natin na sa pamamagitan lamang ng ating mga pagsusumikap ay magagawa ng Diyos na maghatid ng pagbabago sa puso ng mga taong pinaglilingkuran natin.

3. **Tayo ay nasa panganib ng pagmamanipula ng pagsamba kapag itinuturing natin na ang isang partikular na kilos o gawi ay katumbas ng pagsamba**. Minsan, may mga nangunguna sa pagsamba na nais marinig ang tugon ng mga tao kung kaya't sinasabi nila, "Kung mahal ninyo si Jesus, itaas ninyo ang inyong mga kamay." Syempre, sa kongregasyon, posible na may isang tao riyan na hindi naman talaga tunay na umiibig kay Jesus ngunit magtataas ng kanyang kamay! O kaya, may isang tao sa kongregasyon na tunay na nagmamahal kay Jesus ngunit maaring hindi magtaas ng kamay. Ang pagsamba ay hindi katumbas ng isang partikular na pisikal na kilos. Ang pagpalakpak ng kamay habang umaawit ay hindi nagpapatunay na talagang tayo'y tunay na sumasamba. O kaya, ang kilos ng tahimik na pag-upo habang nasa oras ng panalangin ay nagpapatunay na talagang tayo'y nananalangin. Tanging ang Diyos lamang ang Siyang nakakakita ng puso ng isang mananambahan. "**Kapag ginagawa ng mga tagapanguna sa pagsamba ang panlabas na kilos bilang pangunahing batayan ng panloob na katangian, sila'y nalalagay sa mapanganib na pananaw.**"[80]

4. **Tayo ay nasa panganib ng pagmamanipula ng pagsamba kapag sinusubukan nating gayahin ang ginawa ng Diyos sa isang partikular na lugar at panahon**. Huwag nating ipagpalagay na purket pinagpala ng Diyos ang nakaraang linggong awitin, ay pagpapalain Niya pa rin ang parehas na awitin sa linggong ito. Kapag ang Diyos ay kumikilos, ginagawa Niya ito sa sarili Niyang pamamaraan. Dapat hayaan ng tagapamuno sa pagsamba na kumilos ang Diyos na malaya ayon sa Kanyang maibigan. Wala tayong mahikang sangkap na lilikha ng parehas na espirituwal na tugon sa bawat sitwasyon.

5. **Tayo ay nasa panganib ng pagmamanipula ng pagsamba kapag sinusukat natin ang ating ministeryo sa pamamagitan ng ating kakayahang makakuha ng tugon mula sa mga tao**. Sinumang tagapagsalita sa publiko o isang musikero ay gustong makuha ang tugon ng mga tao; iyan ay normal sa kanila. Subalit kung susukatin natin ang bisa ng ating ministeryo sa pamamagitan ng reaksyon at tugon ng mga tao, tayo ay nasa panganib ng pananangan sa ating sarili sa halip na Banal na Espiritu.

Ang paksang ito ay mahirap. Sa maraming pagkakataon, ang parehas na salita na ipinahayag sa dalawang magkaibang sitwasyon ay maaaring magpahiwatig ng magkakaibang motibasyon. . Sa isang banda, kung tayo ay pabaya, maaari nating manipulahin ang pagsamba. Sa isang banda, kung masyado tayong takot sa emosyun, maaring hindi tayo makapagbigay ng maayos na pamumuno.

---

80 Hango kay Warren Wiersbe, *Real Worship* (Grand Rapids: Baker Books, 2000), 215

Dahil rito, dapat na maging maingat at mabagal tayo sa paghusga sa pamumuno ng iba, ngunit mabilis sa pagsusuri sa ating sariling pamumuno. Dapat nating hingin sa Diyos na ipakita sa atin ang motibo ng ating pamumuno. Dapat na maging maingat tayo sa pamumuno sa pagsamba na hindi minamanipula ang mga mananambahan na gawin ang isang partikular na pagtugon na gusto nating makita.

## Mga Praktikal na Katanungan

### Paano natin pinasisimulan ang serbisyo?

Isang maling halimbawa:

*Alas 10:00 ay magsisimula ang serbisyo. Hinahanap ng pastor ang mangunguna sa pag-awit. May tatlong babae na nagbabahaginan ng kanilang mga resipe. Samantala, apat na kalalakihan naman ang nag-uusap-usap tungkol sa kakulangan ng ulan na dumarating para sa kanilang mga tanim. Paano tayo makakausad mula sa ganitong tagpo patungo sa pagsamba?*

Isa sa mahalagang tungkulin ng tagapamuno sa pagsamba ay ang pagbubukas ng serbisyo. Paano natin aanyayahan ang mga tao tungo sa presensya ng Diyos?

- **May ilang mga simbahan na nagsisimula sa pamamagitan ng sandaling katahimikan**. Sasabihin ng namumuno, “Samahan ninyo kami sa isang sandali ng tahimik na pananalangin habang tayo ay dumudulog sa presensya ng Diyos.”
- **May ilang mga simbahan na nagsisimula sa pamamagitan ng isang musika ng “Panawagan sa Pagsamba.”** Ito ay maaaring sa pamamagitan ng pag-awit ng choir o ng isang indibidwal o kaya’y pag-awit ng kongregasyon ng isang korus. Sa ilang mga simbahan, ang pastor ay pupunta sa harapan at aawitin ang isang korus gaya ng, “Ako’y papasok sa tahanan ng Diyos na may taus pusong pasasalamat…”
- **May ilang mga simbahan na nagsisimula sa pamamagitan ng isang talata sa Biblia**; madalas ay galing sa aklat ng mga Awit.

> O halikayo, tayo'y umawit sa Panginoon; tayo'y sumigaw na may kagalakan sa malaking bato ng ating kaligtasan! Lumapit tayo sa kanyang harapan na may pagpapasalamat; tayo'y sumigaw na may kagalakan sa kanya ng mga awit ng pagpupuri! (Awit 95:1-2)

Ang mga salmo na umaanyaya sa mga mananambahan patungo sa presensya ng Diyos ay ang mga sumusunod na salmo: Awit 15, Awit 66:1-4, Awit 96:1-4, Awit 100, Awit 105:1-3, Awit 107:1-3, Awit 149:1-2, at Awit 150.

## Ang mga anunsyo ba ay pagsamba?

May isang spanish pastor ay nagtanong ng ganito, “Saan natin ilalagay ang mga anunsyo sa panambahan? Sinusubukan natin sa ating mga simbahan na matuon sa pagsamba at sa presensya ng Diyos. Maganda ang ating serbisyo ngunit minsa’y nagtatapos sa mahabang listahan ng mga anunsyo. Ito ay nakakaapekto sa diwa ng idinaraos na serbisyo. Paano natin magagawang maging bahagi ng pagsamba ang mga anunsyo?”

Saan man natin ilagay ang anunsyo, maari itong makaisturbo sa serbisyo. Madalang na ang anunsyo ay nagiging pagsamba, sa halip, madalas na nakakaisturbo sa pagsamba. Ano kung gayon ang ating magagawa? Walang perpektong sagot sa tanong na ito subalit may ilang mga mungkahi na maaaring makatulong:

- Kung maaari, i-print ang mga anunsyo sa halip na basahin ng malakas. Kung kinakailangan mo man na mag-anunsyo sa publiko, gawin mo itong maikli.
- Maaari kang gumamit ng overhead projector para ipakita ang mga anunsyo bago magsimula ang serbisyo.
- May ibang mga simbahan na ang ginagawa ay magbibigay muna ng mga anunsyo, oras ng panalangin, at pagkatapos ay magsisimula ang serbisyo. May isang simbahan na nagsisimula ng kanilang serbisyo ng alas 10:00. Ginagawa ng simbahang ito ang kanilang anunsyo ng 9:50. Ang sabi ng pastor, “May dalawang nagagawa ang ganitong bagay. Una, nahihikayat ang mga tao na dumating ng maaga sapagkat hindi nila mapapakinggan ang anunsyo kung hindi sila darating ng 9:50. Ikalawa, natutulungan kami nito na matuon sa pagsamba mula pa lang sa unang nasambit sa pagpapasimula ng serbisyo.”
- Huwag nating hayaan na isturbuhin ng mga anunsyo ang diwa ng pagsamba. Sa halip, tingnan natin ang pagbibigay ng mga anunsyo bilang bahagi ng pagsasakatuparan ng ministeryo ng simbahan. Ibigay ang mga anunsyo at magpatuloy sa panambahan. Kung kinikilala natin na ang lahat ng gawain ng simbahan (pagtitipon sa panalangin, paglilingkod sa komunidad, mga paghayo, at mga proyekto ng simbahan) ay bahagi ng pagsamba, maging ang pagbibigay ng mga anunsyo ay bahagi rin ng pagsamba. Kung paanong ang isang ama ay maaaring tapusin ang debosyon ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa pamilya ng mga plano at gawain para sa linggo, maaari ring tapusin ng pastor ang serbisyo sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa simbahan sa kanilang gawain sa buong linggo. Ang mga anunsyo tungkol sa mga gawain ng simbahan ay nagpapaalaala sa atin na tayo ay isang pamilya; ang ugnayan ng pamilya ay isang mahalagang aspeto ng pagsamba.

## MGA PANGANIB NG PAGSAMBA: "GINAGAWA NATIN ITO SAPAGKAT..."

May isang bagong kasal na babae na nagluto ng ham para sa kanilang linggong hapunan ng kanyang asawa. Bago niya inilagay ang ham sa oven, maingat niya munang hiniwa ang dulo ng ham at inilagay ito sa maliit na kawali. Natanong ng kanyang asawa, "Bakit mo ginawa iyan?"

Ang sabi ng maybahay, "Ito kasi ang paraan na natutuhan ko sa pagluluto ng ham. Laging pinuputol ng nanay ko ang dulong bahagi ng ham bago niya ito lutuin. Sa palagay ko ay nakakatulong ito sa lasa ng ham." Ngunit nagsimulang magtaka ang babaeng bagong kasal, "Ano nga kaya talaga ang nagagawa ng paghiwa sa dulong bahagi ng ham? May kinalaman kaya ito sa lasa?" Kaya't tinawagan niya ang kanyang ina at itinanong, "Nay! Bakit mo hinihiwa ang dulong bahagi ng ham?"

Tugon naman ng nanay niya, "Eh kasi ang lola mo, lagi niyang hinihiwa ang dulong bahagi ng ham bago niya lutuin. Siguro'y nakakatulong ito para sumarap ang lasa. Tanungin nga natin siya."

Kaya't tinawagan nila ang lola. Hindi na ito nagluluto, subalit sinagot niya ang tanong ng mag-ina. "Oo, naaalala ko na kung bakit ko hinihiwa ang dulong bahagi ng ham. Alam nyo kasi, noong ako at ang lolo mo ay bagong kasal, wala kaming pera para makabili ng mga kawali. Maliit na kawali lamang ang mayroon ako noon. At ang isang ham ay hindi magkasya sa aking maliit na kawali, kaya't pinuputol ko ang dulong bahagi nito para magkasya!"

Sa loob ng 50 taon, ang kanyang anak na babae at ang kanyang apong babae ay nagpatuloy ng isang "tradisyon" na hindi nila naunawaan ang kahulugan. Hindi nila naitanong, "Bakit?"

Kaugnay ng kwento, bilang mga tagapamuno sa pagsamba, madalas na may mga ginagawa tayong mga bagay na hindi natin isinasaalang-alang ang tanong na "Bakit?"

Mga dahilan kung bakit ang mga simbahan ay may mga ginagawang mga partikular na bagay:

1. **Ginawa ito ng mga simbahan sa nakaraan**. Mayroong halaga sa tradisyun. Kung ang mga simbahan sa narakaan ay mayroong ginawang isang bagay, hindi natin dapat pawalang halaga ang bagay na iyon na hindi itinatanong, "Bakit nila ginagawa iyon?" Maaaring makatagpo tayo ng magandang dahilan para panatilihin ang tradisyun. Subalit kung ang dahilan na "ginawa ito ng mga simbahan sa nakaraan" ang siyang ating *tanging* dahilan, ito ay hindi sapat na dahilan.

2. **Ginagawa ito ng mga malalaking simbahan**. Mayroong kabuluhan ang matuto sa iba. Kung ang isang gawain ay kapaki-pakinabang sa ibang mga simbahan, dapat nating itanong, "Ang gawain bang ito ay kapaki-pakinabang rin sa amin? Bakit nila ito ginagawa?" Maaaring makatagpo tayo ng magandang dahilan upang gayahin

ang gawain ng pagsamba ng isang simbahan. Subalit kung ang dahilan na "ginagawa ito ng mga malalaking simbahan" ang siyang ating *tanging* dahilan, hindi ito makakatulong sa ating sitwasyon.

3. **Nagugustuhan ito ng mga tao**. Mayroong halaga sa pagsamba na nagpapalakas ng loob ng mga tao upang makiisa. Walang sinasabi sa Biblia na, "Ang pagsamba ninyo ay dapat na walang buhay!" Maaari nating masaksihan na ang isang paboritong awitin ng ating kapulungan ay tunay at wagas na pagsamba pala. At kung ganito nga ay mabuti, subalit kung magugustuhan ng ating kapulungan na umawit ng awiting nagtuturo ng maling doktrina, hindi natin ito dapat ipaawit sa kanila.

4. **Nagbibigay ito sa atin ng pagkakataon upang sambahin ang Diyos sa espiritu at katotohanan**. Ito ang pinakadakilang dahilan sa ating ginagawa. Sa pagplaplano at pamumuno sa pagsamba, dapat nating itanong, "Ang awitin bang ito ay nakakatulong sa amin upang higit at mainam na sambahin ang Diyos? Ang pagkakasunod-sunod ba ng gawain sa aming panambahan ay naghahatid sa amin sa presensya ng Diyos? Ang imbitasyon ba ang siyang magandang paraan para anyayahan ang mga tao na tumugon sa sermon o mas maganda ba kung magtatapos kami sa awit ng papuri? Paano namin sasambahin ang Diyos sa espiritu at katotohanan sa linggong ito?"

## KONKLUSYON: KAPAG NABIGO TAYONG SUMAMBA

Sa pagbubukas ng serbisyo, ang kongregasyon ay umawit ng himno subalit parang hindi bukal sa puso. Ang choir ay nagpraktis naman subalit ang kanilang awitin nang umagang iyon ay hindi gayon kaganda ayon sa inaasahan. Nakalimutan ng soloista ang ilang mga salita sa kanyang awitin. Nagkamali rin ang nagpa-piano sa kanyang pagtugtog. Maging ang sermon ng pastor ay parang hindi nangungusap sa puso ng mga tao. Sa madaling salita, ang serbisyo ay hindi maayos. Ang ganito bang serbisyo ay nangyari na sa inyo? Ano ang ginagawa mo kapag nabigo ka sa pamumuno sa pagsamba?

### 1. Tandaan, lahat ng pagsamba ay pagsasanay lamang.

Ang pagsamba natin dito sa lupa ay pagsasanay lamang sa ating panambahan sa langit. Tayo ay mga di-perpektong mga tao at ang ating mga pagsamba ay laging magiging di-perpekto. Gayunpaman, "Tayo ay tinatawag na ibigay ang ating pinakamainam, hindi ang maghandog ng kaperpektuhan."[81]

### 2. Darating ang susunod na linggo.

Huwag kang mawalan ng loob sa araw ng Lunes. Maghintay ka hanggang Martes upang suriin mo ang idinaos na serbisyo. Matuto ka sa mga pagkakamali at magpatuloy. Sa serbisyong

---

81 Ang siping ito at ang mungkahing nabanggit sa seksyon na ito ay mula kina Franklin Segler and Randall Bradley, *Christian Worship* (Nashville: B&H Publishing, 2006), 274-275.

nabanggit, ang pambukas na himno ay di pamilyar sa kongregasyon. Inakala ng direktor na alam ng kongregasyon ang himno ngunit hindi pala. Kaya't naglagay siya ng pananda sa kanyang himno, "Ituro mo ang himnong ito sa choir bago awitin ng kongregasyon." Sa madaling salita, matuto ka sa iyong pagkakamali; hanapin mo ang tulong ng Diyos, at asahan Siyang kumilos sa susunod ng Linggo.

**3. Tandaan, ang pagsamba ay tungkol sa biyaya.**

Maraming mga tagapanguna sa pagsamba na perpeksyonista; mga taong hindi madaling masiyahan. Subalit ang pagsamba ay hindi tungkol sa pagiging perpekto kundi tungkol sa biyaya. Ang Diyos ay kumikilos maging sa ating mga kabiguan upang abutin ang Kanyang layunin. Ito ang dapat na mangyari! Kapag ating nauunawaan na ang Diyos ang Siyang nagpapalakas sa atin upang sumamba, tayo ay natututong magpakumbaba at magpasakop.

**4. Kapag ibinigay natin ang ating pinakamainam, hindi tayo nabigo.**

Nang Linggong iyon, ang tagapanguna sa pagsamba ay umalis ng simbahan na pinanghinaan ng loob. Subalit habang siya'y papaalis, hinihintay pala siya ni Timothy. Si Timothy ay isang mahiyain at madalang magsalita, subalit ng umagang iyon, sinabi niya, "Ikaw ang tumugtog ng "Mahal ako ni Jesus" para sa paghahandog, di ba?" (Oo, alam ng namumuno na tinugtog niya ang awit na iyon – at para sa kanya, hindi maganda ang pagkakatugtog niya!). Subalit nagpatuloy si Timothy, "Kailangan ko muling mapakinggan ang awiting iyon. Nitong linggo ay sinabi sa akin ng doktor na mayroon akong kanser; at dahil rito'y kailangan ko laging mapaalalahanan na mahal ako ni Jesus sa kabila ng ganitong nararanasan ko."

Kaya nga, kung alam nating ibinigay natin ang ating pinakamainam, hindi tayo nabigo. Bagamat tayo'y mahinang tao, ang Diyos ay kumikilos sa ating mga pagsusumikap upang ipahayag ang Kanyang Salita sa mga taong ating pinaglilingkuran.

» Tatalakayin ng grupo. Tingnan ang "Aralin 8, Pagbabalik Aral." Marami bang mga puntos na nabanggit na hindi ka sang-ayon? Anong mga puntos ang pakiramdam mo na mas mahalaga at magagamit agad sa iyong kasalukuyang pangangailangan?

## ARALIN 8, PAGBABALIK ARAL

**1.** Paano tayo makapaghahanda para sa serbisyo?

- Ang paghahanda para sa serbisyo ay nagsisimula sa paghahanda ng tagapanguna sa pagsamba na gumugol ng oras sa Diyos.
- Ang isang modelong sinusundan para sa pagplaplano ng pagsamba ay makakatulong para makapagbigay ng istraktura sa serbisyo.
- Ang pagkakaroon ng tema para sa serbisyo ay makakatulong sa pagpapahayag ng isang sentral na mensahe.
- Ang pagkakaroon ng balanse ay makakatulong sa panambahan na maipahayag ang buong katotohanan ng ebanghelyo sa buong kaanib ng simbahan.
    - Ang balanseng pagsamba ay parehas na magpapakita ng kadakilaan ng Diyos at ng Kanyang presensyang sumasa atin.
    - Ang balanseng pagsamba ay parehas na sama-sama at personal.
    - Ang balanseng pagsamba ay naglalaman ng pamilyar at bago.
- Ang pagplaplano para sa pagsamba ay dapat na binubuo ng lahat ng namumuno sa simbahan.
- Ang pagplaplano para sa pagsamba ay dapat na may plano para sa hinharapo.
- Maaari tayong magplano na hindi nababagabag sapagkat ang pagsamba ay hindi tungkol sa atin kundi tungkol sa Diyos.

**2.** Ano ang mahalaga sa pamumuno sa serbisyong pagsamba?

- Ang pinakamahalagang tagapagmasid ay walang iba kundi ang Diyos.
- Ang kongregasyon, ang mga tagapanguna sa pagsamba, at ang Diyos ay may ugnayan sa idinaraos na serbisyo. Ang mga namumuno ay hindi gumagawa ng pagsamba para sa mga taong nagmamasid.
- Ang tagapanguna sa pagsamba ay dapat na sumasamba. Siya ay nangunguna sa pamamagitan ng halimbawa.
- Ang tagapanguna sa pagsamba ay dapat nagpapalakas ng loob, hindi mapanghatol.
- Ang tagapanguna sa pagsamba ay dapat na namumuno, hindi nagmamanipula.
- Ang mga anunsyo ay dapat na gawin sa paraang hindi nakakadisturbo.
- Matapos planuhin ang pagsamba, dapat nating hayaan ang Diyos na dumating sa ating serbisyo sa paraang ibig Niya.

## ARALIN 8, TAKDANG ARALIN

1. Sa Aralin 6 at 7, pumili ka ng mga awitin at mga talata na may limang magkakaibang paksa. Magplano ka ng serbisyo batay sa limang paksa na ito. Maging detalyado sa pagplaplano kung maaari. Pagkaisahin ang mga paksa na naglalaman ng awitin ng kongregasyon, mga talata sa Biblia, paksa ng sermon at ang teksto, at iba pang mga bagay na ginagawa sa inyong serbisyo. Gumamit ng isa o higit pa na mga balangkas o outline na ibinigay sa Apendiks A para sa proyektong ito.

2. Sa pasimula ng susunod na aralin, magkakaroon kayo ng pagsusulit batay sa araling ito. Pag-aralang mabuti ang mga tanong bilang iyong paghahanda.

## ARALIN 8, PAGSUSULIT

1. Ilista ang dalawang pangunahing seksyon ng istraktura ng pagsamba na naka-sentro sa sermon.

2. Ilista ang apat na pangunahing seksyon ng istraktura ng pagsamba na nakabatay sa gawain ng bayan ng Diyos.

3. Ilista ang tatlong pangunahing seksyon ng isktraktura ng pagsamba na nakabatay sa Awit 95.

4. Ano ang tatlong bagay na dapat nating tandaan tungkol sa balanseng pagsamba?

5. Sa biblikal na modelo ng pagsamba, sino ang tagapagmasid sa ating pagsamba?

6. Maglista ng tatlong katangian ng mabisang tagapamuno sa pagsamba.

7. Ano ang tatlong palatandaan na minamanipula ang pagsamba?

8. Isulat ang 2 Cronika 5:13-14 gamit ang memorya.

## ARALIN 9

# IBA PANG MGA KATANUNGAN

### MGA LAYUNIN NG ARALIN

1. Kilalanin ang kahalagahan ng katapatan sa Banal na Kasulatan habang isinasaalang-alang ang mga pagkakaiba ng kultura sa pagsamba.
2. Suriin ang pagsamba na may kaugnayan sa Biblia at kultura.
3. Unawain ang mga partikular na hamon sa pagsusuri ng mga estilong musika.
4. Ilapat ang mga prinsipyo na matatagpuan sa Roma 14 hinggil sa usapin ng pagsamba.
5. Pahalagahan ang importansya ng pakikilahok ng mga bata at kabataan sa pagsamba.
6. Mag-ingat sa labis na pagbibigay pansin sa emosyon o sa hindi pagpansin sa emosyon ng pagsamba.

## PAGHAHANDA SA ARALING ITO

*Isaulo ang* 1 Corinto 14*:15-17.*

## PAMBUNGAD

Isinulat si Warren Wiersbe tungkol sa kanyang karanasan sa isang simbahan na may maling pananaw sa pagsamba:

> "Siguraduhin ninyong makababalik kayo ng ating serbisyo mamayang gabi," habang ginagaya ang boses at ngiti ng isang emcee sa isang palaro sa telebisyon. "Magkakaroon tayo ng mga nakakatuwang gawain."
>
> Nang hapon ng Linggong iyon ay nagtataka ako sa kung ano ang ibig sabihin ng pangungusap niyang iyon. Ang sabi niya, "Magkakaroon tayo ng mga nakakatuwang gawain." Ngunit ang pangungusap na ito ay ginagamit kapag nag-aanyaya ka para sa pagdiriwang ng isang kaarawan. Subalit, anong kinalaman nito sa grupo ng mga Kristiyano na magkakatipon upang sambahin ang maluwalhating Panginoon? Si Moises at ang taong-bayan ay hindi nagkaroon ng nakakatuwang sandali noong sila'y nagkatipon sa baba ng Bundok Sinai…
>
> Si Juan ay nagkaroon ng mga dramatikong karanasan sa Isla ng Patmos, subalit hindi natin masasabi na nakakatuwa sa kanya ang mga sandaling iyon.[82]

Sa mga araling ito, matutunghayan natin na ang pagsamba ay higit pa sa sandali ng katuwaan; higit sa partikular na rituwal; at higit pa sa isang aktibidad tuwing umaga ng Linggo. Ang pagsamba ay pagbibigay sa Diyos ng luwalhating nauukol sa Kanya. Sa papel, madali lang itong sulatin; subalit sa tunay na buhay, ito'y isang hamon. Sa araling ito, tutunghayan natin ang mga katanungan na may kinalaman sa pagsamba. Sa iyong pag-aaral sa mga tanong ito, dapat mong tandaan na ang pinakamahalagang tanong ay hindi, "Ano ang gusto ko?" Ang pinakamahalagang tanong sa pagsamba ay, "Ano ang gusto ng Diyos? Ano ang maghahatid sa Kanya ng karangalan at kaluwalhatian?"

## PAGSAMBA AT KULTURA

» Talakayin ang estilo ng panambahan sa iyong simbahan. Anong mga aspeto ng inyong panambahan ang iniuutos ng Biblia at anong mga aspeto ang bunsod ng inyong kultura?

*"Ang pinakamahirap na isyu sa usapin ng pagsamba dito sa aking bansa ay may kinalaman sa kaangkupan nito sa kultura. Maraming mga simbahan ang gumagamit ng mga estilo ng pagsamba na mula sa ibang bansa –kontemporaryo man o tradisyunal. Ang aming simbahan ay gumagamit ng estilong galing sa Kanluran na udyok ng simpleng dahilan na nais nilang maging napapanahon. Gayunma'y, kahit na tradisyunal o kontemporaryo ang ginagamit sa pagsamba, hindi pa rin ito tumitimo sa aming kalooban, sapagkat ang mga ito'y banyaga. Kaya't paano kami sasamba sa paraang nagbibigay karangalan sa Diyos at nangungusap sa lipunang aming pinaglilingkuran?"*

---

82 Hango kay Warren Wiersbe, *Real Worship* (Grand Rapids: Baker Books, 2000), 169-170

## Kultura o Biblia?

Mayroong ikinasal na nagmula sa magkaibang mga kultura. Sa oras ng pagdiriwang, ang mga pagkain na nagmula sa bayan at kultura ng babaeng ikinasal ay inihanda. At habang ang mga pagkaing ito ay ibinibigay sa mga panauhin, naitanong ng lalaking bagong kasal, "Ano iyan?" Ang sabi ng babaeng bagong kasal, "Sa aming bayan, iyan ay espesyal na pagkain." Ngunit nakasimangot na sagot ng lalaki, "Sa aming bayan, iyan ay di kaaya-aya!" Sa tagpong iyan ay makikita natin na ang pagkakaiba ng kultura ay isang matinding hamon.

Lahat tayo ay impluwensyado ng ating kultura. Ang dahilan kung bakit may ilang mga Kristiyano na gumagamit ng kutsara at tinidor habang kumakain, kaysa gumamit ng chopstick ay hindi dahil sa ang kutsara at tinidor ay mas biblikal na gamitin o kaya'y mas magandang gamitin. Kutsara ang ating ginagamit habang kumakain sapagkat lumaki tayo sa kulturang gumagamit ng kutsara. Gayunma'y, may mga Kapatirang Kristiyano na nasa ibang panig ng mundo na nakagawiang gumamit ng chopstick sa halip na kutsara.

Ang pagsamba natin ay impluwensyado ng ating kultura. Marami sa mga aspeto ng ating panambahan ay may kinalaman sa kultura. Ang mga taong lumaki sa isang tradisyunal na Amerikanong simbahan ay maaaring magustuhan ang tunog ng isang malaking piano sa simbahan. Subalit ang piano sa simbahan ay hindi masasabing mas biblikal kaysa sa gitara. Ang mga ito ay aspeto ng kultura.

Sa Lesotho, ang pag-awit ng simbahan roon ay ginagawa sa tugunan na pamamaraan sa pagitan ng tagapamuno at ng kongregasyon. Sa estilong ito, ang tagapamuno ay aawit muna ng isang kataga at tutugon naman ang kongregasyon sa pamamagitan ng pag-awit sa susunod na kataga. Ang ganyang napakagandang tugunang estilo ng pag-awit ay hindi matatagpuan sa isang Amerikanong simbahan. Kapag ginaya ng Amerikanong simbahan ang ganyang estilo, tiyak na malilito ang kanilang kongregasyon. Sa madaling salita, ang *Sama-samang pag-awit* kumpara sa *tugunang pag-awit* ay isang gawi na may kinalaman sa kultura; hindi ito biblikal na prinsipyo.

Mayroon tatlong katanungan na maaari nating itanong kapag nais nating suriin ang isang estilo ng pagsamba:

1. Pinagsasalo ba natin ang kultura at Biblia?
2. Sinasalungat ba ng ating kultura ang Biblia?
3. Paanong ang ating pagsamba ay higit at mabisang makakapangusap sa mga tao, ayon na rin sa kulturang inilagay tayo ng Diyos?

### Pinagsasalo ba natin ang kultura at Biblia?

Ang tanong na ito ay mahalaga sa pagsusuri ng isang pagsamba na iba sa ating nakagawian. Sa sitwasyong ito, dapat nating tiyakin na hindi natin pinagsasalo ang kultura at Biblia.

Napakadali para sa atin na basahin ang Biblia sa pamamagitan ng ating mga pinahahalagahang kultura. At kay lungkot na madalas na ipinagigiitan natin na dapat parehas sa atin ang ginagawang pagbabasa ng iba sa Biblia. Sa madaling salita, napakadali para sa atin na ipagpalagay na ang ating pamamaraan ang siyang biblikal na paraan.

Maaaring sabihin ng iba, "Ang piano ang siyang tama at nababagay na instrumento para sa musika sa loob ng simbahan. Ang mga gitara ay hindi dapat gamitin sa simbahan." Subalit, sa ibang panig ng mundo, ang piano o organ ay hindi praktikal na gamitin kumpara sa gitara na madaling dalhin at gamitin sa oras ng awitan. Walang sinuman ang makapagsasabi na ang mga bahay-simbahan noong ikalawang siglo ay gumamit ng pipe organ o instrumentong ginagamitan ng hangin. Siyempre, maaaring may iba na magustuhan ang pipe organ, subalit hindi nila dapat sabihing biblikal na prinsipyo ang kanilang kagustuhan na bunsod lang naman ng kanilang kultura.

Si Paul Bradshaw, isang mananalaysay sa paksa ng pagsamba, ay nagsabi na maging sa naunang dalawang siglo ng Iglesia, may mga matatagpuang iba't ibang paraan ng pagsamba. At sa paglaganap ng Iglesia, malabong isipin na may iisa lang na paraan ng pagsamba ang ginawa sa bawat lugar.[83]

Ano ang praktikal na bagay na gustong iparating ng ganitong tanong? Kapag sinusuri natin ang estilo ng pagsamba ng ibang tao, o kaya'y tumutugon tayo sa mga bagong ideya na nagmumula sa ating mga sariling simbahan, hindi natin dapat lituhin at paghaluin ang kultura at Biblia. Gayundin naman, hindi natin dapat tanggihan ang isang ideya ng dahil lamang sa sumasalungat ito sa ating kulturang panlasa. Kung ang isang gawi ng pagsamba ay hindi naman sumasalungat sa mga biblikal na prinsipyo, ibig sabihin, **dapat nating hayaan ang iba na sumamba ayon sa paraang nagugustuhan nila.**

Hindi ito nangangahulugan na bawat estilo ng pagsamba ay nararapat at nababagay sa bawat simbahan. Ang isang marunong na tagapanguna sa pagsamba ay gagamit ng estilo na angkop sa mga taong kanyang pinagmiministeryuhan.

## PAGSUSURI

May mga tinanggihan ka bang mga gawi sa pagsamba ng dahil sa iyong kulturang panlasa, sa halip na dahil sa mga prinsipyo ng Biblia? Maaari mo bang bigyan ng kalayaan ang ibang mga mananampalataya na sumamba

ayon sa kanilang pamamaraan, hangga't ang kanilang ginagawa ay hindi lumalabag sa sinasabi ng Biblia?

83 Mula kay Paul Bradshaw, "The Search for the Origins of Christian Worship" na mababasa kay Robert Webber, *Twenty Centuries of Christian Worship* (Nashville: Star Song Publishing, 1994), 4

## Sinasalungat ba ng ating kultura ang Biblia?

Ang tanong na ito ay mahalaga kapag natutukso tayong ipagtanggol ang isang gawi ng pagsamba na karaniwan sa ating sariling kultura. Subalit kung matagpuan natin na ang bagay na karaniwan sa ating kultura ay labag pala sa sinasabi ng Biblia, **dapat nating sundin ang Biblia kaysa ang nagugustuhan ng ating kultura.**

Hinarap ng mga Repormista ang ganitong isyu noong nagsagawa sila ng malaki at dramatikong pagbabago sa pagsamba. Ayon sa Medieval na kultura, "Ang mga karaniwang tao ay walang karapatan na magbasa ng Biblia; hindi nila ito mauunawaan." Subalit natuklasan nina Wycliffe, Huss, Luther, at ng iba pang mga Repormista na ang Biblia ay para sa lahat. Gayunma'y sinalungat ng Medieval na kultura ang katuruan ng Biblia. Subalit ibinuwis ng mga Repormista ang kanilang buhay sa pagharap sa pananaw ng kanilang kultura gamit ang katotohanan ng Biblia.

Kaya nga, kung sinasalungat ng ating kultura ang Biblia, dapat nating tanggihan ang kultura! Ang Salita ng Diyos ang ating ganap na kapamahalaan. Hindi natin dapat ikompromiso ang ating katapatan sa Biblia upang maging pasok lang tayo sa lipunang ating ginagalawan. Isang pagsasalin sa talata ng Roma 12:2 ang nagsasabi ng ganito, "Huwag ninyong hayaan na maging masyadong palagay ang inyong loob sa inyong kultura na anupa't nakakatulad na kayo rito sa hindi ninyo namamalayang paraan."[84] Sa madaling salita, hindi natin dapat hayaan na hubugin tayo ng kulturang ating ginagalawan.

### PAGSUSURI

May mga bagay at bahagi ba sa inyong pagsamba na sumasalungat sa mga prinsipyo ng Biblia?

## Paanong ang ating pagsamba ay higit at mabisang makakapangusap sa mga tao, ayon na rin sa kulturang inilagay tayo ng Diyos?

Ang tanong na ito ay mahalaga sa pag-abot sa ating lipunan gamit ang ebanghelyo. Kung nais nating maabot ng ebanghelyo ang mga taong nasa paligid natin, ang ating pagsamba ay dapat na mangusap sa diwa at wikang kanilang naiintindihan.

84 Hango kay E. H. Peterson, *The Message* (Colorado Springs: NavPress, 2002)

Hinarap rin ni John Wesley ang katanungang ito noong nagsimula siyang mangaral sa mga lugar ng mga karaniwang tao. Katulad ng pananaw ng kanyang mga kasamahan na Anglikano, naging paniniwala rin ni Wesley noon na ang simbahan lang ang siyang nararapat na lugar para sa pangangaral. Subalit sa ilalim ng impluwensya ni George Whitefield, nagawang maunawaan ni Wesley na inuudyukan siya ng Dakilang Komisyon na mangaral sa labas ng simbahan.[85] Nalagay siya sa hamon na isaalang-alang ang tanong na, "Paano ko mabisang maipapangaral ang ebanghelyo sa mga taong nasa minahan na hindi pa nakakapunta sa simbahan, maliban lang kung may idinaraos na kasal at libing?" Siyempre, ang kanyang naging sagot ay ang mangaral sa labas ng simbahan o sa lugar na kinaroroonan ng mga taong iyon.

Noong Abril 2, 1739, si Wesley ay nagpasyang lumabas ng siyudad at nangaral sa mga taong nasa bukid na ang bilang ay umabot ng 3,000. Ito ang nagpasimula ng isang ministeryo na bumago sa mundo ng mga Ingles noong ika-18 siglo.

Noong una'y hindi rin naniniwala si Wesley sa pangangaral na nasa labas ng simbahan. Ang sabi niya, "Iniisip ko noon na ang pagliligtas ng mga kaluluwa ay magiging isang kasalanan kung ang pagsasagawa nito'y nasa labas ng simbahan." Subalit noong maunawaan niya na ang ganitong kulturang pananaw ay hadlang sa pagsulong ng ebanghelyo, bukal sa loob niyang binago ang kanyang gawi. Suballit marami sa mga kaibigan niyang Anglikano ay hindi natuwa sa kanyang pagbabago. Sa loob lamang ng isang buwan noong pinasimulan niya ang pangangaral sa labas ng simbahan, isang Obispo ang nagsabi kay Wesley na hindi na siya tatanggapin na mangaral sa mga Anglikanong simbahan. Nagpapakita ito na ang paninindigang magpahayag ng laban sa iyong kinagisnang kultura ay may malaking sakripisyo. Sa lagay ni Wesley, hindi na siya iginalang ng mga Anglikano niyang kaibigan. Subalit ang panawagan ni Jesus tungkol sa ating pagiging asin at ilaw ng sanlibutan ay higit at dakilang prayoridad kaysa sa personal na kaaliwan.

Si Michael Cosper ay may iminungkahing tatlong katanungan upang maunawaan natin ang relasyon sa pagitan ng ating pagsamba at sa nakapaligid na kultura.

### 1. Sino ang naririto?

Ang tanong na ito ay tumitingin sa ating kongregasyon. "Sino ang dumadalo sa ating serbisyo?" Minsan, masyado tayong abala sa lipunang ating inaabot ng ebanghelyo at nakakalimutan natin ang magministeryo sa ating simbahan. Ang pagsamba natin ay hindi magiging makatotohanan kung sinusubukan nating maging ganito at ganyan na hindi naman natin pagkatao. At dahil ang pagsamba ay dapat na mangusap sa ating kongregasyon, dapat nating itanong, "Sino ang naririto? Sino ang mga inilagay ng Diyos sa aming kongregasyon?"

85 Ito ay may kinalaman sa Ika-2 Tanong – "Sinasalungat ba ng ating kultura ang Biblia?"

**2. Sino ang nauna rito?**

Ang tanong na ito ay nagbabalik-tanaw sa ating minanang kasaysayan. Bilang mga mananampalataya, tayo ay may mayamang kasaysayan na bumabalik sa sinaunang Iglesia at lumalaganap sa iba't ibang panig ng mundo.

Nangangahulugan ito na pagsusumikapan nating ipakikila at ipaawit sa ating kasalukuyang henerasyon ang mga nakaraang dakilang himno. Ito ay nangangahulugan rin na iuugnay natin ang ating mga Kapatiran ngayon sa kasaysayan ng Iglesia. Kailangan na maunawaan ng mga kabataang Kristiyano na sila ay kabahagi sa mayamang pamana ng kasaysayan na nagsimula bago pa lamang sila isilang at magpapatuloy hanggang sa ating pagpanaw. Tayo ay kabahagi ng pangkalahatan o unibersal na Iglesia na binubuo ng mga mananampalataya sa bawat salinlahi.

Ang ating pagsamba ay bumabalik sa pamanang kasaysayan ng Pentecostes, sa pahayag ng Diyos na ibinigay kay Moises sa Bundok ng Sinai, at maging sa ipinahayag ng Diyos kina Adan at Eba sa Hardin ng Eden. Dapat na ipagdiwang ng ating pagsamba ang kasaysayang ito. Kapag inaawit natin ang himnong "Ang Diyos ay Makapangyarihang Muog," nakikibahagi tayo sa panambahan ng Repormasyon. Kapag sinasambit natin ang kredo na Sumasampalataya Ako, nakikiisa tayo sa pagsamba ng Iglesia noong ikalawang siglo. Kaya nga, sa pagsamba, ating itinatanong, "Sino ang nauna sa atin dito?"

**3. Sino ang dapat na naririto?**

Ang tanong na ito ay tumitingin sa ating komunidad. Tinatanong natin dito, "Sino ang mga taong dapat na maging bahagi ng aming simbahan?" Nakapaloob na mga katanungan natin rito ang mga sumusunod:

- Sino ang pinagsisikapan naming abutin ng ebanghelyo?
- Kung ang mga tao sa aming komunidad ay pupunta sa aming simbahan, anong itsura ng serbisyo ang mayroon kami?[86]
- Paano kami mananatiling tapat sa mensahe habang sumasamba kami sa paraang nangungusap sa mga taong inaabot namin sa aming lipunan?

Ang mga katanungang ito ay madaling isulat sa papel ngunit mahirap gawin sa totoong buhay! Pag-isipan mo ang apat na senaryo sa ibaba. Bawat simbahan ay may kinakaharap na hamon kung paano sila makikipag-ugnayan sa kanilang lipunan.

86 Minsan pa, hinarap ni John Wesley ang isyu na ito. Naunawaan ng mga Anglikano na ang serbisyong dadaluhan ng mga nagtratrabaho sa minahan, ng mga babaeng may masamang nakaraan, at ng mga tinderang walang pinag-aralan ay magiging ibang-iba sa pormal na panambahan ng mga Anglikano na may mataas na antas sa lipunan. At dahil rito, maraming mga pari ang nagpasya na huwag hayaang magambala ang kanilang pagsamba ng mga taong nasa mababang antas ng lipunan. Ngunit ang ginawa ni Wesley ay humantong sa pagkakabuo ng isang gawain at lipunan na binubuo ng mga Methodista.

### Simbahan A: Ang simbahan na nabigong itanong, “Sino ang naririto?”

Ang Simbahan A ay matatapuan sa isang komunidad na tinitirhan ng mga retiradong tao. Ang karaniwang edad na matatagpuan sa komunidad na iyon ay nasa edad 70 at ang karaniwang dumadalo sa simbahan ay nasa gulang na 70. Subalit sa nakalipas na dalawang taon, ang pastor sa simbahang ito ay nagpasyang umakay ng mga kabataang pamilya. At sa loob lang ng dalawang buwan, pinalitan niya ang dating organ, choir, at mga himno ng mga gitara, isang grupo ng mga mang-aawit, at projector.

Ngunit ang hindi maganda sa tagpong ito ay nakalimutan ng pastor na itanong, “Sino ang naririto?” Dahil rito, ang simbahan na binubuo ng 100 senior citizen ay paunti ng paunti hanggang sa naging 35 na lamang. Ito ay dahil sa hindi nila nagustuhan ang mga bagong awitin at musika, maging ang mga ipinapalabas sa projector, at ang maingay na tugtugan.

Dapat bang may akaying mga baguhan ang Simbahan A? Siyempre, dapat! Gayunpaman, ang mga taong mas maaakay sana nila ng marami sa gayong uri ng komunidad na para sa mga retirado ay ang mga senior citizen. Subalit dahil binalewala nila ang mga taong naroroon na sa kanilang simbahan, nabigo ang Simbahan A na sumamba sa paraang nangungusap sa mga miyembro ng kanilang simbahan at maging sa uri ng mga tao na nasa kanilang lipunan. Nabigong itanong ng Simbahan A, “Sino ang naririto?”

### Simbahan B: Ang simbahan na nabigong itanong, “Sino ang nauna sa amin rito?”

Ang Simbahan B ay matatagpuan sa isang maunlad at lumalagong lungsod na tinitirhan ng maraming mga kabataang pamilya. Ang simbahan ito ay nangungusap sa wikang ginagamit ng kanilang komunidad. Ang kanilang pagsamba ay masaya at masigla.

Ang Simbahan B ay masigasig sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Gayunma’y, nabigong itanong ng Simbahan B, “Sino ang *nauna* sa amin rito?” Nakalimutan ng Simbahan B ang kanyang kasaysayan bilang isang masigasig na mangangaral ng katuruan tungkol sa pagkakaroon ng dalisay na puso at matagumpay na buhay Kristiyano. Iniwasan ng kasalukuyang pastor rito na mangaral ng doktrina sapagkat iniisip niya, “Ayaw ng mga tao na makarinig ng doktrina; ang gusto nila’y mga praktikal na sermon.” Iniwasan rin ng tagapanguna sa pag-awit ang pagpapa-awit ng mga awiting may malalim na biblikal na mensahe sapagkat iniisip niya, “Ayaw ng mga tao ang mga awiting may malalalim na kataga; ang gusto nila’y mga simpleng awitin.” At bunga nito, ang Simbahan B ay nagpalaki ng isang henerasyon ng mga “binyagang pagano.”[87]

Ang Simbahan B ay lumago sa bilang, subalit iilan lamang sa kanyang mga miyembro ang lumalago sa kabanalan. Maraming mga tao ang dumadalo sa simbahan sapagkat nakakatuwa ang ginagawa nila rito at hindi tumatawag ng seryosong pagtatalaga ng buhay. At dahil sa ang Simbahan B ay walang pakialam sa kanyang pamanang kasaysayan, marami sa kanyang

---

87 Ito ay kataga ni Mark Dever para sa mga pakunwaring Kristiyano na walang biblikal na pundasyon.

mga naakay ay unti-unti ring nawala at napunta sa mga simbahang mas may mahusay at nakakatuwang mga pakulo. Nabigong itanong ng Simbahan B, "Sino ang nauna sa amin rito?"

### Simbahan C: Ang simbahang nabigong itanong, "Sino ang dapat na naririto?"

Ang Simbahan C ay nagsimula halos 100 taon na ang nakakaraan sa isang maliit na komunidad na noon ay isa pa lamang na probinsya. Ang pagsamba, pangangaral, at musika ay ginagawa sa paraang nangungusap sa puso ng mga tao na nakatira sa bayang iyon. Subalit sa paglipas ng panahon, ang komunidad na ito ay ganap na nagbago. Ang Simbahan C ngayon ay nasa gitna na ng lungsod, ngunit ang kanyang panambahan ay nakadisenyo pa rin para sa mga taong nasa gitnang antas ng lipunan.

Maraming mga tao ang napapadaan malapit sa Simbahan C subalit wala silang kaalaman na ang simbahang ito ay may napakagandang kasagutan sa kanilang malalim na kagutuman sa puso. Ang Simbahan C ay may taglay na mensaheng tutugon sana sa pangangailangan ng kanyang komunidad, subalit wala siyang kakayahan na ipahayag ng malinaw ang mensaheng ito sa kanyang lipunan. Kung magagawa lang sana ng Simbahan C na sumamba sa paraang nakikipag-ugnayan siya sa Diyos at sa kanyang lipunan, magagawa niyang baguhin ang kanyang komunidad. Subalit ang Simbahan C ay unti-unting naglaho sapagkat nakalimutan niyang itanong, "Sino ang dapat na naririto?"

### Simbahan D: Ang simbahang nangungusap sa komunidad.

Ang Simbahan D ay may mga katangian na katulad ng mga naunang simbahan. Ang kanyang komunidad ay lubos na nagbago simula ng siya'y maitatag 40 na taon na ang nakakaraan. Subalit di tulad ng ibang mga naunang simbahan, ang Simbahan D ay natutong makipag-ugnayan ng mabuti sa kanyang komunidad.

Nang malaman ng mga namumunong pastor na marami sa mga kabataang bagong akay ay walang kaalaman sa mga ipinapangaral na doktrina tuwing Linggo, sila'y bumuo ng mga grupong nagsasagawa ng pagdidisipulo, upang maihatid ang mga bagong mananampalataya sa paglagong Kristiyano. Nang malaman rin ng tagapanguna sa pag-awit na ang musika ay hindi nangungusap sa maraming kaanib ng kanilang komunidad, nagsimula siyang magbigay ng mga awiting totoo sa doktrina at kagiliw-giliw na musika.

At habang ang simbahang ito ay lumalago, nakapagpasimula rin sila ng mga bagong simbahan sa mga karatig na bayan at hinayaan ang mga bagong simbahan na iyon na tumugon sa pangangailangan ng kanilang mga komunidad. Ang mga bagong simbahang ito ay pinapasturan ng mga kabataang pastor na nagmula sa Simbahan D. Bawat simbahan ay magkakaiba, subalit bawat isa ay tapat sa ebanghelyo. Naging maunlad ang Simbahan D sapagkat natutuhan niyang itanong, "Sino ang naririto, Sino ang nauna rito, at sino ang dapat na naririto?" Natutuhan niyang ipahayag at ipangusap ang biblikal na katotohanan sa komunidad na pinaglagyan sa kanya ng Diyos.

### PAGSUSURI

Ang inyong panambahan ba ay nangungusap sa mga taong dumadalo sa inyong simbahan? Ang pagsamba ba ninyo ay sumasalamin sa pamanang kasaysayan ng simbahang Kristiyano? Ang inyong panambahan ba ay nangungusap sa mga taong nais abutin ng Diyos sa pamamagitan ng inyong simbahan?

## Paano naman ang tungkol sa Musika?

Maraming mga musikero ng simbahan sa iba't ibang panig ng mundo ang kumakaharap ng hamon tungkol sa paghahanap ng mga awiting tapat sa Biblia at sensitibo sa kinalalagyang kultura. At tayo man ay naghahanap ng mga musikang nangungusap sa wika at puso ng inaabot nating komunidad. Maaaring ang isang banyagang musika ay hindi mabisa sa pag-abot sa ating kultura at maaari rin naman na may ilang mga awiting hango sa ating kultura na hindi tapat sa turo ng Biblia. Kaya't paano nga tayo makakapili ng musikang parehas na tapat sa turo ng Biblia at sensitibo sa kulturang ating pinapasturan? Narito ang mga kasagutang mula sa mga pastor na humarap sa ganitong isyu:

*Pagdating sa pagpili ng mga awiting para sa simbahan, hindi kinakailangan na pumili lang tayo ng isa sa pagitan ng pagiging tapat sa Biblia at pagiging sensitibo sa kultura. Tungkol sa "pagiging tapat sa Biblia," ako ay naghahanap ng mga awiting totoo at malinaw. At tungkol naman sa "pagiging sensitibo sa kultura," naghahanap ako ng mga awiting madaling awitin at makakayang sabayan ng kongregasyon.*

*Ang katapatan sa Biblia ay prayoridad. Subalit hindi natin kailangan na pumili sa pagitan ng dalawa. Kung bahagi ng layunin ng pag-awit ay komunikasyon, hindi ba marapat na pumili tayo ng mga musikang nababagay sa kulturang kinalalagyan ng ating simbahan? Isang kahangalan para sa atin na isipin na ang pagiging sensitibo sa kultura ay hindi kinakailangan. At sa isang banda, tayo rin ay hindi magiging napapanahon at hindi mahalaga kung ang ating mga awitin ay hindi totoo at hindi malinaw.*

(Mula kay Murray Campbell, isang pastor sa Melbourne, Australia)

*Sa aming pagsasanay sa mga Afrikanong pastor, pinapakiusapan namin silang maghanap ng mga awiting puno ng biblikal na katuruan, nakasentro sa Diyos, masigasig sa ebanghelyo, nagpapatibay ng loob, at madaling awitin. Ang mga ito ay pwede nilang hanapin sa mga luma at bagong awitin. Sa pamamagitan ng mga ito'y maaari silang sumamba na may kalayaan at*

*sigla. Sa anumang kultura, ang mga tinawag ng Diyos ay nangangailangan ng mga awiting magtuturo sa kanila na mamuhay at mamatay ng para kay Cristo.*

(Mula kay Tim Cantrell, guro sa Johannesburg, South Africa)

*Ang kalipunan ng mga solidong theolohikal at angkop sa kulturang mga awitin sa Hindi ay napakaunti. Marami sa mga awiting naglalaman ng magandang theolohiya ay salin mula sa mga lumang himno ng Kanluraning mga bansa o di kaya'y mula sa mga kontemporyong awitin sa pagsamba. Bagamat ang mga salita ng awitin ay matapat sa Biblia, ang musika ay hindi katutubo. Tuloy, nahihirapan ang mga tao na awitin ang mga ito. Dagdag pa, ang mga gayong awitin ay nagpapatibay lang ng paghihinala ng mga tao sa bansang ito na ang Kristiyanismo ay relihiyon na ipinipuwersa sa kanila ng mga taga-Kanluran.*

*Sa kabilang banda, ang mga awitin sa Hindi na angkop sa kanilang kultura ay madalas na walang maayos na theolohiya, paulit-ulit ang awit ,at salat sa turo ng Biblia. Minsan, may mga awiting ang tono ay katulad ng sa ginagamit sa kanilang mga templo. Ganitong mga awitin ang aming iniiwasan.*

*Ang unang bagay na hinahanap ko kapag ako ay pipili ng mga awitin ay ang kanyang maayos na doktrina. Kapag ang isang awitin ay hindi maayos sa theolohiya, hindi namin iyon aawitin gaano man kaangkop ang himig ng awiting iyon sa kanilang kultura. Gayundin naman, kung ang mga salita ay maayos ngunit ang tono ay hindi Indian, hindi pa rin namin ito aawitin. Ang mga awiting pinipili namin ay mga awiting ang tono ay Indian at ang mga salita ay tapat sa turo ng Biblia. Totoo na wala masyadong mga awitin na nasa ganitong kategorya, subalit unti-unti kaming nag-iipon ng mga ganitong uri ng awitin.*

(Mula kay Harshit Singh, Pastor sa Lucknow, India)

Kung paanong ang wika ng puso ng isang tao ay nagbibigay sa kanya ng kakayahan at kalayaan na maipahayag ang kanyang malalim na saloobin, mayroon ring musikang wika na magbibigay sa atin ng malalim na kapahayagan ng ating kalooban.

Isipin mo ang isang misyonero na hindi natutuhan ang wika ng mga taong kanyang mimiministeryuhan. Maaari niyang sabihin (sa kanyang sariling wika), "Ako'y naririto upang ihatid sa inyo ang ebanghelyo. Hindi ninyo nauunawaan ang aking sinasabi, subalit magpatuloy lang kayong makinig at mayamaya'y mauunawaan rin ninyo ang aking sinasabi at malalaman ninyo ang mabuting balita." Syempre, ang ganyang pananaw ay kahangalan! Ngunit, sa ganyan ring paraan, kapag nabigo tayong gamitin ang musikang wika ng isang kultura, ginagawa nating mahirap para sa kanila na maunawaan ang mabuting balita.[88]

88 Ang halimbawang ito ay hango kay Ronald Allen at Gordon Borror, *Worship: Rediscovering the Missing Jewel* (Colorado Springs: Multnomah Publishers, 1982), 168.

Gaya ng sinabi ni Pastor Singh, kay lungkot na may mga kultura na salat sa mga awiting tapat sa turo ng Biblia at ang ginagamit ay ang katutubong wika ng Masa. Dulot nito, nalalagay sa dalawang pagpipilian ang mga simbahan na nasa ganitong kalagayan: una ay mga awiting tapat sa turo ng Biblia ngunit ang tono ay banyaga. Ang ikalawa ay mga awiting mahina sa biblikal na nilalaman subalit ang musika ay patok sa kultura. Kaya nga, kung nais nating gamitin ang musika upang patatagin ang Iglesia sa iba't ibang panig ng mundo, dapat tayong maghanap ng mga musika at awitin na tapat sa Biblia at nangungusap sa puso at musikang wika ng mga tao. Ako ay naniniwala na ang Diyos ay tumatawag ng mga lingkod Niyang manunulat ng musika at awitin sa iba't ibang kultura ng mundo.

Kung ikaw ay naglilingkod sa isang kultura na kakaunti lamang ang matatagpuan na mga pagsambang musika at awitin, maaari kang magpakilala o magbigay ng mga bagong musika. Ito ay nangangailangan ng pakikipag-ugnayan sa dalawang tao: taong magsusulat o magsasalin ng mga natatanging teksto at taong magsusulat o kakatha ng musika. Iilan lamang sa mga dalubhasang manunulat ng himno ang siyang naglapat ng tono sa kanilang mga isinulat. Kaya't maaari ka ring maghanap ng mga masisigasig na musikerong Kristiyano at hayaan silang o silang lapatan ng tono o musika ang iyong kinathang himno na naglalaman ng biblikal na katuruan. Sa pamamagitan nito, magagawa ninyong umawit ng isang biblikal na mensahe sa musikang wika na nangungusap sa lipunan na iyong kinalalagyan.

Dapat nating laging isaalang-alang ang Ika-2 Tanong sa itaas: "Sinasalungat ba ng ating kultura ang Biblia?" Kung ang musika ng ating kultura ay sumasalungat sa Biblia, hindi natin ito dapat gamitin. Subalit, kung wala namang biblikal na prinsipyo na nasasagasaan, dapat tayong manguna sa pagsamba sa paraang ginagamit ang musikang wika ng mga mananambahan.

Habang nakikiisa sa pagsamba sa simbahan na kinabibilangan ng kanyang ama, isang binata na naghahandang pumasok sa ministeryo ang nakapansin na iilang mga tao lamang sa kanilang simbahan ang nakakaunawa sa mga awitin na kanilang inaawit. Sa halip na sumamba, mababa ang kanilang naipapakitang unawa sa mga katotohanang kanilang inaawit. Nang ireklamo ng binatang ito sa kanyang ama ang bagay na kanyang napansin, ang sagot ng kanyang ama, "Anak, tingnan natin kung mayroon kang magagawang mas makakabuti." At mula noon, tinanggap ni Isaac Watts ang hamon na ito ng kanyang ama.

At hanggang ngayon, marami sa mga bansang Ingles ang patuloy na umaawit sa mga himnong kinatha ni Isaac Watts. Ito ay dahil sa mayroong isang kabataang pastor na pinandigan ang hamon na magsulat ng mga himnong nangungusap ng biblikal na mensahe at mayroong musikang wika na nauunawaan ng mga tao.[89] Sa ating henerasyon ngayon, kailangan natin ng mga manunulat ng himno at ibang mga awitin na nagpapahayag ng biblikal na katotohanan at humihipo sa puso ng mga bansa at kultura na hindi Ingles ang lengguwahe.

---

89 Ang mga himno sa Ingles na pinamagatang "Joy to the World," "When I Survey the Wondrous Cross," at "O God, Our Help in Ages Past" ay tatlo lamang sa 750 na mga himno na isinulat ni Isaac Watts.

## ILANG PAGLALAGOM NA KAISIPAN SA ESTILO NG MUSIKA

Sapagkat ang musika ay mahalagang bahagi ng buhay, marami sa atin ang nagtataglay ng malalim na paniniwala tungkol rito. Anumang diskusyon tungkol sa estilo ng musika sa pagsamba ay madalas na nauuwi sa hindi pagkakaunawaan.

Para sa iba na naniniwala na may ilang estilo ng musika na masama, sasabihin nila, "May ilang estilo lamang ng musika na maaaring gamitin para sa pagsamba." Subalit, ang Biblia ay hindi nagbibigay ng partikular na tuntunin at paglalarawan sa gayong estilo ng musika.

Para naman sa iba na nagsasabi na ang estilo ng musika ay neutral sa usaping moral, sasabihin nila, "Maghanap kayo ng musika na nagugustuhan ng mga tao at awitin ninyo ang mga iyon. Hindi mahalaga ang estilo; awitin ninyo ang gusto ninyo." Subalit, maliwanag na sinasabi ng Biblia na dapat nating iwasan ang mga bagay na maghahatid sa atin sa makalamang pag-uugali. At dahilan sa mga usaping pangkultura at pangdamdamin, may mga musika at awitin na hindi nababagay sa pagsamba.

Tungkol sa pagpili ng mga musika, hinati ni Scott Aniol ang kanyang pagtalakay sa paksang ito sa dalawang bahagi:[90]

1. **Teksto: ang tama at maling isyu.** Anuman ang estilo ng musika, kung ang teksto nito ay hindi malinaw na nagpapahayag ng katotohanan, ito'y hindi nararapat gamitin sa pagsamba. Ang pagpapasyang ito ay may kinalaman sa punto ng tama at mali. Maraming mga awitin na gumamit ng tradisyunal na estilo ng musika subalit naglalaman ng mga tekstong hindi nagtuturo ng biblikal na katotohanan; ang mga ito ay hindi nararapat gamitin sa pagsamba. Maraming mga awitin na gumamit ng kontemporaryong estilo ng musika subalit ang teksto ay hindi nagtuturo ng biblikal na katotohanan; ang mga ito ay hindi nararapat gamitin sa pagsamba.

2. **Estilo ng musika: ang hindi maliwanag na isyu.** Dahil ang Biblia ay hindi nagsasalita ng malinaw tungkol sa isyu ng estilo ng musika, dapat nating sundin ang prinsipyong matatagpuan sa Roma 14. Dapat nating iwasan ang mga musika na kaduda-duda ng dahil sa kanilang kaugnayan sa usong kultura. Gayunpaman, huwag nating hatulan ang budhi ng iba na nagpasyang sundin ang ibang direksyon ng musika.

### PAGSUSURI

Mayroon bang usaping pangkultura sa inyong pagsamba na humahadlang sa inyong kakayanan na abutin ng ebanghelyo ang inyong lipunan? Handa at kusa ka bang isuko ang iyong mga kagustuhan para sa kapakanan ng pag-abot sa iyong lipunan gamit ang ebanghelyo?

90 Hango kay Scott Aniol, *Worship in Song* (Winona Lake, IN: BMH Books, 2009), 135-140

## Paano naman ang usapin ng Pagpalakpak?

Ano naman ang masasabi natin tungkol sa pagpalakpak sa oras ng pagsamba? Ito ba ay tama o mali? Una sa lahat, ang pagpalakpak ay mayroong dalawang konteksto na mayroong dalawang magkaibang kahulugan.

### Ang pagpalakpak bilang bahagi ng pagsamba.

Maraming mga simbahan na pumapalakpak bilang bahagi ng kanilang pagsamba. Ang pagpalakpak ay bahagi ng pagsamba ng kanilang kongregasyon. Ito ay bahagi ng pisikal na aspeto ng pagsamba na ipinapakita sa Biblia. "Ipalakpak ang inyong mga kamay, kayong lahat ng mga bayan! Sumigaw kayo sa Diyos nang malakas na tinig ng kalagakan!" (Awit 47:1). Ang mga mananambahang Judio ay masiglang sumamba. Ang kanilang panambahan ay madalas na magkaroon ng iba't ibang tugtog ng instrumento, pagtataas ng kamay, at pagpalakpak.

Kung ang pagpalakpak ay bahagi ng inyong pagsamba, dapat tiyakin ng tagapanguna sa pagsamba na ito ay nararapat gawin sa awiting inaawit. Ang pagpalakpak sa oras na umaawit kayo ng isang panalangin ay hindi angkop sa mensahe ng awit. Ang pagpalakpak sa oras ng isang masayang awitin ay angkop. Kaya nga, ang tanong sa tagapanguna ay hindi, "Tama o mali ba ang pumalakpak?" Ang mas magandang tanong ay, "Ang pagpalakpak ba ay angkop na gawin sa awiting ito sa ganitong sandali ng pagsamba?"

### Palakpakan bilang tugon sa pagsamba.

Marahil ang mas mahirap na isyu na pag-usapan ay ang palakpakan bilang *tugon* sa isang espesyal na awitin. Tungkol rito ay wala tayong makikitang pahiwatig sa Biblia na ang mga Judio o mga Kristiyanong mananambahan ay nagpapalakpakan bilang tugon sa isang pagsamba.

May ilang mga kultura ngayon na mabilis magpalakpakan bilang ekspresyon ng kanilang pasasalamat. Sa ganitong uri ng kultura, isang karaniwang bagay na purihin ang Diyos sa pamamagitan ng pagpalakpak. Samantala, may iba namang kultura na iniuugnay ang palakpakan bilang pagkilala sa isang mahusay na pagganap. Sa ganitong kultura, ang pagpalakpak bilang tugon sa awitin ng choir o sa mahusay na pagtugtog ng isang musikero ay maaaring iugnay sa isang konsyerto, sa halip na sa pagsamba.

Ang Biblia ay hindi tuwirang tumatalakay sa isyung ito. At dahil rito, dapat nating iwasan ang isang matalas na pananaw tungkol rito. Kung ang pagpalakpak ay isang karaniwang tugon ng isang masayang pagpupuri sa Diyos, ito ay maaaring tingnan na kilos ng pag-samba. Subalit kung ang isang pagpalakpak ay nagsasabi na, "Ang taong ito ay mahusay sa kanyang pagganap at kami'y kanyang pinasaya," iyan ay maglalayo sa atin sa tunay na diwa ng pagsamba.

Kaya nga, ang kongregasyon at ang mga musikero nito ay dapat na suriin ang motibasyon ng pagpalakpak. Dapat itanong sa sarili ng mga tao sa kongregasyon, “Bakit ako pumapalakpak? Ang akin bang pagpalakpak ay udyok ng papuri sa Diyos o ito’y udyok ng papuri sa husay ng tao?”

Dapat ring magtanong ang isang musikero, “Bakit pumapalakpak ang kongregasyon? Ang akin bang awitin at musika ay nagbigay sa kanila ng inspirasyong magpuri sa Diyos o ito ay tumawag ng kanilang pansin sa husay ng aking kakayahan? Talaga bang napangunahan ko sila sa pagsamba?” Bilang mga tagapanguna sa pagsamba, dapat na mag-ingat tayo. Ang ating pagmi-ministeryo ay dapat na naglalapit sa mga tao sa Diyos at hindi sa ating mga kakayahan.

### PAGSUSURI

Ang inyo bang simbahan ay pumapalakpak sa oras ng pagsamba? Ito ba ay nagpapahayag ng papuri sa Diyos o ito ay ekspresyon ng papuri sa pagganap ng isang tao?

## Ang Roma 14 at mga Estilo ng Pagsamba

» Basahin ang Roma 14:1-23.

Ang Roma 14 ay nagbibigay ng mga mahahalagang tuntunin hinggil sa mga usaping walang malinaw na sinasabi sa Biblia. Hinarap dito ni Pablo ang mga taong hindi sang-ayon sa pagkain ng mga karne o sa pagdiriwang ng mga espesyal na araw. Sa gitna ng ganitong usapin ay nagbigay si Pablo ng mga sumusunod na prinsipyo.

1. **Huwag mong hatulan ang iba tungkol sa mga usaping walang malinaw na sagot (Roma 14:1-13).**

Sa mga bagay na walang malinaw na sagot ang Biblia, dapat tayong magbigay ng kalayaan ng konsensya sa mga taong hindi sumasang-ayon sa atin. Hindi natin dapat hinihigitan ang sinasabi ng Biblia!

2. **Huwag hayaang matisod ang mahihina (Roma 14:13-15).**

Alam ni Pablo na ang isang mahinang mananampalataya ay maaring masaktan ng kalayaang ipinapakita ng isang malakas na mananampalataya. Sa ganitong kalagayan, ang batas ng

pag-ibig ay nagsasabi sa atin na limitahan ang ating ipinapakitang kalayaan para sa kapakanan ng mahina. Hindi natin dapat saktan ang taong niligtas ni Cristo ng dahil lamang sa ating ginugustong kalayaan.

Ang pangungusap ni Pablo ay makapangyarihang modelo sa lahat ng bahagi ng pag-uugaling Kristiyano. Ang sabi niya, “Kaya, kung ang pagkain ay nakapagpapatisod sa aking kapatid, kailanman ay hindi ako kakain ng karne, upang ako'y huwag makapagpatisod sa aking kapatid” (1 Corinto 8:13).

3. **Gumawa ng mula sa pananampalataya, hindi mula sa pag-aalinlangan (Roma 14:23).**

Ito ay napakahalagang prinsipyo para sa mga baguhan at kabataang Kristiyano. “Ang anumang hindi batay sa pananampalataya ay kasalanan” (Roma 14:23). Hindi natin dapat labagin ang ating budhi para lamang bigyang lugod ang iba. Wika ni Pablo, “Ngunit ang nag-aalinlangan ay hinahatulan kung kumakain, sapagkat hindi batay sa pananampalataya.”

Kapag gagamitin natin ang mga prinsipyong ito sa estilo ng pagsamba; ang mga ito ay magbibigay sa atin ng babala na:

1. **Huwag hatulan ang iba na gumagamit ng isang estilo na hindi ka komportable**. Kung walang malinaw na sinasabi ang Biblia, huwag kang magmadaling hatulan ang iba.

2. **Huwag gumamit ng musikang nakakatisod sa bagong mananampalataya**. Kung ang isang mananampalataya ay nagmula sa isang uri ng pamumuhay na ang ilang estilo ng musika ay nakaugnay sa mahalay na asal, ang estilong iyon ay *hindi kailanman* makakatulong sa gayong mananampalataya. Ang pag-ibig sa isang kapatid na Kristiyano ay dapat na magbigay sa iyo ng inspirasyon na iwasan ang mga bagay na makakahadlang sa kanyang espirituwal na paglago.

3. **Huwag kang maging malaya sa paggawa ng anumang bagay na labag sa iyong konsensya**. Hindi mo dapat labagin ang mga hangganan. Ang pag-ibig sa Diyos ay dapat na magbigay sa iyo ng inspirasyon na iwasan ang anumang mga bagay na naglalagay ng pag-aalinlangan sa iyong konsensya.

## ISAMA ANG MGA BATA AT KABATAAN SA PAGSAMBA

*“Paano natin maisasali ang mga bata at kabataan sa pagsamba? Dapat ba natin silang ilagay sa isang hiwalay na serbisyo hanggang sa marating nila ang sapat na gulang upang makasali sa serbisyong para sa mga matatanda? Paano natin mapapasigla ang loob ng mga bata at kabataan na tunay na sumamba?”*

Maraming mga simbahan na pinaghihiwalay ang mga bata, kabataan, at mga matatanda sa oras ng serbisyo. May dalawang dahilan para rito: una ay dahil sa ang mga bata ay maaaring makadisturbo sa panambahan ng mga matatanda, at ikalawa ay dahil sa maaaring hindi nila maunawaan ang nangyayari sa serbisyo.

Walang anumang sinasabi sa Bibllia na ipinagbabawal ang paghihiwalay sa mga bata o kabataan. Gayunpaman, may tatlong bagay na dapat nating isaalang-alang:

1. **Sa Biblia, ang pagsamba ay walang itinatanging gulang.** Ang Biblia ay walang minumungkahi na ang bata at kabataan ay dapat tratuhing iba sa pagsamba. Sa panambahan sa Templo, ang bawat isa sa pamilya ay nananatili para sa rituwal na paghahandog. Walang anumang sinasabi sa Bagong Tipan na nagmumungkahi na ang sinaunang Iglesia ay may ginawang paghihiwalay ng mga bata at kabataan sa oras ng serbisyo.

2. **Ang pagsambang walang itinatanging gulang ay nagpapakita ng pagkakaisa sa Katawan ni Cristo.** Kung paanong ang pagkakaroon ng hiwalay na serbisyo, kontemporaryo o tradisyunal man ang pagsamba, ay nagpapahina ng pagkakaisa sa Katawan ni Cristo, ang pagbibigay ng hiwalay na mga serbisyo para sa mga bata at kabataan ay maaaring magpahina ng kanilang kamalayan na sila'y bahagi ng isang pamilyang simbahan. Sa kabilang banda, kung ang mga bata at kabataan ay kasama sa panambahan ng simbahan bilang isang pamilya, mauunawaan ng bawat isa na sila'y mahalagang bahagi ng Katawan ni Cristo (1 Timoteo 4:12).

3. **Sa pamamagitan ng pagsambang walang itinatanging gulang, ang pananampalataya ay naipapasa sa susunod na henerasyon.** Natututuhan nating sumamba sa pamamagitan mismo ng pagsamba. Malibang maingat na pinagplanuhan, ang serbisyo para sa mga bata ay maaaring maging oras lang ng paglilibang, sapagkat ayaw nating makadisturbo sila sa serbisyo ng mga nakatatanda. Subalit kung ganito ang mangyayari, kailan matututo ang mga bata na sumamba?

## Ang Kabataan at mga Bata bilang Kabahagi ng Nagkakaisang Serbisyo at Panambahan

Ang mga kabataan at mga bata ay maaaring bigyan ng madalas na pakikilahok sa sama-samang serbisyo na kayang mangusap sa lahat ng edad. Maaaring magkaroon ng maikling sermon para sa mga bata na parehas sa paksa ng pangunahing sermon.

Kapag ipinapalagay natin na ang mga bata ay walang kakayahan na maunawaan ang malalim na katotohanan, hindi natin pinaniniwalaan na may espirituwal silang kakayahan na makaunawa. Dapat nating tandaan na ang Banal na Espiritu ang Siyang nagbibigay ng kaliwanagan sa bawat nakikinig, matanda man o bata (1 Corinto 2:10). Maging sa serbisyo na para sa mga matatanda, magagawa ng Banal na Espiritu na mangusap sa kanilang

batang puso. Ang isama ang mga bata sa serbisyo ng mga matatanda ay nangangailangan ng pagtuturo sa kanila na sumamba. Maaari nating ipaliwanag sa mga bata ang serbisyo. Maaari nating bigyang kahulugan ang mga mahihirap na salita na ginagamit sa Biblia at sa mga himno. Madalas nga na maging ang mga matatanda ay nangangailangan rin na maunawaan ang kahulugan ng mga mahihirap na salitang iyon! Kaya nga, kapag nagbibigay tayo ng lugar para sa mga bata sa ating serbisyo, binibigyan natin sila ng pagkakataon na lumago bilang mga mananambahan kasama ang Kapatiran.

## Ihiwalay ang Pagsamba para sa mga Kabataan at Bata[91]

Maraming mga simbahan na hinihiwalay ang mga kabataan at bata sa kanilang serbisyo. Ang mga serbisyong ito ay dapat na para sa pagsamba at hindi para sa kaaliwan. Kung ang mga bata at kabataan ay hindi matuturuan kung paano sumamba, hindi sila lalago sa espirituwal. Gaya ng isang bata na hindi magkakaroon ng pisikal na kalusugan kung ang ipapakain lamang ay kendi, ang isang bata ay hindi magkakaroon rin ng espirituwal na kalusugan kung ang kanyang espirituwal na pagkain ay hindi masustanya.

Kung ang isang simbahan ay nagsasagawa ng hiwalay na serbisyo para sa mga kabataan at bata, dapat nating tiyakin na ang kanilang serbisyo ay isang pagsamba. Ang serbisyo para sa mga bata at kabataan ay dapat na mayroong pagbabasa ng Kasulatan. Para sa mga bata, ang isang nakakatawag pansin na mga larawan ay maaaring magpasigla ng kanilang unawa sa katotohanan ng Biblia.

Ang serbisyo ay dapat na mayroong sermon o aralin sa Biblia na ginagamit ang Salita ng Diyos para tugunan ang pangangailangan ng mga kabataan at bata. Dapat na ang Biblia ay pinapahalagahan ng isang tagapagturo. Matututo ang mga kabataan at bata na igalang at gamitin ang Salita ng Diyos kung nakikita nila itong ginagamit ng may paggalang ng mga nakakatanda.

Ang serbisyo ng mga bata at kabataan ay dapat na naglalaman ng mga awiting nangungusap ng biblikal na katotohanan. Ito ay dapat na mayroong paghahandog na nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na magbigay ng kanilang kaloob sa Diyos. Lahat ng elemento sa pagsamba ay dapat na kasama sa serbisyo na para sa mga bata at kabataan.

---

91 Ginamit sa seksyon na ito ang materyal na mula kay Gng. Christina Black, Professor ng Edukasyon sa Hobe Sound Bible College.

### TURUAN ANG MGA BATA NA MANALANGIN GAMIT ANG: "KAMAY NG PANALANGIN"

**Ang hinlalaki** ay nagpapaalala sa atin na dapat nating ipanalangin ang mga taong malapit sa atin (pamilya).

**Ang hintuturo** ay nagpapaalala sa atin na dapat nating ipanalangin ang mga taong umaakay sa mga tao tungo kay Jesus (mga pastor, guro, at misyonero).

**Ang gitnang daliri** ang siyang pinakamatangkad. Ito ay nagpapaalala sa atin na ipanalangin ang mga pinuno ng ating bansa, paaralan, simbahan, at tahanan.

**Ang ikaapat na daliri** ang siyang pinakamahina. Kung nais mong ipakita ang kahinaan nito, subukan mong iangat ang iyong ikaapat na daliri. Ito ay nagpapaalala sa atin na dapat nating ipanalangin ang mga mahihina at nangangailangan kay Jesus.

**Ang ikalimang daliri** ang siyang pinakamaliit. Ito ay nagpapaalala sa atin na ipanalangin ang ating mga sarili.

Ang pagtaas sa ating **buong kamay** ay nagpapaalala sa atin na purihin ang Diyos.

Ang kamay ng panalangin ay maaaring maging paraan upang pasiglahin ang kamalayan sa panalangin ng mga kabataang mananambahan.

## Buod

Kung nais nating makita ang ating mga batang anak na maging malagong mananampalataya, dapat natin silang bigyan ng masustanyang espirituwal na pagkain. Sila man ay kasama natin sa serbisyo o may hiwalay na serbisyo, dapat nating turuan ang ating mga anak na sumamba.

## PAGSUSURI

Mayroon man tayong hiwalay na serbisyo para sa mga bata at kabataan o serbisyong kasama sila, ang mahalagang tanong ay, tinuturuan ba natin silang sumamba?

## EMOSYON SA PAGSAMBA

*"Ang mga tao sa aking bayan ay napakamadamdamin at ang aming pagsamba ay madalas na sumalamin sa aming madamdaming paraan ng pamumuhay. Ang musika ng aming pagsamba ay karaniwang mabilis, maingay, at matunog. Nagbibigay ito sa amin ng paraan upang makibahagi at maipahayag ang aming nararamdaman. Subalit, nangangamba akong ang musika ay emosyon* ***lamang****. Hindi ko alam kung ang aming musika ay alinsunod sa tunay na pagsamba."*

Ang tunay na pagsamba ay pagsamba sa espiritu at katotohanan. Ito ay naglalaman ng emosyon subalit *higit* pa sa emosyon. May dalawang pagkakamali na may kaugnayan sa emosyon sa pagsamba na maaaring magligaw sa atin.

1. **Ang kamalian ng pagtanggi sa emosyon kapag tayo ay sumasamba.**

May mga mananambahan na ayaw sa emosyun kapag sila'y sumasamba. Tinitingnan nila ang pagsamba bilang isang intelektuwal o pangkaisipang pakikipagtagpo sa Diyos. Bigo silang kilalanin ang emosyonal na aspeto ng pakikipag-ugnayan sa Panginoon. Subalit ang tunay na pagsamba ay nangungusap sa emosyun. Ang ating serbisyo at pagsamba ay dapat na magbigay ng kalayaan sa mga mananambahan na ipahayag ang tugon ng kanilang damdamin sa kapahayagan ng Diyos.

2. **Ang kamalian ng labis na pagbibigay pansin sa emosyon kapag sumasamba.**

Ang kabaligtarang panganib ay ang kamalian na puro damdamin lang ang pagsamba. Ang pagsam-

> **"Ang pag-awit ay paraan upang mapanghawakan ng bayan ng Diyos ang Salita ng Diyos at maiugnay ang kanilang damdamin at pagmamahal sa Diyos."**
>
> **Hango kay Jonathan Leeman**

bang nangungusap sa emosyon ngunit binabalewala ang isipan ay labag sa sinasabi ng 1 Corinto 14:15, “Ako ay aawit sa espiritu, at ako'y aawit din sa isipan.” Anumang aspeto ng pagsamba ay maaaring bumagsak sa ganitong tukso. Ito ay maaaring mangyari sa isang dramatikong sermon na hindi tapat sa sinasabi ng talata ng Biblia; sa isang madamdaming musika na bigong mangusap ng biblikal na katotohanan; at sa pagsambang gumagawa ng manipulasyon sa damdamin ng mga mananambahan. Ang pagsamba na nangungusap lamang sa emosyon ay hindi tunay na pagsamba.

## Tunay na Pagsamba: Pagsamba sa Espiritu at sa Katotohanan

Ang biblikal na modelo ng pagsamba ay may paggalang sa kahalagahan ng damdamin habang maingat na sinusuri ang katotohanan na ating ipinapangaral at inaawit. Dahil ang musika ay isang daluyan ng damdamin, dapat na maging maingat tayo sa pagsusuri ng nilalaman ng ating inaawit. Kapag ang musika ay ginagamit ng maingat, ito ay magiging mabisa sa pagpapahayag ng katotohanan sa isipan at damdamin.

Binigyan ni John Wesley ng pagpapahalaga ang emosyon sa pagsamba. May pagkakataon na inilarawan niya ang isang kongregasyon na “mga patay na bato – lubos na katahimikan at lubos na walang pakialam.” Sa madaling salita, naniniwala si Wesley na ang pakikipagtagpo sa katotohanan ay dapat na magpasigla ng emosyunal na tugon. Gayunma’y sa kabila nito, mabilis niya ring punahin ang mga madamdaming ekspresyon na naglalayo sa atin mula sa tunay na pagsamba.

Nagbigay ng babala si Wesley tungkol sa mga pagmamalabis; ito ay ang pagtanggi sa emosyun at ang hayaan ang emosyun na kontrolin tayo. Ang sabi niya, “Kinakailangan ba nating bumagsak sa dalawang pagmamalabis na ito? Nawa’y hindi tayo maipit sa gitna nito at nawa’y magkaroon tayo ng tamang pagitan mula sa maling gawi at maling sigasig. Nawa’y hindi natin pinipigilan ang kaloob ng Diyos at tinatanggihan ang napakagandang pagkakataon na bigay Niya sa atin na Kanyang mga anak!”[92] Ito ay magandang modelo para sa atin ngayon: na ating kinikilala ang halaga ng emosyun sa pagsamba, habang iniiwasan ang pagmamalabis na maaring maglayo ng ating pansin mula sa Diyos at sa Kanyang katotohanan.

### Emosyon at Katotohanan: Karanasan ng Isang Kristiyano[93]

“Sa katangian, ako’y isang madamdamin at sensitibong tao. Ang musika ay may matinding impluwensya sa aking damdamin. Ngunit sa nakaraang mga taon, natutuhan ko ang isang aral tungkol sa labis kong paniniwala sa ginagawang tugon ng aking emosyun.

92 Mula kay John Wesley, *John Wesley’s Sermons*, “The Witness of the Spirit”

93 Liham mula kay Dr. Andrew Graham. Mayo 29, 2014.

"Habang nakikinig ako ng isang awitin na may magandang melodiya, ako ay labis na natangay nito. At nang ang awitin ay dumating sa kanyang madamdaming himig, ako ay labis na napaiyak. At nang matapos ang awitin, nakadama ako ng isang tila malalim na espirituwal na karanasan.

"Subalit, sa ikalawang pagkakataon na napakinggan ko ang awiting iyon, natuklasan ko ang isang bagay na gumulat sa akin: ang awitin na iyon pala ay hindi naglalaman ng pagsamba sa Diyos ng Biblia. Ang awitin na iyon ay pagpupuri para sa diyos ng isang kulto. Ang mga salita na matatagpuan sa madamdaming awiting iyon ay kabulaanan.

"Nang araw na iyon natutuhan ko na ang aking emosyon pala ay madaling manipulahin, lalo't sa pamamagitan ng musika. Siyempre, hindi ko gustong sabihin na lahat ng tugon sa musika ay walang kwenta, kundi dapat nating suriing mabuti ang nilalaman ng mga awiting ating inaawit. Sa madaling salita, natutuhan ko, na ika nga, 'subukan ang mga espiritu' upang tiyakin kung ito ba ay galing sa Diyos."

### PAGSUSURI

Ang iyo bang pagsamba ay parehas na nangungusap sa isipan at damdamin? Maingat ka ba sa pagsusuri ng iyong mga inaawit at itinuturo upang matiyak na ito ay tapat sa turo ng Biblia?

## MGA PANGANIB SA PAGSAMBA: MINAMALIIT ANG HALAGA NG PAGSAMBA

Ang araling ito ay nagsimula sa babala ni Warren Wiersbe tungkol sa pagtrato sa pagsamba bilang isang pagliliwaliw.[94] Nagbabala siya na minaliit natin ang halaga ng pagsamba kapag naghahanap tayo ng katuwaan sa halip na serbisyo sa ating Diyos. Wika niya, "Ginagamit pa rin ng mga simbahan ang salitang *pagsamba* subalit ang kahulugan nito ay nagbago. Madalas na ang salitang *pagsamba* ay ginagamit bilang relihiyosong kataga na patungkol sa mga bagay na planong ipagawa sa kongregasyon kahit na ang Diyos ay hindi pokus ng gayong gawain." Paano ito nangyayari?

94 Ang mga sitas sa seksyon na ito ay hango sa sulat ni Warren Wiersbe, *Real Worship* (Grand Rapids: Baker Books, 2000), 169-174.

## Pagbabagong mula Santuwaryo tungo sa Theatro

Ang pagsamba ay maaaring mangyari kahit saan. Naranasan ng mga Kristiyano na sumamba sa loob ng mga yungib habang sila ay nagtatago mula sa kanilang mga mang-uusig o kaya'y habang nagkakatipon sa paligid ng isang apoy habang nagkakampo sa kabundukan. Ang mga Kristiyano nananambahan sa kanilang mga pribadong tahanan o sa isang magandang gusali. Makikita silang sumasamba kahit na nakaratay sa banig ng karamdaman sa isang hospital, o kaya'y habang naglalakbay sakay sa eroplano o habang sila ay nagtratrabaho. Ang pagsamba ay maaaring mangyari kahit saan, gayunma'y, ang sama-samang pagsamba ay madalas na ganapin sa isang gusali. Sa madaling salita, "Ang kongregasyon ng isang simbahan ay dapat na magtipon sa isang lugar at ang lugar na iyon ay maaaring maging santuwaryo o isang theatro."

Ano ang pagkakaiba ng dalawang ito? Ang santuwaryo "ay isang lugar na kung saan ang mga tao ay nagkakatipon upang sumamba at magbigay luwalhati sa Diyos." Samantala, ang theatro ay isang lugar na kung saan ang mga tao ay nagkakatipon upang panoorin ang isang pagganap. Kaya't ang tanong, ang gusali ba ng inyong simbahan ay isang santuwaryo o isang theatro?

## Mula sa Kongregasyon tungo sa pagiging Manonood

"Ang kongregasyon ng mga Kristiyano ay nagkakatipon upang sambahin at luwalhatiin si Jesu-Cristo. Subalit ang mga manonood ay nagkakatipon upang masdan at pakinggan ang isang pagganap." Ang kongregasyon ay nakapokus sa Diyos; ang pagiging manonood ay nakapokus sa pagganap ng isang artista. Ang kongregasyon ay binubuo ng mga tagapag-bahagi, subalit ang pagiging manoood ay binubuo lamang ng mga taong tumitingin. Kaya't ang tanong, namumuno ka ba sa isang kongregasyon o sa mga manonood?

## Paglisan mula sa Ministeryo tungo sa Pagtatanghal

"Ang pangunahing layunin ng ministeryo ay ang **ipahayag** ang katotohanan ng Diyos; subalit ang layunin ng pagtatanghal ay ang **magpakitang gilas** sa mga tao. Batid ng isang ministro na ang Diyos ay nagmamasid at ang Kanyang kaluguran lamang ang siyang pinakamahalaga. Subalit ang isang tagapagganap ay naghahanap ng palakpak ng mga manonood." Gayunma'y ang ministeryo ay maaaring maging isang pagganap sa iba't ibang paraan: ito'y maaaring mangyari sa pamamagitan ng isang musikero na tutugtog upang pahangain ang mga nakikinig; o kaya'y sa pamamagitan ng grupo ng mga mang-aawit na naghahanap na isang partikular na tugon ng emosyun mula sa mga tao; o sa pamamagitan ng isang mangangaral na sinusukat ang bisa ng kanyang pangangaral sa pamamagitan ng reaksyon ng mga tao. Kaya nga ang tanong, ikaw ba ay nagmiministeryo o nagpapakitang gilas?

## KONKLUSYON: PATOTOO MULA SA ISANG MISYONERO – PAGSASABUHAY NG ROMA 14

“Natutuhan ko ang isang mahalagang aral tungkol sa pagsusuri sa estilo ng pagsamba noong ako ay dumalo sa isang seminar na para sa mga namumuno sa simbahan; kasama ko rito ang isang kaibigang misyonero at walong pastor na Filipino.[95]

“Pumasok kami sa isang napakaluwang na gusali at naupo sa bandang tuktok ng bulwagan na iyon. Makikita roon ang mga naglalakihang mga screen at mga speakers na nakakabikit sa mga dingdig at kisame. Ang tagapanguna sa pagsamba ay isang Filipina at sa likod niya ay grupo ng mga mang-aawit. Sila’y pumapalakpak at pinapangunahan ang masiglang kapulungan sa pag-awit ng, ‘Yes, Lord, Yes!’ Kumpara sa aking nakasanayan, ang gayong gawi sa pagsamba ay masyadong maingay at masigla para akin.

“Ang paulit-ulit na musika, maingay na awitin, at masiglang pagkilos ng mga katawan ay nakakabagabag sa akin. Lagi naming hamon sa aming mga sinasanay na pastor na maging banal na tagapamuno, ngunit ngayo’y dinala namin sila sa gayong uri ng pagsamba! Sa sandaling iyon, nakita ko sa isang tabi ang isang Filipinong pastor na maituturing kong mahusay na espirituwal na pinuno. Siya’y nakatayo lamang at nakayuko ang ulo. Siya’y tahimik na nananalangin at hindi nakikibahagi sa sigla ng serbisyo.

“Naguluhan ako at naitanong, ‘Ano ang dapat naming gawin?’ Ngunit mayamaya, nakita ko ang walang kibong pastor na iyon na pumapalakpak at umaawit ng buong puso. Maaaninag sa mukha niya ang sigla at para bang natangay siya sa isang masiglang panambahan.

“Nang gabing iyon, ibinahagi namin sa isa’t isa ang aming natutuhan mula sa konperensya. Habang kami ay nag-uusap, itinanong ko sa nasabing pastor kung ano ang nangyari sa kanya at biglang siyang nagbago ng kanyang gawi sa pagsamba. Ang tanong ko, “Bakit mula sa pagiging tila wala kang pakialam ay bigla kang natuwang makibahagi sa mga awitin at panambahan?”

“Ang kanyang sagot ay maituturing kong mahusay. Ang sabi niya, ‘Ang totoo niyan, nababagabag ako ng musikang aking napapakinggan. Subalit habang nanalangin ako ay ipinaunawa sa akin ng Diyos na ang tagapamuno sa pagsamba kasama ang mga tao sa kapulungang iyon ay sumasamba sa Diyos ng kanilang buong puso. Tila ang sabi sa akin ng Panginoon, “Maaari mo bang ibigay sa akin ang paghusga sa kanilang ginagawa? Ngunit ikaw, maaari mo bang ibigay sa akin ang iyong pagsamba na hindi hinahatulan ang iba?”

“At ang pastor nga na ito ay nagsimulang sumamba sa Diyos ng taus sa kanyang puso at ng ayon sa kanyang kinagawian; sa halip na panooring hinahatulan ang iba. Ngayon, nagbago ba ang pananaw ng pastor na ito sa kanyang gawi sa pagsamba? Hindi. Nang siya’y

---

95 Patotoo mula kay Rev. David Black, dating misyonero sa Pilipinas

bumalik sa kanyang simbahan, hindi niya ginaya ang estilo ng pananambahan na kanyang nasaksihan nang linggong iyon.

“Bilang pinuno sa aming mga simbahan, madalas niyang hikayatin ang mga kapwa-pastor na magbigay ng kalayaan sa pagsamba at huwag manipulahin ang kongregasyon. Hinikayat niya ang mga kapwa-pastor na balansehin ang dalawang prinsipyo:

1. Maingat na sundin ang mga biblikal na prinsipyo para sa pagsamba sa iyong simbahan.
2. Iwasan na batikusin ang estilo ng pagsamba ng ibang mga simbahan.”

## ARALIN 9, PAGBABALIK ARAL

1. Pagsamba at Kultura

    - Kapag susuriin natin ang mga estilo ng pagsamba, hindi natin dapat paghaluin ang kultura at Biblia.

    - Kapag sinasalungat ng ating kultura ang Biblia, dapat tayong pasakop sa tuntunin ng Biblia kaysa sa sumunod sa inaasahan ng kultura.

    - Upang maabot natin ng ebanghelyo ang sanlibutan, dapat nating itanong kung paano makakapangusap ang ating pagsamba sa ating kultura.

2. Anv tatlong katanungan ang makakatulong sa atin upang maunawaan ang ugnayan sa pagitan ng panambahan ng lokal na simbahan at sa nakapaligid na kultura:

    - ***Sino ang naririto?*** Ito ay tumitingin sa kongregasyon bilang bahagi ng Iglesia.
    - ***Sino ang nauna rito?*** Ito ay tumitingin sa ipinamana sa Iglesia.
    - ***Sino ang dapat na naririto?*** Ito ay tumitingin sa komunidad na tinatawag tayong ibahagi ang ebanghelyo.

3. Sapagkat ang musika ay sentral sa ating kultural na kalagayan, ang mga simbahan ay dapat na pumili ng musikang parehas na tapat sa Biblia at sensitibo sa kultura.

4. Kung ang pagpalakpak ay bahagi ng pagsamba, dapat nating itanong, “Ang pagpalakpak ba ay nararapat gawin para sa awiting ito at sa ganitong sandali ng pagsamba?”

5. Kung ang pagpalakpak ay pagtugon sa isang espesyal na awitin, dapat nating itanong, “Ang pagpalakpak ko ba ay udyok ng papuri sa Diyos o paghanga sa isang tao?”

6. Kung nais nating isama ang mga kabataan at bata sa ating serbisyo, dapat nating planuhin ang panambahang nangungusap sa lahat ng edad.

7. Kung tayo ay may hiwalay na serbisyo para sa mga bata at kabataan, dapat nating tiyakin na ang kanilang serbisyo ay pagsamba at hindi pagliliw-aliw.

8. Hindi natin dapat tanggihan ang damdamin o kaya'y lubos itong pagbuhusan ng pansin sa oras ng ating pagsamba.

## ARALIN 9, TAKDANG ARALIN

1. Ang aralin na ito ay naglalaman ng ilang mga "Pagsusuri" na tanong. Magsulat ka ng isang pahinang sagot para sa isa sa mga tanong na ibinigay. Ang iyong sagot ay dapat na naglalaman ng dalawang bahagi:

    - Isang pagsusuri sa kung ano ang kasalukuyan mong ginagawa sa pagsamba.
    - Isang rekomendasyon ng mga pagbabago na gagawin sa iyong pagsamba na naaakma sa iyong kultura, ngunit hindi naman tataliwas sa mga biblikal na prinsipyo ng pagsamba.

2. Sa pasimula ng susunod na aralin, magkakaroon kayo ng pagsusulit batay sa araling ito. Pag-aralang mabuti ang mga tanong bilang iyong paghahanda.

## ARALIN 9, PAGSUSULIT

1. Paano tayo dapat tumugon sa mga gawi ng pagsamba na hindi alinsunod sa ating kultural na kagustuhan subalit hindi sumasalungat sa mga prinsipyo ng Biblia?

2. Paano tayo dapat tumugon sa mga gawi ng pagsamba na tanggap sa ating kultura subalit salungat sa Biblia?

3. Ano ang tatlong katanungan na dapat nating itanong upang maunawaan ang ugnayan sa pagitan ng pagsamba ng ating simbahan at ng ating nakapaligid na kultura?

4. Mula sa Roma 14, maglista ng tatlong prinsipyo na may kaugnayan sa pagsamba.

5. Ilista ang tatlong pagsasaalang-alang para sa pagsambang walang itinatanging gulang.

6. Magbigay ng dalawang pagkakamali na may kaugnayan sa emosyon ng pagsamba.

7. Isulat ang 1 Corinto 14:15-17 gamit ang memorya.

ARALIN 10

# ISANG PAMUMUHAY NA PAGSAMBA

## MGA LAYUNIN NG ARALIN

1. Alamin ang ugnayan sa pagitan ng publikong panambahan at buhay pagsamba.
2. Maunawaan na ang buhay pagsamba ay bumabago sa mga pagpapahalaga ng isang tao.
3. Asaming mamuhay na para sa kaluwalhatian ng Diyos.
4. Manindigang mamuhay ayon sa diwa ng pagsamba na itinuturo sa Roma 12:2.
5. Ipahayag ang teolohiya ng pagsamba na ayon sa Biblia.

## PAGHAHANDA SA ARALING ITO

*Isaulo ang* 1 Corinto 10*:31*.

## PAMBUNGAD

Sa parehas na taon, ang Afrika ay nalagay sa dalawang balita: "Pinakamalaking populasyon ng Kristiyano sa Afrika" at "Pinakatiwaling bansa sa Afrika."

Ang pastor ng isa sa pinakamalaking simbahan sa Asya ay nahatulan sa salang paglustay ng milyo-milyong dolyar.

Ang pinuno ng isang napakalaking simbahan sa Amerika ay nagbitiw sa katungkulan matapos umaming mayroon siyang kalaguyo.

Ano ang mali rito? Maraming mga bagay ang pwedeng bigyan pansin sa mga pangyayaring ito, subalit may isang bagay na parehas sa bawat isa sa kanila: Ang pagsamba sa araw ng Linggo ay hindi umapekto sa kanilang buhay sa araw ng Lunes. Ang Linggo ay itinuturing na "pagsamba" – yun ay ningas kugon na damdamin at sigasig. Samantala ang araw ng Lunes ang siyang "tunay na buhay" – na may mga hindi maiiwasang mga gawi ng pananamantala sa negosyo at pagbibigay lugod sa sarili. Marami ang naniniwala na ang serbisyo tuwing araw ng Linggo ay walang kakayahang bumago ng buhay.

» Talakayin kung paanong ang pagsamba ay nakakaapekto sa inyong pang-araw-araw na buhay. Paano naiiba ang operasyon ng iyong negosyo o hanap-buhay ng dahil sa iyong pagsamba? Paano nagbago ang iyong relasyon sa pamilya ng dahil sa iyong pagsamba? Ang iyong moralidad? Ang iyong pananaw sa pulitika? Ang iyong pananaw at gawi sa pananalapi? Ikaw ba ay namumuhay ayon sa diwa ng pagsamba?

## PAGSAMBA: HIGIT PA BILANG ARAW NG LINGGO

Ang problemang ipinakita natin sa pambungad ng araling ito ay hindi bago. Sa panahon pa lamang ni Amos, nagsalita na siya sa mga taong nagdadala ng kanilang mga handog at nagsasagawa ng mga rituwal sa Templo, ngunit bigong mamuhay ng banal (Amos 5:21-24). Si Jeremias ay nangaral rin sa mga taong sumisigaw ng "ang Templo, ang Templo," ngunit hindi makita sa kanilang buhay ang realidad ng presensya ng Diyos (Jeremias 7:4). Ibinunyag rin ni Jesus ang mga taong masikap sa pagsasagawa ng mga detalye ng kautusan, nagkakaloob ng ikapu ng kahit sa maliit na bagay, laging nananalangin, ipinapangilin ang Sabbath at iba pang rituwal ng pagsamba, subalit ang kanilang puso ay nananatiling marumi (Mateo 23:23). Sinasabi ng mga taong ito na sila ay mga mananambahan, subalit ang kanilang pagsamba ay huwad o balat-kayo. Ang tunay na pagsamba ay may epekto sa lahat ng sulok ng ating buhay.

> **"Ang pagiging isang tagapamuno sa pagsamba ay ang pagiging huwaran ng buhay pagsamba na nakikita sa lahat ng bahagi ng buhay. Ang Diyos ang hinahanap ng tagapamuno sa pagsamba sa lahat ng bagay at pinangungunahan niya ang simbahan sa isang uri ng pagsamba na sumasakop sa lahat ng bahagi ng pamumuhay."**
>
> **Hango kay Stephen Miller**

Noong panahon ni Pablo, sumulat siya sa mga mananampalataya na humarap sa isyu ng karneng inihain sa mga diyus-diyusan. At matapos niyang sagutin ang problema, tinapos niya ang isyu sa pamamagitan ng pangungusap na, "Kaya, kung kayo man ay kumakain, umiinom, o anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Diyos" (1 Corinto 10:31). Bagamat sinagot lang rito ni Pablo ang isyu na may

kinalaman sa karneng inialay sa mga diyus-diyusan, ang prinsipyo na kanyang ibinigay ay magagamit natin sa lahat ng bahagi ng ating buhay. Kung talagang tunay tayong sumasamba, ang pang-araw-araw nating pamumuhay ay iuukol natin para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ang isang kahulugan ng pagsamba ay "...tugon ng ating buong pagkatao sa lahat ng katangian ng Diyos."[97] Ang kahulugang ito ay nagpapakita na ang pagsamba ay naglalaman ng lahat ng aspeto sa ating buhay. Kaugnay rito, mayroong dalawang prinsipyo na dapat balansehin kapag binibigyan natin ng kahulugan ang pagsamba.

## Publikong Pagsamba: Pagsamba sa araw ng Linggo

Ang sama-sama o publikong pagsamba ay tumutukoy sa pagtitipon ng Kapatiran bilang isang katawan. Ang pagtitipon na ito ay maaring idaos sa isang gusali ng simbahan, sa loob ng isang bahay, o sa iba pang lugar na pwedeng pagdausan ng pagtitipon. Ang lugar ng pagtitipon ay hindi masyadong mahalaga; ang higit na mahalaga ay ang oras na ginugugol at itinatalaga upang idaos ang sama-samang pagsamba ng Kapatiran. Ang mga Kristiyano ay binigyan ng pribilehiyo at tungkulin na magtipon-tipon para sa kanilang sama-samang pagsamba (Hebreo 10:25).

## Pagsamba bilang Pamumuhay: Pagsamba na Nakapaloob ang Lahat ng Bahagi ng Buhay

Sa Hardin ng Eden, kung sakaling matatanong natin sina Adan at Eba, "Anong araw kayo sumasamba?" ang kanilang sagot ay tiyak na, "Palagi kaming sumasamba. Ang lahat ng bahagi sa aming buhay ay sumasamba." At Oo, iyan nga ang ibig sabihin ng pagsamba bilang pamumuhay.

Kaya nga, ang pagsamba ay parehas na sama-samang pagtitipon ng Kapatirang Kristiyano at isang pamumuhay na para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sinabi ni Iraeneus na isang obispo noong ika-2 siglo, "Ang kaluwalhatian ng Diyos ay isang taong ganap na buhay." Ang pangungusap ito ay hindi humanismo na nagtataas sa sentralidad ng tao, kundi isang pananaw na nagtataas sa sentralidad ng Diyos. Ang nais lang sabihin ni Iraeneus ay: ang pinakadakilang layun-

> **"Ang paghahandog ng ating buhay para sa paglilingkod sa Diyos sa bawat araw ay isang habambuhay na panawagan. Ang pagsamba natin sa umaga ng Linggo ay isang pagpapatuloy lang ng gayong panawagan."**
>
> **Barry Liesch**

97 Hango kay Warren Wiersbe, *Real Worship*. (Grand Rapids: Baker Books, 2000), 21

in ng tao ay ang mamuhay ng para sa kaluwalhatian ng Diyos. Iyan ang tunay na diwa ng pagsamba.

Bilang mga Kristiyano, ating ibinibigay sa Diyos ang lahat ng aspeto ng ating buhay, maging ang mga maliliit at ordinaryong mga bagay. Ang pagsamba ay hindi limitado tuwing araw ng Linggo. Sa halip, ang ating hanap-buhay, paglilibang, at mga karaniwang gawain sa araw-araw ay dapat na iukol para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ipinapakita sa Roma 12:1 na bahagi ng ating pagsamba ang paghahandog ng ating katawan bilang buhay na alay sa Diyos; ito ang ating espirituwal na serbisyo. Kaya ang biblikal na pananaw sa pagsamba ay hindi limitado sa lingguhang pagtitipon; ito'y pagbibigay ng lahat sa ating buhay para sa Diyos.

**Ang biblikal na pananaw sa pagsamba ay parehas na naglalaman ng sama-samang pagsamba ng mga Kristiyano at pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat isa**. Bawat aspeto ay mahalaga. Kung malilimutan natin na ang pagsamba ay kalakip ng pang-araw-araw na pamumuhay, maaari tayong dumalo sa ating serbisyo ngunit hindi kakikitaan ng pagbabago sa ating buhay. Maaari tayong makilahok sa sama-samang pagsamba subalit bigong mamuhay na may pagsunod sa Diyos sa araw-araw.

Sa kabilang banda, kung ang bibigyan lamang natin ng pansin ay ang "pamumuhay na pagsamba," maaari nating makalimutan ang regular at itinakdang oras para sa isang pokus na pagsamba. Ang ating pakikilahok sa publikong panambahan ay nagpapaalala sa atin na tayo'y pinagkatiwalaan lamang ng Diyos ng mga bagay-bagay sa ating buhay.

Ang prinsipyo ng pagkakatiwalang ito ay makikita natin sa ikapu at sa Sabbath. Ang pagkakatiwalang Kristiyano ay nangangahulugan na lahat ng ating salapi ay sa Diyos; at ang paniniwala natin sa prinsipyong ito ay makikita sa ating pag-iikapu. Samantala, ang pagkakatiwalang Kristiyano na may kinalaman sa kanyang oras at panahon ay nangangahulugan na ang lahat sa ating buhay ay galing sa Diyos; ipinapakita natin ito sa pamamagitan ng pagtatalaga ng isang araw sa isang Linggo upang sumamba sa Diyos at magpahinga. Sa ganito ring paraan, lahat ng aspeto sa ating buhay ay bahagi ng pagsamba; at ipinapakita natin ito sa pamamagitan ng ating pakikilahok sa Kapatiran sa isang sama-samang pagsamba.

Ipinakita ni Bob Kauflin ang relasyon sa pagitan ng sama-samang pagsamba at pamumuhay pagsamba:

> Maaaring ang araw ng Linggo ang siyang pinakamahalagang araw ng ating linggo, subalit hindi lamang ito ang mahalaga. Sa loob ng isang linggo, maaari tayong mamuhay sa diwa ng pagsamba sa pamamagitan ng pagpapadama ng pagmamahal sa ating pamilya, pagtanggi sa tukso, pagtatanggol sa kapakanan ng mga mahihirap, pakikibaka laban sa kasamaan, at pagbabahagi ng ebanghelyo. Sa tagpong ito, tayo ay maituturing na **sumasambang simbahan sa iba't ibang dako**.
>
> Gayunma'y, nakadarama rin tayo ng pagkapagod sa ating pakikipaglaban sa sanlibutan, sa pita ng laman, at sa Diyablo. Kailangan natin ng lakas at sigla sa pamam-

agitan ng Salita ng Diyos at pagmamalasakit ng Kapatiran. Nais nating makipisan o makipag-ugnayan sa mga taong pinagkaisa ng Diyos sa pamamagitan ng dugo ng Kanyang Anak. Sa tagpong ito tayo ay nagiging **sumasambang simbahan na nagkakatipon sa isang dako**.[98]

## PAGSAMBA: PAMUMUHAY NA PARA SA KALUWALHATIAN NG DIYOS

### Ang Pagsamba ay Nagpapakita ng ating mga Pagpapahalaga

Nilikha tayo para sa pagsamba. Lahat tayo ay may sinasamba. Ating sinasamba ang isang bagay na ating labis na pinapahalagahan. Ang pagsamba ay nagsasabi ng ganito, "Ito ang siyang may unang puwang at nauuna sa aking buhay."

Maraming tao ang sumasamba sa pera, trabaho, katatayuan sa buhay, relasyon, at kalayawan. Ang mga bagay na ito ang siyang may unang puwang sa kanilang buhay. Ngunit paano mo malalaman kung ano ang iyong sinasamba? Masdan mo ang iyong buhay. Ano ang higit na umuubos ng iyong lakas, oras, at pera? Iyan ang bagay na iyong pinagpasyahang maging pinakamahalaga sa iyo; iyan ang bagay na iyong sinasamba.[99]

Tanging ang Diyos lamang ang karapat-dapat sa ating pagsamba; lahat at anumang bagay ay sekondarya lamang kumpara sa Kanya. Ang isang buhay pagsamba sa Diyos ay ang unahin Siya sa lahat ng bagay. Ang tunay na mga mananambahan ay silang inilagay ang Diyos sa trono ng kanilang puso; Siya ang pinakamahalaga. Sa madaling salita, para sa mga tunay na mananambahan, ang bawat bahagi ng kanilang buhay ay para sa kaluwalhatian ng Diyos.

> **"Bawat isa ay mayroong altar. Bawat altar ay mayroong trono. Paano mo malalaman kung ano ang iyong sinasamba? Madali lang: sundan mo ang yapak ng pinagugugulan mo ng panahon, ng iyong damdamin, ng iyong lakas, ng iyong pera, at ng iyong pagtatalaga. Sa dulo ng yapak na iyon ay tiyak na matatagpuan mo ang isang trono. At anuman o sinuman ay nakaupo sa trono na iyon ang siyang pinakamahalaga sa buhay mo. Sa trono na iyon ay matatagpuan mo kung sino ang iyong sinasamba."**
>
> **Louie Giglio**

98 Hango kay Bob Kauflin, *Worship Matters* (Wheaton: Crossway Books, 2008), 210

99 Hango kay Louie Giglio, *The Air I Breathe: Worship as a Way of Life.* (Sisters, OR: Multnomah Publishers, 2003).

## Ang Tunay na Pagsamba ay Bumabago ng ating mga Pagpapahalaga

Natunghayan natin sa Isaias 6 na ang tunay na pagsamba ay bumabago ng buhay. Ang pagsamba ay hindi lamang nagpapakita ng ating mga pinapahalagahan, ito'y bumabago rin ng ating mga pagpapahalaga sa buhay.

Ang pagsamba, ito man ay sa tunay na Diyos o sa isang idolo, ay bumabago ng ating pagkatao. Ipinapakita sa atin sa Awit 115:8 na ang pagsamba sa mga diyus-diyusan ay uudyok sa atin na gumawa ng kasamaan. "Ang mga gumawa sa kanila ay kagaya nila; gayundin ang lahat ng nagtitiwala sa kanila". Ang mga sumasamba sa idolo ay natutulad sa kanilang idolo. Ang mga sumasamba sa pera ay nagiging mukhang-pera o ganid sa salapi. Silang mga sumasamba sa kalayawan ay nagiging alipin ng layaw. Silang mga sumasamba o nauuhaw na makilala ng madla ay nagkakaroon ng labis na pagtingin sa sarili. Sa madaling salita, tayo ay nagiging katulad nganumang ating sinasamba.

> **Ang pagsamba ay hindi lamang tungkol sa bagay na ating ginagawa; ang pagsamba ay mayroong ginagawa sa ating puso't kalooban.**

Sa ganito ring paraan, silang mga sumasamba sa tunay na Diyos ay nagiging katulad sa Kanya. "At tayong lahat, na walang talukbong ang mukha, na nakikita ang kaluwalhatian ng Panginoon gaya ng sa isang salamin, ay nababago sa gayunding larawan, mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian" (2 Corinto 3:18). Sa pagsamba, tayo ay nababago tungo sa Kanyang Wangis.

Kapag tayo ay sumasamba, ang pagpapahalaga natin ay nagbabago. Kaya't bilang mga mananambahan, dapat nating itanong, "Ang pagsamba ko ba ay bumabago ng aking buhay?"

## Ang Pamumuhay para sa Kaluwalhatian ng Diyos ay Nangangahulugan ng Lahat ng Bahagi sa ating Buhay

Ang pagsamba bilang pamumuhay ay nangangahulugan na lahat sa ating buhay ay iuukol natin para sa kaluwalhatian ng Diyos. Gayunma'y, maraming mga Kristiyano na hinahati ang kanilang buhay sa dalawang magkahiwalay na bahagi: ang sagrado (Linggo) at ang sekular (Lunes-Sabado). Sila'y namumuhay bilang tinaguriang "Kristiyano kapag Linggo." Dumadalo sila ng simbahan at sinasabing naniniwala sila sa mga katuruang Kristiyano, subalit ang kanilang pagsamba sa araw ng Linggo ay walang epekto sa kanilang negosyo sa araw ng Lunes, buhay-pamilya sa araw ng Miyerkules, at paglilibang sa araw ng Sabado.

Ang salitang *sekular* ay tumutukoy sa ating buhay sa mundong ito. Ang Kristiyano ay tinatawag na ipamuhay ang kanyang sekular na buhay para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sa madaling salita, ang Kristiyano ay tinatawag na mamuhay sa araw ng Lunes na sumasala-


min sa kanyang pagsamba sa araw ng Linggo. Kaya nga, sa bawat pagtatapos ng serbisyo, dapat nating itanong, "Ano ang aking gagawin sa kinabukasan na magsasabuhay ng aking pagsamba ngayon?" Ito ang buhay na ipinapamuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos.

## Ano ba ang Itsura ng Pamumuhay na para sa Kaluwalhatian ng Diyos?

Ang pamumuhay na para sa kaluwalhatian ng Diyos ay nangangahulugan na lahat sa ating buhay ay kontrolado ng maalab na damdamin para sa Diyos. Ito ay nangangahulugan ng pagmamahal sa Diyos na ang ating kasiyahan ay yaong bagay na nakalulugod sa Kanya. Mayroong nagsabi na ang pagmamahal daw sa isang tao ay nangangahulugan ng pagkasabik sa kanya. "Mahal mo ang isang tao (o bagay) kapag wala ka ng ibang iniisip kundi siya."

Sa ganito ring paraan, mungkahi ni Louie Giglio na "malalaman natin ang pinakamahal-agang bagay sa ating buhay sa pamamagitan ng lumalabas sa ating bibig."[100] Lagi nating pinag-uusapan ang bagay na mahalaga sa atin.

Tila napakasimple ng bagay na ito, subalit isaalang-alang mo. Ano ang bagay na laging sinasambit ng isang taong maibigin sa salapi? Pera. Ang binibigyan nila ng kaluwalhatian ay ang pera. Ano ang bagay na laging sinasambit ng taong humaling sa sports? Sports. Kanilang laging pinapupurihan ang paborito nilang koponan ng mga manlalaro.




Subalit nangangahulugan ba ito na lagi na lang mamutawi sa bibig ng Kristiyano ang mga talata sa Biblia sa lahat ng sitwasyon? Hindi. Sa halip, nangangahulugan lamang ito na ang lahat ng ating sinasambit at pinag-uusapan ay dapat na para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Kapag tayo ay gagawa ng pagpapasya sa ating mga negosyo, maaaring hindi natin iparinig na sinasabi sa ating kasama sa negosyo na, "Ang desisyon na ito ay dapat na magbigay na kaluwalhatian sa Diyos," gayunma'y, alam natin na ang pagsa-alang-alang sa kaluwalhatian ng Diyos ay aapekto sa ating desisyon. Gayundin naman, kapag kinakailangan nating disiplinahin ang ating anak, maaaring hindi natin sabihin sa kanya, "Anak, ang aking gagawing pagpalo sa iyo ngayon ay para sa kaluwalhatian ng Diyos." Ngunit, dapat nating itanong sa ating sarili, "Ang pagdisiplina bang gagawin

100 Mula kay Louie Giglio, sa kanyang mensahe na "*Psalm 16*" in Matt Redman and Friends, Inside, Out Worship (Ventura: Regal Books, 2005), 78

ko ngayon ay magbibigay lugod sa Diyos o nais ko lamang ilabas ang galit na aking nar-aramdaman? Sa ganito bang paraan ako dinidisiplina ng aking Ama na nasa langit?"

Bilang mga Kristiyano, gumagawa tayo ng mga pagpapasya sa liwanag ng kaluwalhatian ng Diyos. Ang pagsamba bilang pamumuhay ay nangangahulugan na ang Diyos at ang Kanyang kaluwalhatian ang siyang sentro sa lahat ng ating ginagawa.

Sa nakaraang aralin, natunghayan natin na kung wala ang biyaya ng Diyos, ang ating sama-samang pagsamba ay magiging legalistiko. Ating magiging tanong, "Paano tayo dapat sumamba sa paraang makakamit ang pabor ng Diyos?" Gayundin naman, kung wala ang biyaya ng Diyos, ang ating buhay pagsamba ay magiging pabigat na legalismo sa ating buhay. Magiging tanong natin, "Paano kung ang desisyong ito ay hindi pinakamagandang paraan upang maluwalhati ko ang Diyos? Kung magkakamali ba ako ay magagalit sa akin ang Diyos?"

Subalit kabaligtaran sa legalistikong pagsamba, ang pagsamba na nasa liwanag ng biyaya ng Diyos ay magiging isang napakagandang pribilehiyo. Ang publikong pagsamba na nasa liwanag ng biyaya ng Diyos ay magiging pagkakataon upang ipagdiwang ang katangian ng Diyos at ang Kanyang mga ginawa. Sa ganito ring paraan, ang pagsambang-pamumuhay (kapag ipinapamuhay sa liwanag ng biyaya ng Diyos) ay magiging pagkakataon upang luwalhatiin ang Diyos sa araw-araw.

Bunga nito, ang pagpapasya sa negosyo sa araw ng Lunes ay hindi magiging sapilitang pagsunod sa kautusan ng Diyos; ito ay magiging masayang pagkakataon upang luwalhatiin ang Diyos sa pamamagitan ng maayos na asal at gawi na alinsunod sa Kanyang katangian. Maging ang pagdisiplina sa anak ay hindi magiging walang sayang pagsisikap para lang iwasang di mabigyang lugod ang Diyos; ito ay magiging masayang pagkakataon upang maging modelo ng mapagmahal na katangian ng Diyos sa ating mga anak. Kaya nga, ang biyaya ay bumabago ng ating pagsambang-pamumuhay.

## ANG PAGSAMBANG-PAMUMUHAY: ANG BIBLIKAL NA MODELO

Sa Roma 12:1, ang mga Kristiyano ay tinatawag na ihandog ang kanilang mga sarili bilang haing buhay, banal, at kasiyasiya sa harapan ng Diyos. Ito ang ating espirituwal na pag-samba. Sa Roma 12:2 ay ipinapakita kung paanong ang alay na ito ay maibibigay sa Diyos. Ang talatang ito ay partikular na mahalaga upang ating maunawaan ang buhay pagsamba.

Matapos ang 11 mga kabanata, na kung saan inilatag ni Pablo ang teolohikal na pundasyon para sa buhay Kristiyano, isinunod niya ang aplikasyon o pagsasabuhay para sa mga ito. Sa madaling salita, yamang tayo'y inaring ganap sa pamamagitan ng biyaya (Roma 1-11), dapat tayong mamuhay sa paraang nararapat rito (12-16). Ang mga kabanatang ito ay nagbibigay sa atin ng modelo para sa buhay pagsamba.

## Ang Negatibong Aspeto ng Pagsambang-Pamumuhay

Nagsimula si Pablo sa pamamagitan ng negatibong kautusan: "Huwag kayong makiayon sa takbo ng sanlibutang ito." Ibig sabihin, hindi tayo dapat mamuhay ng makamundo. Hindi tayo pwedeng sabay na maglingkod sa kaharian ng mundong ito at sa kaharin ng langit. Hindi tayo pwedeng sabay na sumamba sa Diyos at sa espiritu ng sanlibutang ito.

Gamit ang pagsasalin ni J.B. Philips, isinalin niya ang pangungusap ni Pablo sa ganitong paraan, "Huwag ninyong hayaan ang lipunang nakapaligid sa inyo na dikdikin kayo sa kanyang hulmahan." Kapag ang isang luwad ay inilagay mo sa isang hulmahan, ang magiging hugis ng luwad na iyon ay ayon sa hugis ng hulmahan. Gayundin naman, nais ng mundong ito na dikdikin ang mga Kristiyano sa kanyang hulmahan upang maging hugis makamundo. Nais ng mundong ito na sapilitan tayong pasunurin sa kanyang mga kagustuhan. Subalit, dapat nating tanggihan ang impluwensya ng mundo at mamuhay sa diwa ng pagsamba.

Ang ganitong uri ng tukso ay mapanganib sapagkat maaari tayong makiayon sa takbo ng sanlibutan na hindi natin namamalayan. Halimbawa, ang isda na nabubuhay sa tubig ay hindi mag-iisip, "Ito ay tubig." Para sa kanya, ang tubig ay ang mundong kanyang kinalalagyan. Gayundin naman, ang isang uod na gumagapang sa putik ay hindi mag-iisip, "Ito ay putik." Para sa kanya, ang putik ay ang mundong kanyang ginagalawan. At sa ganito ring paraan, kapag hindi mag-iingat ang isang Kristiyano, hindi niya maiisip, "Ito ay makasalanang sanlibutan." Sa halip, maaari siyang mamuhay sa paraang karaniwang mundo lang ang kanyang ginagalawan.

Ito ang dahilan kung bakit ang publikong panambahan ng mga Kristiyano ay mahalaga. Ang may akda ng Hebreo ay nagbigay sa atin ng babala na hindi natin dapat kaligtaan ang ating pagtitipon. Bakit? Sapagkat ito ang paraan upang maisakatuparan natin ang mga sumusunod na utos:

- "Tayo'y lumapit na may tapat na puso sa lubos na katiyakan ng pananampalataya…" (Hebreo 10:22).
- "Panghawakan nating matatag ang pagpapahayag ng ating pag-asa nang walang pag-aalinlangan, sapagkat siya na nangako ay tapat..." (Hebreo 10:23).
- "At ating isaalang-alang kung papaano gigisingin ang isa't isa sa pag-ibig at sa mabubuting gawa..." (Hebreo 10:24).

Sa pagsamba, naipapaalala sa atin na tayo ay hindi mga makamundong tao. Noong nasa Babilonya, malayo sa Templo, at walang kakayahan na makilahok sa panambahan ng kanyang mga kababayan, si Daniel ay laging nanalangin ng tatlong beses sa isang araw. Habang siya'y nananalangin, ang kanyang bintana ay nakabukas paharap sa Jerusalem (Daniel 6:10). Ang pagsamba ni Daniel ang nagpalakas sa kanya upang hindi makiayon sa takbo ng pamumuhay sa Babilonya. At habang siya'y nakaharap sa Jerusalem, laging

napapaalalahan si Daniel na, "Hindi ako mamamayan ng Babilonya; ako ay mamamayan ng Jerusalem. Hindi ako sumasamba kay Marduk; naglilingkod ako kay Yahweh."[101]

Ang buhay pagsamba ay nangangahulugan kung gayon na hindi tayo dapat patangay sa takbo ng sanlibutan. Hindi lang ito nangangahulugan ng pagtanggi sa mga tukso. Higit pa ito sa pagsunod sa mga tuntunin. Higit pa ito sa partikular na estilo ng pananamit, tuntunin ng pag-uugali, o relihiyosong kultura. Bagkus, ito ay buong gawi ng pag-iisip at pamumuhay. Ito ay nangangahulugan ng pagsusuri sa lahat ng bagay alinsunod sa pananaw ng kaharian ng Diyos.

Bilang mga Kristiyano, hindi tayo kailanman masiyahang makibagay sa takbo ng nakapaligid na kultura. Matapos ang isang klase sa Tsina na tumalakay sa paksa ng Sermon ni Jesus sa Bundok, isang estudyante ang nagsabi, "Sa Tsina, napakahirap mamuhay ayon sa paraang itinuro ni Jesus." Sagot naman ng guro, "Huwag kang magtaka. Maging sa Amerika ay napakahirap mamuhay ayon sa paraang itinuro ni Jesus." Sa madaling salita, anuman ang kultura na ating kinalalagyan, ang buhay pagsamba ng isang Kristiyano ay laging laban sa espiritu ng sanlibutan.

## Ang Positibong Aspeto ng Pagsambang-Pamumuhay

Matapos ibigay ang negatibong bahagi ng utos, ang Roma 12 ay nagpatuloy sa positibong tuntunin: "Kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip."

Ang kabaligtaran ng kamunduhan ay hindi lamang ang maging iba ka o kaya'y ang ipaggiitan ang iyong sariling personalidad na laban sa iba. Ang tunay na kabaligtaran ng kamunduhan ay ang maranasan ang pagbabago na maghahatid sa iyo sa pagkakaunawa sa kalooban ng Diyos. May ibang mga Kristiyano na may sinundan o sinang-ayunan na isang paraan ng pamumuhay na iba sa kanilang nakalakihang kultura; subalit hindi pa rin nila maranasan ang pagbabagong maghahatid sa kanila sa kalooban ng Diyos. Sa halip, ang pagbabagong kanilang naranasan ay ang pagkakaroon lang ng isang partikular na pananaw sa pulitika, lipunan, at paraan ng pananamit. Hindi talaga nila naranasan ang pagbabagong dulot ng pagbabago ng isipan.

Ayon sa pagsasalin ni J.B. Phillips, ganito ang sinasabi ng talata,""Huwag ninyong hayaan ang lipunang nakapaligid sa inyo na ilagay kayo sa kanyang hulmahan" (ang negatibo), "sa halip, hayaan ninyong hubugin kayo ng Diyos upang ang takbo ng inyong pag-iisip ay ganap na magbago" (ang positibo). At dito sa aklat ng Roma, ipinapakita sa atin itsura ng isang bagong isipan.

- Roma 12: Ginagamit ng isang nagbagong mananampalatayang ang kanyang mga espirituwal na kaloob upang paglingkuran ang kanyang kapwa.

101 Isang pagsasalin na mula kay Tim Keep, Bible Methodist Missions. Hango sa kanyang sermon na ipinangaral sa Hobe Sound Bible College, November 2013.

- Roma 13: Ang isang nagbagong mananampalataya ay may paggalang sa sibil na kapamahalaan sa lipunan.
- Roma 14: Iginagalang ng isang nagbagong mananampalataya ang paniniwala at paninindigan ng kapwa Kristiyano.

Kaya't, ang buhay pagsamba ay higit pa sa gawi; ang pagsamba ay bumabago sa buong paraan ng ating pag-iisip. Pansinin mo ang epekto ng buhay pagsamba:

- Ano kaya ang mangyayari sa bansang Afrika kung ang mga negosyante at pulitikong Kristiyano ay magkaroon ng pagbabago hinggil sa kanilang pag-uugali sa salapi at kapangyarihan?
- Ano kaya ang mangyayari sa mga simbahan sa Asya kung ang mga pinuno nito ay makikita ang kanilang mga sarili na katiwala lamang ng salaping kaloob ng Diyos?
- Ano kaya ang mangyayari sa relasyon ng mga mag-asawa sa Amerika kung makikita ng mga Kristiyano roon ang gawi ng kawalang-katapatan ayon sa nakikita ng Diyos at hindi ayon sa pananaw ng Hollywood?

Ang buhay pagsamba ay bumabago ng isipan ng isang mananampalataya. Ang binagong isipan ay makikita sa nagbagong buhay; at ang nagbagong mga buhay ay pinapatunayan ng isang nagbagong lipunan. Sa madaling salita, ang buhay pagsamba ay may gannap na kakayahang bumago ng ating mundo.

## MGA PANGANIB SA PAGSAMBA: PAGSAMBANG WALANG PAGSUNOD

Ang mga propeta ay nagpahayag ng babala laban sa pagsambang walang pagsunod. Halimbawa, ang mga tao noong panahon ni Jeremias ay naniniwala na iingatan raw sila ng Templo mula sa Babilonya. Subalit tugon ni Jeremias, "Huwag kayong magtiwala sa mapandayang mga salita, na sinasabi, 'Ito ang templo ng Panginoon, ang templo ng Panginoon, ang templo ng Panginoon'" (Jeremias 7:4). Sa halip

> **Kung** tunay na inyong babaguhin ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa;
>
> **Kung** kayo'y tunay na magsisigawa ng katarungan sa isa't isa;
>
> **Kung** hindi ninyo aapihin ang dayuhan, ang ulila at ang babaeng balo, o hindi kayo magpapadanak ng walang salang dugo sa dakong ito, o susunod man sa ibang mga diyos sa ikapapahamak ng inyong sarili:
>
> **Kung gayo'y** hahayaan ko kayong manirahan sa dakong ito, sa lupaing ibinigay ko sa inyong mga magulang mula nang una hanggang magpakailanman (Jeremias 7:5-7).

Kay lungkot na naniwala ang bayan ng Israel na maaari nilang palitan ng rituwal ang pagsunod. Subalit ipinahayag ng mga propeta na ang rituwal na walang pagsunod ay walang kabuluhan.

Sa ibang mga tradisyon, ang pagsunod ay pinalitan ng liturhikal na rituwal. Ang mga elemento ng pagsamba ay naroroon. Ang mga awitin ay naglalaman ng katotohanan. Ang Biblia ay binabasa at ipinapangaral. Mayroong mga dasal na ginagamit sa panalangin. Subalit, ang isang bagay na wala ay ang pagsunod sa Salita ng Diyos. At dahil rito, ang buhay ay hindi nagbabago. Ang ganitong bagay ay rituwal lamang, hindi pagsamba.

Sa ibang mga tradisyon, ang pagsunod ay pinalitan ng emosyonal na pagtugon. Ang naging layunin ng serbisyo ay ilabas ang damdaming hinahangad. Ang musika ay ginagamit upang pukawin ang damdamin. Ang sermon ay nagtatapos sa pamamagitan ng paanyaya o sandali ng pagbibigay ng panata. Subalit, madalas na ang ganitong serbisyo ay hindi nakasalig sa buhay na sumusunod at sumusuko sa Diyos. Ito ay emosyon lamang, hindi pagsamba.

Ang pagsamba sa Templo ay isang pagdiriwang ng tipan ng Diyos para sa bayang Israel. Ito rin ay nagsisilbing paalala sa Israel tungkol sa kanyang panata at mga tungkulin sa Diyos. Noong sinaunang Iglesia, ang pagsamba ay pagdiriwang ng Bagong Tipan na itinatag sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus. Ito ay nagpapaalala sa mga Kristiyano ng kanilang tungkulin na mamuhay bilang banal. Ang pagsambang hindi namumunga ng pagsunod ay isang kabulaanan.

Ang tunay na pagsamba ay bumabago sa buhay ng mananambahan. At sa kursong ito, nakita natin na ang mga taong tunay na sumasamba sa Diyos ay nababago ang buhay. Ang layunin ng kurso nating ito ay hindi lamang para magkaroon tayo ng mas magandang pagplaplano at pamumuno sa pagsamba sa ating serbisyo, kundi upang tayo man ay maging mananambahan na binabago ng pagsamba. Sa pamamagitan nito ay mapapangunahan natin ang ating simbahan na sumamba sa paraang babago ng buhay ng bawat kaanib ng ating kongregasyon.

## KONKLUSYON: PATOTOO NG ISANG PASTOR

Ano ang magiging epekto ng tunay na pagsamba? Pagisipan mo ang patotoo ng isang Pastor ng isang Spanish na simbahan.

“Noong 1991, ang espirituwal na kalagayan ng aming simbahan ay napakababa. May ilan sa aming mga miyembro na nahulog sa sala ng imoralidad. Nang dinisiplina namin ang mga nagkasalang miyembro, ang simbahan ay nahati. Subalit nang dumating kami sa yugto ng matinding espirituwal at emosyunal na pangangailangan, may isang bagong mananampalataya na nagmungkahi sa amin na dapat kaming mag-ayuno at manalangin sa buong araw ng Linggo. Ito nga ang aming ginawa at ang Diyos ay nagsimulang kumilos sa gitna namin.

Matapos ang ilang linggo, nagpasimula kami ng aming anwal o taunang pagtitipon. Ang ilang pagkakakabaha-bahagi sa simbahan ay nananatili pa rin. Subalit habang nangangaral

ang ebanghelista ng kanyang sermon nang gabi ng Miyerkules, nakadama siya ng udyok na galing sa Diyos na awitin ang himnong “How Great Thou Art” o “Kay dakila ng Diyos.”

“Habang inaawit niya ang napakagandang himno na ito, ang kaluwalhatian ng Diyos ay tila bumaba sa mga nauuhaw na kalooban ng mga tao. May iba na tumugon ng may pagpupuri; may iba naman na pumunta sa harapan ng altar. Samantala, may isang babae roon na may matinding hinanakit hinggil sa mga nangyaring hidwaan sa simbahan; siya’y bigla lang umiyak ng sagana. At habang nakatayo sa harapan ng 400 mga tao, ipinahayag niya, “Ako ang siyang pinakamalungkot na babae rito sapagkat ako’y nagkasala sa Diyos at sa simbahang ito ng dahil sa matagal na pagkimkim ng sama ng loob sa aking puso. Hiniling ko sa Diyos ang Kanyang kapatawaran at nakikiusap rin ako sa inyo bilang simbahan na sana’y patawarin ninyo ako sa aking mga kasalanan.”

“Nang mamutawi ang mga salitang ito sa kanyang bibig, ibinukas ng iba ang kanilang mga puso’t kalooban sa pagkakasundo. At nang gabing iyon, naipanumbalik sa aming simbahan ang pagkakaisa. Tunay nga na kapag ang mga anak ng Diyos ay magpapakumbaba ng kanilang mga sarili sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno; kung ang mga lingkod ng Diyos ay magiging masunurin sa pamumuno ng Banal na Espiritu, tayo ay maihahatid sa presensya ng Diyos. Ang ating mga kasalanan ay maipapahayag; at ang pagkakaisa sa simbahan ay manunumbalik. Ito ay bunga ng tunay na pagsamba.”[102]

## ARALIN 10, PAGBABALIK-ARAL

1. Ang publikong pagsamba ay nagaganap tuwing Linggo; ang buhay pagsamba ay nagaganap sa araw-araw. Bawat isa ay mahalaga sa pagkakaroon ng biblikal na pananaw sa pagsamba.

2. Ang tunay na pagsamba ay nagpapakita ng ating tunay na pinapahalagahan.

3. Ang tunay na pagsamba ay bumabago ng ating mga pinapahalagahan.

4. Ang buhay pagsamba ay nangangahulugan na tayo ay mamumuhay ng para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ito ay nangangahulugan na ang kalooban ng Diyos ang siyang sentro sa lahat ng ating buhay.

5. Ang biblikal na modelo para sa buhay pagsamba ay makikita sa Roma 12:1-2. Nakapaloob rito ang…

    - Negatibong aspeto: “Huwag ninyong tularan ang sanlibutang ito”
    - Positibong aspeto: “Magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip.”

---

102 Patotoo na mula kay Reverend Sidney Grant, Hope International Missions

## ARALIN 10, TAKDANG ARALIN

1. Magsulat ng 3-4 na pahina tungkol sa paksang pinamagatang, "Ang Teolohiya ng Pagsamba." Ang sanaysay na ito ay dapat na nagpapakita kung paanong ang pagsamba ay nakasalig sa mga prinsipyo ng Biblia. Ang sanaysay na ito ay dapat na biblikal at praktikal.

2. Mangaral ng isang sermon tungkol sa tunay na pagsamba na nakabatay sa Juan 4:23-24.

3. Tapusin ang iyong proyekto para sa kurso: Magsulat ng isang pahina na pag-uulat na iyong ibibigay sa guro o tagapamuno sa klase; na nasasaad rito ang buod ng lahat ng iyong natutuhan mula sa iyong journal na "30-Araw na Paglalakbay sa Pagsamba." Hindi mo kailangang ipasa ang iyong journal sa inyong tagapamuno sa klase.

4. Para sa iyong huling pagsusulit, isulat ang 1 Corinto 10:31 gamit ang iyong memorya.

# APPENDIKS A:

## OUTLINE O BALANGKAS PARA SA PAGPLAPLANO NG PAGSAMBANG SERBISYO

| ISANG OUTLINE O BALANGKAS PARA SA ISTRAKTURANG PAGSAMBA NA NAGBIBIGAY PANSIN SA SERMON | | |
|---|---|---|
| **LAYUNIN** | **GAWAIN PARA SA PAGSAMBA** | **LINGGUHANG PLANO** |
| Pamamahayag ng Katotohanan | • Mga Himno<br>• Biblia<br>• Sermon | |
| Tugon sa Katotohanan | • Paanyaya<br>• Paghahandog<br>• Panapos na Himno<br>• Bendisyon (Biblia) | |

| BALANGKAS PARA SA PAGSAMBANG NAKABATAY SA AWIT 95 | | |
|---|---|---|
| **BIBLIKAL NA MODELO** | **GAWAIN PARA SA PAGSAMBA** | **LINGGUHANG PLANO** |
| Pumasok na may Masayang Pasasalamat | • Panawagan ng Pagsamba<br>• Mga Himno ng Papuri | |
| Magpatuloy na may Taimtim at Magalang na Pagsamba | • Mga Himno ng Kabanalan<br>• Panalangin | |
| Makinig sa Tin-ig ng Diyos | • Pagbabasa ng Biblia<br>• Sermon | |

| BALANGKAS PARA SA PAGSAMBANG NAKABATAY SA GAWAIN NG BAYAN NG DIYOS SA PAGSAMBA | | |
|---|---|---|
| **KILUSAN** | **GAWAIN PARA SA PAGSAMBA** | **LINGGUHANG PLANO** |
| Pagtitipon ng mga Tinawag ng Diyos | Papuri<br>• Panawagan ng Pagsamba<br>• Mga Himno ng Papuri<br><br>Pagpapahayag ng Kasalanan<br>• Panalangin | |
| Pakikinig ng Bayan ng Diyos sa Salita ng Diyos | • Pagbabasa ng Biblia<br>• Sermon | |
| Pagtugon ng Bayan ng Diyos sa Salita ng Diyos | • Awit ng Pagtugon<br>• Panalangin<br>• Paghahandog | |

| | | |
|---|---|---|
| Ang Paghayo ng Bayan ng Diyos | • Panapos na Himno<br>• Bendisyon (Biblia) | |

| BALANGKAS PARA SA PAGSAMBANG NAGPAPAKITA NG PAG-UUSAP NG DIYOS AT NG KANYANG BAYAN (ISAIAS 6) | | |
|---|---|---|
| **KILOS** | **GAWAIN PARA SA PAGSAMBA** | **LINGGUHANG PLANO** |
| Inihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili | • Panawagan ng Pagsamba (mula sa talata ng Biblia) | |
| Ang mga Tao ay Tutugon na may Papuri at Pagpapahayag ng Kasalanan | • Papuri: Mga Himno<br>• Panalangin | |
| Nagsasalita ang Diyos sa Kanyang Bayan | • Pagbabasa ng Biblia<br>• Sermon | |

| | | |
|---|---|---|
| Ang mga Tao ay Tutugon ng may Panata | • Himno ng Paanyaya<br><br>• Paghahandog | |
| Ang mga Komisyon ng Diyos sa Kanyang Bayan | • Bendisyon | |

# APPENDIKS B:

## EVALUATION FORM PARA SA MGA AWITIN

| **Pamagat ng Awitin:** | | | |
|---|---|---|---|
| | MAHINA | KATAM-TAMAN | MALAKAS |
| Ang teksto ba ay tapat sa doktrina? | | | |
| Ang teksto ba ay tapat sa karanasang Kristiyano? | | | |
| Mauunawaan ba ng kongregasyon ang teksto? | | | |
| Ang estilo ba ng musika ay angkop sa teksto? | | | |
| Ang tono ba ay madaling sundan at awitin ng kongregasyon? | | | |

# MGA MUNGKAHING MATERYALES

## Aralin 1

Upang higit pang maunawaan ang kahulugan ng pagsamba, maaari mong hanapin at pag-aralan ang mga sumusunod na materyales:

**Mga Aklat:**

Jeremiah, David. *Worship*. CA: Turning Point Outreach, 1995. (Tingnan ang Aralin 1-2.)

Reimers, Gary. *The Glory Due His Name*. Greenville: Bob Jones University Press, 2009.

Segler, Franklin M. and Randall Bradley. *Christian Worship: Its Theology and Practice*. Nashville: B&H Publishing, 2006. (Tingnan ang Unang Kabanata.)

**Mga Online na Materyales:**

"The Langauge of Worship: Seven Minute Seminary," Makikita sa https://www.youtube.com/watch?v=RqDCG_-cbrg

"Sin and Worship in Romans: Seven Minute Seminary," Makikita sa https://www.youtube.com/watch?v=6RyrW3aO0UI

## Aralin 3

Upang higit pang maunawaan ang pagsamba sa Biblia, maaari mong hanapin at pag-aralan ang mga sumusunod na materyales.

Peterson, David. *Engaging with God: A Biblical Theology of Worship*. Downers Grove: InterVarsity Press, 1992.

Ross, Allen P. *Recalling the Hope of Glory: Biblical Worship from the Garden to the New Creation*. Grand Rapids: Kregel Publications, 2006.

Webber, Robert. *The Biblical Foundations of Worship*. Nashville: Star Song Publishing Group, 1993.

## Aralin 5

Upang higit pang pag-aralan ang kasaysayan ng pagsamba, hanapin at pag-aralan ang mga sumusunod na materyales.

Segler, Franklin M. and Randall Bradley. *Christian Worship: Its Theology and Practice*. Nashville: B&H Publishing, 2006. (Tingnan ang ika-3 kabanata.)

Webber, Robert. *Rediscovering the Missing Jewel: A Study in Worship Through the Centuries*. Peabody: Hendrickson Publishers, 1997.

Webber, Robert. *Twenty Centuries of Christian Worship*. Nashville: Star Song Publishing Group, 1994.

## Aralin 6

Upang higit pang maunawaan ang musika sa pagsamba, hanapin at pag-aralan ang mga sumusunod na materyales.

Hustad, Donald. *Jubilate II: Church Music in Worship and Renewal*. Carol Stream: Hope Publishing, 1993.

Janvier, George. *Leading the Church in Music and Worship*. Nigeria: Africa Christian Textbooks, 2003.

Lloyd-Jones, D. Martyn. *Singing to the Lord*. Wales: Bryntirion Press, 2003.

Wolf, Garen. *Church Music Matters*. Salem: Schmul Publishing, 2005.

## Aralin 7

Upang higit pang maunawaan ang Biblia at panalangin sa pagsamba, hanapin at pag-aralan ang mga sumusunod na materyales.

Bounds, E. M. *Power through Prayer*. (Maraming mga edisyon ang matatagpuan para sa aklat na ito.)W

Drury, Keith. *The Wonder of Worship: Why We Worship the Way We Do*. Fishers: Wesleyan Publishing House, 2002.

Duewel, Wesley. *Mighty Prevailing Prayer*. Grand Rapids: Zondervan, 2013.

Murray, Andrew. *With Christ in the School of Prayer*. (Maraming mga edisyon ang matatagpuan para sa aklat na ito.)

## Aralin 9

Stauffer, S. Anita, ed. “The Nairobi Statement on Worship and Culture,” in *Christian Worship: Unity in Cultural Diversity*. Geneva: Lutheran World Federation, 1996.

Witvliet, John D. “An Open and Discerning Approach to Culture.” Isang video lecture. Matatagpuan sa https://worship.calvin.edu/resources/resource-library/an-open-and-discerning-approach-to-culture

# TALA NG MGA TAKDANG-ARALIN

## PANGALAN NG ESTUDYANTE________________________________

Sa table sa ibaba, may inisyal kapag ang bawat takdang aralin ay natapos. Ang mga pagsusulit ay maituturing na tapos kapag nakakuha ang estudyante ng 70% na iskor o higit pa. Lahat ng takdang aralin ay dapat na tapusing maayos upang makatanggap ng katibayan o certificate mula sa Shepherds Global Classroom.

| ARALIN | PAGSUSULIT | TAKDANG-ARALIN | | |
|---|---|---|---|---|
| 1 | | | | |
| 2 | | | | |
| 3 | | | | |
| 4 | | | | |
| 5 | | | | |
| 6 | | | | |
| 7 | | | | |
| 8 | | | | |
| 9 | | | | |
| 10 | | | | |

Ang aplikasyon para makakuha ng Katibayan ng Pagtatapos mula sa Shepherds Global Classroom ay maaring gawin sa ating webpage na matatagpuan sa www.shepherdsglobal.org. Ang mga Katibayan ay ipapadala sa digital na paraan mula sa pangulo ng SGC tungo sa mga tagapagturo at tagapangasiwa na gumawa ng aplikasyon para sa kanilang (mga) estudyante.

# SINITAS NA MGA TALATA

**Genesis 3**, 50, 51
**Genesis 4**, 49, 54
**Genesis 5**, 51
**Genesis 6**, 51
**Genesis 17**, 51
**Genesis 18**, 51, 54, 55, 154
**Genesis 22**, 54
**Genesis 28**, 52

**Exodo 15**, 113, 127, 153, 178
**Exodo 19**, 37
**Exodo 20**, 13, 32
**Exodo 24**, 49, 140
**Exodo 25**, 160
**Exodo 28-29**, 172
**Exodo 32**, 49, 119, 154
**Exodo 39-40**, 19

**Levitico 1**, 57
**Levitico 1-7**, 56
**Levitico 10**, 49

**Hukom 5**, 113

**1 Samuel 2**, 153
**1 Samuel 13**, 12
**1 Samuel 15**, 54

**2 Samuel 24**, 61, 147

**1 Hari 8**, 129
**1 Hari 18**, 31, 52, 53

**1 Cronika 29**, 153

**2 Cronika 1-7**, 57
**2 Cronika 5**, 57, 66, 171, 175, 199
**2 Cronika 6**, 151
**2 Cronika 26**, 50

**Ezra 3**, 113
**Ezra 9**, 154

**Nehemias 8**, 79, 141, 146, 150

**Job 42**, 94

**Awit 1**, 40, 79
**Awit 8**, 178
**Awit 10**, 58, 59
**Awit 15**, 37, 38, 39, 40, 41, 42, 43, 45, 48, 52, 192
**Awit 18**, 151
**Awit 19**, 33, 59, 89
**Awit 22**, 14, 33
**Awit 24**, 37
**Awit 32**, 151
**Awit 38**, 151
**Awit 41**, 151
**Awit 42**, 135
**Awit 47**, 214
**Awit 51**, 151, 154
**Awit 66**, 192
**Awit 88**, 58, 151
**Awit 91**, 127
**Awit 95**, 176, 192, 199, 244
**Awit 96**, 20, 26, 35, 129, 157, 192
**Awit 100**, 93, 109, 192
**Awit 103**, 38
**Awit 105**, 192
**Awit 107**, 192
**Awit 111**, 26
**Awit 115**, 234
**Awit 116**, 151
**Awit 120**, 44
**Awit 120-134**, 56, 58
**Awit 124**, 145
**Awit 133**, 44
**Awit 134**, 34, 44
**Awit 135-136**, 34
**Awit 136**, 145
**Awit 147**, 26
**Awit 148**, 123
**Awit 148-150**, 59
**Awit 149**, 119, 192
**Awit 150**, 26, 132, 192

**Eclesiastes 4**, 181

**Isaias 1**, 61
**Isaias 6**, 12, 13, 14, 15, 20, 25, 26, 33, 40, 74, 148, 154, 176, 178, 234, 246
**Isaias 29**, 9
**Isaias 56**, 151

**Jeremias 7**, 230, 239

**Ezekiel 36**, 181

**Daniel 6**, 151, 237
**Daniel 9**, 154

**Amos 5**, 56, 61, 230

**Mikas 6**, 37, 47, 48, 67

**Haggai 1**, 61
**Malakias 1**, 12, 19, 50, 61

**Mateo 2**, 13
**Mateo 4**, 71
**Mateo 5**, 145
**Mateo 6**, 72, 139, 154, 156, 159, 169
**Mateo 8**, 13
**Mateo 9**, 13
**Mateo 12**, 62, 72
**Mateo 14**, 13
**Mateo 15**, 13, 41
**Mateo 17**, 37, 88
**Mateo 18**, 73
**Mateo 21**, 38, 71
**Mateo 23**, 72, 148, 230
**Mateo 26**, 71, 113, 158, 163
**Mateo 28**, 13, 81, 88

**Marcos 1**, 73, 179
**Marcos 11**, 71

**Lukas 1**, 80, 153
**Lukas 2**, 71, 80
**Lukas 4**, 71, 142, 179
**Lukas 6**, 71
**Lukas 10**, 24, 25
**Lukas 11**, 72, 153, 155
**Lukas 13**, 72
**Lukas 17**, 155
**Lukas 18**, 72
**Lukas 19**, 71
**Lukas 22**, 73
**Lukas 24**, 142

**Juan 2**, 71
**Juan 3**, 160, 181
**Juan 4**, 7, 8, 9, 17, 18, 20, 22, 26, 28, 36, 70, 242
**Juan 5**, 72
**Juan 17**, 44, 71

**Gawa 1**, 75, 88
**Gawa 2**, 10, 11, 13, 25, 76, 80, 81, 142
**Gawa 3**, 13, 76
**Gawa 4**, 13, 76
**Gawa 5**, 12, 13, 76
**Gawa 6**, 186
**Gawa 13**, 75, 76, 79
**Gawa 14**, 76
**Gawa 16**, 14, 113
**Gawa 17**, 18, 76, 77, 91
**Gawa 18**, 76
**Gawa 19**, 75, 76
**Gawa 20**, 160
**Gawa 26**, 11
**Gawa 28**, 75

**Roma 1**, 16, 26, 71, 85
**Roma 1-11**, 236
**Roma 12**, 10, 25, 66, 69, 91, 205, 229, 232, 236, 238, 241
**Roma 13**, 239
**Roma 14**, 201, 213, 215, 216, 224, 227, 239
**Roma 16**, 76

**1 Corinto 1**, 11
**1 Corinto 2**, 217
**1 Corinto 8**, 216
**1 Corinto 10**, 126, 164, 166, 229, 231, 242
**1 Corinto 11**, 13, 81, 164
**1 Corinto 12**, 127
**1 Corinto 14**, 80, 117, 123, 201, 221, 227
**1 Corinto 16**, 76, 80

**2 Corinto 3**, 149, 234
**2 Corinto 8**, 158, 160
**2 Corinto 9**, 80, 157, 159, 160
**2 Corinto 13**, 11

**Efeso 1**, 154
**Efeso 4**, 17, 44
**Efeso 5**, 80, 115, 125, 127, 128

**Filipos 1**, 154
**Filipos 2**, 73, 77, 80, 82
**Filipos 3**, 36
**Filipos 4**, 157

**Colosas 2**, 11
**Colosas 3**, 79, 111, 113, 114, 120, 124, 128, 138
**Colosas 4**, 76, 79, 141

**1 Tesalonika 5**, 79, 127

**1 Timoteo 1**, 63, 132
**1 Timoteo 2**, 13, 80
**1 Timoteo 4**, 79, 141, 217

**2 Timoteo 4**, 79

**Tito 2**, 79

**Filemon** , 76

**Hebreo 10**, 10, 231, 237
**Hebreo 12**, 34
**Hebreo 13**, 157

**Santiago 1**, 11, 12, 25, 155, 186

**2 Pedro 3**, 141

**1 Juan 3**, 158

**Pahayag 1**, 14, 82, 88
**Pahayag 4**, 9, 20, 25, 26, 32, 33, 45, 84, 89, 113, 153
**Pahayag 4-5**, 13, 83
**Pahayag 5**, 29, 34, 45, 73
**Pahayag 11**, 35
**Pahayag 15**, 82, 84
**Pahayag 19**, 35, 36
**Pahayag 21**, 84, 88

# INDEX


## A

**Mga Anunsyo,** 162

## B

**Balanse sa pagsamba,** 56, 150–151

**Pagpapasimula ng pagsamba,** 161

## C

**Kalendaryo,** Simbahang, 153

**Mga bata at kabataan,** 182–183

**Komunyon,** 70, 137–140

**Awit ng kongregasyon,** 91, 97, 110

**Isyung pangkultura,** *Aralin 9*

## E

**Mga Sangkap ng pagsamba,** 69, 87–89, *Aralin 1*; *Aralin 10*

**Emosyun,** 100, 184–185

**Ebanghelismo,** 66–69

## F

**Huwad na pagsamba,** 63, 67

## G

**Kaluwalhatian ng Diyos,** 195

**Biyaya sa pagsamba,** 46

## M

**Manipulasyon,** 159–161

**Modelo sa pagsamba (Cristo),** 62

## O

**Pagsunod,** 11, 35, 48, 51, 198

**Paghahandog,** 133–137

## P

**Pagganap,** 156, 187

**Papuri,** nangangaral/nagbubunyi, 53

**Panalangin,** 128–133

**Pangangaral,** 125–127

## R

**Rituwal sa pagsamba,** 50, 54–55

## S

**Banal na Kasulatan sa pagsamba,** 69, 122–125

**Mga Isyu sa estilo,** *Aralin 9*

## V

**Pagpapahalaga,** 194

## W

**Mga Panganib sa Pagsamba**

- Pinaghahalo ang mga nagbabagong gawi sa di-nagbabagong mga prinsipyo, 90
- Kapaimbabawan, 37
- Di-balanseng pagsamba, 56
- Pagkawala ng awit ng kongregasyon, 97
- Pagkawala ng Salita ng Diyos, 127
- Walang kabuluhang pagsamba, 85
- Mga pamalit para sa tunay na pagsamba, 20
- Pagmamaliit sa pagsamba, 186
- "Ginagawa namin ito sapagkat...", 162
- Pagsambang walang ebanghelismo, 68
- Pagsambang walang pagsunod, 198

**Tagapamuno sa pagsamba,** 146, 156–159

# SGC, DESKRIPYON NG MGA KURSO

## MGA KURSO PARA SA PUNDAMENTONG KATURUAN

### Mga Paniniwalang Kristiyano

Ito ay isang sistematikong kurso sa teolohiya, na naglalarawan sa mga doktrinang Kristiyano tungkol sa Biblia, Diyos, tao, kasalanan, Cristo, kaligtasan, Espiritu Santo, simbahan, at mga magaganap sa mga Huling Araw.

### Liham sa Roma

Ang kursong ito ay nagtuturo ng teolohiya ng kaligtasan at ng misyon na hango sa nilalaman ng aklat ng Roma. Tinatalakay rito ang ilang mga isyu na naging kontrobersyal sa simbahan.

### Eskatolohiya

Itinuturo sa kursong ito ang mga aklat sa Biblia gaya ng Daniel at Pahayag, kasama ang iba pang mga talata sa Banal na Kasulatan na hango sa mga propeta. Binibigyang-diin ang mahahalagang doktrina na gaya ng pagbabalik ni Cristo, ang huling paghuhukom, at ang walang hanggang kaharian ng Diyos.

### Doktrina at Pamumuhay sa Kabanalan

Itinuturo sa kursong ito ang banal na pamumuhay na inilalarawan ng Biblia at ginagamit ng Diyos, at inaasahang makita sa buhay ng isang Kristiyano.

### Doktrina at Pamumuhay ng Simbahan

Ipinapaliwanag sa kursong ito ang disenyo at plano ng Diyos para sa Kanyang Iglesia. Tinatalakay ang mga paksa na gaya ng pagiging miyembro ng simbahan, bautismo, komunyon, ikapu, at pamumunong espirituwal.

## BIBLE SURVEY NG MGA KURSO

### Paglalakbay sa Lumang Tipan

Itinuturo sa kursong ito ang mga mahahalagang nilalaman at katuruan ng 39 na aklat sa Lumang Tipan.

### Paglalakbay sa Bagong Tipan

Itinuturo sa kursong ito ang mga mahahalagang nilalaman at katuruan ng 27 na aklat sa Bagong Tipan.

### Mga Prinsipyo ng Pagpapaliwanag sa Biblia

Itinuturo sa kursong ito ang mga prinsipyo at pamamaraan ng wastong pagpapaliwanag sa Biblia na gagabay sa ating buhay at pakikipag-relasyon sa Diyos.

## MGA KURSO SA PAGBABAHAGI NG EBANGHELYO AT PAGDIDISIPULO

### Pambungad na Pag-aaral sa Pagtatanggol ng Pananampalataya

Ang kursong ito ay nagtuturo ng siyentipiko, historikal, at pilosopikal na batayan ng Kristiyanong pananaw sa mundo. Itinuturo rito na ang pananampalatayang Kristiyano ay umaayon sa matuwid na kaisipan at realidad.

### Mga Relihiyon at Kulto sa Mundo

Itinuturo sa kursong ito ang mga katuruan at paraan ng pagsagot sa labingwalong grupo ng relihiyon sa mundo.

### Biblikal na Pagbabahagi ng Ebanghelyo at Pagdidisipulo

Ang kursong ito ay nagtuturo ng mga prinsipyo sa Biblia na gagabay sa paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo. Inilalarawan rito ang mga anyo ng pagbabahagi ng ebanghelyo at nagbibigay ng mga aralin na magagamit sa pagdidisipulo ng mga bagong kasapi ng simbahan.

### Pormasyong Espirituwal

Sa kursong ito, matututo ang mga mag-aaral na tularan ang mga saloobin ni Jesus; na makipag-ugnayan sa Diyos na gaya ng pakikipag-ugnayan ni Jesus sa Kanyang Ama; na magpakumbaba gaya ni Jesus; na ipamuhay ang mga espirituwal at personal na disiplina ni Jesus; na magkaroon ng pagtitiis na gaya ng ipinakita ni Jesus; at makilahok sa pamayanang binuo ni Jesus, (ang Simbahan).

### Praktikal na Pamumuhay ng Kristiyano

Itinuturo sa kursong ito ang mga prinsipyo ng Biblia hinggil sa pananalapi, relasyon, kapaligiran, gobyerno, karapatang pantao, at iba pang bahagi ng praktikal na pamumuhay.

### Kristiyanong Pag-aasawa at Pagpa-pamilya

Ang kursong ito ay nagtuturo ng Kristiyanong pananaw hinggil sa mahahalagang yugto sa buhay ng isang tao at inilalapat rito ang mga prinsipyong biblikal na para sa mga tungkulin at relasyon sa pamilya.

## MGA KURSO SA PAMUMUNONG KRISTIYANO

### Pamumuno sa Ministeryo

Binibigyang-diin sa kursong ito ang katangiang Kristiyano kaalinsabay ng pagtuturo sa mga pinuno na gabayan ang kanilang organisasyon sa proseso ng pagtuklas ng mga pagpapahalaga, pagsasakatuparan ng layunin, pagbabahagi ng pananaw, pagtatakda ng mga layunin, pagpaplano ng estratehiya, paggawa ng aksyon, at pagkakaroon ng tagumpay.

### Ang Buhay at Ministeryo ni Jesus

Pinag-aaralan sa kursong ito ang buhay ni Jesus bilang modelo ng ministeryo at pamumuno sa kasalukuyang panahon.

### Mga Prinsipyo ng Komunikasyon

Ang kursong ito ay nagtuturo ng teolohiya ng komunikasyon, mga pamamaraan ng mabisang pagsasalita, at mga pamamaraan para sa paghahanda at pagpapahayag ng isang biblikal na sermon.

### Pambungad na Aralin sa Kristiyanong Panambahan

Ipinapaliwanag sa kursong ito kung paano naaapektuhan ng pagsamba ang lahat ng aspeto sa buhay ng isang mananampalataya. Nagbibigay rin ito ng mga prinsipyo na gagabay sa indibidwal at kongregasyon na pananambahan.

## MGA KURSO SA KASAYSAYAN NG SIMBAHAN

### Paglalakbay sa Kasaysayan ng Simbahan, 1

Ang kursong ito ay naglalahad kung paano ginampanan ng Iglesia ang kanyang misyon at iningatan ang kanyang mahahalagang doktrina mula sa panahon ng sinaunang Iglesia hanggang sa panahon ng Repormasyon.

### Paglalakbay sa Kasaysayan ng Simbahan, II

Inilalahad sa kursong ito kung paano lumawak ang Iglesia at humarap ng iba't ibang mga hamon mula sa panahon ng Repormasyon hanggang sa makabagong panahon.